# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**June 2024**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

Mga kawaning may kapansanan, iligal na tinanggal ng Komisyon sa Wikang Filipino......22

[English Translation] Komisyon sa Wikang Filipino illegally fires staff with disabilities.....23

Mga residente ng Sibuyan, desididong ipagtanggol ang isla laban sa mapangwasak na mina..........................................................24

[English Translation] Sibuyan residents determined to defend the island against destructive mining.........................................26

Naantalang sahod at iba pang mga karapatan ng manggagawa sa B-MEG, iginigiit................27

[English Translation] B-MEG workers demand long-delayed wages and other rights...............30

Pagpasa ng panukala para sa diborsyo sa Kongreso, ikinalugod ng kilusang kababaihan 32

[English Translation] Women’s movement welcomes passage of divorce bill in Congress. 33

Sama-samang pangingisda kontra ‘fishing ban’ ng China sa West PH Sea, maayos na naidaos 34

[English Translation] Fisherfolks carry out satisfactory collective fishing defying China’s ‘fishing ban’ in West PH Sea...........................36

Ugnayan ng lokal na gubyerno ng Quezon City at Zionistang Israel, binatikos.........................38

[English Translation] Students denounce relations between the local government of Quezon City and Zionist Israel........................40

2-araw na tigil-pasada laban sa bagong mga ruta, ilulunsad sa Iloilo..................................41

[English Translation] Drivers launch 2-day transport strike against new routes in Iloilo....43

Ripleng R4, nasamsam ng BHB-Western Samar sa ambus kontra 3rd IB..................................44

[English Translation] NPA-Western Samar seizes R4 rifle in ambush against 3rd IB..........46

114 milyon, sapilitang napalikas dulot ng mga gera at armadong sigalot................................47

[English Translation] Wars and armed conflicts forcibly displace 114 million...........................49

5 sundalo ng 2nd IB, napaslang sa engkwentro sa BHB-Masbate............................................51

[English Translation] 5 soldiers of the 2nd IB killed in encounter with NPA-Masbate unit.....52

Dalawang sibilyan at sanggol, iligal na inaresto ng AFP-PNP sa Masbate................................53

[English Translation] AFP-PNP illegally arrests two civilians and a baby in Masbate................55

250 manggagawang kontraktwal ng Dong-In, ipinailalim sa “forced leave”...........................57

[English Translation] Dong-In puts 250 contract workers on “forced leave”...............................59

Duterte, inilaglag ni Duque sa pagdinig kaugnay sa pondong nagastos sa pandemya..................62

[English Translation] Duque rats on Duterte in hearing related to pandemic funds spending...63

Mga myembro ng Partido, nakatapos sa batayang kurso sa Surigao del Sur..................64

[English Translation] Party members finish basic course in Surigao del Sur.......................66

Pag-freeze ng AMLC ng mga bank account na iniugnay sa “terrorism financing,” kinwestyon 67

[English Translation] CDRC questioins AMLC freeze of bank accounts linked to “terrorism financing”...................................................69

Pagdukot sa Bukidnon, kagagawan ng 4th ID. 71

[English Translation] 4th ID responsible for kidnapping in Bukidnon.................................73

Pagpapababa sa taripa ng imported na bigas tungong 20%, binatikos ng mga magsasaka....74

[English Translation] Farmers denounce plan to reduce tariffs on imported rice to 20%............75

Bagong pakat na platung pang-artileri ng AFP sa Northern Samar, maghahatid ng dagdag na perwisyo...................................................76

[English Translation] Newly deployed AFP artillery platoon in Northern Samar will bring additional aggravation....................................78

CERNET, ipinagtanggol ng internasyunal na mga organisasyon..........................................79

[English Translation] International organizations defend CERNET.........................81

Magsasakang nag-aasikaso ng kalabaw, pinaslang ng 79th IB.......................................83

[English Translation] 79th IB extrajudicially kills a farmer tending his carabao...........................84

Pagbisita ni Zelensky sa Pilipinas, malaking katatawanan—ILPS.........................................85

[English Translation] Zelensky's visit to the Philippines, a big joke—ILPS...........................86

Pagpapatalsik sa unibersidad sa lider-estudyante sa Cavite, tinuligsa........................87

[English Translation] Students denounce expulsion of student leader by Cavite university ..............................................................................89

Assistant professor na nanindigan kasama ang mga estudyante ng UST, tuluyan nang sinipa. 90

[English Translation] UST fires assistant professor who stood with students..................92

Kasong "terrorism financing" sa unyonista sa Southern Tagalog, ibinasura..........................93

Batangas court dismisses "terrorism financing" case against unionist in Southern Tagalog……95

Mga huwes na naglabas ng mga kwestyunableng search warrant, pinadidiskwalipika sa mas mataas na pusisyon ……………………………………………………………97

[English Translation] Democratic and rights groups call to disqualify judges issuing questionable search warrants from higher positions……………………………………………………99

Mga progresibong partido, nakiramay sa mga residenteng apektado ng pagputok ng Bulkang Kanlaon……………………………………………………101

[English Translation] Progressive parties extend sympathies to residents affected by the Kanlaon Volcano eruption…………………………………………102

Rehimeng Marcos, pinakamalaking banta sa kalikasan ng Pilipinas—mga grupong pangkalikasan…………………………………………103

[English Translation] Environmental groups: Marcos regime, biggest threat to Philippine environment……………………………………………105

2,700 residente, apektado ng aerial bombing ng 54th IB sa Kalinga……………………………………107

[English Translation] 54th IB aerial bombing in Kalinga affects 2,700 residents…………………108

Anti-drayber na bagong patakaran sa ruta ng dyip sa Iloilo City, bahagyang napaatras…….110

[English Translation] Drivers partially push back new anti-driver policy on jeepney route in Iloilo City....................................................112

Organisasyon ng mga guro, babantayan ang karapatan ng sektor ngayong bakasyon........113

[English Translation] Teachers' organization set to monitor the sectoral rights during school break..........................................................114

Pagbisita ng ambassador ng Israel sa Negros, kinundena..................................................116

[English Translation] Negrenses condemn Israeli ambassador's visit to Negros..............117

Programang parangal kay Bai Bibyaon, magiting na lider ng pambansang minorya, idinaos......................................................119

[English Translation] Indigenous people hold program honoring brave national minority leader Bai Bibyaon........................................121

Inarestong mga tagapagtanggol ng karapatan ng Lumad, muling iginiit na palayain.............123

[English Translation] Group demands release of Lumad rights defenders...............................125

Lider-magsasaka sa Cagayan Valley, nakalaya na matapos ang higit 2 taon..........................127

[English Translation] Cagayan Valley peasant leader walks free after more than 2 years.....128

Mga Pilipino, muling nagprotesta sa embahada ng Israel....................................................129

[English Translation] Filipinos protest again at the Israeli embassy.......................................131

Piston, ipinagdiwang ang ika-43 anibersaryo sa pamamagitan ng protesta.............................133

[English Translation] Piston celebrates 43rd anniversary with protest................................134

"Clearing operations" ng US Army sa Basco Port sa Batanes, para sa pang-uupat ng gera kontra China................................................136

[English Translation] US Army "clearing operations" in Basco Port in Batanes part of preparation for war against China.................138

Kalahok sa protesta kontra henosidyo ng Israel, inaresto ng mga pulis sa Taguig City.............139

[English Translation] Taguig police arrests participant in protest against Israeli genocide ..................................................................141

Kasong "terrorism financing" laban sa 2 aktibista sa Quezon, ibinasura.......................142

[English Translation] Batangas court dismisses "terrorism financing" case against 2 Quezon activists....................................................144

Sapilitang pagpaparehistro ng SIM, muling napatunayang palpak laban sa mga scam at cybercrime.................................................145

[English Translation] Scams and cybercrime again prove the utter failure of mandatory SIM registration................................................147

7 bahay sa Himamaylan City, niransak ng 94th IB.........................................................149

[English Translation] 94th IB ransacks 7 houses in Himamaylan City.....................................150

BHB-Negros, tutugon sa mga nasalanta sa pagsabog ng Bulkang Kanlaon.......................151

[English Translation] NPA-Negros calls on units to aid Kanlaon Volcano eruption victims.......153

Bagong himno at panunumpa ni Marcos Jr, inihalintulad sa itinulak ng kanyang amang diktador..................................................155

[English Translation] Marcos Jr's new hymn and oath reminiscent of his dictator father's scheme ................................................................157

Maka-dayuhan at maka-kapitalistang kalihim ng DOLE, pinagbibitiw ng mga manggagawa.....159

[English Translation] Workers call for pro-foreign and pro-capitalist DOLE secretary to resign......................................................160

Pagmamaliit ng DOLE sa pamamaslang sa mga manggagawa, binatikos...............................161

[English Translation] KMU denounces DOLE for underplaying killing of workers....................164

Panghuhuli ng LTFRB sa mga hindi nagkonsolidang dyip, muling binatikos..........166

[English Translation] Drivers and operators condemn LTFRB again for apprehending unconsolidated jeepneys...............................168

Dating pangkalahatang kalihim ng Pamalakaya, paulit-ulit na ginigipit..................................170

[English Translation] State agents repeatedly harass former Pamalakaya general secretary172

Kaso ng sapilitang pagkawala ng organisador ng manggagawa sa Davao, dinala sa ILC.......174

[English Translation] PH labor organizations bring forced disappearance case of Davao labor organizer to ILC...........................................175

Mga magbubukid, nagprotesta sa ika-36 anibersaryo ng bogus na CARP......................176

[English Translation] Farmers protest on the bogus CARP’s 36th anniversary.....................178

Isa sa mga nasugatan sa pamamaril ng pulis sa demolisyon sa Angeles City, namatay matapos ang 3 buwan................................................180

[English Translation] Resident shot by police in demolition in Angeles City dies after 3 months ...............................................................182

Mga lider-katutubo sa Cagayan at kanilang pamilya, ginigipit ng estado.........................183

[English Translation] State harasses Cagayan indigenous leaders and their families............185

Pagpatay sa isang prosekyutor sa Davao del Sur, kinundena ng mga abugado...................186

[English Translation] Lawyers condemn the killing of Davao del Sur prosecutor...............188

Banta sa kalayaan, kongklusyon ng mga nagsiyasat sa mga base militar ng US sa Pilipinas.......................................................189

[English Translation] Investigation finds US military bases in the Philippines a threat to freedom........................................................193

Karaban kontra malalaking pagmimina, inilunsad sa Benguet....................................197

[English Translation] Itogon residents hold caravan against big mining in Benguet.........198

16-anyos na estudyante, pinatay ng militar sa Sultan Kudarat............................................200

[English Translation] Military kills 16-year-old student in Sultan Kudarat............................201

Imbestigasyon ng "Caravana Filipina" sa kalagayan ng mga Pilipinong abugado at husgado, isinapubliko..................................201

[English Translation] "Caravana Filipina" reports on investigation into the condition of Filipino lawyers and judges..........................204

Mga mangingisda, nagprotesta sa konsulado ng China kontra bantang pang-aaresto sa West PH Sea............................................................206

[English Translation] Fisherfolks protest before Chinese consulate against arrest threats in West PH Sea................................................208

Mga mangingisda ng Navotas City, nagpetisyon kontra demolisyon ng mga tahungan at baklad ..............................................................211

[English Translation] Navotas City fisherfolk petition against the demolition of mussel farms and fish traps...............................................213

Mga maralitang residente sa Cebu, nagprotesta laban sa nakaambang demolisyon.................214

[English Translation] Cebu urban poor residents protest against impending demolition...........217

Nagpapatuloy na neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas, kinundena sa huwad na Araw ng Kalayaan.........................219

[English Translation] National-democratic groups condemn the imperialist US' continued neocolonial rule in the Philippines during bogus Independence Day.......................................221

Bilyong gastos sa pagtatayo ng bagong gusali para sa Senado, binatikos............................223

[English Translation] Progressive lawmaker denounces billions spent for new Senate building...................................................225

Mga sundalong nagtatayo ng kampo sa baryo, inisnayp ng BHB-Western Samar....................226

[English Translation] NPA-Western Samar snipes soldiers setting up camp in community ............................................................................229

Pilipinas, isa pa rin sa pinakamasahol para sa mga manggagawa..........................................230

[English Translation] Philippines, still one of the worst for workers..........................................232

Dagdag na kaso, isinampa laban sa 6 na aktibistang inaresto sa rali noong Mayo Uno 234

[English Translation] Police files additional charges against 6 activists arrested at the May 1 rally....................................................................235

Demolisyon sa Quezon City, sinalubong ng protesta.....................................................................236

[English Translation] Protest meet Quezon City demolition..................................................................238

Mapanganib na disimpormasyon ng Pentagon kontra-Sinovac ng China, kinundena.............239

[English Translation] Democratic organizations condemn Pentagon for dangerous disinformation against China’s Sinovac.........242

Buwan ng Pakikiisa sa mamamayan ng India kontra Operation Kagaar, idineklara ng PKP.244

[English Translation] CPP declares Month of Solidarity with the people of India against Operation Kagaar........................................247

Kabataang martir ng BHB-Masbate, pinarangalan............................................250

[English Translation] NPA-Masbate pays tribute to young martyr.........................................251

Panganganyon ng US at AFP sa Ilocos Norte at Zambales, kinundena..................................253

[English Translation] Group condemns US and AFP shelling in Ilocos Norte and Zambales...255

Tamang kabayaran at iba pang karapatan, naigiit ng mga manggagawa ng BMEG..........257

[English Translation] B-MEG workers demand proper compensation and other rights..........259

Libu-libong mangingisda, nasalanta ng oil spill sa Aklan.................................................261

[English Translation] Aklan oil spill impacts thousands of fisherfolk................................262

Bahay sa Bulacan ng lider-pesante ng KMP, nireyd ng militar at pulis.............................263

[English Translation] Military and police raid KMP peasant leader’s house in Bulacan........265

Hatol sa 4 na pulis na sangkot sa Oplan Tokhang, ikinagalak ng pamilya at abugado..267

[English Translation] Family and lawyers welcome conviction of 4 policemen involved in Oplan Tokhang............................................268

Meyor ng Angeles City, kinalampag ng mga dinemolis na residente ng Sityo Balubad.......269

[English Translation] Sitio Balubad demolished residents in face off with Angeles City Mayor ..............................................................271

Pagbibitiw ni Duterte bilang DepEd secretary, ikinalugod ng mga guro...............................273

[English Translation] Teachers welcome Duterte's resignation as DepEd secretary.....274

Sistemang BRT na papatay sa tradisyunal na mga dyip, nakatakdang ilatag sa Iloilo..........275

[English Translation] Iloilo government to build BRT system that will kill traditional jeepneys277

Kabataang Pilipino, nagprotesta sa CHED sa kaarawan ni Rizal.......................................279

[English Translation] Filipino youth protest at CHED on Rizal's birthday............................281

Mga manggagawa sa pyer ng Maynila, nagpiket ..............................................................282

[English Translation] Manila pier workers hold picket at NLRC............................................283

Palabas na engkwentro ng AFP sa Nueva Vizcaya, inilantad.......................................284

[English Translation] NPA-Aurora exposes AFP’s faked encounter in Nueva Vizcaya.................285

Protesta kontra mataas na presyo ng bigas, isinagawa sa palengke sa Quezon City..........286

[English Translation] Groups hold protest against high price of rice in Quezon City market ..............................................................287

Pwersahang pagpaparehistro ng SIM, dahilan ng pagdami ng scam....................................289

[English Translation] Forced SIM registration causes rise in scams.....................................291

Terorismo ng AFP sa Aurora, nagpapatuloy. .293

[English Translation] AFP’s terrorism in Aurora continues..................................................294

₱750 dagdag sahod, petisyon ng mga pribadong manggagawang pangkalusugan sa NCR........296

[English Translation] Private health workers in NCR petition for ₱750 salary increase...........297

Panggigipit ng AFP sa mangingisdang tumindig laban sa China, binweltahan.........................299

[English Translation] Fisherfolk who stood against China lambast AFP harassment........301

Programang “Bigas 29” ng rehimeng Marcos, binatikos ng kababaihang magbubukid.........302

[English Translation] Peasant women condemn the Marcos regime’s “Rice 29” program.......304

Bahay ng tagasuporta ng ginigipit na organisasyong pangkaunlaran sa Negros, nireyd ng 15th IB....................................................306

[English Translation] 15th IB raids house of supporter of besieged development organization in Negros....................................................308

Maysakit na bilanggong pulitikal, giit na palayain sa makataong batayan.....................309

[English Translation] Rights groups demand release of ailing political prisoner on humanitarian grounds..................................311

Mga karapatan ng nadakip na sugatang mandirigma ng BHB-Kalinga, iginiit na kilalanin ....................................................................313

[English Translation] NPA-Kalinga demands rights for captured NPA-Kalinga wounded fighters....................................................314

Antas ng sahod sa NCR, pinakamababa sa nakaraang dekada........................................315

[English Translation] Wage levels in NCR are lowest in the last decade...............................316

Pagtatatag ng Negros Island Region, pagkonsentra ng reaksyunaryong kapangyarihan sa pulitika............................317

[English Translation] Establishing the Negros Island Region will concentrate reactionary political power............................................319

Paninira ng militar sa kagubatan, ipinatitigil ng mga grupong makakalikasan........................321

Senator de Lima, pinawalangsala sa huling kaso ..............................................................324

[English Translation] Court acquits Senator de Lima of last case..........................................325

Tagapagtatag ng Wikileaks, pinalaya matapos ng higit 5 taon sa bilangguan sa UK..............327

[English Translation] UK releases Wikileaks founder after more than 5 years in prison.....329

Dagdag-sweldo at seguridad sa trabaho, hindi konsyerto—mga manggagawang pangkalusugan ..............................................................331

[English Translation] Salary increase and job security, not concerts—health workers.........332

Kasong human trafficking laban sa datu, 2 guro, ibinasura..................................................334

[English Translation] Court dismisses human trafficking case against Datu, 2 teachers......335

Pagbasura ng kaso laban sa 2 patay nang aktibista, patunay ng kahungkagan ng kaso laban sa CERNET........................................336

[English Translation] Court dismisses case against deceased activists, undermining allegations against CERNET........................337

53 nasayang na mga araw ng pagtuturo, sintomas ng bulok na sistema ng edukasyon. 338

[English Translation] 53 wasted teaching days, a symptom of a rotten education system.......341

Delubyong dala ng harabas sa mga sakahan sa Negros Occidental, giit na kaagad tugunan...343

[English Translation] Urgent action needed to address armyworm devastation in Negros Occidental farms..........................................345

Hustisya at pagpapalaya sa mga biktima ng tortyur, ipinanawagan..................................346

[English Translation] Group calls for justice and freedom for victims of torture.......................348

Magsasaka, pinaslang ng militar sa Masbate 350

[English Translation] Soldiers kill farmer in Masbate.....................................................352

Makabayang lider-guro at kinatawan ng ACT Teachers Partylist, kakandidato sa senado sa eleksyong 2025............................................353

[English Translation] ACT Teachers Partylist Rep. France Castro to run for senate in the 2025 elections..............................................355

Pabatid sa pagwewelga, isinampa ng mga manggagawa ng Nexperia...........................358

[English Translation] Nexperia workers file notice of strike over unfair labor practices....360

Pagpatay ng 7th IB sa 16-anyos sa Sultan Kudarat, kinunenda ng NDFP.......................362

[English Translation] NDFP condemns 7th IB killing of 16-year-old in Sultan Kudarat.........365

Pastor na kontra-EDCA at Balikatan war games, naging target ng ‘cyber-attack’......................367

[English Translation] Pastor opposed to EDCA and Balikatan war games falls victim to cyber-attack......................................................369

Planong pagtakbo sa senado ng mga Duterte, sinupalpal................................................371

[English Translation] Lawmaker slams Dutertes’ senate bid plan..........................................372

Ika-30 anibersaryo ng Stonewall Manila, ginunita....................................................374

[English Translation] 30th anniversary of Stonewall Manila, commemorated.................375

Mga martir ng Pantabangan, pinarangalan...377

[English Translation] Honor the fallen revolutionaries of Pantabangan.....................380

Pagtratong tropeyo ng 84th IB sa napaslang na mga Pulang mandirigma, kinundena.............382

[English Translation] Group criticizes 84th IB for displaying corpses of Red fighters as war trophies....................................................384

Mga grupong kontra-RIMPAC, nagkasa ng mga protesta sa US at Hawaii.............................386

[English Translation] Anti-RIMPAC groups stage protests in the US and Hawaii......................389

Pamumudmod ni Marcos Jr ng ayuda sa Negros, kinutya....................................................391

[English Translation] Groups mock Marcos Jr's distribution of aid in Negros as a publicity stunt ............................................................................392

"Entrance exam" sa mga pribadong kolehiyo, wala nang singil............................................393

[English Translation] "Entrance exams" in private colleges, now free of charge..............395

39-anyos na lalaki, binaril at napatay ng 31st IB ............................................................................397

[English Translation] 31st IB shoots 39-year-old man.........................................................................398

Mga kawani ng gubyerno, muling iginiit ang dagdag-sweldo sa DBM................................399

[English Translation] Government employees troop to DBM to reiterate demand for salary increase..................................................................401

Mga residente sa isang barangay sa Samar, tumutol sa presensya ng militar.....................402

[English Translation] Locals oppose military presence in Samar.........................................403

Pasistang 87th IB, pinaputukan ng BHB-Western Samar............................................404

[English Translation] NPA-Western Samar attacks fascist 87th IB.................................405

## Mga kawaning may kapansanan, iligal na tinanggal ng Komisyon sa Wikang Filipino

Hunyo 1, 2024

Pitong kontraktwal na empleyado ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), kabilang ang dalawang bingi, ang iligal na tinanggal matapos ireklamo ang pamunuan ng komisyon. Kaugnay nito, nagsagawa sila ng protesta kasama ang Philippine Federation of the Deaf sa Liwasang Bonifacio sa Maynila noong Mayo 31.

Kinundena nila sa protesta si KWF Chairman Arthur Casanova sa pagpapatanggal sa mga kawani. Ayon sa mga grupo, ang iligal na pagtatanggal ay banta sa mismong paggana ng Filipino Sign Language (FSL) Unit at pagkakait sa mga bingi ng kanilang karapatan sa wika.

Ipinataw ng komisyon ang desisyon na tanggalin ang mga kawani noong Mayo 13. Ayon mismo sa komisyon, tinanggal sa trabaho ang mga kawani "bunsod ng 'strained relationship' (di maayos na relasyon) ng pamunuan ng KWF at ilang kawaning kontraktwal dahil sa kanilnag pagsasampa ng mga walang batayang kaso at akusasyon laban sa Komisyon."

Noong Pebrero, nagsampa ng reklamong kriminal sa Ombudsman ang isa sa mga tinanggal laban sa Tagapangulo ng KWF. Inilantad nila sa reklamo

ang pagkaantala ng sahod ng mga kontraktwal at ang pagkawala ng ₱1.8 milyon pondo para sa FSL Unit ng komisyon noong 2023.

Nagpaabot ng suporta ang sentrong unyon ng mga kawani ng gubyerno na Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) at Alliance of Concerned Teachers (ACT) sa tinanggal na mga kawani.

"Ang aksyong ito ay hindi makatao at yumuyurak sa karapatan at dignidad ng mga bingi," ayon sa ACT. Hanggang Hunyo 30 na lamang sa trabaho ang mga kawani.

**[English Translation]**

## Komisyon sa Wikang Filipino illegally fires staff with disabilities

June 1, 2024

The Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) illegally fired seven contractual employees including two deaf people after complaining about the commission's leadership. Consequently, they held a protest together with the Philippine Federation of the Deaf at Liwasang Bonifacio in Manila on May 31.

They protested and condemned KWF Chairman Arthur Casanova for the layoffs. The groups said the illegal removal threatens the functions of the Filipino Sign Language (FSL) Unit and deprives their right to language.

The commission implemented the decision to dismiss the staff on May 13. In its resolution, the staff were dismissed due to the “strained relations” within the commission after they filed a criminal complaint with the Ombudsman against the KWF Chairman in February. In the complaint, they exposed the delay in the salaries of the contractual workers and the loss of ₱1.8 million funds for the commission’s FSL Unit in 2023.

The central union of government employees Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage) and Alliance of Concerned Teachers (ACT) extended support to the dismissed staff.

“This action is inhumane and violates the rights and dignity of the deaf,” ACT said. The staff will only be at work until June 30.

## Mga residente ng Sibuyan, desididong ipagtanggol ang isla laban sa mapangwasak na mina

Hunyo 1, 2024

Desidido ang mga residente ng Sibuyan, isang isla sa prubinsya ng Romblon, na tuluy-tuloy na ipagtanggol ang kanilang isla laban sa mapaminsalang pagmimina ng Altai Philippines Mining Corporation (APMC) ng pamilyang Gatchalian. Ito ay matapos ibasura ng Court of Appeals noong Mayo 24 ang kanilang petisyon na ideklara ang writ of kalikasan sa isla para pigilan ang operasyon ng kumpanya. Binigyan ng korte ng

15 araw ang mga nagpetisyon para maghapag ng motion for reconsideration.

“Huwag tayong manghina!” panawagan ng grupong Bantay Kalikasan ng Sibuyan. “Mas kinakailangan natin ngayon ang pagkakaisa nang bawat Sibuyanon!”

Noong Enero 2023, itinayo ng mga residente ng Sibuyan ang kanilang barikada laban sa kumpanya dulot ng kawalan nito ng permit mula sa lokal na konseho ng barangay. Binuwag ng mga pulis ang barikadang ito at sinampahan ng kaso ang presidente ng samahan.

Nagsampa ang grupo ng petisyon sa Korte Suprema para sa writ of kalikasan noong Pebrero 2023 para pigilan ang pagmimina ng APMC. Nagsampa din ito ng reklamo laban sa Department of Environment and Natural Resources at Mines and Geosciences Bureau. Noong Hunyo 13, 2023, kinatigan ng Korte Suprema ang mga residente at iginawad ang writ of kalikasan sa isla pero hindi ito naglabas ng temporary environmental protection order na tahasan sanang magpapatigil sa operasyon ng APMC sa loob ng 72 oras. Ang writ na ito ang ibinasura ng Court of Appeals noong Mayo.

Malaking panganib ang hatid ng pagmimina ng APMC sa isla, na tinaguriang “Galapagos” ng Asia dahil sa yaman ng biodiversity nito. Huhukayin ng APMC ang hanggang 19 milyong toneladang lupa at bato sa mga protektadong erya at buffer zone mula sa sinaklaw nitong 1,580 ektaryang kagubatan ng isla. Ang pagmiminang ito ay

magdudulot ng pagnipis at pagguho ng lupa, pagbabago sa tereyn, paglabo ng mga ilog hanggang sa palibot na karagatan. Tinatayang 60,000 residente ng isla, na nakaasa sa mga rekurso nito, ang maapektuhan.

**[English Translation]**

## Sibuyan residents determined to defend the island against destructive mining

June 1, 2024

The residents of Sibuyan, an island in Romblon province, are determined to continue to defend their island against the disastrous mining of the Altai Philippines Mining Corporation (APMC) of the Gatchalian family. This is after the Court of Appeals dismissed on May 24 their petition to declare a writ of kalikasan on the island to stop the company's operation. The court gave the petitioners 15 days to file a motion for reconsideration.

"Stay strong!" the Sibuyan Nature Conservancy group appealed. "We need the unity of every Sibuyanon now more than ever!"

Last January 2023, the residents of Sibuyan barricaded against the company due to its lack of a permit from the local barangay council. The police dismantled this barricade and charged the association's president.

The group filed a petition in the Supreme Court for a writ of kalikasan in February 2023 to stop

APMC’s mining. It also filed a complaint against the Department of Environment and Natural Resources and Mines and Geosciences Bureau. On June 13, 2023, the Supreme Court decided in favor of the residents and awarded the writ of kalikasan to the island but did not issue a temporary environmental protection order that would have outright halted APMC operations within 72 hours. This writ was dismissed by the Court of Appeals in May.

APMC’s mining poses a huge risk to the island, which has been dubbed the “Galapagos of Asia” for its rich biodiversity. APMC will excavate up to 19 million tons of soil and rock in protected areas and buffer zones from the island’s 1,580 hectares of forest cover. This mining will cause thinning and erosion of the land, terrain transformation, contamination of the rivers up to the surrounding ocean. It will affect an estimated 60,000 island residents, who depend on its resources.

## Naantalang sahod at iba pang mga karapatan ng manggagawa sa B-MEG, iginigiit

Hunyo 1, 2024

Inirereklamo ng 100 manggagawa ng B-MEG, pagawaan sa Freeport Area of Bataan (FAB), Mariveles, Bataan, ang naantalang sahod at walong buwang hindi pagbabayad ng ahensyang Delta 5 Manpower para sa kanilang benepisyo sa Social Security System, PhilHealth at Pag-ibig. Kinundena ito ng Nagkakaisang Manggagawa ng

FAB (NMFAB) at ipinanawagan ang pagbuwag sa sistemang “labor agency” na labis na mapagsamantala sa mga manggagawa.

Ayon sa mga manggagawa, walang maisagot kahit ang koordineytor at istap ng ahensya sa tanong kung bakit labis na naantala ang kanilang sahod at hindi nireremit ang halaga na para sa kanilang mga benepisyo.

“Dapat na managot ang Delta 5 Manpower Agency at San Miguel Corporation sa krimen nito sa mga manggagawa. Kung sa mababang pasahod nga ay nagkakanda-utang ang isang pamilyang Pilipino, papaano pa kaya kung hindi sila nakasasahod?” pahayag ng NMFAB.

Panawagan ng samahan ng mga manggagawa, dapat nang alisin ang mga “labor agency” sa B-MEG at sa buong bansa. Ang pag-iral ng mga agency at pagpapanatili sa mga manggagawa bilang kontraktwal ay paglabag sa karapatan sa katiyakan sa trabaho, nakabubuhay na sahod at iba mga karapatan sa paggawa.

Noong 2017, binigyan ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang mga labor agency ng awtoridad na gawing regular ang mga manggagawa sa tabing ng pagpuksa sa “endo” o “end of contract.” Sa pamamagitan nito, inabswelto ng ahensya ang mga kapitalista sa obligasyon nilang gawing regular ang kanilang mga manggagawa.

Tinanggalan nito ang mga manggagawa ng karapatang mag-unyon at humiling sa

kumpanyang pinapasukan nila para sa dagdag sahod. “Sa napakaraming kaso ng delay na pasahod at hulog sa mga benepisyo, sadyang isa ang mga agency sa nagbibigay ng sakit ng ulo sa mga manggagawa [ng B-MEG],” ayon sa NMFAB.

Hinikayat ng samahan ang mga manggagawa ng B-MEG na magkaisa, magsampa ng kaso o reklamo at manawagan na regularisasyon sa kumpanya. “Dapat magtulungan ang mga kontraktwal at regular upang itayo ang unyon na ipaglalaban ang ating karapatan para sa dagdag sahod, benepisyo, regularisasyon, kaligtasan at katiyakan sa trabaho, at iba pa,” giit ng NMFAB.

Paniniwala pa nila, “Hindi ito malulutas ng simpleng pagpapa-Tulfo o DOLE. Marami nang karanasan ang manggagawang lumalapit sa kanila ngunit hindi naman nalutas at pumanig lamang sa management. Ngunit kung nakatayo ang unyon, mismong ang management ang mapupwersa na dinggin ang ating hinaing. Ang ating tanging sandigan at pag-asa ay ang ating pagkakaisa.”

Ang pagawaan ng B-MEG sa Freeport Area of Bataan ay binuksan noong Marso 2018. Nagmamanupaktura ito ng mga produktong biopolymer o feeds (pakain sa mga alagang hayop) at nagpoprodyus ng 20,000 50-kilong bag o nasa anim na milyong bag kada taon. Nabebenta ang 25-kilong feeds ng B-MEG sa halagang ₱1,500 hanggang ₱2,800 depende sa klase.

Pag-aari ang kumpanya ng San Miguel Pure Foods Company, isang subsidyaryo ng San Miguel Corporation ni Ramon Ang. Nagbuhos si Ang ng

₱60 bilyon sa pagtatayo ng B-MEG. Mayroong hindi bababa sa 25 planta ang B-MEG sa bansa.

**[English Translation]**

## B-MEG workers demand long-delayed wages and other rights

June 1, 2024

Around 100 workers of B-MEG, a factory in the Freeport Area of Bataan (FAB) in Mariveles, Bataan, are complaining about delayed wages and eight months of non-remittance by the Delta 5 Manpower agency for their Social Security System, PhilHealth and Pagibig benefits. The Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB) condemned this and called for the dismantling of the extremely exploitative “labor agency” system.

The workers said that the coordinator and staff of the agency could not answer why their wages were so delayed and the amount for their benefits was not remitted.

“Delta 5 Manpower Agency and San Miguel Corporation should be held accountable for their crimes against workers. If a Filipino family is already drowning in debt due to low wages, what more if a worker does receive his/her wages,” NMFAB stated.

The workers’ association calls for the elimination of “labor agencies” from B-MEG and nationwide. The prevalence of these agencies, and keeping workers as contractuals violate workers’ rights to job security, living wage and other labor rights.

In 2017, the Department of Labor and Employment (DOLE) granted labor agencies the authority to regularize workers under the guise of eliminating “endo” or “end of contract.” Through this, the agency absolved the capitalists from their obligation to regularize their workers.

It deprived workers of the right to unionize and to demand wage increases. “With so many cases of delayed wages and withholding of benefits, the agencies are one of those giving stress to workers [of B-MEG],” NMFAB said.

The association encouraged B-MEG workers to unite, file lawsuits or complaints and call for regularization from the company. “Contractuals and regulars must work together to build the union that will fight for our right for increased wages, benefits, regularization, safety and job security, and more,” NMFAB insisted.

They also believe that the matter can not be solved by simply asking Tulfo or DOLE. The workers have had a lot of experience appealing to them but issues were not resolved and they only sided with the management. But if the union is established, management itself will be forced to listen to our grievances. Our only support and hope is our unity.

The B-MEG factory in the Freeport Area of Bataan was opened in March 2018. It manufactures biopolymer products or feeds (livestock feed) and produces 20,000 50-kilogram bags or about six million bags per year. B-MEG’s 25-kilogram feeds sell for ₱1,500 to ₱2,800 depending on the class.

The company is owned by San Miguel Pure Foods Company, a subsidiary of Ramon Ang's San Miguel Corporation. Ang poured ₱60 billion into the construction of B-MEG. B-MEG has at least 25 plants in the country.

## Pagpasa ng panukala para sa diborsyo sa Kongreso, ikinalugod ng kilusang kababaihan

Hunyo 1, 2024

Binati ng Gabriela ang kilusang kababaihan sa paunang tagumpay nito sa pagsusulong ng karapatan para sa disborsyo na deka-dekada na nitong ipinaglalaban. Ikinalugod ng grupo ang pagkapasa ng panukala para rito sa pangatlo at panghuling pagbasa sa Kongreso noong Mayo 22. Pumasa ito sa botong 131 sang-ayon, 120 tutol at 20 abstention.

"Sa napakatagal na panahon, maraming kababaihang Pilipino ang nagtitiis sa buhay na puno ng kahirapan, nakakulong sa mapang-abuso at dysfunctional na mga kasal dahil sa kawalan ng batas sa diborsyo sa Pilipinas," ayon sa pahayag ng Gabriela noong Mayo 30.

Habang ikinatuwa ng grupo ang pagpasa ng panukala sa Kongreso, batid nito na nahaharap ito sa mga balakid sa Senado at mga "konserbatibong pwersa na naggugumiit sa pyudal at patriyarkal na kagawian."

"Higit sa pagsasabatas sa diborsyo, mas malaking hamon para sa atin ang baguhin ang kaisipan ng

ating mamamayan," pahayag ng grupo. "Kailangan nating ipaintindi na ang diborsyo ay isang batayang karapatan na nagpuprotekta sa dignidad, kaligtasan at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng kababaihan."

Batid ng kilusang kababaihan na ang diborsyo ay "hindi awtomatikong solusyon" sa napakaraming usapin na kinakaharap ng kababaihang Pilipino. "Malayo pa ang ating tatahakin para maging tunay na malaya mula sa lahat ng anyo ng pang-aapi, diskriminasyon, at pagsasamantala sa ilalim ng kasalukuyang panlipunang kaayusan."

**[English Translation]**

## Women's movement welcomes passage of divorce bill in Congress

June 1, 2024

Gabriela congratulated the women's movement on its initial success after its decade-long struggle for the right to divorce. The group welcomed its passage in the third and final reading in Congress on May 22. It passed with a vote of 131 in favor, 120 against and 20 abstentions.

"For too long, the absence of a divorce law in the Philippines has condemned many Filipino women to lives of misery, trapped in abusive and dysfunctional marriages," Gabriela's May 30 statement said.

The group welcomed the bill's passage in Congress but knows it faces obstacles in the

Senate and “conservative forces insisting on reinforcing feudal and patriarchal norms.”

“Beyond merely enshrining divorce in law, our greater challenge is to change the mindsets of our people,” the group said. “We must make them understand that divorce is a fundamental right that protects women’s dignity, safety, and right to self-determination.”

The women’s movement is aware that divorce will not “automatically solve” the manifold problems confronting Filipino women. We still have a long way to go to achieve genuine emancipation from all forms of oppression, discrimination, and exploitation under the current conditions persisting in our society.

## Sama-samang pangingisda kontra ‘fishing ban’ ng China sa West PH Sea, maayos na naidaos

Hunyo 1, 2024

Maayos na naidaos ang kolektibong pangingisda na inilunsad ng Panatag Fisherfolks Association at Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) sa karagatang malapit sa Masinloc, Zambales noong Mayo 30 hanggang Mayo 31 bilang pagbigo sa ipinataw na “fishing ban” o pagbabawal na mangisda ng China. Ipinataw nito ang pagbabawal, mula Mayo hanggang Setyembre 16, sa mga erya ng South China Sea “hilaga ng 12 degrees North latitude” kung saan bahagi ang Panatag Shoal

(Scarborough), na 124-nautical miles mula sa Zambales.

Liban sa mga mangingisda, sumama rin sa paglalayag ang mga lider ng Bagong Alyansang Makabayan, Pilipinong Nagkakaisa Para sa Soberanya (P1NAS), League of Filipino Students (LFS), at Alliance of Concerned Teachers. Sumama rin ang mga kinatawan ng Makabayan bloc na sina Kabataan Rep. Raoul Manuel at ACT Teachers Rep. France Castro.

Ayon sa Pamalakaya, liban sa pagsuway sa “fishing ban” ng China, ipinanawagan din ng ekspedisyon ang “ganap na demilitarisasyon” ng West Philippine Sea. Pinatutungkulan ng grupo ang pagtatayo ng China ng mga isla at ang agresyong militar ng imperyalistang US sa tabing ng mga operasyong “freedom of navigation” sa karagatan.

Ayon kay Joey Marabe, koordineytor ng Pamalakaya sa Zambales, kamakailan lamang ay malubhang naapektuhan ang yamang-dagat sa isinagawang pambobomba ng US sa karagatan ng Zambales sa isinagawa nitong Balikatan war games. “Ramdam ito ng mga mangingisda sa ilang bayan ng lalawigan na simula nang matapos ang Balikatan noong Mayo, bumaba ang nahuhuling isda at kita sa bawat pagpalaot,” aniya.

Ayon naman kay Jojo Ecijan, pangulo ng Panatag Fisherfolk Association, “hindi lamang China ang kailangang papanagutin sa patuloy na okupasyon, kundi maging ang karibal nitong US na

kaparehong nagdudulot ng perwisyo sa aming kabuhayan at paglabag sa ating kasarinlan."

Tinatayang 5,000 mangingisda ang apektado ng pagtatagisang militar ng China at US sa West Philippine Sea.

"Ang gusto sana namin na mabigyan ng prayoridad ang lokal at maliliit na mangingisda sa West Philippine Sea. Sana mabigyan ng magandang pamalakaya dito para sa maliliit na mangingisda," ayon sa mangingisdang si Tatay Gerry.

**[English Translation]**

## Fisherfolks carry out satisfactory collective fishing defying China's 'fishing ban' in West PH Sea

June 1, 2024

The collective fishing that was launched by the Panatag Fisherfolks Association and the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) was successfully held in the sea near Masinloc, Zambales from May 30 to May 31 as a defiance to China's imposed fishing ban. The ban from May to September 16 covered areas of the South China Sea, "12 degrees latitude north" which includes Panatag Shoal (Scarborough) and is 124-nautical miles from Zambales.

In addition to the fisherfolks, the leaders of the Bagong Alyansang Makabayan, Pilipinong Nagkakaisa Para sa Soberanya (P1NAS), League

of Filipino Students (LFS), and Alliance of Concerned Teachers joined the voyage. Representatives of the Makabayan bloc, Kabataan Rep. Raoul Manuel and ACT Teachers Rep. France Castro also participated.

Pamalakaya said in addition to defying China's "fishing ban," the expedition also called for the "complete demilitarization" of the West Philippine Sea. The group refers to China's construction of islands and US imperialist military aggression under the guise of "freedom of navigation" operations in the seas.

Joey Marabe, coordinator of Pamalakaya in Zambales, said that it was not long ago that marine resources were seriously affected by the bombing carried out by the US in the waters of Zambales during the Balikatan games. "Fisherfolks in some towns in the province feel that since the Balikatan ended in May, our catch and income have declined with each fishing," he said.

Jojo Ecijan, president of the Panatag Fisherfolk Association, said "China is not the only one accountable for the continued occupation, but also its rival US which is harming our livelihood and violating our sovereignty."

An estimated 5,000 fishermen are affected by the Chinese and US military saber-rattling in the West Philippine Sea.

"We would like to give priority to the local and small fishermen in the West Philippine Sea. We

hope for a good fishing opportunity here for the small fishermen," fisherman Tatay Gerry said.

## Ugnayan ng lokal na gubyerno ng Quezon City at Zionistang Israel, binatikos

Hunyo 1, 2024

Nanawagan ang PUP for Palestine, grupo ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines, kay Quezon City Mayor Joy Belmonte na putulin ang pakikipag-ugnayan ng kanyang upisina sa mga upisyal ng estado ng Zionistang Israel. Nakabalangkas ang panawagan sa pagkundena sa henosidyong inilulunsad Israel at ng US laban sa mamamayang Palestino. Ginawa ang panawagan matapos makipagpulong si Mayor Belmonte sa mga "diplomatikong upisyal" ng Israel noong Mayo 28 sa Quezon City Hall para talakayin ang tulungan at ugnayan ng Zionistang estado at ng syudad.

"Isinagawa ang pulong na ito habang pinatitindi ng Israel ang henosidyo nito sa Gaza sa kabila ng paghugos ng milyun-milyong mamamayan sa mga lansangan sa buong mundo para ipatigil ang pagsakop sa Rafah," ayon sa PUP for Palestine. Noon mismong Mayo 28, at isa din noong Mayo 26, binomba ng Zionistang Israel ang mga tent sa isang refugee camp sa Rafah.

Ang Rafah ay nasa timog na bahagi ng Gaza na itinalaga ng Israel na dating "ligtas na sona" mula sa mga pag-atake at pambobomba nito. Ayon sa mga ulat, hindi bababa sa 37 katao ang napaslang,

kabilang ang mga bata at babae, sa naturang pag-atake. Nasunog at naabo ang temporaryong kampo na tinutuluyan ng mga lumikas sa Rafah. Naganap ito ilang araw lamang matapos ipag-utos ng International Court of Justice ng United Nations sa Israel na itigil ang pag-atake sa Rafah.

Simula Oktubre 7, 2023, hindi bababa sa 36,000 (na kinabibilangan ng 15,000 bata) ang pinatay ng Israel sa kampanyang henosidyo sa mamamayang Palestino. Halos 82,000 naman ang nasugatan at daan-daanlibong Palestino na ang nataboy at napalayas sa kanilang lupa.

"Nananawagan kami kay QC Mayor Joy Belmonte na putulin ang lahat ng ugnay sa Zionistang Israel. Ang pagkakaroon ng diplomatikong ugnayan sa Israel ay nangangahulugan ng pagkunsinti sa karumal-dumal na pag-atake nito sa mamamayang Palestino," pahayag pa ng grupo.

Pinaalalahanan nila ang meyor na mayroon mismong Palestinong mga refugee ang naninirahan ngayon sa loob ng Quezon City na napalayas sa Gaza. Kasama nila dito ang kanilang mga pamilya at asawang Pilipino sa bansa.

Liban kay Mayor Belmonte, hinimok ng PUP for Palestine ang buong gubyerno ng Pilipinas na "itigil ang lahat ng relasyon sa pulitika, ekonomya, akademiko at militar sa Israel."

Nanawagan naman sila sa kabataang Pilipino na kumilos at makiisa sa panawagan ng ganap na paglaya ng Palestine.

**[English Translation]**

## Students denounce relations between the local government of Quezon City and Zionist Israel

June 1, 2024

PUP for Palestine, a group of students from the Polytechnic University of the Philippines, called on Quezon City Mayor Joy Belmonte to sever her office's ties with officials of the Zionist state of Israel. The call is in line with condemning Israel and the US' genocide against the Palestinian people. The call was made after Mayor Belmonte met with Israeli diplomats on May 28 at Quezon City Hall to discuss aid and relations between the Zionist state and the city.

"This meeting is being held as Israel is intensifying its genocide in Gaza despite millions of people taking to the streets worldwide to stop the occupation of Rafah," PUP for Palestine said. On May 26 and May 28 itself,Zionist Israel bombed tents in a refugee camp in Rafah.

Rafah is in the southern part of Gaza that Israel once designated a "safe zone" from its attacks and bombings. Reports said the attack killed at least 37 people, including children and women. The temporary camp where the refugees were staying in Rafah was burnt to ashes. This happened just a few days after the International Court of Justice of the United Nations ordered Israel to stop the attack on Rafah.

As of October 7, 2023, Israel has killed at least 36,000 (15,000 of which are children) in its genocidal campaign against the Palestinian people. Almost 82,000 have been injured and hundreds of thousands driven from their homes.

“We call on QC Mayor Joy Belmonte to sever all ties with Zionist Israel. Having diplomatic relations with Israel means tolerating its heinous attacks on the Palestinian people,” the group said.

They reminded the mayor of Palestinian refugees now living in Quezon City who were expelled from Gaza. They are in the country with their Filipino families and spouses.

Apart from Mayor Belmonte, PUP for Palestine urged the entire Philippine government to “cease all political, economic, academic and military ties with Israel.”

They called on the Filipino youth to act and join in the call for the complete liberation of Palestine.

## 2-araw na tigil-pasada laban sa bagong mga ruta, ilulunsad sa Iloilo

Hunyo 2, 2024

Nakatakdang magtigil-pasada ang mga drayber sa tinatawag na “first town” o mga bayan sa paligid ng Iloilo City sa Hunyo 3 at Hunyo 4 para tutulan ang Local Public Transport Route Plan (LPTRP) ng Iloilo City na maglilimita sa bilang ng dyip na papapasukin syudad.

Sa ilalim ng LPTRP, na kaakibat ng PUVMP o jeepney phaseout, hanggang 40% lamang ng mga dyip ang pahihintulutang makapasok sa syudad mula alas-6 hanggang alas-9 ng umaga at alas-4:30 hanggang alas-6:30 ng gabi, mga oras na pinakamaraming pasahero sa kalsada. Ililimita naman sa 25% ang makakapasok na dyip sa iba pang oras.

Lubhang maapektuhan ang mga drayber at komyuter mula sa mga bayan ng Leganes, Pavia at Oton, at posibleng hanggang San Miguel sa iskemang ito.

Ayon sa mga drayber, isa o dalawang beses na lamang silang makapapamasada sa loob ng syudad sa ilalim ng iskemang ito. Panawagan nila, ibalik ang dating sistema kung saan 100% ng mga dyip mula sa mga “first town” ang pinapayagang pumasok sa syudad.

Sa press conference na idinaos ng mga drayber sa Pavia Farmers Center noong Mayo 31, pinabulaanan nila ang paratang ng konseho ng Iloilo City na ang mga dyip ang salarin ng trapik sa syudad. Anila, mga pribadong sasakyan ang dahilan ng matinding trapik sa syudad at hindi ang kanilang mga yunit.

Dagdag nila, lubhang babagsak ang kanilang kita kung pagbabawalan silang pumasok sa syudad. Ayon sa isang drayber, ang kinikita niyang ₱700-₱800 sa isang araw ay nauwi sa ₱300 na lamang nang hindi siya nakapamasada sa syudad. May ibang tsuper na kumikita na lamang ng ₱100 sa

isang araw na pamamasada dahil sa bagong pakana.

**[English Translation]**

## Drivers launch 2-day transport strike against new routes in Iloilo

June 2, 2024

Drivers in the “first towns” around Iloilo City are scheduled to hold a transport strike on June 3 and 4 to oppose the Local Public Transport Route Plan (LPTRP) of Iloilo City that will limit the number of jeepneys plying within the city.

Under the LPTRP, which is affiliated with the PUVMP or jeepney phaseout program, only up to 40% of jeepneys will be allowed to enter the city during peakhours (6 a.m. to 9 a.m. and 4:30 to 6:30 p.m. Jeeps will be limited to 25% during off-peak hours.

Drivers and commuters from the towns of Leganes, Pavia and Oton, and possibly as far as San Miguel, are greatly affected by this scheme.

Drivers said they will only be able to traverse within the city once or twice under this scheme. Their call is to restore the old system where 100% of jeepneys from the “first towns” are allowed to enter the city.

In a press conference held by the drivers at the Pavia Farmers Center on May 31, they refuted the Iloilo City council’s allegation that jeepneys cause traffic in the city. They said that private vehicles cause heavy traffic in the city and not their units.

The city entry ban will also pull down their income drastically. One driver said his income of ₱700-₱800 a day dropped down to only ₱300 when he was unable to enter the city. Other drivers earns only ₱100 for a day of transport because of the new scheme.

## Ripleng R4, nasamsam ng BHB-Western Samar sa ambus kontra 3rd IB

Hunyo 2, 2024

Nasamsam ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang isang ripleng R4 sa ambus nito laban sa 3rd IB sa Barangay Gayondato, San Jorge, Western Samar, alas-9 ng umaga noong Mayo 14. Isang upisyal ng 3rd IB ang napaslang at isa pa ang nasugatan.

Ayon sa ulat, lumabas sa kampo nito sa Barangay Gayondato ang mga sundalo ng 3rd IB para maligo nang paputukan ng mga Pulang mandirigma. Kasinungalingan ang pinalalabas ng pamunuan ng 3rd IB na nasa lugar ang kanilang tropa dahil sa ulat ng mga residente kaugnay ng presensya ng hukbong bayan sa erya.

Napatay sa opensiba si Cpl. Reycon Remedio at isa pang sundalo ang nasugatan.

Simula pa Enero, nakapakat na ang yunit ng 3rd IB sa Barangay Gayondato at sapilitang nagtayo ng kampo militar sa kabila ng pagtutol ng taumbaryo. Ang barangay ay nakapailalim sa batas militar mula noon.

Ang lahat ng baryo sa San Jorge ay inokupa ng mga elemento ng 3rd IB at sapilitang ipinapataw ang kanilang batas militar. Sa Barangay Matalud, bawat lalabas na tao ay pinakukuha ng “gate pass” at gabi-gabi ay sapilitang pinupulong ang mga residente. Dahil dito, labis ang pagkasuklam ng masang magsasaka sa militarisasyon ng 3rd IB na malaking abala sa kanilang pamumuhay at pagtatrabaho.

Itinatakda ng mga sundalo ang oras ng pagpunta sa bukid. Hindi sila pinahihintulutang magdala ng bigas o sardinas sa kanilang sakahan. Kung magbabaon, dapat lutong kanin at sardinas na wala na sa lata ang kanilang dala-dala. Naoobliga ang masa na umuwi pa sa tanghali para kumain sa halip na ipapahinga niya sa bukid ang nalilibreng oras sa tanghali.

Paliwanag ng hukbong bayan, ang taktikal na opensiba ay tugon nito sa reklamo ng masa na pang-aabuso at panggigipit sa kanila ng mga pasistang sundalo. Bago pa ang ambus, isinagawa rin ng BHB-Western Samar noong Mayo ang operasyong haras laban sa mga kampo ng CAFGU.

Hinaras ng BHB ang kampo ng CAFGU sa Barangay Santo Niño, Motiong at sa Barangay San Fernando, Jiabong. Napatay dito ang isang sundalo at isang elemento ng CAFGU.

**[English Translation]**

## NPA-Western Samar seizes R4 rifle in ambush against 3rd IB

June 2, 2024

Red fighters of the New People's Army (NPA)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) seized an R4 rifle when it ambushed the 3rd IB in Barangay Gayondato, San Jorge, Western Samar, at 9 a.m. on May 14. One officer of the 3rd IB was killed and another was wounded.

The report said 3rd IB soldiers went out of its camp in Barangay Gayondato to bathe when the Red fighters fired. The 3rd IB leadership brazenly lied that their troopers are in the area responding to residents' reports of people's army presence in the area.

The offensive killed Cpl. Reycon Remedio and injured another soldier.

Since January, the 3rd IB unit has been stationed in Barangay Gayondato after setting up a military camp despite the residents' resistance. The barangay has been under martial rule since then.

Elements of the 3rd IB occupied and imposed their rule on all San Jorge barrios. In Barangay Matalud, a gate pass is required of every person going out and residents are called for a meeting every evening. Because of this, the masses extremely despise the 3rd IB for its militarization as this disrupts their living and livelihood.

Soldiers impose time limits for working in the fields. Bringing rice or sardines to their farm is banned. They are only allowed to bring cooked rice and sardines that are out of the can. Thus, they are forced to walk back home at high noon for lunch and lose rest time in the fields.

The people’s army explained the tactical offensive is its response to the masses’ complaint of fascist soldiers’ abuse and harassment. Before the ambush, the NPA-Western Samar also carried out a sting operation against CAFGU detachments in May.

The NPA harassed a CAFGU detachment in Barangay Santo Niño, Motiong and Barangay San Fernando, Jiabong where a soldier and a member of the CAFGU were killed.

## 114 milyon, sapilitang napalikas dulot ng mga gera at armadong sigalot

Hunyo 3, 2024

Nagbabala ang United Nations (UN) High Commissioner for Refugees na si Filippo Grandi na tataas pa ang bilang ng mamamayang sapilitang lumikas sa kani-kanilang mga komunidad ngayong taon dulot ng mga gera at armadong sigalot sa iba’t ibang dako ng daigdig. Noong nakaraang taon, umabot na sa 114 milyong mamamayan ang napalayas sa kanilang mga tirahan dahil sa mga ito.

Binweltahan ni Grandi ang UN Security Council na aniya’y “bigo sa tungkulin nitong panatilihin ang internasyunal na kapayapaan at seguridad sa mga lugar tulad ng Gaza, Ukraine, Sudan, Congo, Myanmar at marami pang iba.” Sa aktwal, karamihan ng mga gera at armadong sigalot sa mundo ay sinulsulan at pinatatagal ng US at mga kasapakat nitong imperyalista, na sila ring bumubuo ng security council.

Dumaraming sangkot sa mga armadong sigalot ang hindi na gumagalang sa mga batas ng digma, ayon kay Grandi. Dahil dito, paparami ang mga sibilyang napapatay, at papadalas ang paggamit sa sekswal na karahasan bilang armas sa digma, at pagwasak sa mga ospital, eskwelahan at iba pang sibilyang imprastruktura. Labag rin sa digma ang sapilitang pagpapalayas sa mamamayan sa kanilang mga lugar.

Pinakatampok ang sapilitang pagpapalikas sa tinatayang 1.9 milyong sibilyan sa gerang henosidyo ng Israel sa Gaza, na sinusulsugan at pinopondohan ng US. Ilang beses nang hinarang ng US ang mga petisyon sa Security Council para sa tigil-putukan sa Gaza. Tinawag ni Grandi ang nagaganap sa Gaza na napakabuktot at brutal, laluna ang kamakailang pambobomba ng Israel sa mga "tent city" sa Rafah kung saan pansamantalang nakatigil ang halos isang milyong Palestino na napalayas sa hilaga at sentral na bahagi ng Gaza.

Idiniin niya na lalo nitong pinatindi ang krisis ng mga bakwit o refugee crisis na dulot ng deka-dekada nang pagpapalayas sa mga Palestino sa kanilang teritoryo. Noong Enero, mayroon nang 6 milyong rehistradong refugee na Palestino ang nasa Gaza, West Bank, Jordan, Syria at Lebanon. Dagdag sila sa 900,000 Palestino na marahas na pinalayas sa kanilang bansa noong 1948 sa tinaguriang "Al Nakba" para itatag ang "estado ng Israel."

Binanggit din ni Grandi ang sapilitang paglikas ng 1.5 milyong mamamayan sa Myanmar dulot ng

pang-aatake at pambobomba ng huntang militar. Nasa ilalim rin ng komisyon ang pangangalaga sa kapakanan ng mga refugee sa Ukraine, Congo, Sudan, Syria at marami pang lugar.

**[English Translation]**

## Wars and armed conflicts forcibly displace 114 million

June 3, 2024

The United Nations (UN) High Commissioner for Refugees, Filippo Grandi, has warned that the number of people forced to flee their communities will increase this year due to wars and armed conflicts in different parts of the world. Last year, up to 114 million people have been forced from their homes.

Grandi slammed the UN Security Council, which he said “has failed in its duty to maintain international peace and security in places like Gaza, Ukraine, Sudan, Congo, Myanmar and many others.” In fact, most wars and armed conflicts in the world are instigated and perpetuated by the US and its imperialist allies, who also constitute the security council.

An increasing number of those involved in armed conflicts no longer respect the laws of war, Grandi said. Because of this, more civilians are being killed, there is increasing use of sexual violence as a weapon of war, as well as destruction of hospitals, schools and other civilian infrastructure. Forced eviction of people from their places is also against rules of war.

The forced displacement of an estimated 1.9 million civilians is most prominent in Israel’s genocidal war on Gaza, which is supported and funded by the US. The US has repeatedly blocked petitions to the Security Council for a ceasefire in Gaza. Grandi describe events in Gaza atrocious and brutal, especially the recent Israeli bombardment of the “tent cities” in Rafah where nearly a million Palestinians displaced from the northern and central parts of Gaza temporarily stay.

He emphasized that this has further intensified the refugee crisis caused by the decades-long expulsion of Palestinians from their territory. As of January, there were 6 million registered Palestinian refugees in Gaza, the West Bank, Jordan, Syria and Lebanon. They add to the 900,000 Palestinians who were violently expelled from their country in 1948 in what is called “Al Nakba” to establish the “state of Israel.”

Grandi also mentioned the forced evacuation of 1.5 million people in Myanmar due to attacks and bombings by the military junta. The commission also oversees the welfare of refugees in Ukraine, Congo, Sudan, Syria and many other places.

## 5 sundalo ng 2nd IB, napaslang sa engkwentro sa BHB-Masbate

Hunyo 3, 2024

Hindi bababa sa limang sundalo ng 2nd IB ang napaslang sa engkwentro ng yunit nito sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate (Jose Rapsing

Command) noong Mayo 23 sa Barangay Lague-lague, bayan ng Cawayan. Ang nakasagupang yunit ng BHB ay nasa lugar para alamin ang kalagayan ng masa at kinahaharap nilang mga suliranin. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Sa isang pahayag, ipinaabot ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, ang pakikiramay ng hukbong bayan sa naulilang pamilya at kaanak ng mga tropa ng 2nd IB. Aniya, "sila ang pinagbabayad sa gerang sina Marcos Jr, Governor Kho at matataas na upisyal ng AFP-PNP lamang ang nakikinabang."

Naniniwala si Ka Luz na marami sa mga sundalo ng AFP ay nalinlang lamang ng mataas na sweldo. Katunayan, marami sa mga sundalong ito ay natatakot pumasok sa sonang gerilya at maghanap ng yunit ng BHB, aniya. Sapilitan umanong pinagagamit ng ipinagbabawal na droga ang ordinaryong kawal para lamang makapag-operasyon at maging mga asong ulol na tumugis sa hukbong bayan at pumaslang ng mga sibilyan.

Dahil sa mga krimen laban sa masang Masbatenyo, "isinusuka [ng mamamayan] ang AFP-PNP-CAFGU bilang mga berdugo, mamamatay-tao at bayarang armado ng mga pinakagahaman at pinakahayok sa kapangyarihan," ayon kay Ka Luz.

Sa huli, hinimok niya ang ordinaryong mga sundalo at pulis, na marami mula sa hanay ng masang anakpawis, na lisanin na ang kanilang pinagsisilbihang bulok na institusyon. "Hindi niyo

kaya ang sakripisyo at hindi kayo handang mamatay para sa sweldong pwede namang kitain sa marangal at sibilyang pamamaraan. Dapat isipin ninyo ang inyong mga pamilya bago mahuli ang lahat," dagdag pa niya.

**[English Translation]**

## 5 soldiers of the 2nd IB killed in encounter with NPA-Masbate unit

June 3, 2024

At least five soldiers of the 2nd IB were killed in an encounter with the New People's Army (NPA)-Masbate (Jose Rapsing Command) on May 23 in Barangay Lague-lague, Cawayan town. The NPA unit was in the area to hold consultations on the community residents' situation and problems. The Red fighters withdrew safely.

In a statement, Ka Luz del Mar, NPA-Masbate spokesperson, extended the NPA's condolences to the bereaved families and relatives of the 2nd IB troopers. She said, "they pay for the war where only Marcos Jr, Governor Kho and high AFP-PNP officials benefit."

Ka Luz believes that many of the AFP soldiers were just deceivingly enticed by high salary. In fact, many of these soldiers fear entering guerrilla zones and hunt for NPA units, he said. He said that ordinary soldiers are forced to use illegal drugs just to be able to perform operations and become mad dogs who hunt down the people's army and kill civilians.

Because of the crimes against the Masbatenyo masses, "[residents] spurn the AFP-PNP-CAFGU as butchers, murderers and armed mercenaries of the greediest and most power-hungry," Ka Luz said.

Finally, he urged ordinary soldiers and policemen, many from the ranks of the toiling masses, to desert the rotten institution they serve. "You cannot bear the sacrifice and you are not ready to die for a salary that can be earned in an honorable and civil manner. You must think of your families before it's too late," he added.

## Dalawang sibilyan at sanggol, iligal na inaresto ng AFP-PNP sa Masbate

Hunyo 3, 2024

Dalawang sibilyan at isang sanggol ang iligal na inaresto ng mga pwersa ng Philippine National Police (PNP) at Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Mayo sa prubinsya ng Masbate. Kinundena ito ng Karapatan-Masbate at iginiit ang kagyat na pagpapalaya sa mga biktima at pagbasura sa tinawag nitong gawa-gawang mga kaso laban sa kanila.

Sa hindi natukoy na petsa, inaresto ng mga pwersa ng estado si Baby Arnejo at kanyang sanggol sa Barangay Madao, Uson. Pinararatangan siya ng mga pwersa ng estado na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Giit ng mga residente, sibilyan si Arnejo at matagal nang naninirahan sa naturang baryo.

“Ang masahol dito, hindi isinaalang-alang ng mga militar at pulis ang sanggol na anak ni Arnejo, na ipiniit kasabay sa kanyang ina. Malinaw itong paglabag sa internasyunal na makataong batas,” pahayag ng Karapatan-Masbate.

Dahil sa paggigiit ng mga kababaryo, nailagay sa maayos na kustodiya ang sanggol habang nakakulong pa rin ang kanyang ina.

Noong Mayo 18, inaresto ng mga pwersa ng estado si Tinay Ontog sa Barangay Maglambong, bayan ng Monreal. Ayon sa Karapatan-Masbate, kinumpirma ng mga residente na si Ontog ay isang sibilyan. Siya ay dating Pulang mandirigma na matagal nang lumabas sa BHB.

“Ang pagkakadakip ni Ontog ay patunay sa kahungkagan at patibong… ng kampanyang pagpapasurender ng AFP at PNP. Iligal pa ring inaresto ang biktima taliwas sa propaganda ng militar na bibigyan ng katiwasayan at mapayapang pamumuhay ang sinumang umano’y magbabalik-loob sa gubyerno o mamumuhay muli bilang sibilyan,” ayon pa sa grupo.

Sa tala ng grupo, higit 100 katao ang iligal na inaresto at ikinulong ng militar at pulis sa ilalim ng magkasunod na pasistang mga rehimeng Duterte at Marcos. Umabot naman sa 116 ang bilang ng mga sibilyang pinatay ng AFP-PNP-CAFGU sa mga panahong iyon. “Libu-libo ang pinasurender, tinakot, ginipit habang daan-daang pamilya ang inagawan ng lupa at kabuhayan,” dagdag ng Karapatan-Masbate.

Kinutsa ng grupo ang kawalang aksyon ng Commission on Human Rights-Bicol sa harap ng patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao. “Anong dahilan ng kanilang pananahimik? Pinapakain ba sila ng pondo ng taumbayan para lang maging sunud-sunuran sa dikta o pananakot ng militar?” anang grupo.

Sa harap ng kawalang hustisya, iginiit ng Karapatan-Masbate na tanging ang nagkakaisang lakas ng masang Masbatenyo ang paraan para makamit ang tunay na hustisya.

**[English Translation]**

## AFP-PNP illegally arrests two civilians and a baby in Masbate

June 3, 2024

Forces of the Philippine National Police (PNP) and the Armed Forces of the Philippines (AFP) illegally arrested two civilians and an infant last May in the province of Masbate. Karapatan-Masbate condemned this and demanded the immediate release of the victims and the dismissal of what it called fabricated cases against them.

On an unspecified date, state forces arrested Baby Arnejo and her infant in Barangay Madao, Uson. State forces accuse her to be a New People’s Army (NPA) member. Residents insist that Arnejo is a civilian and has long been living in the village.

“Worse, the military and police did not consider Arnejo’s baby, who was detained together with his

mother. This is a clear violation of international humanitarian law," Karapatan-Masbate said.

Due to the insistence of the villagers, the baby was placed in proper custody while his mother was still detained.

On May 18, state forces arrested Tinay Ontog in Barangay Maglambong, town of Monreal. Karapatan-Masbate said residents confirmed that Ontog is a civilian. She is a former Red fighter who has long been out of the NPA.

"Ontog's arrest is proof of the worthless and deceitful scheme… of the AFP and PNP's surrender campaign. The victim was still illegally arrested contrary to the military's propaganda that anyone who allegedly turns to the government will be given security and a peaceful life or live again as a civilian," the group said.

The group said more than 100 people were illegally arrested and detained by the military and police under the successive fascist Duterte and Marcos regimes. The AFP-PNP-CAFGU killed up to 116 civilians during those times. "Thousands were forced to surrender, threatened, harassed while hundreds of families were displaced from their land and livelihood," Karapatan-Masbate added.

The group denounced the inaction of the officials of the Commission on Human Rights-Bicol amid widespread human rights violations. "Why are they silent? Are they being funded with the people's money to serve the dictates or threats of the military?" the group said.

Amid injustice, Karapatan-Masbate asserted that only with the Masbatenyo masses' united strength can true justice be achieved.

## 250 manggagawang kontraktwal ng Dong-In, ipinailalim sa "forced leave"

Hunyo 4, 2024

Tatlong linya ng produksyon ang isinara sa pabrika ng Dong-In sa Freeport Area of Bataan sa Mariveles, Bataan matapos ipailalim ang tinatayang 250 manggagawa nito sa "forced leave" dahil sa sinasabi ng kumpanya na kakulangan ng order. Walang trabaho ang mga manggagawa simula ngayong Hunyo na posibleng tumagal hanggang Agosto. Ang "forced leave" ay pakana ng mga kapitalista para sa malawakang iligal na tanggalan ng mga manggagawa.

Kinundena ng Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) ang pagpapailalim sa ilandaang manggagawa sa pahirap na iskemang ito. Anang grupo, ang iskemang ito ay "naglalagay sa mga manggagawa sa bingit ng kahirapan at kawalang-hanapbuhay."

Napipilitan din umano ang mga mga manggagawa na maghanap ng panibagong trabaho dahil sa ilang linggo hanggang buwan na walang trabaho. Dahil dito, paliwanag nila, napuputol at nawawalan ng saysay ang mga taon sa serbisyo o trabaho ng mga manggagawa sa loob ng mga pagawaan na naggagarantiya sa kanilang regular na istatus at kaakibat nitong mga karapatan sa

paggawa. Mawawalan din sila ng retirement at separation pay.

Inihalimbawa nila ang karanasan ng isang manggagawa sa Dong-In na nagresayn sa trabaho kamakailan matapos makaranas ng “forced leave” nang isa’t kalahating buwan noong Marso. “Sa takot na muling maranasan at malubog sa utang, iniwan niya ang pinakamamahal niyang trabaho kahit pa ang kapalit nito’y pagkalusaw ng kanyang pitong taong paninilbihan sa loob ng pabrika,” pahayag ng NMFAB.

Karaniwang ipinapataw ng mga kapitalista ang “forced leave” matapos ang ilang buwang sagad o sobra-sobrang produksyon at napakataas na kota. Pagsapit ng kasunod na mga buwan, palalabasin nitong “walang produksyon” dahil mahina ang benta o naabot na ang kota para sa buong taon.

Sa karanasan ng mga manggagawa sa pagawaan ng bag ng Dong-In, ang dati nilang mataas nang 400 bag na kota kada walong oras ay itinaas pa nito tungong 1,000. Labis na idinadaing ito ng mga manggagawa. “Kapag bumabagal sila sa paggawa, tila nilalatigo sila ng kanilang mga line leader at supervisor para lang makamit ang kota. Ika nga ng isang manggagawa, kung sa 400 nga ay nahihirapan na sila, ano pa kaya sa 1,000?” ayon sa NMFAB.

Nanawagan ang NMFAB sa mga manggagawa ng Dong-In na magkaisa para pigilan ang iskemang ito sa kanilang pagawaan. Giit ng grupo, karapatan ng mga manggagawa ang katiyakan sa trabaho. “Alam natin na hindi makatarungan na

itatapon na lang tayong parang basahan matapos tayong pahatawin nang pahatawin. Susi ang pagkakaisa ng mga manggagawa para tutulan ang ginagawang ito ng kumpanya," anito.

Hamon umano sa mga manggagawa ng Dong-In ang pagbubuo ng unyon sa loob ng pagawaan. "Malaki rin ang problemang kinakaharap ng mga manggagawa sa sahod, kontraktwalisasyon at maayos na kundisyon sa paggawa. Kapag nagkakaisa ang manggagawa, madaling mapagtagumpayan ang anumang hakbanging ligal gaya ng labor inspection, time and motion study, at iba pang karapatan na ipapailalim sa collective bargaining agreement," ayon pa sa mga manggagawa.

Mayroong siyam na kumpanya ang Dong-In Entech Korea sa Pilipinas. Gumagawa ito ng bag at tent na iniluluwas sa iba't ibang panig ng daigdig.

**[English Translation]**

## Dong-In puts 250 contract workers on "forced leave"

June 4, 2024

Three production lines were shut down at the Dong-In factory in the Freeport Area of Bataan in Mariveles, Bataan after an estimated 250 workers were placed on "forced leave" due to what the company says is a lack of product orders. Workers will be out of work starting June until possibly August. "Forced leave" is the capitalists' scheme to illegal mass layoffs.

The Nagkakaisang Manggagawa ng Freeport Area of Bataan (NMFAB) condemned the company in subjecting hundreds of workers to this oppressive scheme. The group said this “puts workers on the brink of poverty and unemployment.”

It said workers are forced into looking for new jobs after weeks to months of not working. Consequently, they will lose their years of service that guarantee their regular status and associated labor rights. They will also lose their retirement and separation pay.

This has been the experience of a Dong-In worker who recently resigned after being put on “forced leave” for one and a half months in March. “He left his beloved job despite sacrificing his seven years of service in the factory, afraid of going through the same ordeal again and going deep into debt,” NMFAB said.

Capitalists usually impose “forced leave” after a few months of production overdrive and very high quotas. In subsequent months, it will claim that the factory will be cutting production due to poor sales or since quota for the entire year has been reached.

In the experience of workers at the Dong-In bag factory, their previously high quota of 400 bags per eight hours was raised to 1,000. The workers found this arrangement too hard. “When they slowed down, line leaders and supervisors figuratively whip them just to meet the quota. One worker said if they are already struggling with

400, how much more with 1,000?" the NMFAB said.

NMFAB called on Dong-In workers to unite to stop the company's ploy. The group asserted that workers have to right to job security. "We know that it is an injustice for us to just be thrown away like rags after being worked like slaves. The unity of the workers is key to oppose the company's ploy," it said.

It said that forming a union within the factory is a challenge for Dong-In workers. "Wages, contractualization and humane working conditions are also big problems facing workers. When workers are united, it is easy to overcome any legal measures such as labor inspection, time and motion study, and other rights that will be subject to a collective bargaining agreement," the workers said.

Dong-In Entech Korea has nine companies in the Philippines. It manufactures bags and tents for export worldwide.

## Duterte, inilaglag ni Duque sa pagdinig kaugnay sa pondong nagastos sa pandemya

Hunyo 4, 2024

Kinumpirma ng dating kalihim ng Department of Health na si Francisco Duque III sa isang pagdinig kahapon sa Kongreso na ang dating presidente na si Rodrigo Duterte ang nag-utos sa kanya na ilipat ang ₱47.6 bilyon pondo ng kagawaran para sa

pandemyang Covid-19 sa Procurement Service of the Department of Budget and Management (PS-DBM).

Pagdadahilan ni Duque, bagamat siya ang naglipat ng pondo ng DOH sa PS-DBM, ginawa niya ito alinsunod sa berbal na utos ni Duterte at rekomendasyon ng Inter-Agency Task Force at National Task Force against COVID-19. Ang pondo ay bahagi ng $2.21 bilyon (₱129 bilyon sa palitang $1=₱55) na inutang ng gubyerno ni Duterte sa tabing ng pagtugon sa pandemyang Covid-19.

Pinamumunuan noon ang PS-DBM ni Lloyd Christopher Lao, isang taga-Davao at kilalang malapit kay Duterte. Dating tauhan ng Presidential Management Staff si Lao bago siya itinalaga ni Duterte sa PS-DBM.

Ginamit ni Lao ang sangkapat ng pondo para sa pinasok na mga kontrata ng gubyerno sa Pharmally Pharmaceutical Corporation para sa pagsuplay ng mga face mask, face shield at iba pang “personal protective equipment.” Ito ay sa kabila ng hindi kwalipikado ang kumpanya sa gayong kalalaking kontrata. Kunektado ang kumpanya kay Michael Yang, na nagsilbing “economic adviser” ni Duterte sa isang panahon. Ang anomalyang ito ang isa sa pinakamalaking kaso ng korapsyon sa pandemya.

Noong Mayo 6 lamang, idineklara ng Ombudsman na “iligal” ang paglipat ng naturang pondo, at inirekomendang kasuhan sina Duque at Lao. Ayon sa Ombudsman, umakto sina Duque at Lao “in bad faith” (hindi tapat at may panlilinlang) at

nagkaroon ng “gross, inexcusable negligence” (sobra-sobrang pagpapabaya) nang ilipat nila ang pondo mula Marso hanggang Disyembre 2020.

**[English Translation]**

## Duque rats on Duterte in hearing related to pandemic funds spending

June 4, 2024

Former Department of Health secretary Francisco Duque III confirmed in a hearing yesterday in Congress that former president Rodrigo Duterte ordered him to transfer the department’s P47.6 billion fund for the Covid-19 pandemic to Procurement Service of the Department of Budget and Management (PS-DBM). PS-DBM was then led by Lloyd Christopher Lao, a native of Davao and known to be close to Duterte. Lao was a member of the Presidential Management Staff before Duterte appointed him to the PS-DBM.

Lao used part of the funds to award contracts to Pharmally Pharmaceutical Corporation to supply face masks, shields and other protective equipment. This was despite the company being unqualified for such huge contracts. The company is connected to Michael Yang, who served as Duterte’s “economic adviser” for a time. This anomaly is one of the biggest corruption cases during the pandemic.

Only last May 6, the Ombudsman declared the transfer of such funds “illegal”, and recommended that Duque and Lao be charged. The Ombudsman said Duque and Lao acted “in bad faith” and

exhibited “gross, inexcusable negligence” when they transferred the funds from March to December 2020.

Although he transferred the funds, Duque excused himself by saying he did so in accordance with Duterte’s verbal order and upon the recommendation of the Inter-Agency Task Force and the National Task Force against COVID-19. The fund is part of the $2.21 billion (₱129 billion at the exchange rate of $1=₱55) the Duterte government incurred in debt under the guise of responding to the Covid-19 pandemic.

## Mga myembro ng Partido, nakatapos sa batayang kurso sa Surigao del Sur

Hunyo 4, 2024

Nakapagtapos ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) ang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas noong unang linggo ng Mayo sa kabundukan ng Surigao del Sur. Ang pag-aaral ay inilunsad sa istagard na paraan bilang pag-angkop sa sitwasyong militar at iba pang mga gawain ng hukbong bayan sa naturang prubinsya.

Nagsimula ang pag-aaral sa BKP noong Abril 10 at upisyal na nagtapos noong Mayo 3. Tinalakay ng yunit ang isa o dalawang paksa ng pag-aaral sa bawat temporaryong kampuhan habang nagpapatupad ng kanilang mga gawain.

Isang seremonya ng pagtatapos ang inilunsad nila noong Mayo 6 na may temang “Ang tagumpay ng

BHB, Tagumpay ng Mamamayan." Dito, binigyan ng sulat-kamay na sertipiko ng pagkilala ang mga mandirigma at Partidista na nakagradweyt sa pag-aaral. Kinabitan din sila ng mga ribon.

Sa loob ng dalawang oras na programa, nagbigay ng mga mensahe ang mga upisyal ng yunit ng BHB at mga nagsipagtapos. Makulay na mga kultural na pagtatanghal din ang ipinamalas ng mga mandirigma.

Anang yunit, tugon ang pag-aaral sa iniatas ng Komite Sentral na pagpapatupad sa kilusang pagwawasto. "Inilunsad namin ang BKP para maarmasan ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang aming pwersa laluna ang mga narekrut sa Partido na hindi kaagad nabigyan ng edukasyon dahil sa mahirap na kalagayang hinarap bunga ng internal na mga kahinaan," pahayag ng yunit.

Liban dito, nakatulong rin ang pag-aaral para magsanay ng bagong mga instruktor para sa susunod na serye pa ng mga pag-aaral na kanilang ilulunsad.

Sa seremonya ng pagtatapos, muli silang nanumpa sa pulang bandila ng Partido para pagtibayin ang kanilang paninindigan at sariwain ang kanilang panata.

**[English Translation]**

## Party members finish basic course in Surigao del Sur

June 4, 2024

Red fighters of the New People's Army (NPA) and members of the Communist Party of the Philippines graduated from the Basic Party Course (BKP) in the first week of May in the mountains of Surigao del Sur. The course was studied in a staggered manner to adapt to the military situation and other activities of the people's army in the said province.

Sessions for the BKP started on April 10 and officially ended on May 3. The unit discussed one or two study topics at each new temporary post while carrying out their tasks.

They held a graduation ceremony on May 6 with the theme "NPA's Victory, People's Victory" giving handwritten graduation certificates to fighters and Party members who graduated from the school. They were also given ribbons.

During the two-hour program, NPA unit officers and graduates delivered speeches and messages. Fighters also performed colorful cultural performances.

The unit said the study is in line with the Central Committee's call for a rectification movement. "We launched the BKP to arm our forces with Marxism-Leninism-Maoism theory, especially Party recruits who were not immediately given education due to the difficult situation borne from internal weaknesses," the unit said.

The study also helped to train new instructors for the next series of studies.

At the closing ceremony, they renewed their pledge to the Party’s red flag to reaffirm their commitment.

## Pag-freeze ng AMLC ng mga bank account na iniugnay sa “terrorism financing,” kinwestyon

Hunyo 4, 2024

Naghain ng petisyon sa Court of Appeals noong Hunyo 2 ang Citizen’s Disaster Response Center Foundation (CDRC) para kwestyunin ang pag-freeze ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) sa bank account nito. Inutos ng AMLC ang naturang pag-freeze sa account ng institusyon sa pagdadahilang nagpadala dito ng pondo ang Leyte Center for Development Inc.(LCDe). Una nang pinatawan ng freeze order ang bank account ng LCDe dahil sa paglabag diumano nito sa Republic Act No. 10168 o Terrorism Financing Prevention and Suppression Act (TFPSA).

Ayon sa CDRC, ang pondong idineposito ng LCDe sa bank account nito ay pondong ibinalik lamang sa kanila dahil sumobra ang naideposito nilang pondo para sa relief operations ng LCDe sa mga biktima ng Bagyong Agaton noong Abril 2022. Lahat ng pondong ibinigay sa mga biktima ay maayos na natuos. Sa gayon, walang dahilan para pagsuspetsahan ng anumang kriminal na aktibidad kapwa ang CDRC at LCDe,” ayon kay Atty. Ephraim Cortez, presidente ng National Union of Peoples’ Lawyers. Mga abugado mula sa

NUPL ang tumutulong sa CDRC para isampa ang petisyon.

Ayon sa NUPL, para mailatag ang batayan sa isang kasong “financing terrorism” alinsunod mismo sa batas, kailangang may “sadyang intensyon” o “kaalaman” na gagamitin ang pondo o ari-arian para “isagawa o i-facilitate ang pagsasagawa ng teroristang akto o ng isang terorista.”

“Nakamamangha paano naipirmi ng AMLC ang gayong sangkap mula sa nabanggit na mga bank recrod–liban na lang, syempre, kung gumamit ang AMLC ng gawa-gawang mga salaysay mula sa di kilalang mga saksi at ipinagkait (ang mga ito) sa CDRC ang pagkakataong salungatin na mga ito,” ayon kay Atty. Cortez.

Ayon sa abugado, nagsilbing “jury, judge at executioner” ang AMLC sa pagpataw ng mga freeze order nang walang pagpapaalam at pagdinig o anumang hudisyal na interbensyon. Wala ring nagagawa ang mga sinangsyon nito dahil wala sa batas na kailangang ipaalam sa mga may-ari ng bank account na ipi-freeze na ang mga ito.

Nakalakip sa petisyon ng CDRC ang paghamon sa konstitusyunalidad ng walang sagkang kapangyarihan ng AMLC na magkait ng ari-arian, dahil labag ito sa pundamental na karapatan sa due process, gayundin sa kalayaan sa pagpapahayag at malayang asosasyon.

“Ang malisyosong paninira at pag-freeze ng mga ari-arian ng mga NGO na ni-red-tag ay lumilikha ng chilling effect sa kanilang mga isinusulong at sumusupil sa kanilang karapatan na gamitin ang kanilang mga rekurso, na nakapaloob sa mga protektadong kalayaan,” ayon sa abugado.

Binatikos niya ang mga mapanupil na batas, tulad ng TFPSA at katambal nitong Anti-Terrorism Act na may masasaklaw na kapangyarihan na ginagamit ng estado para supilin ang mga boses na tumututol at walang pakundangang itinuturing nitong “terorista.”

“Saang lupalop ng mundo maituturing na akto ng pagsasagawa, pagpopondo o pagfacilite ng terorismo ang pagbibigay serbisyo sa mahihirap at mga komunidad na sinasalanta ng mga sakuna?” bwelta niya.

**[English Translation]**

## CDRC questioins AMLC freeze of bank accounts linked to “terrorism financing”

June 4, 2024

The Citizen’s Disaster Response Center Foundation (CDRC) filed a petition before the Court of Appeals on June 2 questioning the Anti-Money Laundering Council’s (AMLC) freeze order on its bank account. The AMLC ordered the freezing of the institution’s account on the grounds that the Leyte Center for Development Inc. (LCDe) sent some funds. LCDe’s bank account has been frozen earlier due to its alleged violation

of Republic Act No. 10168 or Terrorism Financing Prevention and Suppression Act (TFPSA).

The CDRC says the funds deposited by LCDe to its bank account were refunds after they deposited excess funds for the LCDe’s relief operations for Typhoon Agaton victims in April 2022. All funds benefited the survivors and were duly accounted for. “Hence, there is no probable cause to conclude that both CDRC and LCDe were engaged in criminal activity,” Atty. Ephraim Cortez, president of the National Union of Peoples’ Lawyers, said. NUPL Lawyers assisted CDRC in filing the petition.

The NUPL said in order to lay the groundwork for a case of “financing terrorism” in accordance with the law itself requires the existence of ‘willful intention’ or ‘knowledge’ to use the funds or property to carry out or facilitate the commission of a terrorist act or by a terrorist.

“How such crucial mental element was established by the AMLC from aboveboard bank records boggles the mind—unless, of course, the AMLC again used fabricated testimonies from anonymous witnesses that CDRC was deprived of the opportunity to refute” Atty. Cortez noted.

According to the lawyer, AMLC acted as “jury, judge and executioner” in imposing freeze orders without notice and hearing or judicial intervention. The sanctioned party has no recourse because the law does not require notifying bank account owners of the freeze order.

CDRC's petition includes a challenge to the constitutionality of the AMLC's unbridled power to cause deprivation of property, as it violates the fundamental rights to due process, as well as freedom of expression and free association.

"This malicious tarnishing and freezing of assets belonging to red-tagged NGOs creates a chilling effect on their advocacies and stifles their right to utilize their resources to pursue aims that otherwise fall under protected freedoms," the lawyer said.

He criticized repressive laws, such as the TFPSA and its companion Anti-Terrorism Act, that have overreaching powers that the state uses to silence dissenting voices that it indiscriminately deems "terrorists."

"In what world can providing services to poor, disaster-stricken communities be considered an act that carries out, finances, or facilitates terrorism?" he said.

## Pagdukot sa Bukidnon, kagagawan ng 4th ID

Hunyo 4, 2024

Higit dalawang buwan nang nawawala ang binatang si Joy Delica, 32 taong gulang, mula nang dukutin siya ng mga pwersa ng 4th ID sa bahay na kanyang tinutuluyan sa Barangay New Compostella, Damulog, Bukidnon noong Marso 18. Si Delica ay nakikituloy sa naturang komunidad dahil sa iniinda niyang sakit.

Ayon sa ulat, sinugod ng 30 sundalo ng 4th ID ang bahay na tinutuluyan ni Delica noong alas-3 ng madaling araw. Dinampot siya ng mga ito, itinali ang mga kamay at paa at isinakay sa sasakyan ng mga sundalo.

Iginiit ng mga residente sa komunidad na sasamahan nila si Delica para matiyak ang kanyang kaligtasan ngunit ipinagbawal ito ng mga sundalo. Noon pa lamang ay nangamba na silang itulad siya sa maraming biktima ng estado ng pagdukot at sikretong pagkulong, kundiman ekstrahudisyal na patayin ng mga sundalo.

Sa kwento ng mga residente, sinabihan sila ng mga sundalo na pumunta na lamang sa hedkwarters kinabuksan para bisitahin si Delica. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa natutunton ang kinaroroonan niya o kung nasa ligtas ba siyang kalagayan.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, hindi bababa sa 13 na ang bilang ng mga desaparesido. Higit na marami rito ang bilang ng mga dinukot bago pinalabas na "sumukong" mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, ikinulong sa mga kasong kriminal, o sadyang pinaslang ng mga pwersa ng estado.

**[English Translation]**

## 4th ID responsible for kidnapping in Bukidnon

June 4, 2024

A certain Joy Delica, single, and 32 years old, has been missing for more than two months since 4th ID forces abducted him from the house where he was staying in Barangay New Compostella, Damulog, Bukidnon on March 18. Delica has been staying in the community because of an ailment.

The report said 30 4th ID soldiers stormed the house where Delica was staying at 3 a.m. They picked him up, tied his hands and feet and boarded him into a soldier's vehicle.

Community residents insisted accompanying Delica to ensure his safety but the soldiers refused. They already feared that he would face the same ordeal as with many victims of state of abduction and secret detention, if not outrightly killed extrajudicially.

Residents narrated that soldiers told them to look up Delica at their headquarters the next day. To date, his whereabouts or whether he is safe is unknown.

Under the Marcos regime, at least 13 have been forcibly disappeared. Many more were abducted before being falsely presented as "surrendered" New People's Army fighters, detained on criminal charges, or extrajudicially killed by state forces.

## Pagpapababa sa taripa ng imported na bigas tungong 20%, binatikos ng mga magsasaka

Hunyo 4, 2024

Binatikos ng Amihan National Federation of Peasant Women at Bantay Bigas ang panukala ng Department of Finance na ibaba tungong 20% mula sa kasalukuyang 35% ang taripa o buwis na binabayaran ng imported na bigas. Pagdadahilan ng kagawaran, ibababa umano nito ang presyo ng bigas sa bansa. Noong 2021, ibinaba na ito mula 40-50%. Gayunpaman, hindi bumaba, bagkus ay sumirit pa ang presyo ng bigas sa nakaraang tatlong taon.

Hindi ito ang unang pagkakataong ipinanukala ng estado na ibaba ang taripa para sa imported na bigas. Noong 2023, itinulak na rin ng noo'y kalihim ng DoF na si Benjamin Diokno na ibaba hanggang tuluyang tanggalin ang taripa nito. Sinalubong ito ng mariing pagtutol ng mga magsasaka.

"(H)indi ito pagpapalakas ng lokal na produksyon kundi higit pang pagbaha ng imported na bigas at kailanma'y hindi sagot sa abot kayang presyo ng bigas," ayon kay Cathy Estavillo ng Bantay Bigas. Tanging ang pinapaburan nito ay ang mga importer, hoarder, at smuggler na nagkakamal ng kita sa walang sagkang pagpapasok ng dayuhang bigas.

"Dapat ilantad at batikusin ang planong pababain ang taripa hanggang sa mawala ito," aniya. Deka-dekada nang pinipinsala ng importasyon ng sektor ng agrikultura ng bansa. Hindi ibinaba ang presyo ng bigas ng Rice Liberalization Law at ang EO 35 at EO 50, aniya.

Dagdag ni Estavillo, kailangang tugunan ng gubyerno ang paglalaan ng malaking pondo o subsidyo sa NFA para masustine ang pagbebenta ng subsidized price ng bigas. Kasabay nito, dapat bigyan ng subsidyo at post-harvest facilities ang mga magsasaka para matiyak ang produksyon. Higit sa lahat, itigil ang land use conversion at land grabbing dahil sa pagliit o pagkawala ng pagtatamnan ng palay sa bansa.

**[English Translation]**

## Farmers denounce plan to reduce tariffs on imported rice to 20%

June 4, 2024

The Amihan National Federation of Peasant Women and Bantay Rice condemned the Department of Finance for its proposal to lower the tariff on imported rice to 20% from the current 35%. The department's pretext is that it will lower the price of rice in the country. Tariffs has been lowered from 40-50% since 2021. However, rice prices has not decreased, but has instead increased over the past three years.

This is not the first time the state has proposed to lower tariffs for imported rice. In 2023, the then DoF secretary, Benjamin Diokno, also pushed for the tariff to be lowered until completely abolished, which farmers strongly opposed.

"This does not strengthen local production but only worsens the dumping of imported rice and is never the answer to affordable rice prices," Cathy Estavillo of Bantay Rice said. It only favors the

importers, hoarders, and smugglers who amass profits from unbridled foreign rice importation.

"The plan to lower the tariff should be exposed and condemned until it is withdrawn," she said. Imports have been hurting the country's agricultural sector for decades. Rice Liberalization Law and EO 35 and EO 50 did not lower the price of rice, she said.

Estavillo added, the government needs to address the allocation of large funds or subsidies to the NFA to sustain the sale of subsidized rice prices. At the same time, farmers should be given subsidies and post-harvest facilities to ensure production. Above all, stop land use conversion and land grabbing that results to the reduction or loss of rice fields in the country.

## Bagong pakat na platung pang-artileri ng AFP sa Northern Samar, maghahatid ng dagdag na perwisyo

Hunyo 5, 2024

Ipinadala ng Armed Forces of the Philippinse (AFP) sa Northern Samar noong Mayo 31 ang isang platung pang-artileri mula sa 3rd Field Artillery Battery. Tulad sa nakaraan, walang ibang hatid sa masang magsasaka at karaniwang mamamayan ng Northern Samar ang yunit na ito kundi karagdagang perwisyo at pag-ibayo ng terorismong militar.

Ang platun ay dating nakatalaga sa Capiz sa ilalim ng 3rd ID. Mayroon itong dalawang howitzer

tubes na may siyam na tauhan. Ayon sa AFP, magiging katuwang ang yunit ng Joint Task Force Storm at 8ID para tuluyang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa Eastern Visayas. Ipapailalim ang platun sa 803rd IBde.

Sa seremonya ng pagtanggap sa platun, ipinahayag ng hepe ng 8th ID na si Col. Cesar Molina na kumpyansa siyang labis na makatutulong ang yunit sa pagsustine sa mga "tagumpay" ng tropa ng gubyerno laban sa mga "lokal na komunista."

Sa totoo, pangunahing target ng militarisasyon ng 8th ID sa Northern Samar ang mga sibilyang komunidad at mga magsasaka. Sa huling ulat mula sa prubinsya, paparami ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa harap ng walang-tigil na mga operasyong kombat ng 20th IB dito.

Sa bayan ng Las Navas, nagpaputok ng baril ang mga lasing na sundalo sa Barangay San Francisco noong Abril 9. Sa Barangay San Miguel, nagpaputok ang mga sundalo ng mortar nang bandang alas-11 ng gabi noong Marso 12 malapit sa mga kabahayan.

Sa Catubig, tinutukan ng baril at minolestiya ng isang elemento ng CAFGU, at isa pang sundalo, ang isang 15-taong-gulang na batang babae na pauwi mula sa isang sayawan sa Barangay Hinagonoyan noong Abril 12.

Samantala, patuloy na pinagbabawalan ng 20th IB ang mga magsasaka sa lahat ng barangay na

sakop ng mga operasyong kombat nito na magdala ng bigas o anumang iba pang pagkain sa kanilang mga sakahan. Kinokontrol din ng mga sundalo ang galaw ng mga magsasaka at nagpapataw ng curfew.

**[English Translation]**

## Newly deployed AFP artillery platoon in Northern Samar will bring additional aggravation

June 5, 2024

The Armed Forces of the Philippines (AFP) deployed an artillery platoon from the 3rd Field Artillery Battery to Northern Samar on May 31. As in the past, this unit will only bring further aggravation and intensified military terrorism to the peasant masses and ordinary citizens of Northern Samar.

The platoon was previously deployed in Capiz under the 3rd ID. It has two howitzer tubes with nine personnel. The AFP said the Joint Task Force Storm unit and 8ID will work together to completely defeat the revolutionary movement in Eastern Visayas. The platoon is placed under the 803rd IBde.

During the platoon welcome ceremony, 8th ID chief Col. Cesar Molina stated his confidence over the unit's valuable support in sustaining the government troops' "victories" against the "local communists."

In reality, the 8th ID's militarization in Northern Samar mainly targets civilian communities and peasants. The latest report from the province said the number of cases of human rights violations have been increasing in the face of relentless 20th IB combat operations here.

In Las Navas town, drunken soldiers opened fire in Barangay San Francisco on April 9. In Barangay San Miguel, soldiers fired mortars around 11 p.m. last March 12 near their homes.

In Catubig, a CAFGU element and another soldier pointed a gun and molested a 15-year-old girl who was returning home from a dance in Barangay Hinagonoyan on April 12.

Meanwhile, the 20th IB continues to prohibit farmers in all barangays covered by its combat operations from bringing rice or any other food to their farms. Soldiers also control the movement of farmers and impose curfews.

## CERNET, ipinagtanggol ng internasyunal na mga organisasyon

Hunyo 5, 2024

Mariing kinundena ng Aktionsbündnis Menschenrechte-Philippinen (AMP o Action Network Human Rights Philippines) ang gawa-gawang mga kaso laban sa bago at dating mga myembro ng Community Empowerment Resource Network (CERNET) na walang batayang pinaratangan ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) na sangkot sa "terrorism financing."

“Walang batayan, at animo’y nakatuon sa pagdungis sa reputasyon ng CERNET at pagpapatigil ng mga operasyon nito” ang mga kasong isinampa sa kanila, ayon sa pahayang ng AMP kahapon, Hunyo 4.

“Sa kabila ng kinikilala nilang gawain, matagal nang inakusahan ang CERNET na sumusuporta sa insurhensyang komunista sa Pilipinas,” pahayag nito. “Ang ganitong Red-tagging, o pagbabansag sa mga indibidwal o organisasyon bilang “terorista,” ay komun na estratehiya ng mga pwersang seguridad ng Pilipinas para pigilan ang progresibong mga organisasyon at mga tauhan nito na isagawa ang kanilang mga gawain.” Bago isinampa ang mga kaso, ni-Red-tag sa isang press conference ng militar at pulis sa Dumaguete City noong Abril 30 ang CERNET.

Kaugnay nito, labis na ikinababahala ng AMP ang paggamit sa batas ng anti-money laundering at kontra-terorismo laban sa mga NGO (non-government organization) at mga aktibista.

“Matapos malagay ulit sa ‘grey list’ ng Asia/Pacific Group on Money Laundering (APG) noong Pebrero 2024, animo’y naprepresyur ang gubyerno ng Pilipinas na magpakita ng pag-usad sa prosekusyon ng mga kaso ng money laundering at terrorism financing,” ayon sa grupo. “At, bunga nito, itinutulak ng gubyerno ang pag-crackdown sa mga civil society organization.”

Nanawagan ito na ibasura ang gawa-gawang mga kaso, at imbestigahan ang mga pasimuno ng Red-tagging at pagsasampa ng gayong mga kaso.

Ang AMP ay inisyatiba ng pitong mayor na mga organisasyon ng taong-simbahan at para sa karapatang-tao na nakabase sa Cologne, Germany. Kasapi nito ang Amnesty International Germany, Brot für die Welt, International Peace Observers Network (IPON), MISEREOR, Missio Munich, philippinenbüro e.V., at the United Evangelical Mission (UEM).

**[English Translation]**

## International organizations defend CERNET

June 5, 2024

Aktionsbündnis Menschenrechte – Philippines (AMP or Action Network Human Rights Philippines) strongly condemned the the Anti-Money Laundering Council (AMLC) for bringing fabricated charges against new and former members of the Community Empowerment Resource Network (CERNET) after baselessly implicating them in “terrorism financing.”

The charges filed are “unsubstantiated, seemingly designed to tarnish CERNET’s reputation and to hinder its operations,” the AMP press release said yesterday, June 4.

“Despite their recognized work for years, CERNET has been the target of unfounded accusations of supporting the communist insurgency in the Philippines,” it said. “Such Red-tagging, or branding of individuals or organizations as ‘terrorists,’ has been a common strategy employed by Philippine security forces to prevent

progressive organizations and their staff from carrying out their work." Before the charges were filed, CERNET was red-tagged during a military and police press conference in Dumaguete City on April 30.

In this regard, AMP is deeply concerned about the weaponization of anti-money laundering and counter-terrorism laws against NGOs (non-governmental organizations) and activists.

"After being grey-listed once again by the Asia/Pacific Group on Money Laundering (APG) in February 2024, the Philippine government seems to be pressured to show progress in the prosecution of money laundering and terrorism financing cases," the group said. "And, as a result, the government seems to crackdown on civil society organizations."

It called for the dismissal of trumped-up cases, and to investigate the instigators of Red-tagging and filing of such cases.

AMP is an initiative of seven major church groups and human-rights organizations based in Cologne, Germany. Its members include Amnesty International Germany, Brot für die Welt, International Peace Observers Network (IPON), MISEREOR, Missio Munich, philippinenbüro e.V., and the United Evangelical Mission (UEM).

## Magsasakang nag-aasikaso ng kalabaw, pinaslang ng 79th IB

Hunyo 5, 2024

Apat na tama ng bala ang pumatay sa magsasakang si Jigger Barotolo noong Mayo 30 ng hapon sa Sityo Sangay, Barangay Hilub-ang, Calatrava, Negros Occidental. Binaril siya ng mga ahente ng 79th IB na nagpanggap na mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command). Sa isang pahayag, inilinaw ng BHB-Northern Negros na wala itong kinalaman sa insidente.

Si Barotolo ay ipinatawag ng mga ahente ng 79th IB mula sa pagpapastol ng kanyang kalabaw. Ilang minuto pagkatapos, nakarinig ng sunud-sunod na mga putok ang mga kababaryo.

Bago pa ang insidente, ilang ulit nang ipinatawag sa kampo, ipinailalim sa interogasyon at ginipit ng mga pwersa ng estado si Barotolo. Isinagawa ang panggigipit habang nakapailalim ang Barangay Hilub-ang sa Retooled Community Support Program (RCSP) mula 2019-2022 ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Ayon sa mga residente, napansin nila sa barangay ang mga aset ng 79th IB na nakasakay sa motorsiklo nang naganap ang pagpatay kay Barotolo. Nakapakat at nag-ooperasyon din ang isang yunit ng 79th IB sa katabing barangay na Macasilao sa panahong iyon.

**[English Translation]**

## 79th IB extrajudicially kills a farmer tending his carabao

June 5, 2024

Farmer Jigger Barotolo was killed by four bullet wounds on May 30 in the afternoon in Sityo Sangay, Barangay Hilub-ang, Calatrava, Negros Occidental.

Barotolo was tendng to his carabao when 79th IB agents summoned him. A few minutes later, the villagers heard a series of gunshots.

Even before the incident, state forces had repeatedly summoned Barotolo to their headquarters, subjecting him to interrogation and intimidation. This happened while Barangay Hiluh-ang was under the Armed Forces of the Philippines (AFP) Retooled Community Support Program (RCSP) from 2019-2022.

Residents said they noticed 79th IB assets riding a motorcycle in the barangay when Barotolo was killed. A unit of the 79th IB was also conducting operations at the adjacent Macasilao barangay at that time.

In a statement, the New People's Army (NPA)-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) condemned the military for extrajudicially killing Barotolo. Contrary to military claims, the NPA-Northern Negros clarified that it had nothing to do with the incident.

## Pagbisita ni Zelensky sa Pilipinas, malaking katatawanan—ILPS

Hunyo 5, 2024

Isang "malaking katatawanan" ang pagbisita ni Volodymyr Zelenskyy, presidente ng Ukraine, kay

Ferdinand Marcos Jr sa Malacanang noong Hunyo 3, ayon sa International League of Peoples' Struggle. Ang isa ay sangkot sa patalong proxy war ng US-NATO laban sa Russia, habang ang isa naman ay sangkot sa papatinding tensyon ng US at China sa South China Sea. Parehong "gawa sa US" ang bukambibig nilang panunulsol ng gera at tensyon.

Bago nito, pareho silang dumalo sa ika-21 na Shangri-La Defense Summit sa Singapore kung saan nagtapang-tapangan si Marcos sa pahayag na ituturing niyang "akto ng digma" ng China kung may mamamatay na Pilipino sa mga pinag-aawayaang teritoryo sa SCS. Si Zelensky, sa kabilang banda, ay dumayo sa kumperensya sa "desperadong tangkang makahamig ng suporta para sa gera ng US-NATO laban sa Russia." Ito ay sa harap ng pagkatalo ng "counter-offensive" nito laban sa Russia noong nakaraang taon.

Sa pakikipagpulong ni Zelensky kay Marcos, hiningi niyang magpadala ang Pilipinas ng mga "mental health worker" sa Ukraine. Umiiral ang ban sa pagpapadala ng mga manggagawang Pilipino sa Ukraine mula pa 2022.

Malaki na ang idinagok ng proxy na gerang ng US sa mamamayang Ukraine, pahayag ng ILPS. Matapos ang dalawang taon, umabot na 60,000 sundalo at 10,000 sibilyan ang kaswalti nito. Wasak ang lokal na ekonomya, gayundin ang kabuhayan ng mga Ukrainian.

Sa kabila nito, patuloy ang pagpopondo ng US para lalupang patagalin ang gera. Noong

nakaraang buwan lamang, inawtorisa ni Joseph Biden, presidente ng US, ang pagbuhos ng $175 bilyong ayuda sa gera ng Ukraine. Ang mga kasapakat nito sa NATO ay nangako namang maglaan ng 32 bilyon euros bilang suporta.

**[English Translation]**

## Zelensky's visit to the Philippines, a big joke—ILPS

June 5, 2024

The visit of Volodymyr Zelenskyy, president of Ukraine, to Ferdinand Marcos Jr in Malacanang on June 3 was a "big joke", the International League of Peoples' Struggle said. One is embroiled in a losing US-NATO proxy war against Russia, while the other is embroiled in a fast-developing US-China tension over the South China Sea. Both parrot US-manufactured war provocations and tensions.

Before this, they both attended the 21st Shangri-La Defense Summit in Singapore where Marcos boasted that he would consider a Filipino being killed in the disputed territories in the SCS an "act of war" by China. Zelensky, on the other hand, ventured into the conference in a "desperate attempt to scrounge support for the US-NATO war against Russia." This is after the defeat of its "counter-offensive" against Russia last year.

During Zelensky's meeting with Marcos, he asked the Philippines to send "mental health workers" to Ukraine. The ban on sending Filipino workers to Ukraine has been in effect since 2022.

The proxy war of the US has taken a heavy toll on the Ukrainian people, ILPS said. After two years, its casualties reached 60,000 soldiers and 10,000 civilians. The local economy is devastated, as is the livelihood of Ukrainians.

Despite this, US funding continues to prolong the war. Just last month, US president Joseph Biden authorized the pouring of $175 billion in war aid to Ukraine. Its NATO partners have pledged 32 billion euros in support.

## Pagpapatalsik sa unibersidad sa lider-estudyante sa Cavite, tinuligsa

Hunyo 5, 2024

Nagprotesta ang mga estudyante ng De la Salle University (DLSU)-Dasmariñas sa kampus nito sa Cavite noong Mayo 31 para batikusin ang pagpapatalsik ng administrasyon sa lider-estudynate na si Paolo Tarra. Ipinataw kay Tarra ang "non re-admission" dahil sa diumanoy paglabag niya sa handbook ng unibersidad na nagbabawal sumali at maghikayat na sumali sa mga "hindi kinikilalang" organisasyon sa kampus.

Si Tarra ay kasalukuyang koordineytor ng Coalition of Concerned Lasallians (CCL) sa DLSU-D. Isa siya sa mga nangunguna sa mga kampanya para sa demokratikong karapatan at kagalingan ng mga estudyante sa unibersidad.

Noong Mayo 8, ipinatawag si Tarra ng Student Wellness and Formation Office (SWAFO) ng DLSU-D para sa "pagdinig" kaugnay ng kasong

isinampa sa kanya. Taliwas sa inaasahan, hindi dininig ang panig ni Tarra at basta na lamang siyang pinatawan ng sangsyon.

Bago ang kilos-protesta, nagsumite si Tarra ng apela sa Office of Student Services kaugnay ng kaso. Pinangunahan ng CCL at Anakbayan Kalayaan ang pagkilos ng mga estudyante sa kampus. Nakiisa rin sa kanila ang iba pang organisasyon ng mga kabataan sa Southern Tagalog.

Tinangkang buwagin ng 30 gwardya ng unibersidad, mga pulis at SWAT ang protesta. Sinubukan din nilang agawin ang mga plakard at istrimer ng mga ito. Kinompronta sila ng mga grupo at iginiit ang kanilang karapatang makapagtipon at makapagpahayag.

Si Tarra ay naging target din ng panggigipit ng National Task Force (NTF)-Elcac noong Pebrero at Mayo. Pinuntahan ang kanyang bahay sa Trece Martires City ng mga ahente ng estado. “Kinausap” ng mga ito ang mga magulang ni Tarra at ipinakita sa kanila ang mga larawan ni Tarra habang lumalahok sa mga pagkilos.

Namilit din ang mga ahenteng militar na kausapin nang personal si Tarra sa pagdadahilang nangangamba silang “mamundok” siya. Nagbabala pa ang mga ito na babalikan ang pamilya para muli silang kausapin at papipirmahin ng ilang dokumento.

**[English Translation]**

# Students denounce expulsion of student leader by Cavite university

June 5, 2024

Students of De la Salle University (DLSU)-Dasmariñas protested at its campus in Cavite on May 31 to condemn the administration's dismissal of student leader Paolo Tarra. Tarra was sanctioned with "non re-admission" due to his alleged violation of the university's handbook that prohibits joining and encouraging to join "unrecognized organizations" on campus.

Tarra is currently the coordinator of the Coalition of Concerned Lasallians (CCL) at DLSU-D. He led the campaigns for the democratic rights and well-being of university students.

On May 8, the Student Wellness and Formation Office (SWAFO) of DLSU-D summoned Tarra for a "hearing" related to the case filed against him. Contrary to expectations, Tarra's side was not heard and he was simply sanctioned.

Before the protest, Tarra submitted an appeal to the Office of Student Services regarding his case. CCL and Anakbayan Kalayaan led the student action on campus. Other Southern Tagalog youth organizations also joined the action.

Around 30 university guards, police and SWAT tried to break up the protest. They also tried to seize their placards and streamers. Groups

confronted them and asserted their right to assemble and express themselves.

Tarra was also the target of harassment by the National Task Force (NTF)-Elcac in February and May. State agents visited his house in Trece Martires City. They “talked” to Tarra’s parents and showed them pictures of Tarra participating in activities.

The military agents also insisted on talking to Tarra in person on the pretext that they were afraid he would become a “rebel”. They even warned the family of their return for another talk and make them sign some documents.

## Assistant professor na nanindigan kasama ang mga estudyante ng UST, tuluyan nang sinipa

Hunyo 6, 2024

Tuluyan nang tinanggal ng administrasyon ng University of Sto. Tomas (UST) si College of Science Assistant Professor Vladimir Villegas, Ph. D. noong Mayo 30 nang tapusin nito ang kontrata ng guro sa unibersidad. Pinag-initan ng UST si Villegas nang suportahan niya ang laban ng kabataan at mga organisasyon sa unibersidad para sa demokratikong karapatan at laban sa panunupil ng administrasyon.

Noong Mayo 17, binigyan siya ng “unsatisfactory rating” ng administrasyon na nagsapanganib sa kanyang pusisyon dito. Ayon sa ulat, kabilang sa mga rason ng panggigipit sa kanya ang pagsali sa

pagkilos ng mga “hindi kinikilalang mga organisasyon na mayroong maka-Kaliwa at radikal na adyenda na hindi katugma ng ‘mission-vision’ ng unibersidad.”

Pinatutungkulan ng administrasyon ang pagkilos ng mga organisasyon at estudyante noong Pebrero 21, sa pangunguna ng Rise for Education-España, laban sa arbitraryong pagpapasara sa organisasyong pangmidya na TomasinoWeb. Nilayon ng kanilang pagkilos na igiit ang independensya ng organisasyon at maging ng mga konseho at iba pang institusyon ng mga mag-aaral sa loob ng UST.

Liban kay Asst. Prof. Villegas, maraming mga estudyante ng UST ang “ipinatawag” nito dahil sa paglahok sa mga “hindi kinikilalang” organisasyon sa loob ng kampus. Tinarget nito ang mga lider ng progresibong organisasyon. Liban pa, nagpapatupad din ang UST ng hindi makatarungang napakahihigpit na mga patakaran sa mga konseho, organisasyon at publikasyon sa kampus.

“Ang pagkakasangkapan ng Unibersidad sa baluktot at likas na mapanupil na Codes of Conduct and Sanction ay lumalabag sa ating mga karapatang mag-organisa at sa akademikong kalayaan,” pahayag ng League of Filipino Students. Giit nito, tahasang binabalewala ng unibersidad ang mga karapatan ginagarantiya ng konstitusyon ng Pilipinas.

[English Translation]
# UST fires assistant professor who stood with students

June 6, 2024

The University of Sto. Tomas (UST) administration eventually fired College of Science Assistant Professor Vladimir Villegas, PhD on May 30 when it terminated the teacher’s contract with the university. The university targetted Villegas when he supported the youth and university organizations’ fight for democratic rights and against the administration’s repression.

On May 17, the administration gave him an “unsatisfactory rating” which jeopardized his position. The report said among the reasons why he was persecuted was his participation in actions of “unrecognized organizations which have a left-wing and radical agenda that is incompatible with the university’s ‘mission-vision’.”

The administration referred to the protests of organizations and students on February 21, led by Rise for Education-España, against the arbitrary closure of TomasinoWeb. The protests asserted the independence of the organization, as well as of the councils and other student institutions within the UST.

Apart from Asst. Prof. Villegas, many UST students were “summoned” for participating in “unrecognized” organizations within the campus. It targeted leaders of progressive organizations. Furthermore, UST also enforces unfairly strict

rules on campus councils, organizations and publications.

“The University’s weaponization of the twisted and inherently repressive Codes of Conduct and Sanction tramples on our right to organize and academic freedom,” the League of Filipino Students said. It asserted that the university blatantly ignores the rights guaranteed by the Philippine constitution.

## Kasong “terrorism financing” sa unyonista sa Southern Tagalog, ibinasura

Hunyo 6, 2024

Dulot ng kawalan ng ebidensya, ibinasura ng isang korte sa Batangas ang kasong “terrorism financing” noong Mayo 23 laban sa lider-unyonistang si Rhoel Alconera, ikalawang pangulo ng Unyon ng mga Panadero sa Gardenia Philippines-Olalia-KMU. Isinampa laban sa kanya ang kaso ng Department of Justice (DoJ), sa tulak ng 2nd ID at mga “saksi” nito, noong Marso.

Ibinatay ang kaso sa alegasyon ng mga “saksi” ng estado na nagpakilalang mga “rebel returnee.” Pahayag ng mga ito, si Alconera ay nagbigay ng P4 milyon at iba pang kagamitan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong 2019. Mahigpit na itinanggi ni Alconera ang akusasyong ito.

“Si Alconera ay ilang taon nang nagtatanggol sa karapatan ng mga manggagawa para sa asosasyon at disenteng trabaho,” pahayag ng Defend

Southern Tagalog. Siya ay nagtrabaho bilang kontraktwal sa maraming mga pagawaan at pabrika sa Laguna bago naging lider-unyonista sa Gardenia.

Ang ginamit na mga “rebel returnee” ng 2nd ID ay pawang mga manggagawa sa planta ng Coca-Cola sa Santa Rosa, Laguna. Kabilang dito si Albert Verzosa, ahente ng National Task Force-Elcac. Isinalaysay nila sa korte ang inihandang “iskrip” ng mga sundalo laban kay Alconera. Hindi ito pinaniwalaan ng korte.

Habang nasa proseso ng pagdinig ang kaso mula Marso hanggang Mayo, walang-tigil ang panggigipit at panghaharas ng militar kay Alconera. Paulit-ulit siyang tinugis, pati ang kanyang pamilya, ng militar para pilitin na “makipagtulungan” sa kanila. Binantaan pa siya ng mga ito na mayroon nang mandamyento de aresto laban sa kanya, gayong wala pang desisyon ang korte noon.

“Ang mga kasong ito laban kay Alconera, at iba pang nakikibaka para sa kalayaan sa asosasayon sa pormal o hindi pormal na paggawa, sa lahat ng mga linya ng industriya at adbokasiya, ay nagpapatunay lamang na pinalalawak ng administrasyong Marcos Jr ang ‘playbook’ nito, na lantad na ginagamit sa buong bansa,” ayon pa sa network.

Higit na tumindi ang ganitong panggigipit sa mga demokratikong samahan mula nang inilabas ng rehimeng Marcos ang National Security Plan 2023-2028. Lantad na nakasaad dito ang

patakarang “palalakasin ang aksyon laban sa mga ligal na prente ng CPP-NPA-NDF para…putulin ang pinagmumulan ng pinansya.” Ang sinumang takdaan nitong may ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ay basta-basta at walang-batayang ginigipit.

## Batangas court dismisses “terrorism financing” case against unionist in Southern Tagalog

June 6, 2024

Due to lack of evidence, a Batangas court dismissed on May 23 the case of “terrorism financing” against unionist leader Rhoel Alconera, second president of the Unyon ng mga Panadero in Gardenia Philippines-Olalia-KMU. The Department of Justice (DoJ) filed the case against him, at the instigation of the 2nd ID and its “witnesses”, last March.

The case was based on the allegations of state “witnesses” who identified themselves as “rebel returnees.” They said Alconera gave P4 million and other equipment to the New People’s Army (NPA) in 2019. Alconera strongly denied this accusation.

“Alconera has spent years defending workers’ rights of association and decent jobs,” Defend Southern Tagalog said. He worked as a contractual worker in various factories in Laguna before becoming a union leader in Gardenia.

The “rebel returnees” employed by the 2nd ID were all workers at the Coca-Cola plant in Santa Rosa, Laguna. This includes Albert Verzosa, a National Task Force-Elcac agent. They narrated to the court the “script” prepared by the soldiers against Alconera. The court did not believe the allegations.

While the case was being heard from March to May, the military relentessly intimidated and harassed Alconera. The military repeatedly hounded him, and even his family, to force his “cooperation.” They even threatened with an arrest warrant against him, despite the then absence of a court decision.

“These cases against Alconera, and others working for freedom of association in formal and informal labor, across all lines of industry and advocacy, only prove that the Marcos Jr. administration has expanded its playbook, now evidently used nationwide,” the network added.

Harassments like these against democratic organizations have intensified since the Marcos regime released the National Security Plan 2023-2028. It clearly states the policy to “intensify action against the legal fronts of the CPP-NPA-NDF to…cut off the source of finance.” Anyone it accusses of links to the revolutionary movement is arbitrarily and baselessly harassed.

## Mga huwes na naglabas ng mga kwestyunableng search warrant, pinadidiskwalipika sa mas mataas na pusisyon

Hunyo 6, 2024

Nagtungo sa Korte Suprema ang mga demokratikong grupo at grupo sa karapatang-tao kahapon, Hunyo 5, para ipanawagan na idiskwalipika ang mga huwes na sina Cecilyn Burgos-Villavert at Jason Zapanta sa mga pusisyon sa nakatataas na korte. Ang dalawa ay kasalukuyang huwes ng mga regional trial court. Kilala sila sa paglalabas ng kwestyunableng mandamyento o search warrant na ginamit sa mga kaso ng pulitikal na pamamaslang at pang-aaresto.

Ang upisina ni Villavert, sa partikular, ay binansagang “pabrika ng mga search warrant” na ginamit ng militar at pulis laban sa higit 76 na aktibista mula 2018 hanggang 2020. Si Zapanta, sa kabilang banda, ay naglabas sa dalawang search warrant na ginamit laban sa 24 na indibidwal sa Southern Tagalog noong Marso 2021. Ang koordinadong pananalakay na bunsod ng mga warrant na ito ay nagresulta sa pagpaslang sa siyam na aktibista sa tinaguriang “Bloody Sunday.”

“Mariin naming tinututulan ang kandidatura ni Judge Cecilyn Burgos Villavert sa mga pusisyong tulad ng Associate Justice of the Court of Appeals o Associate Justice of the Sandiganbayan. Hindi siya naangkop sa anumang mataas na pusisyong

hudisyal dahil sa track record niya sa paglabag sa mga karapatang-tao at sa pakikipagsabwatan niya sa rehimeng Duterte sa pang-aatake sa mga aktibista," ayon kay Rep. Ferdinand Gaite, dating kinatawan ng Bayan Muna. Inabuso ni Villavert ang kanyang kapangyarihan bilang huwes, lalupa't marami sa mga kasong isinampa batay sa inilabas niyang mga search warrant ay ibinasura rin ng korte, aniya.

Samantala, nagpadala ng sulat ang grupong Kapatid sa Judicial and Bar Council para ipaabot ang "mariing oposisyon" ng grupo ng nominasyon at pagtatalaga sa dalawang huwes sa anumang nakatataas na pwesto.

Kabilang sa mga kaso na resulta ng minanupakturang search warrant mula kay Villavert ang iligal na pang-aaresto at detensyon sa NDFP consultant na si Vicente Ladlad, at kanyang mga kasama na sina Alberto Villamor at Virginia Villamor.

"Ang panunungkulan ni Judge Viilavert bilang exectuve judge sa Quezon City ay maihahalintulad sa isang hudisyal na masaker, kung saan naging nakamumuhing larangan ng pang-aapi ng estado ang institusyon ng hudikatura," ayon sa grupo. Isa sa mga kasong ito ang pag-aresto at pagkulong kay Reina Mae Nasino, na nagresulta sa pagkakait ng kanyang mga karapatan at pagkamatay ng kanyang sanggol na si River.

"Ang mga hudisyal na desisyon ni Judge Burgos-Villavert..ay nagbabalewala sa mga pundamental na karapatan at dignidad ng mga indibidwal,"

ayon sa grupo. Nagresulta ang kanyang mga aksyon sa di kinakailangang pagdurusa at pagkawala ng isang inosenteng buhay, anito.

**[English Translation]**

## Democratic and rights groups call to disqualify judges issuing questionable search warrants from higher positions

June 6, 2024

Democratic and human rights groups trooped to the Supreme Court yesterday, June 5, to call for the disqualification of judges Cecilyn Burgos-Villavert and Jason Zapanta from positions in higher courts. Both are currently judges of regional trial courts. They are known for issuing questionable search warrants used in cases of political killings and arrests.

Villavert’s office, in particular, has been dubbed the “factory of search warrants” used by the military and police against more than 76 activists from 2018 to 2020. Zapanta, on the other hand, issued two search warrants used against 24 individuals in Southern Tagalog in March 2021. These warrants triggered the coordinated attack that resulted in the killing of nine activists on the so-called “Bloody Sunday.”

“We vehemently oppose Judge Villavert’s candidacy to positions such as Associate Justice of the Court of Appeals or Associate Justice of the Sandiganbayan. Her track record of violating human rights and her collusion with the Duterte administration’s crackdown on activists make her

unfit for any higher judicial position," according to Rep. Ferdinand Gaite, former Bayan Muna representative. Majority of the cases filed based on Villavert's issued search warrants have been dismissed by the court which shows her abuse of power as a judge, he said.

Meanwhile, the group Kapatid sent a letter to the Judicial and Bar Council conveying the group's "indignant opposition" to the nomination and appointment of the two judges to any higher position.

The cases resulting from the fabricated search warrant from Villavert include the illegal arrest and detention of NDFP consultant Vicente Ladlad, and his associates Alberto Villamor and Virginia Villamor.

"Judge Villavert's tenure as Quezon City Executive Judge was nothing short of a judicial massacre, where the halls of justice were transformed into a grotesque theater of state-sanctioned oppression," the group said. One of these cases was the arrest and detention of Reina Mae Nasino, which resulted in the denial of her rights and the death of her baby, River.

"Judge Burgos-Villavert's judicial decisions… ignore the fundamental rights and dignity of individuals," the group said. Her actions resulted in unnecessary suffering and the loss of an innocent life, it said.

## Mga progresibong partido, nakiramay sa mga residenteng apektado ng pagputok ng Bulkang Kanlaon

Hunyo 6, 2024

Nakiramay ang Bayan Muna at kapatid nitong mga partido sa mga residenteng apektado sa sakuna na dulot ng pagputok ng Bulkang Kanlaon noong gabi ng Hunyo 3. Nagbuga ang bulkan ng makapal na usok na may taas na 5,000 metro. Mula Hunyo 4, nagsimula na rin itong maglabas ng lahar na dumaloy sa mga ilog at talon, at umapaw sa mga kalsada.

"Sa mga kasimanwa (kababayan) sa Negros, halong gid!" panawagan ng Bayan Muna Partylist. Sa kasalukuyan, nakalagay na sa state of calamity syudad ng Canlaon at munisipalidad ng La Castellana.

Umabot na ang lahar sa mga barangay sa paanan ng bulkan habang nabalot ng abo ang mga sakahan sa anim na barangay ng La Castellana. Mahigit 232 pamilya o 1,500 residente ang napilitang lumikas sa kanilang mga tirahan dahil sa pagsabog ng bulkan. Marami sa kanila at pansamantalang nakatigil ngayon sa sentro ng La Castellana.

Sa kasalukyan, nakataas pa ang Alert Level 2 sa Kanlaon na nagbabawal ng pagpasok at pananatili ng publiko sa 4-kilometrong radius na Permanent Danger Zone.

Ayon sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs), huling pumutok ang Kanlaon noong 2017. Ang unang naitalang pagputok nito ay noong 1819.

**[English Translation]**

## Progressive parties extend sympathies to residents affected by the Kanlaon Volcano eruption

June 6, 2024

Bayan Muna and its sister parties sympathized with the residents affected by the disaster caused by the eruption of the Kanlaon Volcano on the night of June 3. The volcano spewed thick smoke reaching 5,000 meters. From June 4, it also began to release lahar that flowed into rivers and waterfalls, and overflowed onto roads.

“Sa mga kasimanwa sa Negros, halong gid!” (“To Negros compatriots, keep safe!”) Bayan Muna Partylist called. The city of Canlaon and the municipality of La Castellana are currently in a state of calamity.

The lahar has reached the barangays at the foot of the volcano while ashfall covered farms in six barangays of La Castellana. More than 232 families or 1,500 residents were forced to evacuate their homes due to the volcanic eruption. Many of them are now temporarily staying in the La Castellana town center.

Kanlaon is still at Alert Level 2 which prohibits the public from entering and staying within the 4-kilometer radius Permanent Danger Zone.

The Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) said Kanlaon last erupted in 2017. Its first recorded eruption was in 1819.

## Rehimeng Marcos, pinakamalaking banta sa kalikasan ng Pilipinas—mga grupong pangkalikasan

Hunyo 6, 2024

Nagprotesta ang mga grupo at aktibistang pangkalikasan sa tanggapan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Quezon City noong Hunyo 5, kasabay ng paggunita sa taunang World Environment Day. Sa pangunguna ng Kalikasan People's Network for the Environment, binatikos nila ang rehimeng Marcos bilang "pinakamalaking banta" sa kalikasan ng Pilipinas.

"Idinudulot ni Pangulong Marcos Jr at kanyang administrasyon ang pinakamalaking pinsala sa kalikasan ng Pilipinas at sa ating mamamayan. Ang kanyang pagkahumaling sa mga proyektong tulad ng malalaking pagmimina, malawakang reklamasyon sa Manila Bay at Cebu, at…mga mega-dam at…plantang nukleyar ay sumisira sa ating mayaman na biodiversity, ating kalusugan at ating hinaharap," pahayag ni Jonila Castro, upisyal sa adbokasiya ng Kalikasan.

Sa datos na natipon ng Kalikasan, hindi bababa sa 134 na proyektong mina na sumasaklaw sa halos 59,000 ektarya ng lupa ang inaprubahan o pinalawig ang operasyon ng rehimeng Marcos. Umaabot naman sa 20 mapangwasak na malaking dam ang kasalukuyang itinatayo sa buong bansa.

"Para sa milyun-milyong mga Pilipino, ang sinasabing 'malinis' at pangkaunlarang mga proyektong ito ay nangangahulugan lamang ng pagpapalayas, kagutuman, mas pinatinding bulnerabilidad, at paghihirap," dagdag pa ni Castro. Sa kabila nito, nagbubulag-bulagan umano si Marcos para patuloy na magkamal ng limpak-limpak na pera mula sa mga ito kasama ang kanyang mga kasabwat na burgesyang kumprador.

"Ginagamit nila ang armadong tropa ng estado bilang pwersang pananggol [para sa mga proyektong ito] para patahimikin ang kahit sinong lumaban," ayon pa kay Castro. Si Castro mismo ay biktima ng pagdukot at karahasan ng estado nang dukutin, kasama si Jhed Tamano, noong Setyembre 2023 dahil sa kanilang paglaban sa reklamasyon sa Manila Bay. Sa buong mundo, kabilang ang Pilipinas sa pinakadelikadong mga lugar para sa mga tagapagtanggol ng kalikasan.

Nakilahok din sa protesta sa DENR ang Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) at Amihan National Federation of Peasant Women. Kinastigo nila ang rehimeng Marcos sa kainutilan nito na tugunan ang pangangailangan ng mga sektor sa kanayunan na pangunahing apektado ng mas tumitinding

mga kalamidad bunga ng nagbabagong klima at pagkasira ng kalikasan.

Ang World Environment Day ay taunang paggunita na itinakda ng United Nations para ipanawagan ang pagprotekta sa kalikasan. Idineklara ito noong 1972 at unang ginunita noong 1973.

**[English Translation]**

## Environmental groups: Marcos regime, biggest threat to Philippine environment

June 6, 2024

Environmental groups and activists protested at the Department of Environment and Natural Resources (DENR) office in Quezon City on June 5, in conjunction with the commemoration of the annual World Environment Day. Led by the Kalikasan People's Network for the Environment, they condemned the Marcos regime as the "biggest threat" to the Philippines' environment.

"President Marcos Jr. and his administration are causing the greatest damage to Philippine environment and our people. His penchant for projects such as large-scale mining, massive reclamation in Manila Bay and Cebu, and … mega-dams and …nuclear plants spell disaster for our rich biodiversity, our health, and our future," Jonila Castro, Kalikasan advocacy officer, said.

In the data collected by Kalikasan, the Marcos regime approved or extended the operation of at

least 134 mining projects covering nearly 59,000 hectares of land. As many as 20 destructive large dams are currently being built nationwide.

"For millions of Filipinos, these so-called development and 'green' projects only spell displacement, hunger, increased vulnerability, and misery. But the Marcos Jr. administration willfully turns a blind eye as long as these projects line their pockets and those of his favorite ultra-rich business compradors," said Castro.

"They employ armed state troops as protection forces [for these projects] to silence any resistance," Castro added. Castro herself was a victim of abduction and state violence when she was forcibly taken, along with Jhed Tamano, in September 2023 because of their opposition to reclamation in Manila Bay. The Philippines is among the most dangerous places in the world for environmentalists.

Also participating in the DENR protest were the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) and the Amihan National Federation of Peasant Women. They condemned the Marcos regime for its failure to address the needs of the rural sector that are mainly affected by the increasing number of calamities resulting from climate change and environmental degradation.

World Environment Day is an annual commemoration established by the United Nations to call for the environmental protection. It was declared in 1972 and first commemorated in 1973.

## 2,700 residente, apektado ng aerial bombing ng 54th IB sa Kalinga

Hunyo 7, 2024

Takot at gambala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan ng Balbalan, Kalinga ang idinulot ng aerial bombing ng 54th IB sa ilalim ng 503rd IBde sa Barangay Maling ngayong araw, Hunyo 7. Ayon sa Cordillera Human Rights Alliance (CHRA), tinatayang 2,700 residente ng Barangay Maling at katabi nitong mga barangay ng Dao-angan at Balantoy ang apektado ng pambobomba at operasyong kombat.

Dalawang helikopter ang naobserbahan ng mga residente na nagpaikut-ikot at naghulog ng bomba sa mga barangay ng Balbalan. Pagdadahilan ng 54th IB, isinagawa ang mga operasyong ito at walang patumanggang pambobomba dahil sa naganap na engkwentro nito sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) ganap na alas-10 ng umaga.

Kinundena ng CHRA ang paghuhulog ng bomba ng 54th IB. Anila, labag ito sa internasyunal na makataong batas dahil wala itong pagtatangi at posibleng ikapahamak ng sibilyan at ikasira ng kanilang mga ari-arian at kabuhayan.

Liban dito, iniulat ng 54th IB ang pagkaaresto ng isa umanong mandirigma ng BHB-Kalinga sa Barangay Balantoy kahapon, Hunyo 6. Ayon sa militar, ang kanilang inaresto ay isang nagngangalang Gap-idan Claver Bawit at mayroong nakasampang mga kasong tangka at bigong pagpaslang.

Kaugnay nito, iginiit ng CHRA na dapat sundin ng 54th IB ang nakasaad sa internasyunal na makataong batas hinggil sa mga bihag ng digma. Binigyang diin ng grupo ang pagbibigay ng makataong pagtrato at patas na paglilitis sa nadakip.

Noong Marso 2023, naging target din ng magkakasunod na aerial bombing ng mga jet fighter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mabundok na bahagi ng Barangay Gawa-an sa Balbalan. Naiulat dito ang paggambala ng labis na maingay na mga jet fighter at takot na idinulot ng teroristang pag-atake ng AFP sa mga komunidad. Iligal na inaresto rin sa panahong ito ang siyam na residente ng Sityo Uta at Codcodwe ng Barangay Gawa-an at idinetine ng pitong oras.

Tuluy-tuloy ang operasyong kombat ng AFP sa Balbalan para bigyang daan ang pagtatayo ng mga proyektong hydroelectric power plant dito tulad ng 49-megawatt Saltan D at 40-megawatt Mabaca. Mahigpit itong tinututulan ng mga tribu ng pambansang minorya at mamamayan ng Kalinga.

**[English Translation]**

## 54th IB aerial bombing in Kalinga affects 2,700 residents

June 7, 2024

The aerial bombing of the 54th IB under the 503rd IBde in Barangay Maling today, June 7, brought terror and disruption to the lives and livelihoods of the people of Balbalan, Kalinga. The Cordillera Human Rights Alliance (CHRA) said the bombing

and combat operations affected an estimated 2,700 residents of the Barangay Maling and its adjacent barangays of Dao-angan and Balantoy.

Residents observed two helicopters circling, then dropping bombs in Balbalan barangays. The 54th IB used an alleged encounter with the New People's Army (NPA) at 10 a.m. as an excuse for carrying out these operations and indiscriminate bombardment.

The CHRA condemned the 54th IB for the bombing. It said this violates international humanitarian law because it is indiscriminate and may harm civilians and destroy their properties and livelihoods.

Apart from this, the 54th IB reported the arrest of an alleged NPA-Kalinga fighter in Barangay Balantoy yesterday, June 6. The military said they arrested a certain Gap-idan Claver Bawit who is charged with attempted and frutstrated murder.

In this regard, the CHRA demanded the 54th IB to follow the provisions of international humanitarian law regarding prisoners of war. The group emphasized on providing humane treatment and fair trial to those arrested.

In March 2023, the mountainous part of Barangay Gawa-an in Balbalan also became the target of successive aerial bombings by Armed Forces of the Philippines (AFP) jet fighters. Residents reported disruption by excessively noisy jet fighters and terror caused by AFP terrorist attacks on communities. Nine residents of Sityo Uta and

Codcodwe of Barangay Gawa-an were illegally arrested and detained for seven hours during this time.

AFP combat operations continue in Balbalan to pave the way for the construction of hydroelectric power plant projects such as the 49-megawatt Saltan D and 40-megawatt Mabaca. National minority tribes and people of Kalinga strongly oppose these projects.

## Anti-drayber na bagong patakaran sa ruta ng dyip sa Iloilo City, bahagyang napaatras

Hunyo 7, 2024

Natulak ng isang araw na tigil-pasada ng mga drayber sa tinatawag na “first town” o mga bayan sa paligid ng Iloilo City noong Hunyo 3 ang lokal na gubyerno ng prubinsya ng Iloilo na tugunan ang ilan sa kanilang mga panawagan. Naigiit nila ang pagtataas mula sa 25% tungong 40% ng mga dyip na papayagang makabyahe sa syudad sa lahat ng oras.

Ang pagpapaliit ng bilang ng mga dyip na bumabyahe sa Iloilo City ay kaugnay ng Local Public Transport Route Plan (LPTRP) nito na bahagi ng kabuuang Public Utility Vehicle Modernization Program o jeepney phaseout.

“Malinaw na bahagi pa rin ito ng pagmasaker ng pamahalaan sa kabuhayan ng mga tsuper at operator at pagpapatindi sa pagdurusa ng mga komyuter,” pahayag ng Pagkakaisa ng mga

Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston).

Anang grupo, nananatiling kapos ang pagpapahintulot ng 40% ng mga dyip mula sa mga bayan sa paligid ng Iloilo City. Lubhang apektado nito ang mga ruta ng Leganes, Pavia at Oton, at posibleng hanggang San Miguel.

Nangangamba ang mga drayber na bumagsak ang kanilang kita dahil sa pagbabawal na makabyahe sa syudad. Sa dating iskema, kumikita lamang ang karaniwang drayber ng ₱700-₱800. Maaari bumaba ito tungong ₱100-₱300 sa ilalim ng bagong patakaran.

Samantala, nagpatupad rin ng mga pagtaas ng singil sa pasahe dahil sa limitadong mga dyip na pinababyahe sa mga ruta sa syudad. Sa loob ng Iloilo City, nasa 520 "modernisadong dyip" o minibus at 1,692 na nagkonsolidang mga dyip ang bumabyahe ngayon sa ilalim ng LPTRP.

"Malinaw na repleksyon ito na ang buong programa ng negosyo at makadayuhang [PUVMP], kabilang ang LPTRP, ay isang malaking banta sa [drayber at komyuter]," anang Piston.

Tuluy-tuloy namang igigiit ng mga drayber ang pagbabalik sa dating sistema kung saan 100% ng mga dyip mula sa mga "first town" ang pinapayagang pumasok sa syudad.

[English Translation]
# Drivers partially push back new anti-driver policy on jeepney route in Iloilo City

June 7, 2024

Jeepney drivers’ one-day transport strike in “first towns” around Iloilo City on June 3 pushed the Iloilo local provincial government to respond to some of their calls. They were able to increase the number of jeepneys allowed to travel within city limits from 25% to 40% at all times.

The number of jeepneys allowed to ply their routes within Iloilo City was reduced by the Local Public Transport Route Plan (LPTRP) which is part of the Public Utility Vehicle Modernization Program or jeepney phaseout.

“This is clearly still part of the government’s plan to massacre the livelihood of drivers and operators and intensify the suffering of commuters,” the Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) said.

The group said allowing 40% of jeepneys from towns around Iloilo City still fall short. The ban severely affects the routes of Leganes, Pavia and Oton, and possibly as far as San Miguel.

Drivers fear that the city route ban will pull down their income. Prior to the ban, a driver earned only an average of ₱700-₱800. This may drop to ₱100-₱300 under the new policy.

Meanwhile, transport fares were also increased due to the limited number of jeepneys plying city routes. Within Iloilo City, about 520 "modernized jeepneys" or minibuses and 1,692 consolidated jeepneys are now plying under the LPTRP.

"This is a clear indicator that the entire program of business-oriented and pro-foreign [PUVMP], including the LPTRP, is a major threat to [drivers and commuters]," said Piston.

The drivers will continue to demand on reverting to the old system where 100% of jeepneys from the "first towns" are allowed to enter the city.

## Organisasyon ng mga guro, babantayan ang karapatan ng sektor ngayong bakasyon

Hunyo 7, 2024

Inilunsad ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines noong Hunyo 5 ang kampanya nitong 'Bantay Benepisyo at Karapatan' para tiyakin na iginagalang ang karapatan ng mga guro ngayong panahon ng bakasyon. Tatagal ang bakasyon sa eskwela mula Hunyo 1 hanggang Hunyo 30 kung saan hindi pwedeng bigyan ng mga tungkulin at aktibidad ang mga guro.

Nakasaad sa Department of Education Order 003, s. 2024 ang patakarang ito. Babantayan ng ACT Philippines at mga panrehiyong balangay nito ang pagpapatupad sa naturang atas sa pagkalap ng mga ulat mula sa kanilang mga kasapi at kapwa guro. Nais nilang tiyakin na kikilalanin ng DepEd

ang karapatan ng mga guro para sa sapat na pahinga, at iba pang mga karapatan.

“Malinaw sa [atas] na nakalaan ang Hunyo para sa buong pahinga ng mga guro at dapat na walang anumang sapilitang pagpapatrabaho, pagpapapasok, o pagpapadalo sa anumang gawain o aktibidad sa paaralan sa panahong ito,” pahayag ni Vladimer Quetua, tagapangulo ng ACT.

Ayon naman kay Ruby Bernardo, pangulo ng ACT National Capital Region Union, mahalagang tiyakin na may 84 araw na Proportional Vacation Pay (PVP) ang mga guro sa bawat taon, at matumbasan nang karampatang overtime o overload pay at service credits ang bawat inaatang at tinatanggap na dagdag na trabaho sa mga guro.

“Kada taon napapansin natin na nababawasan ito at hindi naibibigay ang karampatang credits para sa mga kaguruan dahil sa limitadong service credits,” ayon pa kay Bernardo. Makakatulong umano ang itinayong hotline ng ACT Philippines para matiyak at mabantayan ito.

Pahabol ni Quetua, sa darating na Hulyo 1 hanggang Hulyo 28 ay dapat namang bantayan at matiyak ng mga guro na maibibigay sa kanila ang 1.25 na service credit kada araw.

**[English Translation]**

## Teachers’ organization set to monitor the sectoral rights during school break

June 7, 2024

The Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines launched on June 5 its ‘Bantay Benepisyo at Karapatan’ campaign to ensure that teachers’ rights are respected during their school break. The break will last from June 1 to June 30 during which teachers cannot be assigned duties and activities.

This policy was contained in Department of Education Order 003, s. 2024. ACT Philippines and its regional branches will monitor the implementation of the said order by gathering reports from their members and fellow teachers. They want to ensure that DepEd recognizes teachers’ right to adequate rest, among others.

“It is clear from the [mandate] that June is reserved for the teachers’ full break and they should not be required to do any forced labor, admission, or attendance at any work or school activity during this period,” Vladimer Quetua, ACT president, said.

Ruby Bernardo, president of the ACT National Capital Region Union, said that teachers should be assured of 84 days of Proportional Vacation Pay (PVP) every year, and that every additional work assigned to and accepted by a teacher should be appropriately compensated with overtime or overload pay and service credits.

“Every year we notice that this is reduced and the rightful credits are not given to teachers due to limited service credits,” said Bernardo. He said that the hotline set up by ACT Philippines will help to ensure and monitor this.

Quetua added, in the coming July 1 to July 28, teachers should be vigilant and ensure that they are given 1.25 service credits per day.

## Pagbisita ng ambassador ng Israel sa Negros, kinundena

Hunyo 7, 2024

Mahigpit na kinundena ng mga Negrense ang pagbisita ni Israeli Ambassador Ilan Fluss sa isla ng Negros noong Hunyo 3 nang makipagpulong kay Eugenio Lacson, gubernador ng Negros Occidental, sa Bacolod City. Nanawagan ang Negrenses for Palestine kay Lacson, at sa lahat ng mga lider ng gubyerno, na "isuspinde ang diplomatikong relasyon" sa Israel bilang pagpapakita ng pagkundena sa henosidyong inilulunsad nito sa mga Palestino.

Tinalakay ni Lacson at Fluss ang posibleng pagtutulungan para sa sustenableng agrikultura at teknolohiya sa pangangasiwa sa tubig. "[Pinag-usapan ito] habang ang gubyerno ng Israel ay nangwawasak sa lupang pang-agrikulura sa Palestine, nagpapataw ng embargo sa tubig sa mga Palestino sa Gaza, at pumapaslang sa libu-libong mga Palestino," pahayag ng Negrenses for Palestine.

Sa huling tala noong Hunyo 4, umabot na ng 36,550 ang napaslang, kabilang ang 15,000 bata, sa henosidyo ng Zionistang Israel. Naiulat rin ang 82,959 na nasugatan. Halos dalawang milyong Palestino na ang nataboy at napalayas sa kanilang mga tahanan at lupa.

Maging ang itinakda ng Israel na “ligtas na sona” ng Rafah, na nasa timog na bahagi ng Gaza, ay magkakasunod na binomba at inatake nito. Noong Mayo 26, hindi bababa sa 49 katao ang napaslang at 250 ang nasugatan sa airstrike ng Israel sa “tent camp” sa Al-Sultan sa Rafah. Dalawang araw pagkalipas, binomba naman ng mga pwersang Israeli ang tent camp sa Al-Masawi sa Rafah na pumatay sa 21 Palestino at nakasugat sa 64 katao.

Isinagawa ito ng Israel sa kabila ng desisyon ng International Court of Justice, pangunahing judicial organ ng United Nations, noong Mayo 24 na nag-aatas na “kaagad itigil ang opensibang militar, at kahit ano pang ibang aksyon sa Rafah.”

Anang Negrenses for Palestine, mahalagang putulin ang ugnayan sa Israel para hindi magamit at mahulog sa kanilang propaganda at pagtatakip sa mga krimen sa digma nito sa Gaza.

“Dapat tayong makiisa sa malawak na hanay ng internasyunal na komunidad sa pagpapanagot sa Israel para sa mga aksyon nito, maggiit ng kaagad na pagpapahinto sa mga opensibang militar at buo at ligtas na akses para sa makataong ayuda para sa mga Palestino,” ayon pa sa grupo.

**[English Translation]**

## Negrenses condemn Israeli ambassador’s visit to Negros

June 7, 2024

The people of Negros strongly condemned the visit of Israeli Ambassador Ilan Fluss to the island

on June 3 to meet with Negros Occidental governor Eugenio Lacson in Bacolod City. Negrenses for Palestine called on Lacson, and all government leaders, to suspend diplomatic relations with Israel in condemnation of the genocide it is waging against the Palestinians.

Lacson and Fluss discussed possible collaborations for sustainable agriculture and water management technology. “[This was discussed] while the Israeli government is destroying agricultural land in Palestine, imposing a water embargo on Palestinians in Gaza, and murdering thousands of Palestinians,” Negrenses for Palestine said.

The last count as of June 4, Zionist Israel’s genocide has killed 36,550, including 15,000 children, and 82,959 has been reportedly injured. Almost two million Palestinians have been driven from their homes and lands.

Even the Israeli-designated “safe zone” of Rafah in the southern part of Gaza has been repeatedly bombed and attacked. On May 26, an Israeli airstrike on the “tent camp” in Al-Sultan in Rafah killed at least 49 people and injured 250. Two days later, Israeli forces bombed the tent camp in Al-Masawi in Rafah killing 21 Palestinians and injuring 64 people.

Israel defied a ruling by the International Court of Justice, the main judicial organ of the United Nations, on May 24 that mandated an “immediate cessation of the military offensive, and any other action in Rafah.”

Negrenses for Palestine said it is important to cut ties with Israel to avoid being used, and fall for their propaganda and covering up over its war crimes in Gaza.

“We must join the broader international community in holding Israel accountable for its actions, in demanding an immediate halt to military offensives and full and safe access for humanitarian aid to the Palestinians,” he added.

## Programang parangal kay Bai Bibyaon, magiting na lider ng pambansang minorya, idinaos

Hunyo 7, 2024

Nagtipon ang iba’t ibang grupo ng katutubo at mga tagapagtaguyod ng karapatan ng minoryang mamamayan sa University of the Philippines (UP)-Diliman upang gunitain ang buhay at pamana ni Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay, magiting na lider ng Talaingod Manobo at pambansang minorya, noong Hunyo 5. Si Bai Bibyaon ay pumanaw noong Nobyembre 20, 2023 kapiling ang kanyang mga mahal sa buhay.

“Kung mawawala na ako, magiging maningning na gabay ako para sa inyong lahat. Huwag kayong sumuko, sa halip ay ipagpatuloy ang pakikibaka,” huling mga salitang binitiwan ni Bai Bibyaon bago pumanaw, ayon sa Sabokahan Unity of Lumad Women noong Disyembre 6, 2023 nang inanunsyo ang kanyang pagkamatay.

Si Bai Biyaon ay nagmula sa liblib na komunidad ng mga Lumad sa Pantaron Range sa Natulinan, Talaingod, Davao del Norte. Ipinanganak siya 90 taon na ang nakalilipas sa mga magulang na parehong Matigsalug-Manobo. Ang katawagang Bai ay isang pagkilala sa kanya at ang “Bibyaon” ay idinagdag nang siya ay naging lider ng kanyang tribu. Siya ang kauna-unahang babaeng lider na hinirang sa tribung Talaingod-Manobo.

Simula 1980 ay pinamunuan ni Bai Bibyaon ang pakikibaka ng mga Lumad para sa karapatan sa sariling-pagpapasya. Malaki ang kanyang ginampanang papel sa pagtataboy sa mapanirang pagtotroso ng kumpanyang Alcantara & Sons sa kabundukan ng Talaingod noong 1993. Susi ang kanyang naging tungkulin sa pagbubuklod sa mga Lumad para maglunsad ng “pangayaw,” isang tradisyunal na pakikidigma ng mga Lumad para sa pagtatanggol sa lupang ninuno at kabuhayan.

Naging katuwang ng mga komunidad si Bai Bibyaon sa pagtatatag ng konseho ng Salugpungan Ta Tanu Igkanugon noong 1986. Ang konsehong ito ang nanguna sa pagtatayo ng mga paaralang Lumad sa Mindanao na marahas na ipinasara sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Bahagi din si Bai Bibyaon ng asembleya ng Mindanao Peoples Federation (LMPF) noong 1986 na nagsama-sama bilang tugon sa banta ng etnosidyo, at nagkaisang gamitin ang terminong “Lumad” para bigyan ng pampulitikang kapangyarihan at nagbubuklod na pagkakakilanlan ng 18 tribung etnolinggwistiko sa Mindanao.

Siya rin ang tagapangulong tagapagtatag ng Sabokahan To Mo Lumad Kamalitanan o Sabokahan Unity of Lumad Women. Naging mahigpit na kaisa siya ng iba pang mga grupo ng pambansang minorya sa pagbubuo ng mga pambansang samahan at organisasyong magtatanggol sa lupang ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya. Nakatanggap din si Bai Bibyaon ng iba't ibang lokal at internasyunal na pagkilala sa kanyang pagtindig para sa pambansang minorya.

Sa programa ng parangal, tampok ang mga pangkulturang pagtatanghal mula sa iba't ibang grupo. Pinagtibay nila ang panata na ipagpatuloy ang mensahe at legasiyang iniwan ni Bai Bibyaon.

"Nawa'y ang kaniyang walang hanggang pamana ay magiging tanglaw sa mga Lumad at iba pang katutubo," ayon sa lider-Lumad na si Eufemia Cullamat, tagapagsalita ng Sandugo-Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self-Determination.

**[English Translation]**

## Indigenous people hold program honoring brave national minority leader Bai Bibyaon

June 7, 2024

Various indigenous groups and minority rights advocates gathered at the University of the Philippines (UP)-Diliman to commemorate the life and legacy of Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay, valiant leader of the Talaingod Manobo and

national minorities, on June 5. Bai Bibyaon passed away on November 20, 2023 with his loved ones by her side.

“If I am gone, I will be a shining guide for all of you. Don’t give up, instead continue the struggle,” these were Bai Bibyaon’s last words before passing away, according to the Sabokahan Unity of Lumad Women on December 6, 2023 when her death was announced.

Bai Bibyaon comes from a remote Lumad community in the Pantaron Range in Natulinan, Talaingod, Davao del Norte. She was born 90 years ago to parents who were both Matigsalug-Manobo. The surname Bai is a tribute to her and “Bibyaon” was added when she became the leader of her tribe. She was the first female leader appointed in the Talaingod-Manobo tribe.

Since 1980, Bai Bibyaon has led the Lumad’s struggle for the right to self-determination. She played a major role in driving away the Alcantara & Sons company’s destructive logging from the mountains of Talaingod in 1993. Her role was valuable in uniting the Lumads to launch a “pangayaw,” a traditional Lumad call to arms for the defense of ancestral land and livelihood.

Bai Bibyaon collaborated with communities in establishing the Salugpungan Ta Tanu Igkanugon council in 1986. This council spearheaded the establishment of Lumad schools in Mindanao that were violently closed under the US-Duterte regime.

Bai Bibyaon was also part of the assembly of the Lumad Mindanao Peoples Federation (LMPF) in 1986 that gathered in response to the threat of genocide, and united to use the term “Lumad” to give political power and binding identity to the 18 ethnolinguistic tribes in Mindanao.

She is also the founding chairman of Sabokahan To Mo Lumad Kamalitanan or Sabokahan Unity of Lumad Women. She was closely involved with other national minority groups in the formation of national associations and organizations in the defense of ancestral lands and the right to self-determination. Bai Bibyaon received various local and international recognition for her principled stand for national minorities.

The awards program featured cultural performances from various groups. They vowed to continue the message and legacy left by Bai Bibyaon.

“May her eternal legacy be a beacon to the Lumads and other indigenous peoples,” Lumad leader Eufemia Cullamat, spokesperson of the Sandugo-Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self-Determination said.

## Inarestong mga tagapagtanggol ng karapatan ng Lumad, muling iginiit na palayain

Hunyo 8, 2024

Nagpiket ang grupo ng mga pambansang minorya at tagapagtagtanggol ng karapatan ng mga

katutubo sa Quezon City Hall of Justice kahapon, Hunyo 7, para muling ipanawagan ang pagpapalaya kina Julieta Gomez and Niezel Velasco na inaresto noong Hulyo 2021. Kasabay ang protesta ng pagdinig sa mga kasong kriminal na isinampa sa dalawa.

Sina Gomez at Velasco ay inaresto ng mga pulis at elemento ng 4th ID noong Hulyo 16, 2021 sa Barangay Pansol, Quezon City. Ang dalawa ay sinampahan ng mga kasong pagpaslang, maramihang tangkang pagpaslang at maramihang tangkang homicide. Sinampahan din sila ng mga kasong illegal possession of firearms and explosives na pinalabas na nakumpiska nang arestuhin sila.

Si Gomez ay isang Manobo mula sa San Luis, Agusan del Sur na kagawad ng konseho ng Kahugpungan sa mga Lumadnong Organisasyon sa Caraga. Si Velasco naman ay koordineytor ng Bread for Emergency and Development, isang institusyon na aktibo sa pagbibigay ng ayuda at tulong sa mga biktima ng sakuna sa Caraga.

Giit ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan ng Pilipinas, dapat agarang palayain ang dalawa at ibasura ang anila'y gawa-gawang mga kaso ng estado laban sa kanila. "Ang hindi makatarungang pagkukulong sa kanila sa loob ng tatlong taon ay matingkad na halimbawa ng sukdulang kayang gawin ng mga nagsampa ng kaso para lamang patigilin ang kanilang adbokasiya," pahayag ni Beverly Longid, pambansang tagapagtipon ng Katribu.

Naibasura na ang mga kasong homicide at pagpaslang laban kay Velasco ngunit panibagong mga kaso ang isinampa sa kanya sa pangalang Mary Jane Velasco. Walang-batayang iginigiit ng prosekyutor na si Mary Jane at Niezel ay iisa.

Giit ni Longid, ang kinahaharap na panggigipit at gawa-gawang mga kaso nina Gomez at Velasco ay bahagi ng mas malalaking isyung dinaranas ng pambansang minorya sa Pilipinas. "Kinahaharap nila ang pang-aagaw ng lupa, pagkasira ng kalikasan, at militarisasyon, na higit lalong nagpapatingkad sa kagyat na pangangailangan para sa tunay na pagkilala at pagrespeto sa kanilang mga karapatan," ayon kay Longid.

**[English Translation]**

## Group demands release of Lumad rights defenders

June 8, 2024

A group of national minorities and indigenous rights defenders picketed at the Quezon City Hall of Justice yesterday, June 7, to reiterate their call for the release of Julieta Gomez and Niezel Velasco who were arrested in July 2021. The protest was held alongside with the hearing of the criminal charges filed against the two.

Police and 4th ID elements arrested Gomez Velasco on July 16, 2021 in Barangay Pansol, Quezon City. The two were charged with murder, multiple attempted murder and multiple attempted homicide. They were also charged with illegal possession of firearms and explosives which

were supposedly confiscated when they were arrested.

Gomez is a Manobo from San Luis, Agusan del Sur who is a member of the Council of Indigenous People’s Organizations in Caraga. Velasco, on the other hand, is the coordinator of Bread for Emergency and Development, an institution that is active in providing aid and assistance to disaster victims in Caraga.

The Katribu Kalipunan ng Katubong Mamamayan ng Pilipinas demanded the immediate release of the two and the dismissal of the charges the state fabricated against them. “Their unjust imprisonment for nearly three years is a stark example of the lengths to which their persecutors will go to stifle their advocacy,” Beverly Longid, Katribu national convener said.

Homicide and murder charges against Velasco have been dismissed but new charges have been filed against her bearing the accused’s name Mary Jane Velasco. The prosecutor irrationally insists that Mary Jane and Niezel are one and the same.

Longid insisted, the harassment and trumped-up charges faced by Gomez and Velasco are part of the larger issues suffered by the national minority in the Philippines. “[They face] land grabbing, environmental degradation, and militarization, underscoring the urgent need for genuine recognition and respect for their rights,” Longid said.

## Lider-magsasaka sa Cagayan Valley, nakalaya na matapos ang higit 2 taon

Hunyo 8, 2024

Matapos ang higit dalawang taong pagkakapiit, nakalaya na ang lider-magsasaka sa Cagayan Valley na si Isabelo Adviento, mas kilala sa pangalang Manong Buting. Ikinulong siya sa mga kasong illegal possession of firearms and explosives na isinampa ng mga pulis. Sa anunsyo ng Karapatan-Cagayan Valley ngayong araw, Hunyo 8, si Adviento ay nakalaya noon pang Abril matapos ibasura ang mga kaso laban sa kanya.

Inaresto si Adviento, tagapangulo ng Danggayan dagiti Mannalon iti Cagayan Valley, panrehiyong balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, noong Abril 8, 2022 sa isang kainan sa Bayombong, Nueva Vizcaya. Sa panahong iyon, siya ay nagsisilbi rin bilang ika-4 na nominado ng Anakpawis Partylist na tumatakbo noon sa eleksyon.

“Matapos ang pinahahabang prosesong ligal, ibinasura ng korte ang gawa-gawang kasong illegal possesion of firearms and explosives na isinampa ng CIDG-PNP. Tuluyan nang nakalaya si Manong Buting,” ayon sa Karapatan-Cagayan Valley. Naging katuwang nila ang National Union of People’s Lawyers at SENTRA sa pag-aasikaso sa mga kaso ni Adviento.

Bago pa maaresto noong Abril 2022, tinangka na siyang damputin ng mga pulis noong Disyembre 2020 nang nireyd ng mga pulis at sundalo ang

kanyang bahay sa Barangay Carupian, Baggao, Cagayan. Pinalabas ng mga pwersa ng estado na nakakumpiska sila dito ng mga baril, bala at pampasabog. Walang-awat din ang Red-tagging sa kanya.

Kasunod ng paglaya ni Adviento, ipinanawagan ng Karapatan-Cagayan Valley ang pagbabasura sa anito'y gawa-gawang mga kaso laban sa may 23 pang bilanggong pulitikal sa rehiyon. "Hindi krimen ang aktibismo, at lalong hindi terorismo ang pagsuong sa lahat ng porma ng paglaban na naglalayon ng panlipunang paglaya at demokrasya," pagtatapos nito.

**[English Translation]**

## Cagayan Valley peasant leader walks free after more than 2 years

June 8, 2024

After more than two years, the peasant leader in Cagayan Valley, Isabelo Adviento, better known as Manong Buting, has been released from imprisonment. He was detained on charges of illegal possession of firearms and explosives filed by the police. In the Karapatan-Cagayan Valley announcement today, June 8, Adviento was released earlier in April after the charges against him were dismissed.

Adviento, chairman of Danggayan dagiti Mannalon iti Cagayan Valley, regional chapter of Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, was arrested on April 8, 2022 at a restaurant in Bayombong, Nueva Vizcaya. At that time, he was also serving as the

4th nominee of the Anakpawis Partylist that was running in the election.

“After the extended legal process, the court dismissed the fabricated case of illegal possession of firearms and explosives filed by the CIDG-PNP. Manong Buting was finally released,” Karapatan-Cagayan Valley said. The National Union of People’s Lawyers and SENTRA collaborated with them in handling Adviento’s cases.

Before being arrested in April 2022, the police tried to arrest him in December 2020 when police and soldiers raided his house in Barangay Carupian, Baggao, Cagayan. State forces falsely claimed having confiscated guns, ammunition and explosives during the raid. He was also relentlessly Red-tagged.

Following Adviento’s release, Karapatan-Cagayan Valley called for the dismissal of the trumped-up charges against 23 other political prisoners in the region. “Activism is not a crime, and it is certainly not terrorism to engage on all forms of resistance aimed at social liberation and democracy,” it concluded.

## Mga Pilipino, muling nagprotesta sa embahada ng Israel

Hunyo 8, 2024

Nagmartsa at nagprotesta ngayong araw, Hunyo 8, ang iba’t ibang mga grupo at sektor tungong embahada ng Israel sa Taguig City sa Metro Manila para batikusin ang Zionistang estado nito

sa nagpapatuloy na henosidyo sa mga Palestino. Ginunita nila ang ika-8 buwan, mula Oktubre 7, 2023, nang pinatindi ng Israel, sa suporta ng US, ang pag-atake at pambobomba nito sa Gaza Strip sa Palestine. Pinangunahan ang pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

Sa tala noong Hunyo 7, umabot na sa 36,731 katao ang pinaslang ng Israel. Kabilang sa mga napaslang ang higit 100 mamamahayag, karamihan mga Palestino. Hindi bababa sa 15,500 sa mga biktima ay mga bata.

Nasugatan naman sa mga pambobomba at pag-atake ng Israel ang higit 83,500 Palestino. Naitalang nawawala ang 10,000 katao hanggang sa kasalukuyan na posibleng nalibing sa mga gumuhong gusali.

Higit kalahati sa mga kabahayan sa Gaza ay nawasak o nasira sa mga pag-atake. Tinatayang 80% ng mga komersyal na pasilidad ay nawasak at 86% ng mga eskwelahan dito ang nasira. Sa 35 ospital, 14 na lamang ang bahagyang nagagamit pa para asikasuhin ang mga nasusugatan mula sa pag-atake ng Israel.

Kulang na kulang sa pagkain at tubig ng mga nasa Gaza. Umabot sa 83% ng mga balon ng tubig dito ay hindi na magamit. Pinipigilan ng Israel ang pagpasok ng makataong ayuda at suporta para sa mga biktima.

Ang aabot sa 1.5 milyong Palestino ng buong 2.3 milyong populasyon ng Gaza ay lumikas tungo sa Rafah, timog na bahagi ng Gaza na idineklara

mismo ng Israel bialng “ligtas na mga sona.” Sa kabila nito, sunud-sunod na pag-atake at pambobomba, na sumira at sumunog sa mga tent camp, ang inilunsad ng Israel sa Rafah noong huling linggo ng Mayo. Sa kasalukuyan, wala nang ligtas na lugar sa Gaza Strip.

Kabi-kabila na ang panawgan sa buong mundo para itigil ng Israel ang pag-atake sa mga Palestino. “Sa kabila nito, nagpapatuloy ang Israel sa pagmasaker, at patuloy naman ang pagpopondo ng US sa henosidyo. May pananagutan sila sa isa sa pinakamatitinding mga sakuna sa siglong ito,” pahayag ng Bayan. Giit pa nila, “tama na, sobra na!”

**[English Translation]**

## Filipinos protest again at the Israeli embassy

June 8, 2024

Today, June 8, various groups and sectors marched and protested to the Israeli embassy in Taguig City in Metro Manila to condemn the Zionist state for its ongoing genocide against Palestinians. They commemorated the 8th month, from October 7, 2023, when Israel, supported by the US, intensified its attacks and bombing of the Gaza Strip in Palestine. Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) led the action.

As of June 7, Israel has killed 36,731 people. Among those killed were more than 100 journalists, mostly Palestinians. At least 15,500 of the victims were children.

More than 83,500 Palestinians were injured in Israeli bombings and attacks. A total of 10,000 people have been recorded as missing to date who may have been buried in the collapsed buildings.

More than half of the homes in Gaza were destroyed or damaged in the attacks. An estimated 80% of commercial facilities were destroyed and 86% of schools here were damaged. Of the 35 hospitals, only 14 are still partially functional to treat the wounded from the Israeli attack.

Those in Gaza suffer severe shortage of food and water. Up to 83% of the water wells are unusable. Israel is blocking the entry of humanitarian aid and support for victims.

As many as 1.5 million Palestinians out of Gaza’s entire 2.3 million population have fled to Rafah, the southern part of Gaza that Israel itself has declared as a “safe zone.” Despite this, Israel launched a series of attacks and bombings, destroying and burning tent camps in Rafah in the last week of May. Currently, there is no safe place in Gaza Strip.

There have been calls from all over the world for Israel to stop attacking the Palestinians. “Despite this, Israel continues its massacres, and the US continues to fund genocide. They are responsible for one of the worst disasters of this century,” Bayan said. They insisted, “enough is enough!”

## Piston, ipinagdiwang ang ika-43 anibersaryo sa pamamagitan ng protesta

Hunyo 8, 2024

Nagmartsa sa Recto Avenue patungong Malacañang noong Hunyo 7 ang mga myembro ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) bilang pagdiriwang sa ika-43 anibersaryo ng pederasyon. Iginiit nila sa rehimeng Marcos na ibasura ang PUV Modernization Program (PUVMP) na pumapatay sa kanilang kabuhayan.

"Ang tanging ikinabubuhay natin sa kasalukuyan ay ang serbisyong ating ginagampanan upang tugunan ang malaking kakulangan ng gubyernong ito sa public service," pahayag ni Ruben Baylon, pangkalahatang kalihim ng Piston. "Subalit ang publikong serbisyo (na ito) ay napipintong ibenta o ibigay sa mga dayuhan ng gubyernong ito." Tinutukoy niya ang pag-phase-out sa mga tradisyunal na dyip para palitan ng mga minibus na aangkatin mula sa Japan, South Korea at maging sa China.

Itinatag ng Kilusang Mayo Uno (KMU) noong 1981 ang Piston bunsod ng mga pagsisikap ng mga drayber at opereytor ng dyip sa Cubao matapos ang matagumpay welga laban sa hindi makatarungang re-routing at labis na pangungumpiska ng mga lisensya sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr. Sa sumunod na mga taon, naging pambansang pederasyon ang Piston at

malakas na pwersa sa kilusan ng mga manggagawa sa transportasyon sa Pilipinas.

“Ngunit hindi pa tapos ang ating laban,” ayon sa pahayag sa anibersaryo nito. “Patuloy na nagpapakawala ng panunupil ang rehimeng Marcos Jr at mga kasabwat nito sa pulitika at negosyo para supilin ang lumalakas na pagkakaisa ng sambayanan para sa progresibo, makabayan, at makamasang pampublikong transportasyon.”

Itinuturing ng Piston na labag sa karapatan ng mga drayber at opereytor sa malayang asosasyon sa PUVMP, na ngayon ay kilala na bilang Public Transport Modernization Porgram (PTMP). Ito ay dahil ipinagkakait sa kanila ang kanilang kabuhayan sa dahilang tutol sila sa sapilitang konsolidasyon ng mga prangkisa. Batid nilang paraan lamang ang konsolidasyon para maagaw ng malalaking kumpanya ang kanilang kabuhayan.

**[English Translation]**

## Piston celebrates 43rd anniversary with protest

June 8, 2024

Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) members marched down Recto Avenue to Malacañang on June 7 to celebrate the federation’s 43rd anniversary. They demanded that the Marcos regime to scrap the PUV Modernization Program (PUVMP) which is killing their livelihood.

“The only thing we survive on at the moment is the service we perform to address this government’s gross insufficiency of public service,” said Ruben Baylosis, Piston general secretary. “However this government is about to sell or offer to foreigners (this) public service.” This was in reference to the phasing out of traditional jeepneys to be replaced by minibuses that will be imported from Japan, South Korea and even China.

The Kilusang Mayo Uno (KMU) founded Piston in 1981 as a result of the efforts of drivers and jeepney operators in Cubao after their successful strike against the unjust re-routing and mass confiscation of licenses under the Marcos Sr. dictatorship. In the following years, Piston became a national federation and a powerful force in the transport workers’ movement in the Philippines.

“But our fight is not over,” its anniversary statement said. “The Marcos Jr. regime and its political and business accomplices continue to unleash repression to suppress the growing unity of the people for progressive, patriotic, and mass-oriented public transportation.”

Piston considers the PUVMP, now known as the Public Transport Modernization Program (PTMP), as a violation of their right to free association. They are being deprived of their livelihood because they are against the forced consolidation of franchises. They know that consolidation is just a step for big companies to divest them of their livelihood.

## “Clearing operations” ng US Army sa Basco Port sa Batanes, para sa pang-uupat ng gera kontra China

Hunyo 9, 2024

Inianunsyo ng lokal na gubyerno ng Batanes noong Hunyo 7 ang upisyal na pagtatapos ng “clearing operations” na isinagawa ng US Army sa Basco Port sa Barangay Chanarian, Basco. Pinalalabas ng US Army at ng lokal na gubyerno na para ito sa ikabubuti ng mga dadaong na mga barko at bangka ng mga mangingisda sa pyer. Ang totoo, inilatag ito ng US sa Batanes para palakasin ang presensya nito sa prubinsyang pinakamalapit sa Taiwan. Nakabalangkas ito sa pang-uupat ng US ng gera kontra sa karibal na China.

Ang Basco Port ay ang tanging pyer papunta sa mga isla sa hilagang bahagi ng Batanes, kabilang ang Mavulis Island. Ang islang ito ay may layo na lamang na 128 kilometro sa Cape Eluanbi, ang pinakatimog na parte ng isla ng Taiwan. Mas malapit na ito sa Taiwan kaysa Luzon. Ito na ang pinakadulong bahagi ng Pilipinas na maaaring tayuan ng US ng mga pasilidad militar, daungan at lagakan ng gamit-militar para maging lunsaran sa itinutulak nitong digma sa China.

Sinimulan ng mga tropa ng 130th Engineer Brigade ng US Army at ng mga tauhan nito sa 525th Combat Engineer Battalion ng Philippine Army ang pagtatanggal ng mga bato at iba pang harang sa Basco Port noong Abril 6 bilang bahagi ng Salaknib at Balikatan 2024 war games. Gumamit sila ng mga pampasabog, makinaryang

pambutas at jackhammer para dito na gumambala sa ekosistema ng karagatan.

Todo ang pagpapakatuta ni Batanes Governor Marilou Cayco sa pagpapasalamat sa imperyalistang US sa “kawanggawa” ng pagtugon sa “matagal nang isyu ng mga may-ari ng bangka at barko na matutulis na bato sa Basco Port.”

Sa tabing ng limitadong pondo ng lokal na gubyerno, si Governor Cayco mismo ang “humingi ng tulong” sa militar ng US na pamalagiang gumagambala sa Batanes para sa Balikatan war games. Ito ay ipinagsumamo ni Cayco sa naging pulong niya kay Mary Kay Carlson, US Ambassador to the Philippines sa embahada ng US sa Maynila.

Nagsagawa pa ng programa ng pagpapasalamat ang gubernadora sa US Army at Armed Forces of the Philippines para sa proyekto. Ipinagdiinan niya dito na ang pagtutulungan ng US at AFP ay patunay ng patakarang “kaibigan ang Batanes ng lahat,” kahit pa isinasapanganib ng presensyang militar ng US ang Batanes sa harap ng umiinit na tensyon sa pagitan nito at ng karibal na China.

Ang presensyang militar ng US sa Batanes hanggang sa kasalukuyan ay patunay na pamalagiang mayroong presensyang dayuhan sa bansa. Sa kabila ito ng natapos nang Balikatan war games noong Mayo 9. Samantala, isasagawa ng mga pwersa ng Philippine Air Force (PAF) at US Air Force sa darating na Hunyo 17-28 ang walang katuturang Cope Thunder war games sa bansa.

**[English Translation]**

# US Army “clearing operations” in Basco Port in Batanes part of preparation for war against China

June 9, 2024

The Batanes local government announced on June 7 the official end of the US Army “clearing operations” at the Basco Port in Barangay Chanarian, Basco. The US Army and the local government claim this is for the benefit of ships and fishing boats at the pier. In reality, the US cleared the port to strengthen its presence in the province closest to Taiwan, as part of the its war provocations against rival China.

Basco Port is the islands’ only pier in the northern part of Batanes, including Mavulis Island. This island is only 128 kilometers away from Cape Eluanbi, the southernmost part of the island of Taiwan. It is closer to Taiwan than Luzon. This is the farthest part of the Philippines where the US can build military facilities, ports and military supplies to serve as a launching pad for the war it provokes against China.

The US Army’s 130th Engineer Brigade troopers and its minions from the Philippine Army’s 525th Combat Engineer Battalion began removing rocks and other obstacles in Basco Port on April 6 as part of the Salaknib and Balikatan 2024 war games. They used explosives, drilling machines and jackhammers which disrupted the ocean ecosystem.

Batanes Governor Marilou Cayco showed full servility in expressing gratitude to the US imperialist for the "charitable work" of addressing boat and ship owners' longstanding issue with sharp stones in Basco Port."

Amid the local government's alleged limited funds, Governor Cayco herself "asked for help" from the US military that has been constantly disrupting Batanes for the Balikatan war games. Cayco pleaded with Mary Kay Carlson, US Ambassador to the Philippines during a meeting at the US embassy in Manila.

The governor even held a program to express her gratitude to the US Army and the Armed Forces of the Philippines for the project. She stressed that the cooperation between the US and the AFP is proof of the policy that "everyone is Batanes' friend," despite US military presence threatening Batanes in the face of rising tensions with the US' rival China.

The US military presence in Batanes to date is proof that foreign presence in the country is constant. This is despite the fact that the Balikatan war games ended on May 9. Meanwhile, the forces of the Philippine Air Force (PAF) and the US Air Force will conduct the Cope Thunder war games in the country this coming June 17-28.

## Kalahok sa protesta kontra henosidyo ng Israel, inaresto ng mga pulis sa Taguig City

Hunyo 9, 2024

Sinuntok, pinagmumura at arbitraryong inaresto ng mga pulis ng Taguig City si Edison Yu sa embahada ng Israel sa Bonifacio Global City, ilang oras bago mag-umpisa ang rali noong Hunyo 8. Kumukuha siya ng litrato ng mga pulis na nanghaharang at nagbabantay sa mga daanan nang atakehin siya ng mga ito.

Kinundena ng mga grupo ng kabataang sumusuporta sa Palestine ang insidente. Ayon sa Youth for Palestine-Makati, paglabag ito sa kalayaan sa pagpapahayag ni Yu.

"Ang brutalidad na ito ng pulis ng BGC-Taguig City ay nagpapakita ng kanilang pagiging ignorante sa mga trahedyang nangyayari sa Gaza, gayundin ng kanilang pakikipagsabwatan sa pananakop at henosidyo ng US-Israel sa lupain ng mga Palestino," ayon pa sa grupo.

Anila, sa buong mundo, tinatarget ng mga gubyerno at armadong pwersa nito ang pag-aaklas at protesta ng mga mamamayan laban sa pang-aatake ng Zionistang Israel sa mga Palestino. "Sinasalamin nito ang katangian ng pananakop ng Israel; walang paggalang sa mga ligalidad at karapatang-tao sa harap ng kanilang henosidyo," dagdag nila.

Sa tala noong Hunyo 7, umabot na sa 36,731 katao ang pinaslang ng Israel. Kabilang dito ang higit 100 mamamamahayag, karamihan mga Palestino. Hindi bababa sa 15,500 sa mga biktima ay mga bata. Nasugatan naman sa mga pambobomba at pag-atake ng Israel ang higit 83,500 Palestino. Naitalang nawawala ang 10,000

katao hanggang sa kasalukuyan na posibleng nalibing sa mga gumuhong gusali.

Iginiit ng grupo sa lokal na gubyerno ng Taguig City na kaagad tugunan ang pagpapalaya kay Yu. Dapat din umanong papanagutin ang mga pulis na sangkot sa pambubugbog at iligal na pag-aresto. Nagtungo ang mga grupo ng kabataan ngayong araw, Hunyo 9, sa Taguig City hall para magprotesta pero hinarang sila ng mga pulis.

**[English Translation]**

## Taguig police arrests participant in protest against Israeli genocide

June 9, 2024

Taguig City police physically and verbally abused and arbitrarily arrested Edison Yu at the Israeli embassy in Bonifacio Global City, hours before the rally started on June 8. He was taking pictures of the police blocking and guarding the roads when they assaulted him.

Youth groups supporting Palestine condemned the incident. Youth for Palestine-Makati said this is a violation of Yu’s freedom of expression.

“This act of brutality by the BGC-Taguig City Police shows not just their ignorance to the tragedies in Gaza, but also their complicity to US-Israel’s occupation and genocide in Palestine,” the group added.

They said the governments and armed forces have consistently targetted the citizens’ strike and protest against Zionist Israel’s attack on

Palestinians. “This terrifyingly mirrors the attitude of the Israeli occupation; having no respect to legalities and human rights amidst their genocide,” they added.

As of June 7, Israel has killed 36,731 individuals. This includes more than 100 journalists, mostly Palestinians. At least 15,500 of the victims are children. More than 83,500 Palestinians have been injured in Israeli bombings and attacks. Around 10,000 people have been recorded as missing as they may have been buried in collapsed buildings.

The group demanded the Taguig City local government to immediately address Yu’s release. It also demanded holding the police involved in physical abuse and illegal arrests accountable. Youth groups went to the Taguig City hall to protest today, June 9, but were stopped by the police.

## Kasong “terrorism financing” laban sa 2 aktibista sa Quezon, ibinasura

Hunyo 9, 2024

Sa kawalan ng ebidensya, ibinasura ng isang korte sa Batangas City ang kasong “terrorism financing” laban sa mga kabataang organisador ng Quezon na sina Fritz Labiano at Paul Tagle. Ang desisyon ng korte na may petsang Hunyo 5 ay isinapubliko noong Hunyo 7. Ang kasong paglabag sa Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 ay isinampa noong Abril.

Ang isinampang kaso laban kay Tagle, tagapagsalita ng Tanggol Quezon, at Labiano, koordineytor ng Kabataan Partylist-Quezon, ay pumapatungkol sa kanilang pagtulong sa mga bilanggong pulitikal na sina Rowena Dasig at Miguela Piniero noong Hulyo 2023. Inakusahan sila ng 85th IB ng “terrorism financing” matapos sinabing nagbigay ng ₱500 at pagkain sa mga bilanggong pulitikal.

Sina Dasig at Piniero ay inaresto ng 85th IB noong Hulyo 12, 2023 sa Purok Banaba, Barangay Caridad Ibaba, Atimonan, Quezon. Lumutang lamang ang mandamyento de aresto laban sa kanila, at anim na iba pa, noong Hulyo 18, 2023 sa kasong paglabag sa Anti-Terrorism Act.

Nagsasagawa sila noon ng pagsisiyasat sa epekto ng planong itayo na cycle gas turbine power project at liquefied natural gas terminal plant sa naturang lugar. Ang proyekto na itatayo ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E), subsidyaryo ng Meralco PowerGen Corp, ay magdudulot ng matinding pinsala sa mga magkokopra at mangingisda sa bayan ng Atimonan.

“Malinaw sa inilabas na desisyon ng korte ang gawa-gawang kasong isinampa laban sa dalawa. Patunay ito sa sumisidhing desperasyon ng estado na yurakan ang dignidad ng mga human rights defender upang pagtakpan ang kanilang mga paglabag sa karapatang pantao,” pahayag ng Defend Quezon.

Ayon kay Labiano, itinuturing nilang paunang tagumpay ang pagbabasura sa kaso para sa lahat

ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at mamamayan ng Quezon na tinatarget ng estado dahil sa kanilang patuloy na paninindigan at paglaban.

**[English Translation]**

## Batangas court dismisses “terrorism financing” case against 2 Quezon activists

June 9, 2024

Devoid of evidence, a court in Batangas City dismissed the case of “terrorism financing” against Fritz Labiano and Paul Tagle, both youth organizers from Quezon. The court’s decision dated June 5 was made public on June 7. The case of violation of the Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 was filed against the two in April.

The case filed against Tagle, Tanggol Quezon spokesperson, and Labiano, Kabataan Partylist-Quezon coordinator, pertains to their assistance to political prisoners Rowena Dasig and Miguela Piniero in July 2023. The 85th IB accused them of “terrorism financing” after allegedly giving ₱500 and food to the political prisoners.

The 85th IB arrested Dasig and Piniero on July 12, 2023 in Purok Banaba, Barangay Caridad Ibaba, Atimonan, Quezon. An arrest warrant was issued against them, and six others, on July 18, 2023 for violating the Anti-Terrorism Act.

They were conducting an investigation on the impact of the planned cycle gas turbine power project and liquefied natural gas terminal plant in that area. The project that was to be built by Atimonan One Energy, Inc. (A1E), a subsidiary of Meralco PowerGen Corp, will cause severe damage to copra (dessicated coconut) producers and fishermen in Atimonan.

"The issued court decision exposed the fabricated nature of the case filed against the two. This is proof of the growing desperation of the state to trample on the human rights defenders' dignity in order to cover up their human rights violations," said Defend Quezon.

Labiano said they consider the dismissal of the case as an initial victory for all human rights defenders and people of Quezon who are targeted by the state because of their continued stance and opposition.

## Sapilitang pagpaparehistro ng SIM, muling napatunayang palpak laban sa mga scam at cybercrime

Hunyo 9, 2024

Halos dalawang taon matapos isabatas ang sapilitang pagpaparehistro ng mga SIM Card para sawatain diumano ang mga text scam at cybercrime ngunit lalo lamang dumami ang nabibiktima ng mga ito. Hindi ito maitatanggi kahit ng mga senador na bumoto para rito.

Sa isang press conference noong Hunyo 7, inamin ni Aquilino Pimentel III, isa sa mga bumoto para sa sapilitang SIM registration, na posibleng ang “bagong teknolohiya” na ginagamit para sa SIM registration ang siya ring ginagamit para sa pagpapalaganap ng mga text scam. Naging batas ang SIM Registration Act (Republic Act No. 11934) noong 2022.

“Sana hindi ito nangyayari, pero sabi niyo marami ang nabibiktima, so we have to review kung ano ba ang butas. Tingin ko technology na ang ginagamit eh, technology na ang ginagamit para ma circumvent po ang batas natin,” pahayag ni Pimentel III.

Nagtutulak siya ngayon ng pagdinig sa senado para “amyendahan” ang batas na dati nang tinututulan at ipinababasura ng mga grupong nagsusulong ng karapatan sa pribasiya at digital rights.

Gayunman, matagal nang iginigiit ng mga grupong tagapagtanggol ng karapatan sa pribasiya na dapat ibasura ng SIM registration. Noon pa man, sinabi na nila na walang epekto ang kahit gaano karaming pagdinig na isasagawa ng senado dahil napatunayan nang hindi epektibo ang sapilitang pagpaparehistro ng SIM laban sa mga cybercrime.

Noong nakaraang taon, imbes na ibasura, nilayon pa ng Senado na dagdagan ang datos na nililikom ng estado at ng mga pribadong kumpanya sa telekomunikasyon para maging “epektibo” ang batas. (Kabilang dito ang pagpapasumite ng litrato

ng SIM card user.) Kinontra ito noon ng Junk SIM Registration Network na nagsabing hindi katanggap-tanggap ang ganitong mga “pag-aayos” sa batas.

“Ang batas sa pagpaparehistro ng SIM ay hindi maaaring “ayusin” nang walang malubhang implikasyon sa ating karapatan sa pribasiya at komunikasyon,” pahayag ng grupo noong nakaraang taon. Tinawag nitong “mass surveillance” ang batas dulot ng napakaraming datos na sapilitan nitong nililikom mula sa mga SIM card user.

Papalaki ang bilang ng mga cybercrime mula nang isabatas ang sapilitang pagpaparehistro ng mga SIM. Ayon mismo sa Philippine National Police Anti-Cybercrime Group, tumaas ang bilang ng mga kaso ng cybercrime nang 21.84% sa unang kwarto ng 2024 kumpara sa huling kwarto ng 2023. Sa pagitan ng 2022 at 2023, tumaas naman ito nang 53%.

**[English Translation]**

## Scams and cybercrime again prove the utter failure of mandatory SIM registration

June 9, 2024

After almost two years of compulsory registration of SIM cards, the number of victims of text scams and cybercrime has only increased. Even senators who voted the bill into law could not deny it.

In a press conference last June 7, Aquilino Pimentel III, one of those who voted for mandatory SIM registration, admitted that the "new technology" used for SIM registration is possibly being used to spread text scams. The SIM Registration Act (Republic Act No. 11934) was enacted on 2022.

"I had hoped taht this would not happen, but there are many victims, so we have to review what the loophole is. I think the technology (for registering) is also the technology being used to circumvent the law," Pimentel said.

He is now pushing for a senate hearing to "amend" the law, which privacy and digital rights groups have previously opposed and called to be scrapped.

Privacy groups have long demanded the scrapping of SIM registration. Even then, they said that countless hearings conducted by the senate would be useless because compulsory SIM registration has already been proven ineffective against cybercrimes.

Last year, the Senate even moved to expand the data collected by the state and private telecommunications companies to make the law "effective" instead of repealing the law. (This included submitting a photograph of the SIM card user.) The Junk SIM Registration Network opposed this at the time saying such "fixes" were unacceptable.

“The SIM registration law cannot be ‘remedied’ without serious implications for our privacy and communication rights,” the group said last year. It called the law a tool for “mass surveillance” because of the vast amount of data it forcibly collects from SIM card users.

The number of cybercrimes have been increasing since the enactment of compulsory registration of SIMs. The Philippine National Police Anti-Cybercrime Group itself said the number of cybercrime cases increased by 21.84% in the first quarter of 2024 compared to the last quarter of 2023. Between 2022 and 2023, it increased by 53%.

## 7 bahay sa Himamaylan City, niransak ng 94th IB

Hunyo 10, 2024

Iligal na pinasok at hinalughog ng mga sundalo ng 94th IB at elemento ng Citizen Armed Geographical Unit (CAFGU) ang pitong bahay sa Sityo Cabagal, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong Hunyo 7, alas-2 ng madaling araw.

Labis ang takot ng mga residente nang biglang sumugod ang mga tropang militar sa kanilang kabahayan. Sariwa pa sa kanilang alaala ang pagmasaker ng 94th IB sa pamilyang Fausto noong Hunyo 14, 2023 sa kanilang barangay kung saan pinatay ng mga berdugo ang mag-asawang sina Emilda at Roly at kanilang dalawang menor-de-edad na anak.

Para pasukin ang pitong bahay, pinagsisipa ng mga sundalo ang mga pintuan nito. Kabilang sa mga pinasok ang bahay ng pamilya ni Leo de Baguio. Pinilit siyang pumunta sa detatsment ng militar sa kalapit na sityo. Tumanggi siya dahil sa takot para sa kanyang seguridad at buhay.

Mayroong dalawang detatsment militar malapit sa Sityo Cabagal. Nakatayo ito sa Sityo Hilamonan at Mahalang na pamalagiang kinakampuhan ng mga CAFGU at sundalo ng 94th IB. Ito ang nagiging sentro ng militarisayon at patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersang militar ng estado.

Ngayong taon, hindi bababa sa apat na mga magsasaka ang iligal na inaresto ng 94th IB sa Barangay Buenavista. Higit 20 naman ang biktima ng pambabanta, panggigipit at intimidasyon. Marami sa kanila ay mga kasapi ng Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAFA), organisasyong kinabilangan rin ng minasaker na pamilyang Fausto.

**[English Translation]**

## 94th IB ransacks 7 houses in Himamaylan City

June 10, 2024

The 94th IB soldiers and Citizen Armed Geographical Unit (CAFGU) elements illegally raided and ransacked seven houses in Sityo Cabagal, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental on June 7, at 2 am.

The residents were terrorized when military troopers suddenly stormed their homes. The 94th IB's massacre of the Fausto family on June 14, 2023 in their barangay where these butchers killed the couple Emilda and Roly and their two minor children is still fresh in their memories.

Soldiers kicked in doors in raiding the seven houses. Among the raided was the house of Leo de Baguio's family. Soldiers forced him to go to a detachment in a nearby town. He refused out of fear for his safety and life.

There are two military detachments near Sityo Cabagal. They are located in Sityo Hilamonan and Mahalang where the CAFGUs and 94th IB soldiers are camped. It becomes the center of militarization and heaping human rights violations by state military forces.

This year, the 94th IB illegally arrested at least four farmers in Barangay Buenavista. More than 20 are victims of threats, harassment and intimidation. Many of them are members of the Baklayan, Bito, Cabagal Farmers Association (BABICAFA), an organization where the massacred Fausto family belonged.

## BHB-Negros, tutugon sa mga nasalanta sa pagsabog ng Bulkang Kanlaon

Hunyo 10, 2024

Nanawagan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros Island (Apolinario Gatmaitan Command)

sa lahat ng mga yunit at kumand sa ilalim nito at lahat ng mga rebolusyonaryong pwersa na sama-samang kumilos para umagapay at tumulong sa masang Negrosanon na apektado ng pagputok ng Bulkang Kanlaon. Pumutok ang bulkan noong Hunyo 3 at nakaranas ng pagragasa ng lahar ang mga komunidad sa Central Negros noong Hunyo 6 bunga ng malakas na pagbuhos ng ulan.

"Inaatasan ang lahat ng mga larangang gerilya na pangunahan ang mga pagsisikap para kumalap ng suporta mula sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa, iba't ibang sektor at alyado para sa kagyat na ayuda," ayon kay Ka Maoche Legislador, tagapagsalita ng BHB sa isla.

Sa ulat ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong Hunyo 9, umabot na sa 8,478 pamilya (halos 30,000 katao) sa 24 na barangay ang apektado ng pagputok ng bulkan. Tinatayang aabot sa ₱10 milyon na ang pinsalang idinulot nito sa sektor ng agrikultura.

Ayon kay Ka Maoche, dobleng pasakit sa masang Negrosanon ang pagputok ng Bulkang Kanlaon dahil hindi pa sila nakababangon mula sa tagtuyot noong panahon ng El Niño. "Sa halip na kongkreto at lehitimong tulong, nagpapakitang-gilas lamang ang rehimeng Marcos Jr sa pagbibigay nito ng hindi sustenableng ayuda para sa pamumulitika nito at propagandang militar," dagdag ni Ka Maoche.

Noong nakaraang linggo lamang, nagdeklara ang 303rd IBde na hindi ito maglulubay sa paglulunsad ng operasyong kombat sa kanayunan

habang nagsasagawa ng “pagtugon sa kalamidad.” Sa ilang pagkakataon, ginamit ng militar ang “pagtulong at pamamahagi ng ayuda” para sa kampanyang kontra-insurhensya at sapilitang “pagpapasuko” sa mga sibilyan sa isla.

Kada pamumudmod nito ng ilang kilong bigas at delata, kinukunan ng litrato at sa ilang pagkakataon ay sinasabing mga “sumukong” Pulang mandirigma ng hukbong bayan. Nakabalangkas ang pagkubabaw na ito sa sibilyang mga aktibidad ng militar sa mandato ng kontra-mamamayang National Task Force-Elcac.

Sa harap nito, kinakailangang kolektibong igiit ng masang Negrosasnon ang makatarungang kompensasyon mula sa reaksyunaryong gubyerno para sa labis na pinsalang tinamo nila sa sunud-sunod na mga kalamidad noong panahon ng El Niño at pagputok ng Bulkang Kanlaon.

“Inilubog sa pamalagiang kahirapan at kagutuman ang masang Negrosanon at pinatindi ang kawalang lupa ng magkakasunod na mga kalamidad,” ayon kay Ka Maoche. Dagdag pa niya, dapat isulong ang agraryong rebolusyon, sangkap ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, para tugunan ang siglo-siglo nang pyudal at malapyudal na pang-aapi at pagsasamantala sa isla.

**[English Translation]**

## NPA-Negros calls on units to aid Kanlaon Volcano eruption victims

June 10, 2024

The New People's Army (NPA)-Negros Island (Apolinario Gatmaitan Command) called on its units and commands and all revolutionary forces to work together to support and help the Negrosanon masses affected by the Kanlaon volcanic eruption. The volcano erupted on June 3 and communities in Central Negros experienced lahar torrents on June 6 as a result of heavy rains.

"All guerrilla fronts are tasked to lead efforts in gathering support from revolutionary mass organizations, various sectors and allies for immediate aid," Ka Maoche Legislator, NPA spokesperson on the island, said.

In the report of the Department of Social Welfare and Development (DSWD) on June 9, 8,478 families (almost 30,000 people) in 24 barangays have been affected by the volcanic eruption. The damage it brought to the agricultural sector is estimated to reach ₱10 million.

Ka Maoche said the Kanlaon Volcano eruption doubled the suffering of the Negrosanon people as they have not yet recovered from the drought during El Niño. "Instead of concrete and legitimate assistance, the Marcos Jr regime has settled with mere performative acts of giving unsustainable aid for politicking and military propaganda," added Ka Maoche.

Just last week, the 303rd IBde declared that it would not relax its combat operations in the countryside while conducting "disaster response." On several occasions, the military used "assistance and aid distribution" for

counterinsurgency campaigns and forced the “surrender” of civilians on the island.

Every time it distributes several kilos of rice and cans, the military takes photographs and sometimes attaches captions claiming that Red fighters of the people’s army have “surrendered”. This military usurpation of civilian functions is implemented through the anti-civilian National Task Force-Elcac.

In the face of this, it is necessary for the Negrosanon masses to collectively demand fair compensation from the reactionary government for the excessive damage they suffered in the successive calamities during El Niño and the Kanlaon Volcano eruption.

“The succeeding calamities have exacerbated landlessness and buried the Negrosanon masses in perennial destitution and hunger,” Ka Maoche said. He added that agrarian revolution, a component of revolutionary armed struggle, must be pursued to solve centuries of feudal and semifeudal oppression and exploitation on the island.

## Bagong himno at panunumpa ni Marcos Jr, inihalintulad sa itinulak ng kanyang amang diktador

Hunyo 10, 2024

Mariing binatikos ng mga alagad ng sining, gayundin ng mga guro, ang kautusan ni Ferdinand Marcos Jr na nag-oobliga sa lahat ng mga

pambansang ahensya at eskwelahan na kantahin ang himno at sumpang “Bagong Pilipinas” tuwing seremonya ng pagtataas ng bandila. Ito ang laman ng inilabas ng Malacañang na Memorandum Circular No. 52 na isinapubliko kahapon, Hunyo 9, pero pinirmahan noong Hunyo 4.

Ayon sa grupo, ang pagtutulak para sa Bagong Pilipinas bilang ‘tatak ng pamamahala at pamumuno’ tulad ng nakikita sa himnong ito ay katulad lamang sa mga pagsisikap noon ni Ferdinand Marcos Sr na ipauso ang Bagong Lipunan para itago ang pandarambong ng kanyang pamilya sa gitna ng laganap na kahirapan. “Tulad ng kanyang ama, sinisikap ngayon ng anak na pagtakpan ang kawalan ng tunay na pagtataguyod ng interes ng mamamayang Pilipino gamit ang parehong mga pamamaraan,” ayon sa Concerned Artists of the Philippines.

Ayon sa grupo, ang mga liriko at himig ng himno ay “walang kabuluhan” at madaling kalimutan,” ang mga tinig ay “hindi maayos na pinaghalo.” Inalala ng mga alagad ng sining kung magkano ang pera ng mga nagbabayad ng buwis na ginastos sa kantang ito. Anila, ang pagpapataw ng kantang ito sa mga paaralan at mga tanggapan ng gubyerno sa buong bansa ay dagdag na insulto, na walang halaga o kahulugan sa umiiral na “Lupang Hinirang” at “Panatang Makabayan.” Isang malaking kalokohan (travesty) para pwersahin ang mamamayang Pilipino na pakinggan ito, at lalo ang kantahin ito kada linggo. Anito, ang

pagdaragdag dito sa mga flag ceremony ay pagsasayang ng oras at pera ng sambayanan.

“Ginagaya na naman ba ni Pres. Marcos Jr ang kanyang amang diktador at ibinabalik ba niya ang batas militar?” tanong naman ni Rep. France Castro ng ACT Teachers Partylist. Aniya, pinakamabuti para kay Marcos na bawiin ang kautusang nagtatangkang pabanguhin ang pangalan ng kanyang pamilya.

“Sa halip na ganitong mga gimik ang ginagawa, dapat sana ay mas inilalaan ng administrasyong Marcos ang oras nito para pag-isipan at aksyunan, paano solusyunan ang mga problema ng mamamayan gaya ng pagtaas ng sahod, pagpapababa ng presyo ng mga bilihin, pagtulong sa mga driver at operator na huwag mawalan ng hanapbuhay, at paglikha ng mga kalidad at regular na trabaho sa bansa,” aniya.

**[English Translation]**

## Marcos Jr’s new hymn and oath reminiscent of his dictator father’s scheme

June 10, 2024

Artists, as well as teachers, strongly denounced Ferdinand Marcos Jr’s decree that obliges all national agencies and schools to sing and recite the “Bagong Pilipinas” hymn and oath during flag raising ceremonies. This was the content of Malacañang’s Memorandum Circular No. 52 which was made public yesterday, June 9, but signed on June 4.

The push for a Bagong Pilipinas "brand of governance and leadership," as seen in this hymn is reminiscent of previous efforts of Ferdinand Marcos Sr. to popularize the Bagong Lipunan to whitewash his family's plunder amid widespread poverty. "Like his father, the son now seeks to cover up the lack of genuine promotion of the Filipino people's interests using the same methods," the Concerned Artists of the Philippines said.

The group said the lyrics and melody are trite and forgettable, the voices do not meld well. Artists are concerned over how much taxpayers' money was spent on the production. They said imposing this poorly conceived song on schools and government offices nationwide is adding insult to injury, without value or meaning to the existing "Lupang Hinirang" and "Panatang Makabayan." It would be a travesty to force Filipinos to listen to the hymn, let alone sing it every week. They said adding this to the flag ceremony is a waste of the people's time and money.

"Is Pres. Marcos Jr imitating his dictator father again and bringing back martial law?" asked Rep. France Castro of the ACT Teachers Partylist. She said it is best for Marcos to withdraw the order that attempts to deodorize his family's name.

"Instead of doing gimmicks like this, the Marcos administration should have allocated more time to think and act, how to solve the problems of the people such as raising wages, lowering the price of goods, helping the drivers and operators to

preserve their jobs, and creating quality and regular jobs in the country," she said.

## Maka-dayuhan at maka-kapitalistang kalihim ng DOLE, pinagbibitiw ng mga manggagawa

Hunyo 10, 2024

Nanawagan noong Hunyo 6 ang Kilusang Mayo Uno (KMU) para sa agarang pagbibitiw ni Bienvenido Laguesma bilang kalihim ng Department of Labor and Employment (DOLE). Tinawag ng grupo ni Laguesma bilang "tunay na alter-ego" ni Ferdinand Marcos Jr, na isang "tuta ng kapitalista, tuta ng dayuhan."

"Sa tuwing may inaabante ang ating mga panawagan para sa sahod, trabaho, at karapatan, laging itinataguyod ni Laguesma ang pusisyon ng mga malalaking kapitalistang lokal at dayuhan," ayon sa KMU.

Kabilang sa pagdadahilan ni Laguesma laban sa pagtaas ng sahod ang pananakot na lalo nitong pasisiritin ang presyo ng mga bilihin at singil sa serbisyo. Anang KMU, bukambibig ni Laguesma ang pangangailangang "balansehin" ang interes ng mga employer at manggagawa, pero ang totoo'y itinataguyod lamang niya ang pagtanggi ng mga kapitalista na magtaas ng sahod.

"Pinagbabangga pa niya ang mga manggagawa dahil magdudulot daw ito ng wage distortion, at malaking tanggalan," ayon pa sa grupo.

Pabor din si Laguesma sa trabahong walang katiyakan, hindi regular at hindi kalidad basta makatabo ng kita ang mga dayuhang kapitalista, ayon sa grupo. Kakoro siya ng mga upisyal ng ekonomya ng estado para palabasing “bumubuti” ang kalagayan ng paggawa sa bansa, sa kabila ng milyun-milyong Pilipinong wala at kulang ng trabaho.

“Kinakatawan ni Laguesma ang mismong polisiya ng rehimeng US-Marcos sa paggawa—isang polisiyang nagtutulak ng mababang sahod, iregular at hindi kalidad na trabaho, at pagtapak sa karapatan ng mga manggagawa alang-alang sa dambuhalang tubo,” ayon sa KMU.

**[English Translation]**

## Workers call for pro-foreign and pro-capitalist DOLE secretary to resign

June 10, 2024

The Kilusang Mayo Uno (KMU) called on June 6 for the immediate resignation of Bienvenido Laguesma as Department of Labor and Employment (DOLE) secretary. The group called Laguesma a “real alter-ego” of Ferdinand Marcos Jr, who is a “capitalist and a foreigner’s lapdog.”

“Whenever we advance our calls for wages, jobs, and rights, Laguesma always supports the position of big local and foreign capitalists,” KMU said.

Laguesma excuses his stance against wage increases by mouthing the threat that any increase will cause the rise in goods and services

prices. KMU said Laguesma talks about the need to “balance” the interests of employers and workers, but he is in fact only promoting the capitalists’ refusal to raise wages.

“He even attempts to pit workers against one another using the lie that it will cause wage distortion, and mass layoffs,” according to the group.

Laguesma also approves of precarious, irregular and substandard labor as long as foreign capitalists make a profit, the group said. He parrots state economic officials in claiming “improvements” in the country’s labor situation despite the millions of unemployed and underemployed Filipinos.

“Laguesma represents the US-Marcos regime’s very policy on labor—a policy that promotes low wages, irregular and substandard work, and violates workers’ rights in favor of huge profits,” according to KMU.

## Pagmamaliit ng DOLE sa pamamaslang sa mga manggagawa, binatikos

Hunyo 10, 2024

Binatikos ng Kilusang Mayo Uno ang ginawang pagmamaliit ng mga kinatawan ng Department of Labor ang Employment sa pamamaslang sa mga manggagawa sa Pilipinas sa ginaganap na International Labor Conference (ILC) sa Geneva, Switzerland.

Sa ulat ni Ernesto Bitonio Jr, undersecretary ng DOLE sa kumperensya noong Hunyo 7, isa sa tinalakay niyang kaso ang kaso ni Alex Dolorosa. Aniya, walang indikasyon na ang pagpaslang kay Dolorosa, noo'y myembro ng BPO Industry Employees Network (BIEN), ay may kinalaman sa kanyang pagiging unyonista. Kinwestyon pa niya ang pagiging unyonista ni Dolorosa, kahit paulit-ulit na ikinampanya ng BIEN ang paghahanap ng hustisya para sa kanya.

Sa aktwal, isa si Dolorosa sa mga nanguna sa pagtatagtag ng tsapter ng BIEN sa Bacolod City. Tinambangan siya noong Abril 23, 2023, habang pauwi, at pinagsasaksak ng 23 beses hanggang bawian ng buhay.

Ayon sa KMU, ang ganitong mga pahayag ng DOLE ay pagtatangka para lusutan ang mga pananagutan nito.

"Minamaliit ng delegasyon ng Pilipinas ang mga pamamaslang at iba pang pasistang atake sa pamamagitan ng pagsasabing walang kaugnayan ang mga ito sa paggawa," ayon kay Elmer Labog, pinuno ng KMU, at kalahok rin sa naturang kumperensya. Aniya, insulto ito sa mga pamilya at unyon ng mga biktima.

Nagsumite ang KMU, katuwang ang Workers Rights Watch Network at Center for Trade Union and Human Rights ng mga kaso ng malalalang paglabag sa karapatang-tao at manggagawa sa ILC.

Kabilang dito ang pagpaslang ng mga pulis kay Jude Fernandez, beteranong organisador ng KMU, noong Setyembre 29, 2023. Kabilang siya sa listahan ng 72 manggagawa na pinaslang ng mga ahente ng estado mula 2016 hanggang sa kasalukuyan.

Liban sa pamamaslang, naitala rin ng mga manggagawa ang anim na kaso ng sapilitang pagkawala na bumiktima sa 10 manggagawa at mga organisador ng paggawa. Sa kasalukuyan, 28 manggagawang nakakulong sa iba't ibang bahagi ng bansa. Dagdag dito, 53 ang sinampahan ng gawa-gawang kaso at 44 ang inaresto.

Isinumite rin ng KMU sa ILC ang ulat kaugnay sa 240 kaso ng pambabanta, harasment, intimidasyon, Red-tagging at sapilitang "pagpapasuko" sa mga manggagawa. Mayroon ding 115 kaso ng mga anti-unyon na mga aktibidad, pambubuwag ng unyon at pwersahang diskwalipikasyon. Liban dito, iniulat din ng mga manggagawa ang 117 kaso ng paglabag sa karapatan sa asembleya.

Ang ILC ay ang taunang pagpupulong ng International Labor Organization. Nagtitipun-tipon dito ang mga kawani ng gubyerno, mga employer, at manggagawa sa buong mundo para talakayin ang susing mga usapin sa paggawa at itakda ang mga international labor standards. Ito ang ikalawang ILC pagkatapos ng pagsisiyasat ng ILO High Level Tripartite Mission noong Enero 2023 ukol sa mga kaso ng mga paglabag sa Freedom of Association (FOA) sa mga manggagawa sa

Pilipinas. Nagsimula ang kumperensya noong Hunyo 3 at magtatapos sa Hunyo 14.

### [English Translation]

## KMU denounces DOLE for underplaying killing of workers

June 10, 2024

Kilusang Mayo Uno denounced the Department of Labor and Employment representatives for belittling the killing of workers in the Philippines at the International Labor Conference (ILC) being held in Geneva, Switzerland.

In the report of Ernesto Bitonio Jr, DOLE undersecretary at the conference on June 7, one of the cases he discussed was the case of Alex Dolorosa. He said, there is no indication that the killing of Dolorosa, then a member of the BPO Industry Employees Network (BIEN), had anything to do with his being a unionist. He even casted doubt on Dolorosa's union membership, even though BIEN repeatedly campaigned for justice in his behalf.

In fact, Dolorosa was one of the leaders in establishing the BIEN chapter in Bacolod City. He was ambushed on April 23, 2023, on his way home, and stabbed 23 times until he died.

KMU said such statements by DOLE are attempts to evade its accountabilities.

"The Philippine delegation belittled the killings and other fascist attacks by saying they are not labor-related," Elmer Labog, head of the KMU,

and also a participant in the conference, said. He said, this is an insult to the families and unions of the victims.

The KMU, in cooperation with the Workers Rights Watch Network and the Center for Trade Union and Human Rights submitted cases of serious violations of human and labor rights to the ILC.

This includes the police's killing of Jude Fernandez, veteran KMU organizer, on September 29, 2023. He is among the list of 72 workers killed by state agents from 2016 to the present.

In addition to the killings, workers also recorded six cases of enforced disappearance that victimized 10 workers and labor organizers. Currently, 28 workers are imprisoned in different parts of the country. Additionally, 53 were charged with fabricated cases and 44 were arrested.

KMU also submitted to the ILC the report related to 240 cases of threats, harassment, intimidation, Red-tagging and forced "surrender" of workers. There were also 115 cases of anti-union activities, union busting and forced disqualification. Apart from this, the workers also reported 117 cases of violation of the right to assembly.

The ILC is the annual meeting of the International Labor Organization. Government officials, employers, and workers around the world gather here to discuss key labor issues and set international labor standards. This is the second ILC after the investigation by the ILO High Level

Tripartite Mission in January 2023 regarding cases of violations of the Freedom of Association (FOA) among workers in the Philippines. The conference started on June 3 and will end on June 14.

## Panghuhuli ng LTFRB sa mga hindi nagkonsolidang dyip, muling binatikos

Hunyo 10, 2024

Muling nagprotesta ang mga drayber at opereytor ng dyip ngayong araw, Hunyo 10, kasabay ng pagbabanta ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) at Land Transportation Office (LTO) na paiigtingin nito ang panghuhuli sa bumibyaheng mga dyip na hindi pumaloob sa sapilitang konsolidasyon. Nagkaroon ng mga protesta sa Metro Manila at Iloilo City.

Nagmartsa tungong upisina ng LTFRB at LTO sa Quezon City ang daan-daang kasapi ng Manibela (Samahang Manibela Mananakay at Nagkaisang Terminal ng Transportasyon). Ngayong araw din ang pagsisimula ng kanilang 3-araw na tigil-pasada. Giit ng grupo, payagan silang makabyahe para sa kanilang kabuhayan.

Sa Pateros, tatlong asosasyon ng mga drayber at opereytor ng dyip ang nagsama-sama para sa kanilang lokal na kilos-protesta. Binatikos nila ang pag-aresto ng LTO sa isa nilang myembro noong nakaraang linggo. Lumabag umano siya sa batas dahil hindi rehistrado at hindi kasali sa

konsolidasyon ang kanyang dyip. Binaklas ang kanyang plaka at pinatubos ito sa LTO.

Nang tubusin ng opereytor, siningil siya ng ₱50,000 dahil hindi ito nagpakonsolida. Pero inalok siya ng upisina na gagawin itong ₱10,000 lamang kung papaloob sa konsolidasyon. Anang mga drayber at opereytor, pamemera lamang ito at panggigipit sa mga ayaw magpakonsolida.

Ang patakaran ng sapilitang konsolidasyong ng prangkisa ay bahagi ng buong Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), tinatawag na ngayong Public Transport Modernization Porgram (PTMP) ng rehimen. Kadugtong din ito ng pagpapatupad sa bagong mga ruta ng pagbyahe ng mga dyip o Local Public Transport Route Plan (LPTRP) sa mga prubinsya.

"Lantarang pinamumukha sa atin ng gubyerno ni Marcos Jr na wala silang pakialam sa mga hinaing ng taumbayan at gagawin nila ang anumang pamamaraang gusto nila mapasakamay lang ng mga kasosyo nilang malalaking korporasyon ang mga ruta ng PUV na matagal nang itinaguyod ng mga tsuper at maliliit na opereytor," pahayag ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston).

Binatikos din ng grupo ang pahayag ni LTFRB chairperson Teofilo Guadiz na partikular nilang tatargetin ang mga ruta kung saan pumapasada ang mga kasapi ng Piston. "Tahasang atake sa organisadong pagkilos at karapatan sa pag-oorganisa ng mga manggagawa sa pampublikong

transportasyon [ang pahayag na ito ni Guadiz]", ayon pa sa grupo.

Giit ng grupo, "mas napapanahon ang tuloy-tuloy na pagkilos para magkaisang labanan ang mga tahasang pumapatay sa ating pampublikong transportasyon." Ipinaglalaban ng grupo ang pagbabalik sa 5-taong indibidwal na prangkisa, pagpapatigil sa panghuhuli at buung-buong pagbabasura sa palpak, pahirap, korap, at makadayuhang PUVMP.

Samantala, nagrali rin ang mga kasapi ng Manibela sa Negros at Panay sa upisina ng LTFRB Region 6 sa Iloilo City. Ipinanawagan nila ang pagbaba sa pwesto ni LTFRB Region 6 Regional Director Atty. Salvador Altura Jr.

**[English Translation]**

## Drivers and operators condemn LTFRB again for apprehending unconsolidated jeepneys

June 10, 2024

Jeep drivers and operators launched another protest today, June 10, to counter the Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) and Land Transportation Office (LTO) threat to intensify the apprehension of jeepneys that refused to be forced into consolidation. The protests were held in Metro Manila and Iloilo City.

Hundreds of Manibela (Samahang Manibela Mananakay and Nagkaisang Terminal ng Transportasyon) members marched to the LTFRB

and LTO offices in Quezon City, setting off their 3-day transport strike. The group demanded that they be allowed to ply their routes for their livelihood.

In Pateros, three associations of jeepney drivers and operators united to locally hold a protest. They condemned the LTO's apprehension of one of their members last week. He allegedly violated the law because his jeep was not registered nor consolidated. Police confiscated his license plate and ordered him to redeem it at the LTO.

When the operator redeemed [the plate number], he was charged ₱50,000 because he was not a memeber of a consolidated franchise. The agency offered to reduce his fie to only ₱10,000 if he agrees to the forced consolidation. Drivers and operators said this is brazen extortion and harassment on those who refuse to consolidate.

The policy of forced franchise consolidation is part of the Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), now called Public Transport Modernization Program (PTMP) by the regime. This also governs the implementation of new jeep travel routes or Local Public Transport Route Plan (LPTRP) in the provinces.

"The Marcos Jr government blatantly shows us its utter lack of concern for the people's grievances and it will do everything so that its accomplice big corporations can divest the PUV routes that the drivers and small operators have long been serving," the Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) stated.

The group also denounced LTFRB chairperson Teofilo Guadiz's statement that his agency will specifically target Piston members' routes. "This statement by Guadiz is an outright attack on organized action and the right to organize public transportation workers", the group said.

The group asserts, "it is now more relevant to launch continuous actions for a united opposition against those who blatantly kill our public transportation." The group is fighting for the return of their 5-year individual franchises, an end to arrests and the complete scrapping of the useless, oppressive, corrupt, and pro-foreign PUVMP.

Meanwhile, members of Manibela in Negros and Panay also rallied at the LTFRB Region 6 office in Iloilo City. They called for the resignation of LTFRB Region 6 Regional Director Atty. Salvador Altura Jr.

## Dating pangkalahatang kalihim ng Pamalakaya, paulit-ulit na ginigipit

Hunyo 11, 2024

Kinundena ngayong araw, Hunyo 11, ng grupong Pamalakaya ang panggigipit ng mga ahente ng estado kay Ka Romy Antazo, retiradong mangingisda at dating pangkalahatang kalihim ng grupo. Si Antazo, 80 taong gulang, ang nanguna noon sa kampanya ng mamamalakaya para sa konserbasyon ng Laguna de Bay laban sa mga mapaminsalang mga proyekto ng estado.

“Paulit-ulit na ‘nilalapitan’ ng mga ahente…at inaalok ng kabuhayan…kapalit ng kanyang ‘kooperasyon,’ salaysay ng grupo. Ipinagpalagay nito na ang ‘kooperasyon’ na hinahanap ng estado ay ang “pagsurender” ni Antazo at pagpresenta sa kanya bilang “rebel returnee” kahit isa siyang sibilyan, at wala siyang kinalaman sa armadong kilusan. Oras na pumayag siya sa pakana, gagamitin siya ng estado para i-Red-tag ang mga progresibong mga organisasyon. Dahil dito, paulit-ulit na tinatanggihan ni Ka Romy ang mga alok na ito.

Kabilang sa naisadokumento ng Pamalakaya na insidente ng panggigipit ang naganap na paglapit ng isang “Dexter” na kunwa’y dating “rebelde” noong 2022 at sunud-sunod na mga tawag sa telepono noong 2023. Sa mga ito, paulit-ulit ding tinanggihan ni Ka Romy ang mga alok sa kanya na kabuhayan at iginiit na hindi siya “susuko” dahil lehitimo ang kanyang ipinaglalabang kagalingan at mga karapatan ng mga maliliit na mamamalakaya. Hindi siya tinigilan ng mga ahente ng estado at noong Abril, muli siyang “binisita” sa kanilang tinitirhan sa Brgy. Ticulio, Cardona, Rizal.

Noong Mayo, kinuha siya ng apat na lalaking nagpakilalang pulis sa kanyang bahay at dinala sa munisipyo para muling “alukin” ng kabuhayan. Sa pang-apat na pagkakataon, tinanggihan ito ni Antazo. Pinakawalan rin siya pero matapos lamang kunan siya ng litrato kaharap ang isang mesa na may nakapatong na riple, kasama ang mga pulis. Pangamba ni Antazo na gagamitin ang

mga litratong ito para sa palabasin siyang isang "rebel returnee" dahila katulad na katulad ang eksena sa maraming kaso ng pwersahang pagkakasuko sa mga sibilyan.

"Lubos kaming nababahala sa mga insidenteng ito, dahil maaari pang tumindi…ang mga atake kay Antazo dahil sa matatag niyang tindig laban sa pamimilit ng mga awtoridad," ayon sa Pamalakaya. Batid ng grupo na bahagi ito ng kontra-insurhensyang kampanya ng rehimeng Marcos, na lantarang paglabag sa mga karapatan sa malayang pagpapahayag at asosasyon.

**[English Translation]**

## State agents repeatedly harass former Pamalakaya general secretary

June 11, 2024

Pamalakaya condemned state agents today, June 11, for harassing Ka Romy Antazo, retired fisherfolk and the group's former secretary general. Antazo, 80 years old, was at the forefront of the fisherfolk's campaign for the conservation of Laguna de Bay against destructive state projects.

"[He] has been repeatedly approached by state agents and offered…livelihood…in exchange for his "cooperation," the group said. By 'cooperation', the group assumes that the state is seeking Antazo's "surrender" to present him as a "rebel returnee" despite being a civilian, and thus, has nothing to do with the armed movement. Once he agrees to the plot, the state would use him to

red-tag progressive organizations. Ka Romy repeatedly rejected these offers.

Incidents of harassment documented by Pamalakaya include being approached by a certain “Dexter” pretending to be a former “rebel” in 2022 and a series of phone calls in 2023. Ka Romy repeatedly refused the livelihood offers and insisted that he will not “surrender” because his fight for the welfare and rights of small fishers is legitimate. The state agents kept harassing him and in April, they “visited” him again at his residence in Brgy. Ticulio, Cardona, Rizal.

In May, four men who identified themselves as police took him from his house and brought him to the municipal hall to again “offer” him a living. For the fourth time, Antazo rejected the offer. He was later released but only after he was photographed in front of a table with a rifle on top, together with some police personnel. Antazo feared that these photos will be used to present him as a “rebel returnee” similar to many cases of forced surrender of civilians.

“We are extremely alarmed over these incidents, as these could subject Antazo to further and worse kinds of attacks because of his firm stand against the authorities’ demands,” Pamalakaya said. The group is aware that this is part of the Marcos regime’s counter-insurgency campaign, which flagrantly violates the rights to free expression and association.

## Kaso ng sapilitang pagkawala ng organisador ng manggagawa sa Davao, dinala sa ILC

Hunyo 11, 2024

Dinala ng mga organisasyon ng paggawa sa Pilipinas ang kaso ng sapilitang pagkawala ni William Lariosa, beteranong organisador ng Kilusang Mayo Uno, sa International Labor Conference na kasalukuyang ginaganap sa Geneva, Switzerland. Isa ang Pilipinas sa pokus ng naturang kumperensya, matapos bumisita sa bansa ang mga kinatawan ng International Labor Organization (ILO) sa Pilipinas noong Enero 2023.

"Nagpatuloy ang mga paglabag sa karapatan sa paggawa at sa karapatang-tao matapos ang ILO High Level Tripartite Mission noong Enero 2023," pahayag ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), isa sa mga grupong nagsumite ng ulat sa ILC.

Diniinan ng CTUHR ang kaso ni Lariosa na dinukot ng mga elemento ng 48th IB noong Abril 10. Lahat ng pagsisikap ng pamilya at ng KMU para hanapin siya ay hindi lamang binabalewala ng militar, pinatitindi pa nito ang panggigipit at Red-tagging sa mga kasamahan ni Lariosa sa kilusang paggawa sa Davao.

Sa Davao City, ginunita ng mga kanyang mga tagasuporta at mga progresibong grupo ang ikalawang buwan ng kanyang pagkawala noong Hunyo 10. Nagpaskil sila ng mga poster na may mukha ni Lariosa at nananawagan sa publiko na

ipagbigay-alam sa kanila kung mayroon anumang impormasyon na maaaring makatulong sa paghahanap sa beteranong organisador.

“Ang pagsisikap na ito ay para hingin ang suporta ng komunidad at palakain ang kakagyatan ng sitwasyon dahil sa kabila ng walang kapagurang pagsisikap ng kanyang pamilya at mga kasamahan, wala pa ring balita o palatandaan kung nasaan si Lariosa,” pahayag ng Anakbayan-Southern Mindanao, isa sa mga lumahok sa “Operasyon Dikit.”

**[English Translation]**

## PH labor organizations bring forced disappearance case of Davao labor organizer to ILC

June 11, 2024

Philippine labor organizations brought the forced disappearance of William Lariosa, veteran organizer of Kilusang Mayo Uno, to the International Labor Conference currently being held in Geneva, Switzerland. The Philippines is one of the focus countries of said conference, after representatives of the International Labor Organization (ILO) visited the country in January 2023.

“Violations of labor and human rights continued after the ILO High Level Tripartite Mission in January 2023,” the Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), one of the groups that submitted the report to the ILC, said.

CTUHR highlighted the case of Lariosa who was abducted by 48th IB elements on April 10. The military not only disregarded all efforts by his family and the KMU to locate Lariosa and has even intensified the harassment and Red-tagging of his comrades in the Davao labor movement.

In Davao City, his supporters and progressive groups commemorated the second month of his disappearance on June 10. They put up posters with Lariosa's photo and called on the public for any information that might help find the veteran organizer.

"This…effort aimed to rally community support and amplify the urgency of the situation given that despite the tireless efforts of his family and colleagues, there have been no updates or traces of Lariosa's whereabouts," said Anakbayan-Southern Mindanao, one of the groups that conducted the "Operation Dikit."

## Mga magbubukid, nagprotesta sa ika-36 anibersaryo ng bogus na CARP

Hunyo 11, 2024

Nagpiket-protesta ang mga progresibong organisasyon ng mga magbubukid, mangingisda at tagapagtaguyod ng karapatan sa lupa kahapon, Hunyo 10, sa harap ng pambansang tanggapan ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City. Itinaon nila ang pagkilos sa paggunita sa ika-36 anibersaryo ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Pinangunahan ito ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Kinundena ng masang magsasaka ang huwad na reporma sa lupa na nagpalala sa kawalan at kakulangan ng lupa at kabuhayan sa kanayunan. Ayon sa KMP, bigo ang CARP na ipamahagi ang ilampung libong ektarya ng lupang sakahan sa buong bansa. Ito ang maituturing na pinakamatagal, pinakamagastos, at pinakamapanupil na reporma sa lupa na isinabatas ng gubyerno ng Pilipinas.

Lumahok sa protesta ang mga magsasaka mula sa Bulacan na biktima ng bogus na CARP. Ilan sa kanila ay mula sa mga bayan ng San Mateo at Norzagaray na pinalayas sa kanilang lupang sakahan noong 2018. Nakiisa rin ang mga magbubukid mula sa San Jose del Monte City na inaagawan ng lupa ng mga panginoong maylupa at malalaking developer na iniiba ang gamit ng lupang sakahan. Inikutan ng mga kumpanya at pamilyang ito ang CARP at mga patakaran ng DAR para kamkamin ang mga lupa.

Binatikos rin nila ang sinasabi ng DAR at Malacañang na target na pamamagahi ng 100,000 Certificates of Land Ownership Awards (CLOA) ngayong 2024. Nagbuladas pa si Marcos na nakapamahagi na ang kanyang rehimen ng 70,000 CLOA noong 2023.

Sa karanasan ng mga magsasaka sa Palawan, “photo ops” o panlitrato lamang ang naganap na pamamahagi sa kanila ng CLOA noong Abril. Ang mga CLOA na ipinamahagi ay hindi nakapangalan sa mga binigyan nito. Hindi rin mismo ang lupang kanilang sinasaka ang nakalagay sa papel na ipinamahagi. Mas malala, “recycle” o inulit

lamang ang pamamahagi dahil matagal nang may hawak na CLOA ang mga magsasakang pinadalo.

Estilong "hakot" ang ginawa ng DAR para sa palabas na pamamahagi. Sinagot lahat ng kagawaran ang gastusin ng palabas, kabilang ang balikang pamasahe ng mga "benepisyaryo" na nanggaling pa sa malalayong munisipalidad. Baha rin ang pagkain at meryenda. Namahagi pa rito ng mga t-shirt na may nakatatak na "Sariling Lupa para sa Bagong Bukas na Masagana" na may mga mukha ni Ferdinand Marcos Jr.

"Ang pamamahagi ng CLOA ay pamamahagi lamang ng kapirasong papel habang ang malinaw at totoo—walang tunay na reporma sa lupa sa bansa. Nagdarahop pa rin ang mahihirap at walang lupa ang mga magsasaka," ayon sa KMP.

Kaakibat ng lahat ng pahirap na ito, dumaranas ang masang magsasaka ng panggigipit at karahasan mula sa militar, pulis at National Task Force-Elcac dahil sa kanilang paglaban at pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at kanilang mga karapatan.

**[English Translation]**

## Farmers protest on the bogus CARP's 36th anniversary

June 11, 2024

Progressive organizations of farmers, fisherfolk and land rights advocates protested yesterday, June 10, before the Department of Agrarian Reform (DAR) national office in Quezon City. The

action, led by the Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), was launched to coincide with the 36th anniversary of the bogus Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

The peasant masses condemned the bogus land reform that worsened landlessness and lack of livelihood in the countryside. The KMP said CARP failed to distribute tens of thousands of hectares of farmlands nationwide. the program can be considered the longest, most expensive, and most repressive land reform enacted by the Philippine government.

Bulacan farmers who were victims of the bogus CARP participated in the protest. Some of them are from San Mateo and Norzagaray who were evicted from their farmland in 2018. Farmers from San Jose del Monte City who are victims of landgrabbing and land use conversion by landlords and big developers also joined. These companies and landlord families circumvent CARP and DAR policies to grab lands.

They also denounced DAR and Malacanang pronouncements of targetting the distribution of 100,000 Certificates of Land Ownership Awards (CLOA) this 2024. Marcos even claimed that his regime has already distributed 70,000 CLOAs in 2023.

In the experience of Palawan farmers, the CLOA awarding event on April was a mere “photo ops.” The CLOAs are not even in the names of those who received them. The land they are currently tilling is not the land indicated in the distributed

CLOAs. Worse, the distribution was a recycled event as the invited farmers have received their CLOAs long ago.

DAR bussed in people for the show. It covered the cost of the entire show, including the two-way fare of “beneficiaries” who came from distant municipalities. Food and snacks also abounded. The organizers even distributed t-shirts adorned with the slogan “Sariling Lupa para sa Bagong Bukas na Masagana” and the face of Ferdinand Marcos Jr.

“The CLOA distribution is just a piece of paper distribution while clearly and truly there is no real land reform in the country. The poor and landless farmers are still impoverished,” the KMP said.

In addition to all these sufferings, the military, police and National Task Force-Elcac harass and inflict violence against the peasant masses for resisting and struggling for genuine land reform and rights.

## Isa sa mga nasugatan sa pamamaril ng pulis sa demolisyon sa Angeles City, namatay matapos ang 3 buwan

Hunyo 12, 2024

Ipinabatid ngayong araw, Hunyo 12, ng Anunas United Farmers, Settlers, and Descendants Association Inc. (AUFSDAI) ang pagkamatay ni Gregorio Navarette, isa sa mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City na nasugatan sa pamamaril ng mga pulis. Namatay

siya dulot ng impeksyon sa bituka bunga ng tama ng bala na dahilan ng kanyang pagpapabalik-balik sa ospital at kalauna’y pagpanaw. Nasugatan siya noong Marso 12 sa pamamaril ng mga pulis at maton ng Clark Hills Properties Corporation habang dinedemolis nila ang Sityo Balubad.

Liban kay Navarete, apat pa ang nasugatan nang salakayin ng mga pulis at maton ang barikadang itinayo ng mga residente ng sityo. Giniba sa demolisyon ang mahigit 500 kabahayan sa 73-ektaryang lupang kinakamkam ng kumpanya. Tinatayang 2,000 residente ang biktima ng pang-aagaw ng lupa.

Itinuring na martir ng Sityo Balubad si Navarette. “Inialay ni Gregorio Navarette ang kanyang buhay para sa Sitio Balubad, kaya ang AUFSDAI ay taos pusong nakikiramay at naggagawad ng pagpupugay sa pamilyang Navarette at kaisa kami sa patuloy na paghahanap ng hustisya,” pahayag ng grupo.

Anang grupo, pananagutan ng Clark Hills at ng PNP-SWAT sa pangunguna ni Department of Agrarian Reform Adjudication Board Sheriff Elizabeth Marasigan ang pagkamatay ni Navarette.

Unang itinayo ng mga residente ang kanilang barikada noong Oktubre 2023. Dalawang beses na binigo ng pagkakaisa at paglaban ng mga residente ang tangkang demolisyon noong Oktubre 2023 at Pebrero ngayong taon. Tuluyan silang binuwag ng karahasan ng pulis at ng Clark Hills noong Marso.

Ang lupa ay pag-aari ng mga residente at mayroon silang mga certificate of land ownership award (CLOA) at resibo ng buong kabayaran nito sa Landbank of the Philippines. Pinangangambahan ding maapektuhan ng pangangamkam at demolisyon ang katabing mga barangay ng Cuayan at Sapangbato.

**[English Translation]**

## Resident shot by police in demolition in Angeles City dies after 3 months

June 12, 2024

The Anunas United Farmers, Settlers, and Descendants Association Inc. (AUFSDAI) announced today, June 12, the death of Gregorio Navarette, one of the residents of Sitio Balubad, Barangay Anunas, Angeles City who was shot by police. He died of an intestinal infection from a bullet wound that required multiple hospital visits. Police and Clark Hills Properties Corporation goons shot and injured him on March 12 during the demolition of Sitio Balubad.

In addition to Navarete, four others were injured when the police and goons attacked the residents' barricade on the site. More than 500 houses in the 73-hectare land seized by the company were demolished. The landgrab affected an estimated 2,000 residents.

Sitio Balubad considered Navarette a martyr. "Gregorio Navarette sacrificed his life for Sitio Balubad, so AUFSDAI sincerely sympathizes and pays tribute to the Navarette family and we are

united in the continued search for justice," the group said.

The group said Clark Hills and the PNP-SWAT led by Department of Agrarian Reform Adjudication Board Sheriff Elizabeth Marasigan are accountable for Navarette's death.

Residents first set up barricades in October 2023. Residents' solidarity and resistance thwarted the demolition attempt twice in October 2023 and February this year. Police and Clark Hills violently broke the barricade in March.

Residents own the land and have certificates of land ownership award (CLOA) and receipts indicating full payment to the Landbank of the Philippines. There are fears that adjacent barangays Cuayan and Sapangbato are also set to be landgrabbed and demolished.

## Mga lider-katutubo sa Cagayan at kanilang pamilya, ginigipit ng estado

Hunyo 12, 2024

Kinundena ng Karapatan-Cagayan Valley ang nagpapatuloy na panggigipit sa dalawang lider-katutubo at kanilang mga pamilya. Sa nagdaang mga linggo, "binisita" ng mga pwersa ng estado sina Mafel Macalanda at Lina Ladino sa kanilang mga bahay para pagbantaan silang aarestuhin. Si Macalanda ang panrehiyong tagapag-ugnay ng alyansa ng mga organisasyon ng katutubong mamamayan sa Cagayan Valley na Punganay. Si

Ladino naman ay lider-katutubong magsasaka mula sa Sto. Niño, Cagayan.

Noong unang linggo ng Hunyo, dalawang tauhan ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang nagpunta sa bahay ni Macalanda sa Baguio City. Ayon sa mga tauhan ng CIDG, mayroong kasong nakasampa laban sa kanya dahil sa pakikisangkot diumano niya sa rebolusyonaryong armadong kilusan. “Matinding pag-aalala ang idinulot ng insidente sa mga kapamilya na nakausap nila,” ayon sa Karapatan-Cagayan Valley.

Dagdag dito, iniulat din ng grupo na pinagbantaan ng CIDG na aarestuhin ang dalawang kasamahan ni Macalanda na sina Agnes Mesina, panrehiyong tagapag-ugnay ng Koalisyong Makabayan at si James Paredes, upisyal ng Kabataan Party-list Cagayan Valley.

Noong Pebrero 2022, inaresto si Mesina ng mga pwersa ng estado sa Appari, Cagayan. Lumalahok siya noon sa isang community outreach at fact-finding mission. Ginamit laban kay Mesina ang isang mandamyento de aresto na may kasong murder na ibinasura na ng isang korte sa Tagum, Davao del Norte noon pang Hulyo 2021. Nakalaya rin siya noong panahong iyon.

Samantala, pinilit na kausapin ng tatlong ahenteng paniktik ng 5th ID si Ladino. Ni-redtag nila si Ladino at hinimok na “makipagtulungan” na lamang sa kanila kapalit ng pera. Nang pauwi na ang biktima sa kanilang baryo ay napansin niyang minamanmanan siya ng isang pulis. Mula pa

Pebrero 2020 ay pilit nang "pinapasuko" ng mga kumander ng 5th ID si Ladino.

"Ang pagkausap ng mga pulis at militar sa mga kapamilya ng mga aktibistang lider-katutubo upang pilitin sila na tumigil at sumuko ay paglabag sa karapatan sa pagpapahayag at pag-oorganisa," ayon sa Karapatan-Cagayan Valley.

**[English Translation]**

## State harasses Cagayan indigenous leaders and their families

June 12, 2024

Karapatan-Cagayan Valley condemned the ongoing harassment of two indigenous leaders and their families. In recent weeks, state forces "visited" Mafel Macalanda and Lina Ladino at their homes, threatening them with arrest. Macalanda is the regional coordinator of the alliance of indigenous people's organizations in Cagayan Valley, Punganay. Ladino, on the other hand, is a indigenous leader of farmers from Sto. Niño, Cagayan.

In the first week of June, two members of the Criminal Investigation and Detection Group "visited" Macalanda in his house in Baguio City. CIDG personnel informed her that a case has been filed against her for her alleged involvement in the armed revolutionary movement. "The incident caused grave concern to her family members," Karapatan-Cagayan Valley said.

In addition, the group also reported that the CIDG threatened to arrest Macalanda’s two colleagues, Agnes Mesina, Makabayan Coalition regional coordinator and James Paredes, Kabataan Party-list-Cagayan Valley official.

In February 2022, state forces has arrested Mesina in Appari, Cagayan. She was then participating in a community outreach and fact-finding mission. An arrest warrant for murder that was dismissed by a court in Tagum, Davao del Norte as early as July 2021 was used against her. She was released at that time.

Meanwhile, three 5th ID intelligence agents insisted on talking to Ladino. They Red-tagged Ladino and tried to bribe her to “cooperate.” On her way home to her village, she noticed being tailed by a policeman. The 5th ID commanders have been forcing Lina to “surrender” since February 2020.

“The police and military talking to the family members of the activist-indigenous leaders to suppress and force them to surrender is a violation of the right to expression and organization,” Karapatan-Cagayan Valley said.

## Pagpatay sa isang prosekyutor sa Davao del Sur, kinundena ng mga abugado

Hunyo 12, 2024

Kinundena ng National Union of Peoples’ Lawyers (NUPL) ang pagpaslang kay Prosecutor Eleanor

Dela Peña sa Barangay Aplaya, Digos City, Davao del Sur noong Hunyo 10. Anang grupo, ang pagpatay sa mga abugado ay lumilikha ng takot at intimidasyon sa kanilang propesyon.

Si Dela Peña ang ika-apat na abugadong pinaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos. Simula Hulyo 2022, naitala ng NUPL ang 43 insidente ng pag-atake sa mga abugado, kabilang na ang anim na kaso ng tangkang pagpatay.

Kilala si Dela Peña ng mga kapwa abugado sa rehiyon ng Davao bilang isang tapat na lingkod bayan at mapagmahal na ina sa kanyang apat na anak. Nagsilbi siyang Assistant Provincial Prosecutor sa Davao Occidental at dating pangulo ng Integrated Bar of the Philippines-Davao City.

“Sa panahong hindi napananagot ang mga sangkot sa pagpatay, ang banta ng karahasan ay nakasisira sa loob ng mga abugado na tumangan ng ilang propesyunal na tungkulin at sumasagka sa kanilang kakayahan na mahusay na ipatupad ang kanilang trabaho,” ayon pa sa NUPL.

Anila, labis na nakagagalit na hanggang salita lamang ang pagpapatigil o pagsawata sa mga pag-atake laban sa ligal na propesyon. Gayunman, nanindigan ang NUPL na sa kabila ng kinahaharap na mga banta sa kanilang buhay at propesyon ay “hindi sila mabubuhay sa takot at maggigiit na tiyakin ang kanilang kaligtasan at seguridad.” Kinakailangan ito dahil mahalaga ang kanilang tungkulin sa pagpapanatili ng rule of law at pagtatguyod sa katarungan, anila.

Giit nila sa awtoridad na mabilis at masinsing imbestigahan at kasuhan ang sangkot sa pagpatay kay Prosecutor Dela Peña.

**[English Translation]**

## Lawyers condemn the killing of Davao del Sur prosecutor

June 12, 2024

The National Union of Peoples' Lawyers (NUPL) condemned the killing of Prosecutor Eleanor Dela Peña in Barangay Aplaya, Digos City, Davao del Sur on June 10. The group said the killing of lawyers creates fear and intimidation in their profession.

Dela Peña is the fourth lawyer assassinated under the Marcos regime. As of July 2022, NUPL has recorded 43 incidents of attacks on lawyers, including six cases of attempted murder.

Dela Peña is known by her fellow lawyers in the Davao region as a loyal public servant and a loving mother to her four children. She served as Assistant Provincial Prosecutor in Davao Occidental and former president of the Integrated Bar of the Philippines-Davao City.

"When perpetrators are not held accountable, the threat of violence discourages lawyers from taking on certain professional duties and hinders their ability to carry out their responsibilities effectively," NUPL said.

They said they are outraged that the stop or prevention of attacks on members of the legal

profession remains merely rhetorical. Nevertheless, NUPL maintained that despite the threats to their lives and profession, they "refuse to live in fear and demand that our safety and security be ensured, knowing that the independent exercise of our profession is crucial for maintaining the rule of law and upholding justice," they said.

They demand for authorities to swiftly and thoroughly investigate and prosecute the perpetrators of Prosecutor Dela Peña's murder.

## Banta sa kalayaan, kongklusyon ng mga nagsiyasat sa mga base militar ng US sa Pilipinas

Hunyo 13, 2024

Isinapubliko kahapon, Araw ng Kalayaan, ang ulat ng delegasyon ng isang fact-finding mission na nagsagawa ng tatlong-linggong pagsisiyasat sa mga komunidad sa paligid ng mga base militar ng US, o tinaguriang "EDCA site" at mga pinagdausan ng katatapos lamang na Balikatan war games. Natuklasan nila ang laganap na kapabayaan, disimpormasyon at panggigipit sa mga lugar na ito. Ang delegasyon ay pinamunuan ng Bayan-USA at PINAS Peace Mission.

Isinagawa ang pagsisiyasat sa loob ng isang "EDCA site" sa Cagayan Valley; sa mga dating baseng militar ng US sa Central Luzon; Ilocos Norte, kung saan isinagawa ang pinakahuling pagsasanay sa Balikatan; at sa Marawi City, kung

saan itinatayo sa “ground zero” ang isang kampo militar gamit ang pondo ng EDCA.

Ang EDCA o Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ay kasunduan ng gubyerno ng US at Pilipinas na pinirmahan noong 2014 na nagpapahintulot sa US na magtayo ng mga base o pasilidad sa loob ng “agreed location” o pinagkaisahang lugar sa mga kampo ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa ngayon, mayroong hindi bababa sa siyam na lugar na may pasilidad ang US sa ilalim ng EDCA. Liban dito, sinasabing may hindi bababa sa walo pang base o pasilidad militar ang US sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas.

“Ngayong Araw ng Kalayaan, giit namin na maging malaya ang mamamayang Pilipino para tumindig sa kanilang sariling paa at magpasya sa sarili ang direksyon ng ating hinaharap, nang walang dayuhang kapangyarihan na nakapagliligaw (ng direksyon),” pahayag ng mga kinatawan ng delegasyon. “Iginigiit namin na harapin at panagutin ang mga gubyerno ng Pilipinas at US sa pinsala ng militarismo sa pinakamahihirap (na sektor). Iginigiit namin (sa mga ito) ang sagot sa mga katanungan kaugnay sa tunay na saklaw ng konstruksyon ng mga base at pasilidad ng US sa bansa, lalupa’t ang isinasapubliko sa mga balita ay taliwas sa katotohanan.”

Kabilang sa mga natuklasan ng delegasyon ang sumusunod, alinsunod sa kanilang inilabas na pahayag:

1) Mga paglabag sa EDCA Agreement sa Cagayan Valley. Inatasan ng militar ang mga residente malapit sa base militar na mag-imbak ng mga gamit labas sa tinukoy na "EDCA site," labag sa kasunduan mismo na nagbabawal dito. Hindi rin pinaalam sa mga residente ang layunin ng pag-iimbak. Sa hinuha nila, ang mga ipinaimbak ay mga armas, taliwas sa sinasabi ng US at AFP na ang mga gamit dito ay para lamang sa "humanitarian aid."

2) Pagsasamantala ng mga tropang US sa mga komunidad at kanilang mga rekurso: Sa Cagayan Valley, inupahan ng mga tropang Amerikano ang mga bangka ng mga mangingisda para sa war games. Sa Ilocos Norte, pinagbawalan ang mga residente na maglayag at ipinagkait ang kanilang kabuhayan. Kulang na kulang ang ibinigay na danyos sa kanila.

3) Mahigpit na sabwatan ng pribadong sektor at militar: Sa Cagayan Valley, napag-alaman ng delegasyon ang balak ng US na magtayo ng mga "EDCA site" malapit sa mga espesyal na economic zone. Dalawa sa umiiral na base ay katabi ng Cagayan Economic Zone Authority (CEZA).

4) Walang pabatid sa mga komunidad na ginawang lokasyon ng war games. Sa Santa Ana, Cagayan, walang ibinigay na paliwanag sa mga residente kaugnay sa US-PH military exercises, bago at pagkatapos nito. Walang

ipinaalam sa kanila, at binalewala ang kanilang mga boses at kapakanan. Mula Nobyembre 2023, naging sanhi ng panic ng mga katutubong komunidad sa isla ng Palaui ang dalawang beses na paglipad nang mababa ng mga helikopter ng US. Nangamba sila sa gera at para sa kaligtasan ng kanilang mga anak.

5) Disimpormasyon at di pagsasabi ng totoo sa mga ulat ng gubyerno: Sa Marawi City, batid ng mga lider ng komunidad ang pagtatayo ng isang base militar gamit ang pondo ng EDCA sa “ground zero,” pero hindi ito isinasapubliko ng gubyerno. Iniulat din ng naturang mga lider ang balak na magtayo ng espesyal na sonang pang-ekonomya sa naturang lugar. Sa Ilocos Norte, may mga komundad na hindi direktang pinaabutan ng gubyerno kaugnay sa Balikatan exercises. Inulat rin ng mga residente ang kanilang pagkagulantang dulot ng malalakas na putok na umuga sa kanilang mga bahay.

6) Panggigipit at Red-tagging ng estado: Laganap ang Red-tagging sa mga residente na nag-ulat ng militarisasyon, laluna yaong nagpahayag ng pangangailangan sa pagpapaunlad ng kabuhayan sa mga komunidad.

7) Kapabayaan ng gubyerno: Sa Marawi City, nananatili sa mga sentro ng ebakwasyon ang residenteng apektado ng pang-aatake ng AFP noong 2017. Wala o sira ang mga batayang

yutilidad tulad ng kuryente, tubig, at sanitasyon, sa mga lugar na ito. Marami sa kanila ang hindi pa rin nakatatanggap ng kumpensasyon o oportunidad na makabalik sa kanilang mga lupa.

Balak ng mga myembro at alyado ng Bayan-USA na dalhin ang laban sa militarismo ng US sa Pilipinas sa gaganaping people’s summit at pagkilos ng kampanyang Cancel Rim of the Pacific Games (RIMPAC) sa San Diego, California sa Hunyo 29-30; sa summit at pagkilos sa Washington D.C. sa Hulyo 6-7; sa mga pambansang convention ng mga partidong Republican at Democrat sa Hulyo-Agosto; at sa Kongreso ng US para labanan ang Philippines Enhanced Resilience Act (PERA) at para sa pagpasa ng Philippine Human Rights Act; at sa People’s SONA sa pagtatalumpati ni Ferdinand Marcos sa darating na Hulyo.

**[English Translation]**

## Investigation finds US military bases in the Philippines a threat to freedom

June 13, 2024

The delegation of a fact-finding mission made public yesterday, Independence Day, its report of a three-week investigation in the communities around the US military bases, or so-called “EDCA sites” and the venues of the recently concluded Balikatan war games. They discovered widespread negligence, disinformation and repression in these areas. Bayan-USA and PINAS Peace Mission led the delegation.

The investigation was conducted within an EDCA site in Cagayan Valley; at former US military bases in Central Luzon; Ilocos Norte, where the most recent Balikatan exercise took place; and in Marawi City, where a military camp is being built at “ground zero” using EDCA funds.

The EDCA or Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) is an agreement between the government of the US and the Philippines signed in 2014 that allows the US to build bases or facilities within an “agreed location” inside Armed Forces of the Philippines (AFP) camps. Currently, the US has at least nine facilities under the EDCA. In addition, it is said that the US has at least eight other bases or military facilities in various parts of the Philippines.

“This Independence Day, we demand that the Filipino people be free to stand up on our own two feet and determine for ourselves the course of our future, without any foreign power leading us astray,” the representative of the delegation said. “We demand answers and accountability from the Philippine and US government on the impacts of militarism on the most marginalized. We demand answers on the real extent of US base and facility building in the country, as what is being publicized in the news doesn’t match experiences on the ground.”

The delegation’s findings include the following, according to their statement:

1) Violations of EDCA Agreement in Cagayan Valley. The military has ordered residents

near the military base to store supplies outside of the designated “EDCA site,” in violation of the agreement itself which prohibits it. The residents were also not informed of the purpose of the storage. They suspect weaponsare being stored, contrary to US and AFP claims that the items are only for “humanitarian aid.”

2) US military exploitation of communities and their resources: In Cagayan Valley, American troops hired fisherfolk’s boats for the war games. In Ilocos Norte, residents were prohibited from sailing and were deprived of their livelihood. The indemnification given to them were grossly insufficient.

3) Close partnership with private economic interests and the military: In Cagayan Valley, the delegation learned of the US’s plan to build “EDCA sites” near special economic zones. Two of the existing bases are adjacent to the Cagayan Economic Zone Authority (CEZA).

4) No communication to communities afftected by military exercise. In Santa Ana, Cagayan, residents were given no explanation regarding the US-PH military exercises, before and after they happened. They were kept in the dark, and their voices and welfare were not considered. Since November 2023, two low-flying US helicopters caused panic among indigenous communities on the island of

Palaui. They worried at the prospect of war breaking out and for their children's safety.

5) Disinformation and discrepancies in government reports: In Marawi City, community leaders are aware of the construction of a military base using EDCA funds at "ground zero," which the government has not disclosed. They also reported the plan to build a special economic zone in the said area. In Ilocos Norte, the government did not directly inform some communities regarding the Balikatan exercises. Residents also reported being shook from loud explosions that shook their houses.

6) State repression and Red-tagging: Red-tagging was widespread against residents who reported militarization, especially those who expressed the need for economic development in the communities.

7) Government negligence: In Marawi City, residents affected by the 2017 AFP attack remain in evacuation centers. Basic utilities such as electricity, water, and sanitation are absent or damaged in these areas. Many of them still have not received compensation or the opportunity to return to their lands.

Members and allies of BAYAN USA plan to continue campaigning against increasing U.S. militarism in the Philippines at the Cancel Rim of the Pacific Games (RIMPAC) people's summit and mobilization in San Diego (June 29-30); Resist NATO summit and mobilization in Washington DC

(July 6-7); protest actions at the Republican and Democratic National Conventions this summer; within the halls of Congress against the Philippines Enhanced Resilience Act (PERA) and in favor of the Philippine Human Rights Act; and in a People's State of the Nation Address to counter that of President Marcos this July.

## Karaban kontra malalaking pagmimina, inilunsad sa Benguet

Hunyo 13, 2024

Nagsagawa ng karaban ang mga residente ng Itogon, Benguet ngayong araw, Hunyo 13, tungong Benguet Provincial Capitol para igiit ang pagpapatigil sa pagpapalawak ng malalaking kumpanya sa mina na Itogon-Suyoc Resources, Inc. (ISRI) at Benguet Corporation, Inc. (BCI). Kasabay nito, nagsumite sila sa gubernador ng prubinsya ng kanilang position paper na nagdidiin sa kanilang pagtutol dito.

Matatandaan na noong Mayo 13, nagbarikada ang mga minero ng Dontog-Manganese Pocket Miners Association (DOMAPMA) laban sa BCI sa Sitio Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon. Ang barikada ay bahagi ng kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan laban sa sapilitang pang-aagaw ng BCI sa mga pocket mine ng DOMAPMA at hindi makatuwirang pagtataas ng upa sa mga kagamitang pangmina. Katulad na barikada rin ang inilunsad nila noong Abril.

Nasa 500 hanggang 1,000 manggagawa ang mawawalan ng kabuhayan sa iligal na pagpapatigil ng kanilang kabuhayan. Apektado rin ang paghahanapbuhay ng mga katutubo sa komunidad at mga kalapit na barangay, at maging sa ibang prubinsya sa Cordillera at Cagayan Valley na dito nagtatrabaho.

Noong Pebrero, aktibong hinaharang ng mga katutubo sa Sityo Dalicno ang pagpapatibay ng gubyernong Marcos sa Application for Production Sharing Agreement 103 (APSA 103) sa ISRI na sasaklaw sa kanilang lupang ninuno. Anila, maraming iregularidad sa proseso ng pagkuha ng Free, Prior and Informed Consent (FPIC) ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) kung kaya dapat itong ipawalambisa. Ang ISRI ay isang kumpanyang pagmamay-ari ng Apex Mining Corporation Inc ni Enrique Razon Jr.

Ayon sa Dalicno Indigenous Peoples Organization (DIPO), minanipula ng NCIP ang pagkuha ng FPIC. Hindi sapat ang ibinahaging impormasyon nito sa mga asembliya na humantong sa pirmahan ng Memorandum of Agreement noong Setyembre 20, 2023. Hindi rin nito kinuha ang pagsang-ayon ng mga apektadong komunidad, na siyang nararapat at dati nang proseso sa Itogon.

**[English Translation]**

## Itogon residents hold caravan against big mining in Benguet

June 13, 2024

Residents of Itogon, Benguet held a caravan today, June 13, to the Benguet Provincial Capitol to demand a halt to the expansion of large mining companies Itogon-Suyoc Resources, Inc. (ISRI) and Benguet Corporation, Inc. (BCIs). At the same time, they submitted to the provincial governor their position paper emphasizing their opposition to it.

It can be recalled that on May 13, Dontog-Manganese Pocket Miners Association (DOMAPMA) miners set up a barricade against the BCI in Sitio Dalicno, Barangay Ampucao, Itogon. The barricade is part of their struggle to defend their rights to land and livelihood against BCI's forced seizure of DOMAPMA's pocket mines and unjustified increase in mining equipment rent. They launched a similar barricade in April.

The illegal work stoppage will deprive 500 to 1,000 workers of their livelihood. It will also affect the livelihood of the indigenous people in the community and neighboring barangays, and even in other provinces in the Cordillera and Cagayan Valley who work here.

In February, indigenous people in Sitio Dalicno actively blocked the Marcos government's approval of ISRI's Application for Production Sharing Agreement 103 (APSA 103) covering their ancestral land. They said there were many irregularities in the National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)'s process of obtaining Free, Prior and Informed Consent (FPIC) and thus the FPIC should be discarded. ISRI is a company

owned by Enrique Razon Jr.'s Apex Mining Corporation Inc.

The Dalicno Indigenous Peoples Organization (DIPO) said the NCIP manipulated the FPIC acquisition. It did not share enough information with the assemblies that led to the signing of the Memorandum of Agreement on September 20, 2023. It also did not obtain the consent of the affected communities, which was the proper and previous process in Itogon.

## 16-anyos na estudyante, pinatay ng militar sa Sultan Kudarat

Hunyo 14, 2024

Isang 16-anyos na estudyante ang binaril at napatay ng 7th IB noong Hunyo 9 sa Sityo Kiluding, Barangay Kiadsam, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat. Pinatay ng mga sundalo si Kuni Cuba, isang Grade 9 na estudyante. Pauwi siya kasama ang kanyang kapatid at dalawang kaibigan nang mangyari ang pamamaslang.

Ayon sa mga ulat, tatlong metro ang layo nina Cuba at kanyang mga kasamahan sa nag-ooperasyong yunit ng 7th IB nang utusan sila ng mga sundalo na "umatras" bago pinaputukan. Agad na tinamaan si Cuba, habang nakatakbo sa katabing maisan ang tatlo niyang kasama. Tinamnan ng ripleng Garand ang bangkay ni Cuba at pinalabas siyang myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Pinasinungalingan ng pamilya ni Kuni ang paratang ng militar. Anila, isa lamang siyang ordinaryong estudyante na ang pangarap ay makatapos ng pag-aaral.

**[English Translation]**

## Military kills 16-year-old student in Sultan Kudarat

June 14, 2024

The 7th IB shot and killed a 16-year-old student on June 9 in Sityo Kiluding, Barangay Kiadsam, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat. The soldiers killed Kuni Cuba, a Grade 9 student. He was returning home with his brother and two friends when the murder happened.

Reports said Cuba and his companions were three meters away from the operating unit of the 7th IB when the soldiers ordered them to "move back" before firing. Cuba was immediately hit, while his three companions scampered to the adjacent cornfield. Soldiers then placed a Garand rifle near Cuba's body ang falsely claimed that he was a member of the New People's Army.

Kuni's family denied the military's allegation. They said he was just an ordinary student who dreamed of finishing his studies.

## Imbestigasyon ng "Caravana Filipina" sa kalagayan ng mga Pilipinong abugado at husgado, isinapubliko

Hunyo 14, 2024

Isinapubliko ngayong araw Hunyo 14, ng "Caravana Filipina," isang grupo ng mga abugado, ang isinagawa nitong pag-aaral sa laganap na pang-aatake sa mga abugado, prosekyutor at husgadong Pilipino simula 2016. Ang "Caravana Filipina" ay internasyunal na delegasyon na nagsagawa ng 10-araw na imbestigasyon at nagtipon ng mga salaysay mula sa Luzon, Visayas at Mindanao.

Itinaon ang pagsasapubliko sa International Fair Trial Day (IFTD) na ginugunita ng mga nasa ligal na propesyon taun-taon para itaas ang kaalaman ng publiko kaugnay sa kahalagahan ng fair trial (patas na paglilitis) at rule of law. Kada taon, pumipili ang mga abugado ng bansa para patampukin ang mga usapin kaugnay sa fair trial doon. Pinili nila ang Pilipinas para sa 2024.

"Matagal nang kilala ang Pilipinas bilang isa sa pinakamapanganib na bansa sa mundo para sa mga propesyong ligal," ayon kay Herman Verbeek, isang abugado mula sa Netherlands at kinatawan ng Foundation of the Day of the Endangered Lawyer. Naisadokumento ng Caravana Filipina ang hindi pa napapantayang mga atake sa propesyong legal, ang kultura ng impunity at climate of fear, Red-tagging at panggigipit sa mga karapatan ng pagpapahayag.

Sa datos ng National Union of People's Lawyers (NUPL), mayroon nang 94 kaso ng pampulitikang pamamaslang ng mga abugado, prosekyutor at husgado mula Setyembre 2007. Mayorya nito (63) ay naganap sa pagitan ng Hulyo 2018 at Hunyo

2024. Marami sa mga ito ay hindi pa nareresolba hanggang ngayon.

Kabilang sa mga kasong ito ang pagpatay kay Atty. Ben Ramos sa Negros, at tangkang pagpatay kay Atty. Angelo Karlo Guillen sa Iloilo. Parehong kilala ang dalawang abugado sa kanilang pagtataguyod sa karapatang-tao, at pareho ring malisyosong iniugnay sa Bagong Hukbong Bayan bago ang mga pang-aatake sa kanila.

Idiniin ng mga internasyunal na abugado ang pangangailangan para sa seryosong implementasyon ng mga desisyong pabor sa mga abugado, tulad ng kamakailang desisyon ng Korte Suprema laban sa Red-tagging. Inirekomenda din nila ang pagbabasura sa Anti-Terror Act, na nagpaigting sa mga banta at atake sa mga abugado at iba pang bahagi ng civil society.

Liban sa pagpapatampok ng mga usapin ng patas na paglilitis at kalagayan ng mga abugado at husgado sa isang bansa, isinasagawa rin sa IFTD ang pagbibigay ng Ebru Timik Award para parangalan ang mga indibidwal at organisasyong nagsusulong para sa pagtataguyod ng karapatan para sa patas na paglilitis. Nakapangalan ang gantimpalang ito sa abugado sa karapatang-tao sa Turkey na si Ebru Timik, na namatay noong 2020 habang nasa protestang ayuno laban sa di pantay na mga paglilitis sa kanyang bansa.

**[English Translation]**

# “Caravana Filipina” reports on investigation into the condition of Filipino lawyers and judges

June 14, 2024

“Caravana Filipina,” a group of lawyers, made public today, June 14, its study on the widespread attacks against Filipino lawyers, prosecutors and judges since 2016. “Caravana Filipina” is an international delegation which conducted a 10-day investigation and gathered accounts from Luzon, Visayas and Mindanao.

The report was launched in line with the International Fair Trial Day (IFTD) which is commemorated annually by the legal professio to raise public awareness regarding the importance of fair trial and the rule of law. Every year, lawyers worldwide choose to focus on issues related to fair trial in their respective countries. They chose the Philippines for 2024.

“The Philippines has long been recognized as one of the most dangerous countries in the world for legal professionals,” according to Herman Verbeek, a lawyer from the Netherlands and representative of the Foundation of the Day of the Endangered Lawyer. Caravana Filipina has documented unprecedented attacks on the legal profession, the culture of impunity and climate of fear, Red-tagging and suppression of the freedom of expression.

Data from the National Union of People's Lawyers (NUPL) said that there have been 94 cases of political assassinations of lawyers, prosecutors and judges since September 2007. The majority of these (63) occurred between July 2018 and June 2024. Many of these cases remain unresolved until now.

These cases include the killing of Atty. Ben Ramos in Negros, and attempted assassination of Atty. Angelo Karlo Guillen in Iloilo. Both lawyers are known for their human rights advocacy, and both were maliciously linked to the New People's Army before the attacks.

International lawyers have stressed the need for serious implementation of decisions beneficial to lawyers, such as the Supreme Court's recent decision against Red-tagging. They also recommended the repeal of the Anti-Terror Act, which has intensified threats and attacks on lawyers and other sectors of civil society.

In addition to highlighting the issues of fair trial and the situation of lawyers and judges in a country, IFTD also bestow the Ebru Timik Award to honor individuals and organizations that advocate the promotion of the right to a fair trial. This award is named after Turkish human rights lawyer Ebru Timik, who died in 2020 during a protest fast against unfair trials in her country.

## Mga mangingisda, nagprotesta sa konsulado ng China kontra bantang pang-aaresto sa West PH Sea

Hunyo 14, 2024

Nagprotesta sa harap ng konsulado ng China sa Makati City ang mga mangingisda at iba pang demokratikong organisasyon para ipanawagan ang pagtatanggal sa "tresspass rule" o bantang panghuhuli ng China sa mga "dayuhang" papasok sa "teritoryo" nito sa South China Sea. Sisimulan ng Chinese Coast Guard ang panghuhuli bukas, Hunyo 15. Idedetine ng China ang mga maaaresto mula 30 hanggang 60 araw.

"Tulad ng pagsuway namin sa 'fishing ban' ng China sa South China Sea, lalabanan namin ang atas na ito ng pag-aresto sa pinalalabas na mga 'trespasser' sa aming tradisyunal na mga pangisdaan," ani Joey Marabe, koordineytor ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya)-Zambales.

Sasaklawin ng atas ng China ang ilang bahagi ng soberanong karagatan ng Pilipinas na saklaw ng exclusive economic zone ng bansa. Sa desisyon ng Permanent Court of Arbitraton noong 2016 sa The Hague, pinawalangsaysay nito ang sinasabing 9-dash line ng China na sumasakop sa buong South China Sea.

Tinukoy nito ang teritoryong pandagat ng Pilipinas na sumasakop sa 12-nautical miles (22 kilometro) mula sa mga baybayin nito, at ang 200-nautical miles na exclusive economic zone at mga

extended continental shelf. Kinilala nitong tradisyunal na pangisdaan ng mga mangingisdang Pilipino, Vietnamese at Chinese ang Panatag Shoal at hinusgahang paglabag ang pagpigil ng China na makapangisda sa bahura ang mga mangingisdang Pilipino.

Ayon sa Pamalakaya-Zambales, tulad ng 4-buwang “fishing ban” ng China, walang kahit anong ligal, pulitikal o moral na batayan ang “trespass rule” nito.

Nakiisa sa pagkilos ng mga mangingisda ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). “Iginigiit na naman ng China ang ‘imaginary claim’ (guniguning pag-aangkin) nito sa ating mga karagatan. Ang China ang dapat nating patigilin sa kanilang ‘trespassing’ sa ating mga teritoryo,” pahayag ng grupo.

Para sa mga mangingisda ng Zambales, ang mga proyektong reklamasyon ng China, maramihang iligal na pangingisda at iba pang aktibidad nito sa karagatan ng Pilipinas ang dapat ipagbawal. “Ang mapangwasak na mga aktibidad na ito, ay hindi lamang nagdulot ng pagkasira sa marine ecosystem, kundi malaking pagkabawas sa kita ng mga Pilipinong mangingisda,” ayon kay Marabe.

Sa ulat ng Pamalakaya, bumagsak nang 80% ang kita ng mga mangingisda sa Zambales dahil sa militarisasyon ng China at mapangwasak na mga aktibidad nito sa karagatan ng bansa. Lalo pa silang naperwisyo nang isagawa ng militar ng US at Pilipinas ang Balikatan war games at

pagpapasabog ng isang lumang barko sa West Philippine Sea noong Abril hanggang Mayo.

“[Dapat na] i-demilitarize ang West Philippine Sea at tanggalin ang mga pasilidad militar at palayasin ang lahat ng dayuhang mga barkong pandigma dito nang walang pagtatangi,” panawagan ni Marabe.

Para sa Bayan, ang pagsuway ng mga mangingisda sa “fishing ban” at “trespass rule” ng China sa West Philippine Sea at ang suporta ng mga kapwa Pilipino dito ay patunay na handa ang sambayanan na ipagtanggol ang soberanya ng bansa. “Ang pagpapakilos sa mamamayan ang dapat prayoridad ng gubyernong Marcos Jr sa halip ng patakarang pagsusunud-sunuran nito sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa pagpapalawak ng presensyang militar ng US sa bansa,” ayon sa grupo.

Ang pagkilos ng mga mangingisda at iba pang sektor sa konsulado ng China ay hinarang ng mga pulis. Nakipagtulakan ang mga raliyista para makalapit sa konsulado. Sa pagtatapos ng kanilang programa, nagpunit sila ng mukha ni Chinese President Xi Jingping.

**[English Translation]**

## Fisherfolks protest before Chinese consulate against arrest threats in West PH Sea

June 14, 2024

Fisherfolks and other democratic organizations protested before the Chinese consulate in Makati City to call for the removal of the “tresspass rule” or China’s threat to arrest “foreigners” entering its “territory” in the South China Sea. The Chinese Coast Guard will begin to enforce the order tomorrow, June 15. China will detain those arrested for 30 to 60 days.

“Like we defied China’s unjust fishing ban in the South China Sea, we will resist its threat to arrest alleged trespassers in our territorial fishing grounds,” Joey Marabe, coordinator of Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya)-Zambales, said.

China’s order will cover some parts of the Philippines’ sovereign waters that are within the country’s exclusive economic zone. The decision by the Permanent Court of Arbitration in 2016 at The Hague invalidated China’s alleged 9-dash line covering the entire South China Sea.

It defines the Philippine maritime territory covering 12-nautical miles (22 kilometers) from its shores, and the 200-nautical miles exclusive economic zone and extended continental shelves. It recognized the Panatag Shoal as a traditional fishing ground for Filipino, Vietnamese and Chinese fisherfolks and deemed China’s prevention of Filipino Fisherfolk from fishing on the reef as a violation.

Pamalakaya-Zambales said, China’s “trespass rule” has no legal, political or moral basis, like its 4-month “fishing ban.”

Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) joined the fisherfolk's protest. "China is once again asserting its imaginary claims over our waters. It is China which should stop trespassing into our territories," the group said.

For the Fisherfolk of Zambales, China's reclamation projects, massive illegal fishing and its other activities in Philippine waters should be banned. "These destructive activities have already cost us not only marine ecosystems, but also a significant amount of income of Filipino fisherfolk." Marabe said.

The Pamalakaya report said the income of Fisherfolk in Zambales dropped by 80% due to the militarization of China and its destructive activities in the country's waters. They were additionally damaged when the US and Philippine military conducted the Balikatan war games and blew up an old ship in the West Philippine Sea last April to May.

"[We must] demilitarize the West Philippine Sea and remove military facilities and expel all foreign warships from it without distinction," Marabe called.

For Bayan, the fisherfolk's defiance against China's fishing ban and trespass rule in the West Philippine Sea and the solidarity of fellow Filipinos proves that the people are ready to defend the country's sovereignty. "Mobilizing the people should be the priority of the Marcos Jr. government instead of its subservient policy of

allowing the expansion of the US military presence in the country," the group said.

The fisherfolk and other sectors' protest before the Chinese consulate was blocked by the police. The rallyists jostled to get close to the consulate. At the end of their program, they tore off a paper replica of of Chinese President Xi Jingping's face.

## Mga mangingisda ng Navotas City, nagpetisyon kontra demolisyon ng mga tahungan at baklad

Hunyo 14, 2024

Nagpiket ang mga mangingisda ng Navotas City sa pangunguna ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya)-Navotas ngayong araw, Hunyo 14, sa Navotas Regional Trial Court (RTC) kasabay ng paghahain nila ng petisyon para ipatigil ang demolisyon ng lokal na gubyerno sa kanilang mga tahungan at baklad. Hiniling ng 400 petisyuner sa korte na maglabas ng writ of preliminary injunction at temporary restraining order (TRO) laban sa demolisyon.

Libu-libong mga mangingisda, manggagawa at manininda sa syudad ang nawalan ng kabuhayan dahil sa demolisyon sa daan-daang tahungan sa baybayin sa Navotas City. Nagsimula ang demolisyon noong Marso 16, saklaw ang mahigit anim na kilometrong haba at tatlong kilometrong lapad ng tahungan.

Naniniwala ang mga residente na walang katotohanan ang sinasabi ng lokal na gubyerno na batay sa Supreme Court mandamus noong 2008 na nag-utos sa paglilinis ng Manila Bay ang pagbabaklas sa kanilang mga tahungan at baklad. Anila, malinaw na para ito sa 650-ektaryang Navotas Bay Reclamation Project na itinutulak ng lokal na gubyerno at kasosyo nitong Argonbay Construction Company. Ang Argonbay ay subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pag-aari ni Ramon Ang.

Sa petisyon, hiniling din ng mga residente sa korte na ibalik ng lokal na gubyerno ang mga dinemolis nitong mga tahungan.

"Hinihiling namin na mabilis na tugunan ng korte ang kasong ito. Hinihimok din namin ang lahat ng mga mangingisda sa Navotas at Manila Bay na magkaisa at igiit sa kinauukulang mga ahensya ng gubyerno na itigil ang tuluyang pagwasak sa ating pangisdaan, na bumubuhay sa libu-libong mamamayan," ayon kay Ka Fernando Hicap, pambansang pangulo ng Pamalakaya.

Isa ang Navotas Bay Reclamation Project sa 22 proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Sa datos ng Philippine Reclamation Authority (PRA) noong 2023, mayroong 187 kasalukuyang umiiral at aprubadong mga proyektong reklamasyon sa buong bansa.

[English Translation]
# Navotas City fisherfolk petition against the demolition of mussel farms and fish traps

June 14, 2024

Navotas City fisherfolk led by the Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya)-Navotas today, June 14, picketed before the Navotas Regional Trial Court (RTC) as they filed a petition for the local government to stop the demolition of their mussel farms and fish traps. Four hundred petitioners asked the court to issue a writ of preliminary injunction and a temporary restraining order (TRO) against the demolition.

Thousands of city fisherfolk, workers and vendors lost their livelihoods due to the demolition of hundreds of mussel farms along the Navotas City coast. Demolition began on March 16, covering more than six kilometers long and three kilometers wide.

The residents do not believe the local government's claim that the removal of their mussel farms and fish traps is based on the Supreme Court mandamus in 2008 ordering the clean up of Manila Bay. They said it clearly serves the 650-hectare Navotas Bay Reclamation Project that is being pushed by the local government and its partner Argonbay Construction Company. Argonbay is a subsidiary of San Miguel Corporation owned by Ramon Ang.

In the petition, the residents also asked the court for the local government to restore its demolished mussel farms.

"We request the Court to quickly look into the case and give it due course. We also urge all fisherfolk in Navotas and throughout Manila Bay to unite and demand action from the relevant government agencies to stop the further destruction of our fishing grounds, which sustain the lives of thousands," Ka Fernando Hicap, Pamalakaya national president, said.

The Navotas Bay Reclamation Project is one of the 22 reclamation projects in Manila Bay. According to data from the Philippine Reclamation Authority (PRA) in 2023, there are 187 existing and approved reclamation projects nationwide.

## Mga maralitang residente sa Cebu, nagprotesta laban sa nakaambang demolisyon

Hunyo 14, 2024

Nagprotesta ngayong araw, Hunyo 14, ang mga maralitang residente sa loob ng Cebu International Convention Center (CICC) sa Mandaue City, Cebu laban sa nakaambang demolisyon sa kanilang kabahayan. Pinanininindigan nila ang kanilang karapatan sa 9.2 ektaryang lupa na saklaw ng CICC na ipinangako sa kanila bilang relokasyon. Itinutulak ang demolisyon para bigyang daan ang pagtatayo ng One Stop Chop Center ng lokal na gubyerno (Mandaue City Goverment Center).

Ayon sa Tipolo Residents Association (TRA), nakatanggap ang mga residente ng notice of eviction noong Hunyo 8 na nagbibigay sa kanila ng 15 araw para “boluntaryong gibain” ang kanilang mga bahay.

Ayon kay Ursina Torregosa, pinuno ng TRA, nagulat sila nang pinadalhan sila ng notice of eviction ng Mandaue Housing and Urban Development Office (HUDO) matapos itong mangako na ililipat ang mga residente una sa housing project na “Pasilong sa Paradise,” at pagkatapos ay sa Maharlika Tipolo. “Katunayan, hiningan kami ng HUDO ng listahan ng mga myembro ng aming organisasyon para daw matiyak na maayos na mailulugar sa isang block sa Pasilong, at sa tatlong gusali sa housing (project),” salaysay ni Torregosa. Ilang araw matapos maibigay ang lishatan, pinadalhan sila ng notice.

Hindi bago ang kara-karaka at iligal na mga maniobra ng HUDO, ayon kay Torregosa. Noong Pebrero, dinemolis ng ahensya ang bahay ni Manlolo Lumbab sa Malibu, Subangdaku. Myembro si Lumbab ng Kaming mga Lumulupyo nga Walay Sandigan (KALUWASAN), isa sa mga organisasyong nakapailalim sa Panaghugpong Kadamay-Cebu, na naninindigan laban sa demolisyong walang malinaw na relokasyon. Walang papeles at hindi dumaan sa wastong proseso ang naturang demolisyon.

Sinuportahan ng Nagkahiusang Kabus nga taga-Dakbayan sa Mandaue (NAKADAMA) ang TRA at sinabing iligal ang notice of eviction nang walang

sapat na panahon at malinaw na relokasyon. Marami sa mga residente sa CICC ay biktima ng mga sunog sa iba't ibang barangay sa Mandaue mula 2019 na inilagay sa CICC ng lokal na gubyerno. Nakatira sila sa mga barung-barong na hindi ligtas at istable. Sa kabila ng mga protesta at maraming dayalogo, hindi sila pinayagan ng gubyerno ng Mandaue City na bumalik sa kanilang orihinal na mga komunidad.

Kinundena ng mga raliyista ang mga paglabag ng lokal na gubyerno sa mga karapatan ng mga residente, kabilang ang kanilang karapatan para sa malayang pag-oorganisa. Mula maagang bahagi ng taon, tuluy-tuloy ang tangkang pagpapalayas sa kanila ng mga lokal na ahensya, katuwang ang 14th CMO 'Katipanan' Battalion at NTF-elcac sa pamamagitan ng pananakot, panggigipit, Red-tagging at pagsosona sa lugar. Nagtayo pa ang militar ng organisasyon (Tipolo Residents Organization o TRO) para lusawin ang TRA at tanggalin ang balakid sa demolisyon.

Noong nakaraang buwan, iniulat ng NAKADAMA ang isinagawang terror-tagging ng militar sa mga progresibong grupo sa pamamagitan ng pagpaskil ng mga poster sa paligid ng CICC. Nagsagawa ang mga sundalo ng "active profiling" sa mga myembro ng TRA, na nakapailalim rin sa Panaghugpong Kadamay-Cebu.

Iginiit ng mga raliyista na harapin sila ng mga upisyal ng syudad at tiyakin ang kanilang karapatan sa pabahay. Tutol sila sa komersyalisadong housing project na iniaalok sa mga residente na napakamahal at kontra-mahirap.

Batid nilang sadyang itinaas ang presyo ng naturang mga housing project para umatras ang mga maralita rito at maipagbibili ang mga gusali at bahay dito sa sinumang may kaya at gusto.

**[English Translation]**

## Cebu urban poor residents protest against impending demolition

June 14, 2024

Urban poor residents inside the Cebu International Convention Center (CICC) in Mandaue City, Cebu protested today, June 14, against the impending demolition of their homes. They assert their right to the promised 9.2 hectares of relocation land inside the CICC. The local government is pushing the demolition to pave the way for the construction of the One Stop Chop Center (Mandaue City Goverment Center).

The Tipolo Residents Association (TRA) said the residents received a notice of eviction on June 8, giving them 15 days to “voluntarily demolish” their houses.

Ursina Torregosa, TRA head, said they were surprised when the Mandaue Housing and Urban Development Office (HUDO) sent them a notice of eviction after promising to first relocate the residents to the “Pasilong sa Paradise” housing project, and then in the Maharlika Tipolo. “In fact, HUDO asked us for a list of our organization members to ensure their proper accommodation in a block in Pasilong, and in three buildings in the housing (project),” Torregosa said. The notice was

sent a few days after residents submitted their list of names.

HUDO’s shady and illegal maneuvers are not new, Torregosa said. In February, the agency demolished Manlolo Lumbab’s house in Malibu, Subangdaku. Lumbab is a member of Kaming mga Lumulupyo nga Walay Sandigan (KALUWASAN), an organizations under the Kadamay-Cebu Association, which stands against demolition without clear relocation. The demolition of Lumbab’s house had no papers and did not go through the proper process.

The Nagkahiusang Kabus nga taga-Dakbayan sa Mandaue (NAKADAMA) supported the TRA and said that the notice of eviction without sufficient grace period and clear relocation is illegal. Many of the CICC residents are victims of fires in various barangays in Mandaue since 2019 who were relocated there by the local government. They live in unsafe and unstable structures. Despite protests and many dialogues, the Mandaue City government refused to let them return to their original communities.

The rallyists condemned the local government’s violations of residents’ rights, including their right to organize freely. Since the beginning of the year, local agencies, in cahoots with the 14th CMO ‘Katipanan’ Battalion and NTF-Elcac, have continuously attempted to evict them through intimidation, harassment, Red-tagging and zoning the area. The military even set up an organization (Tipolo Residents Organization or TRO) to dissolve

the TRA and remove the obstacle to the demolition.

Last month, NAKADAMA reported that the military terror-tagged progressive groups by putting up posters around the CICC. The soldiers conducted an "active profiling" of TRA members, who are also under the Panaghugpong Kadamay-Cebu.

The rallyists demanded an audience from city officials and assurances that their right to housing is respected. They are against the very expensive and anti-poor commercialized housing project offered to residents. They know that the price of such housing projects were deliberately raised to discourage the urban poor and sell the buildings and houses to anyone who can afford and wants to.

## Nagpapatuloy na neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas, kinundena sa huwad na Araw ng Kalayaan

Hunyo 14, 2024

Nagprotesta ang mga grupong pambansa-demokratiko sa loob at labas ng bansa para kundenahin ang nagpapatuloy na neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa bansa noong Hunyo 12. Bahagi ang mga protesta ng paggunita ng Pilipinas sa ika-126 araw ng huwad na kalayaang idineklara noong Hunyo 12, 1896.

Nagmartsa tungong embahdaa ng US sa Roxas Boulevard, Pasay City ang iba't ibang mga grupo sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). "Hindi tunay na malaya ang Pilipinas. Ang US ang nananatiling pinakamalaking banta sa soberanya ng Pilipinas ngayon habang ito'y sangkot sa inter-imperyalistang bangayan laban sa China at nag-uudyok ng digmaan sa pamamagitan ng pinalawak na presensyang militar ng US sa bansa," pahayag ng grupo.

Ayon sa Bayan, malalim ang ugat at masaklaw ang impluwensya ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika, kultura at militar ng Pilipinas. "Ang US ang may mahabang kasaysayan ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo sa ating bansa," anito.

Paninindigan ng grupo, ang naging pagkubabaw ng US sa bansa bilang kolonya at, sa kalaunan, bilang neokolonya ang pangunahing dahilan kung bakit nananatiling mahirap at hindi maunlad ang bansa. "Ang rehimeng Marcos ay umaastang tagapagtanggol ng soberanya ng Pilipinas kahit na pinapayagan nito ang walang hanggang presensyang militar ng US sa bansa," anang grupo.

Nanawagan ang Bayan sa sambayanang Pilipino na ilantad at tutulan ang imperyalismong US at ipaglaban ang tunay na kalayaan at demokrasya sa Pilipinas. "Nakikiisa kami sa mga mamamayan ng mundo na lumalaban sa makinarya ng digmaan ng US, mula sa Palestina hanggang sa Pilipinas," dagdag nito.

Samantala, nagsagawa naman ng karaban ang mga demokratikong organisasyon ng Southern Tagalog sa pangunguna ng Bayan-Southern Tagalog sa mga bayan ng Cavite. Nagprotesta rin sila sa Kawit, Cavite kung saan idineklara ang huwad na kalayaan ng Pilipinas.

Sa Cebu City, nagsagawa rin ng demonstrasyon ang Bayan-Central Visayas sa Colon Street. Iba't ibang aktibidad at pagkilos naman ang inilunsad ng mga organisasyon ng mga migranteng Pilipino at mga balangay ng Bayan sa San Francisco at Los Angeles sa California, sa Washington, Chicago at Oregon.

**[English Translation]**

## National-democratic groups condemn the imperialist US' continued neocolonial rule in the Philippines during bogus Independence Day

June 14, 2024

Local and overseas national-democratic groups protested to condemn the continued neocolonial rule of US imperialism in the country on June 12. The protests were part of the Philippines' commemoration of the 126th day of its false independence declared in June 12, 1896.

Various groups led by the Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) marched towards the US embassy on Roxas Boulevard, Pasay City. "The Philippines is not truly free. The US remains the biggest threat to Philippine sovereignty today as it engages in inter-imperialist provocation with

China and incites war through an expanded US military presence in the country," the group stated.

Bayan said US imperialism influence in Philippine economy, politics, culture and military is deeply rooted and extensive. "The US has a long history of colonialism and neo-colonialism in our country," it said.

The group said the US domination over the country as a colony and, later, as a neocolony is the main reason why the country remains poor and underdeveloped. "The Marcos regime pretends to be the protector of Philippine sovereignty even as it allows the perpetual US military presence in the country," said the group.

Bayan called on the Filipino people to expose and oppose US imperialism and fight for true freedom and democracy in the Philippines. "We stand in solidarity with the people of the world who are resisting the US war machine, from Palestine to the Philippines," it added.

Meanwhile, Southern Tagalog democratic organizations led by Bayan-Southern Tagalog held a caravan in the towns of Cavite. They also protested in Kawit, Cavite where the false independence of the Philippines was declared.

In Cebu City, Bayan-Central Visayas also held a demonstration on Colon Street. Various activities and actions were launched by Filipino migrant organizations and Bayan chapters in San

Francisco and Los Angeles in California, in Washington, Chicago and Oregon.

## Bilyong gastos sa pagtatayo ng bagong gusali para sa Senado, binatikos

Hunyo 15, 2024

Mariing kinundena ni Rep. France Castro ng ACT Teachers Partylist ang pagbuhos ng bilyun-bilyong pondo para sa pagtatayo ng New Senate Building (NSB), o mga gusaling lilipatan ng Senado sa Taguig City, na ipinapanukalang lilipatan rin ng Kongreso.

“Tutol kami sa pagwawaldas ng bilyun-bilyong piso sa di kinakailangang paglipat sa distritong pangnegosyo sa BGC (Bonifacio Global City sa Taguig), kung saan ang halaga ng propyedad ay umaabot sa halos ₱1 milyon kada kwadrado metro,” pahayag ni Rep. Castro noong Hunyo 14. “Mariin naming itinatakwil ang panukala na ilipat din ang House of Representatives sa BGC.”

Aniya, ang kasalukuyang pwesto ng Kongreso sa Batasan Hills ay sapat na para sa mga pangangailangan nito. Gayundin, karamihan sa mga empleyado nito ay nakatira malapit o sa paligid ng compound nito. Ang paglilipat ng Kongreso sa BGC ay mangangahulugan ng pagtaas ng kanilang mga gastusin. Mayorya sa mga empleyado ay tutol sa ipinapanukalang paglilipat.

Sumambulat ang usapin ng napakamahal na konstruksyon ng NSB nang isinapubliko ng bagong presidente nito na si Sen. Chiz Escudero na aabot sa ₱23 bilyon ang kailangan bago ito matapos. Nasa ₱8.9 bilyon lamang ang orihinal na halaga ng proyekto. Ipinag-utos ni Escudero na isuspinde ang konstruksyon at repasuhin ang proyekto.

Sa huling mga ulat, napag-alaman na ang ₱3.1 bilyong nagastos sa pagtatayo ng unang bahagi ng gusali ay nakakategoryang "lump sum" o walang detalyadong pagtutuos. Pinalalakas nito ang duda ng malawakang anomalya sa proseso ng pagbili ng mga materyales at iba pa.

Sinimulan ang konstruksyon ng NSB noong Marso 2019 sa ilalim ng Department of Public Works and Highways. Pangunahing kontraktor nito ang Hilmarc's Construction Corporation, ang kumpanyang dating nasangkot sa pagtatayo ng kontrobersyal na Makati City Hall 2 parking building noong 2014. Ang pagbubukas ng imbestigasyon sa proyekto ay muling nagpasiklab sa ribalan ng mga dinastiyang pulitikal ng mga Cayetano ng Taguig at mga Binay ng Makati.

Si Sen. Panfilo Lacson ang unang nagpakana ng pagtatayo ng mamahaling NSB noong 2017 sa tabing ng pangangailangan para sa dagdag na espasyo at abanteng mga pasilidad. Itinayo ang dambuhalang mga gusali bilang "paghahanda" sa pagkakaroon ng 65 senador alinsunod sa itinutulak noon ng rehimeng Duterte na paglilipat sa sistemang pederal na paggugubyerno.

**[English Translation]**

## Progressive lawmaker denounces billions spent for new Senate building

June 15, 2024

ACT Teachers Partylist Rep. France Castro strongly condemned the spending of billions of funds for the construction of the New Senate Building (NSB) in Taguig City for the Senate, and proposed Congress, relocation.

“We are against wasting billions of pesos on an unnecessary transfer to the business district of BGC (Bonifacio Global City in Taguig), where property values reach almost P1 million per square meter,” Rep. Castro said on June 14. “We firmly reject plans to [also] transfer the House of Representatives to the BGC.”

She said the current premises of Congress in Batasan Hills is sufficient for its needs. Most Congress employees also live near or around its compound. The transfer of Congress to the BGC will mean an increase in their expenses. Majority of the employees are against the proposed transfer.

The issue of NSB’s exorbitant construction came to light when its new president, Sen. Chiz Escudero, exposed that up to ₱23 billion is needed for its construction. The original cost of the project was only ₱8.9 billion. Escudero ordered the construction’s suspension and the project’s review.

In the last reports, the ₱3.1 billion discovered spent on the construction of the building's first part was categorized as "lump sum" or exempted from detailed auditing. This strengthens the suspicion of widespread anomalies in the procurement of materials and so on.

The NSB construction started in March 2019 under the Department of Public Works and Highways. Its main contractor is Hilmarc's Construction Corporation, the company previously involved in the construction of the controversial Makati City Hall 2 parking building in 2014. The opening of the investigation into the project has reignited the rivalry between the political dynasties of the Cayetanos of Taguig and the Binays of Makati.

Sen. Panfilo Lacson first proposed the construction of the expensive NSB in 2017 in the face of the need for more space and advanced facilities. The gigantic buildings were built in "preparation" of having 65 senators in line with the Duterte regime's then-pushed transition to a federal system of government.

## Mga sundalong nagtatayo ng kampo sa baryo, inisnayp ng BHB-Western Samar

Hunyo 15, 2024

Inisnayp ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang mga sundalo ng 87th IB na nagkakampo sa Sityo San Pedro, Barangay Poblacion 3, San Jose de Buan,

Western Samar noong Hunyo 9. Nagtatayo ng bakod sa loob ng sityo ang mga mga sundalo para sa plano nilang detatsment dito.

Napatay sa isnayp ang sundalong si Corporal Marvin Calvintos ng 87th IB. Pinaulanan ng mga Pulang mandirigma ng bala ang mga sundalo na nagresulta sa pagkasugat ng marami sa kanila.

“Ang pag-isnayp ay parte ng pagpaparusa ng BHB sa mga sundalong inirereklamo ng masa dahil sa mahaba nang listahan ng mga paglabag nito sa karapatang-tao ng mga taga-San Pedro,” ayon sa BHB-Western Samar.

Duwag na gumanti ang mga sundalo ng 87th IB at Task Force Storm ng 8th ID sa mga sibilyan at komunidad. Kinanyon nila ang mga bundok at bukid malapit sa naturang sityo na nagdulot ng ligalig sa mga magsasaka. Karamihan sa mga magsasaka ay hindi na nakapagsaka sa kanilang kaingin. Ang iba ay natulak na magbakwit sa takot na tamaan ng mga bomba.

Ang San Pedro ay militarisado na simula ng taong 2024. Naitala dito ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao.

Noong Pebrero, ninakaw ng mga nag-ooperasyong sundalo ang mga manok ng isang magsasaka. Ipinagtatapon naman ng mga sundalo ang bigas at mga palay ng isa pang magsasaka. Sa buwan ding iyon, isang magsasaka na nasa kanyang bukid ang tinangkang barilin ng isang sundalo.

Noon ding Marso, halos isang linggong pinagbawalan ng mga sundalo ang mga

magsasaka na pumunta sa kanilang bukirin pagkatapos na magkaron ng engkwentro ang BHB at mga elemento ng 87th IB sa Barangay Can-Aponte, San Jose de Buan.

Sa hatinggabi ng araw ng engkwentro, isang kabataan ang tinangkang dukutin ng mga sundalo sa duda nilang kasama siya sa mga naka-engkwentro. Napatunayan ng mga magulang na hindi kasama sa engkwentro ang naturang kabataan.

Samantala, tuluy-tuloy ang pagsisikap ng hukbong bayan na ipagtanggol ang masang magsasaka mula sa pag-atake ng mga sundalo. Naglunsad ng isnayp ang BHB-Western Samar laban sa kampo militar sa Barangay Santo Ñiño, Motiong noong Abril 3. Napatay dito ang isang sundalo at elemento ng CAFGU. Muling pinaputukan ng hukbong bayan ang kampo pagkatapos ng 30 minuto.

Noon namang Mayo 14, pinaputukan ng isang yunit ng BHB ang mga sundalo na nakakampo sa Barangay San Fernando, Jiabong.

Ang nasabing mga taktikal na opensiba ay bahagi ng pagtugon ng BHB-Western Samar sa panawagan ng Partido na pag-apuyin ang digmang bayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga kakayaning taktikal na opensiba para makapagpalakas at maiangat ang kakayahan ng mga Pulang kumander at mandirigma.

[English Translation]

## NPA-Western Samar snipes soldiers setting up camp in community

June 15, 2024

The New People's Army (NPA)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) fired at 87th IB soldiers encamped in Sityo San Pedro, Barangay Poblacion 3, San Jose de Buan, Western Samar on June 9. The soldiers were building a fence inside the sitio for their planned detachment.

The sniping killed 87th IB soldier Corporal Marvin Calvintos. Red fighters opened fire on the soldiers wounding many of them.

"The operation is part of the NPA's sanction against soldiers whom the masses complained about for their long list of human rights violations against the people of San Pedro," the NPA-Western Samar said.

The 87th IB soldiers and the 8th ID's Task Force Storm retaliated against civilians and communities. They shelled the mountains and farmfields near the said sitio, terrorizing the farmers. Most of the farmers were not able to work on their farms. Others were forced to evacuate for fear of being hit by artillery.

San Pedro has been militarized since 2024. A long list of human rights violations have been recorded in the area.

In February, operating soldiers stole a farmer's chickens. The soldiers threw away the rice and

seeds of another farmer. In the same month, a soldier tried to shoot a farmer in his farm.

Also in March, soldiers prohibited farmers from farming their fields for almost a week after the NPA and 87th IB elements clashed in Barangay Can-aponte, San Jose de Buan.

At midnight of the encounter, soldiers tried to abduct a young man they suspected was involved in the encounter, a charge his parents belied.

Meanwhile, the people's army continued its efforts to defend peasant masses from soldier attacks. The NPA-Western Samar launched a sniper against the military camp in Barangay Santo Ñiño, Motiong on April 3, killing a soldier and CAFGU element. The people's army opened fire on the camp again after 30 minutes.

On May 14, an NPA unit opened fire on soldiers camped in Barangay San Fernando, Jiabong.

The said tactical offensives are part of the NPA-Western Samar's response to the Party's call to keep the people's war ablaze by launching winable tactical offensive to strengthen and elevate the capabilities of the Red commanders and fighters.

## Pilipinas, isa pa rin sa pinakamasahol para sa mga manggagawa

Hunyo 15, 2024

Nananatiling isa sa pinakamapanganib na bansa para sa mga manggagawa ang Pilipinas sa taong 2024. Sa ikawalong taon, kabilang pa rin ito sa 10

bansa na pinakamasahol tumrato sa kanyang mga manggagawa. Sa ulat ng International Trade Union Confederation (ITUC) Global Rights Index 2024, nananatiling “5” (pinakamalala) ang grado ng Pilipinas, na nangangahulugan ng kawalan mga batayang karapatan ng paggawa.

“Patuloy na binibiktima ng Red-tagging, karahasan, pagdukot at arbitraryong pang-aaresto ang mga manggagawa at mga unyon sa Pilipinas,” deklara ng ITUC sa ulat na isinapubliko kamakailan. “Pinanatili ng gubyerno ang klima ng takot at pang-uusig, na sumisikil sa kolektibong boses ng mga manggagawa. Signipikante ang mga balakid sa mga manggagawa sa iba’t ibang sektor na nagtatangkang magtayo ng mga unyon.”

Tampok sa ulat ng ITUC ang pagpaslang kina Alex Dolorosa, organisador ng BPO Industry Employee Network (BIEN), at Jude Ferrnandez, beteranong organisador ng KMU.

Sa buong mundo, lumalala ang kalagayan ng mga manggagawa, kapwa sa usapin ng kanilang mga sahod, kundisyon sa paggawa at mga kagalingan at karapatan. Sa ulat ng ITUC, sikil ang karapatan sa pagpapahayag at malayang asembleya sa 43% (65) sa mga bansang saklaw ng pag-aaral nito (151), mas mataas sa 42% noong 2023. Kabilang sa may mararahas na rekord ang bansang Argentina at Zimbabwe.

Pahirapan ang pagtatayo ng mga unyon sa 74% ng mga bansa, at naitala ang pang-aaresto at detensyon sa mga manggagawa sa 74 na bansa. Ang karapatan sa pagwewelga ay nilabag sa 87%

ng mga bansa, at sa 75% ng mga bansang pinag-aralan, ipinagkait sa mga manggagawa ang karapatan sa pag-uunyon o pagsali sa isang unyon. Nananatiling mayorya (75%) sa mga bansa ang lumalabag sa karapatan sa kolektibong pakikipagtawaran o negosasyon, katulad noong nakaraang taon. Gayundin, nananatiling 65% ng mga manggagawa ang walang natatamong hustisya. Sa 44 na bansa, dumaranas ang mga manggagawa ng iba't ibang porma ng mararahas na pang-aatake.

Liban sa Pilipinas, binubuo ang "Top 10" ng pinakamasasahol na bansa ng Bangladesh, Belarus, Ecuador, Egypt, Eswatini, Guatemala, Myanmar, Tunisia, at Turkey.

### [English Translation]

## Philippines, still one of the worst for workers

June 15, 2024

The Philippines remains one of the most dangerous countries for workers in the year 2024. For the eighth year, it remains in the top 10 worst countries for workers. In the International Trade Union Confederation (ITUC) Global Rights Index 2024, the Philippines' retained its "5" grade, meaning the basic labor rights are lacking.

"Workers and unions in the Philippines remained at the mercy of red tagging, violence, abductions and arbitrary arrests," the ITUC declared in its recent report. The government fostered a climate of fear and persecution, silencing the collective

voice of workers. Workers across many sectors still faced significant obstacles when attempting to form trade unions.”

The ITUC report highlighted the murder of Alex Dolorosa, BPO Industry Employee Network (BIEN) organizer, and Jude Ferrnandez, veteran KMU organizer.

The situation of workers worldwide is deteriorating in all aspects: their wages, working conditions and benefits and rights. In the ITUC report, the right to expression and free assembly are repressed in 43% (65) of the countries covered by its study (151), up from 42% in 2023. Those with violent records include Argentina and Zimbabwe.

Unionizing is hampered in 74% of countries surveyed, and the arrest and detention of workers was recorded in 74 countries. The right to strike is violated in 87% of countries. In 75% of the countries studied, workers are denied the right to organize or join a union. The majority (75%) of countries still violate the right to collective bargaining or negotiation, the same as last year. Also, 65% of workers remain without access to justice. In 44 countries, workers suffer various forms of violent attacks.

Aside from the Philippines, the “Top 10” worst countries are Bangladesh, Belarus, Ecuador, Egypt, Eswatini, Guatemala, Myanmar, Tunisia, and Turkey.

## Dagdag na kaso, isinampa laban sa 6 na aktibistang inaresto sa rali noong Mayo Uno

Hunyo 16, 2024

Nagsampa ng karagdagang kasong kriminal ang mga tauhan ng Manila Police Disitrict (MPD) laban sa anim na aktibistang inaresto sa isang rali noong Mayo 1 malapit sa embahada ng US sa Maynila. Sinampahan ang mga aktibista ng kasong malicious mischief, dagdag sa dating mga kasong iligal na asembliya (paglabag sa Batas Pambansa 880) at direct assault.

Inaresto ang anim na kabataan noong Mayo 1 habang nagpuprotesta laban sa Balikatan war games. Pinagtulung-tulungan silang inaresto ng mga pulis, kinaladkad sa sasakyan nito at isang linggong ikinulong. Nakalaya lamang ang mga aktibista noong Mayo 7, matapos magbayad ng kabuuang pyansang ₱252,000.

Sa desisyon ng prosekyutor sa Maynila noong Mayo 28, isinampa sa kanila ang malicious mischief dahil sa paratang ng pagsira sa kagamitan ng mga pulis. Samantala, ibinasura nito ang reklamong disobedience laban sa anim.

Kinundena ng Defend CAMANAVA, alyansa ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, ang pagsasampa ng MPD ng tinawag nitong mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibista. Matatandaang inireklamo rin nila at ng iba pang mga grupo ang mabagal at sinasabi nilang sadyang pinatagal na pagproseso sa kaso at

petisyon para sa pyansa ng mga biktima noong Mayo.

Samantala, wala pang anunsyo ang mga grupo sa karapatang-tao kaugnay ng nauna nilang ipinahayag na planong pagsasampa ng kontra-asunto laban sa mga elemento ng pulis na sangkot sa marahas na pagbuwag sa protesta at piskalya na humawak ng kaso dahil sa sadyang pag-antala sa paglalabas ng resolusyon sa kaso.

Apat sa mga biktima ay mga estudyante mula sa University of the Philippines habang ang dalawa ay mga aktibista ng Anakbayan-South Caloocan at Defend CAMANAVA.

**[English Translation]**

## Police files additional charges against 6 activists arrested at the May 1 rally

June 16, 2024

Manila Police District (MPD) personnel filed additional criminal charges against six activists arrested during the May 1 rally near the US embassy in Manila. The activists were charged with malicious mischief, in addition to previous charges of illegal assembly (violation of Batas Pambansa 880) and direct assault.

Six youths were arrested on May 1 while protesting against the Balikatan war games. A throng of police arrested them, dragged them to their car and detained them for a week. The activists were only released on May 7, after paying a total bail of ₱252,000.

A Manila prosecutor’s decision on May 28 charged them with malicious mischief for allegedly destroying police equipment. Meanwhile, it dismissed the disobedience complaint against the six.

Defend CAMANAVA, an alliance of human rights defenders, condemned the MPD’s filing of what it called fabricated charges against activists. It can be recalled that they and other groups also complained about the prolonged and deliberately delayed processing of the case and the petition for bail of the victims in May.

Meanwhile, human rights groups have yet to announce their previously announced plans to file a counter-suit against police elements involved in violently dispersing the protest and the prosecutor who held the case for the deliberate delay in issuing a resolution.

Four of the victims are University of the Philippines students while the other two are Anakbayan-South Caloocan and Defend CAMANAVA activists.

## Demolisyon sa Quezon City, sinalubong ng protesta

Hunyo 16, 2024

Nagsagawa ng protesta ang mga residente ng King Christian St. sa Barangay Bagbag, Novaliches, Quezon City noong Hunyo 15 para tutulan ang isinasagawang iligal na demolisyon sa kanilang komunidad. Higit 50 indibidwal ang

maapektuhan ng demolisyon at pang-aagaw sa lupa ng isang nagpakilalang Roberto Collantes. Dumating kamakailan ang mga tauhan ni Collantes para simulan ang paggiba ng mga bahay gamit ang backhoe.

Halos dalawang dekada nang naninirahan ang mga residente sa lugar. Noong 2019, nagpakilala si Collantes sa mga residente at sinabing nabili niya ang lupang kinatitirikan ng mga bahay doon.

Sa protesta, idiniin ng mga residente na walang kahit anong batayan si Collantes para isagawa ang demolisyon at kamkamin ang lupa. Wala din umanong kahit anong atas ng korte na nagpapalayas sa kanila roon. Kinundena nila ang panlalansi sa mga residente na "kusang-loob" na umalis kapalit ng karampot na P36,000.

Pami-pamilya, kasama ang matatanda at mga bata, ang nakiisa sa kilos-protesta. Anila, labis na paghihirap ang kanilang pinagdaanan para sa pagpupundar ng kanilang bahay at kagamitan. "Ipaglaban ang ating karapatan…hindi tayo dapat tinatrato ng ganito…hindi makatao," pahayag ng lider ng Alyansa ng Mamamayan ng Bagbag.

Kagyat nilang panawagan ang pagtanggal sa backhoe sa kanilang komunidad. Iginigiit nila ang kanilang karapatan sa paninirahan at pagtatanggol sa kanilang buhay at kabuhayan. Nakiisa sa kanilang pagkilos ang mga aktibistang kabataang-estudyante mula sa Anakbayan-Novaliches.

“Nakikiisa ang Anakbayan Novaliches sa laban ng residente ng King Christian St at sa lahat ng maralitang lungsod sa Quezon City na humaharap ng banta ng demolisyon. Ito ay isang malaking iskema para iratsada ang kontra-mamamayang modernisasyon sa ating lipunan,” pahayag ng grupo.

Nagpahayag rin ng suporta sa laban ng mga maralita ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Quezon City.

**[English Translation]**

## Protest meet Quezon City demolition

June 16, 2024

Residents of King Christian St. in Barangay Bagbag, Novaliches, Quezon City on June 15 held a protest to oppose the ongoing illegal demolition in their community. The demolition and land grabbing by an identified Roberto Collantes affected more than 50 individuals. Collantes’ men recently began demolishing the houses using a backhoe.

Residents have been living in the area for almost two decades. In 2019, Collantes introduced himself to the residents and said that he bought the land where the houses stand.

In the protest, residents stressed that Collantes had no basis whatsoever to carry out the demolition and to seize the land. They also said that there is no court order for the eviction. They condemned him for deceiving the residents who

“voluntarily” left in exchange for a meager P36,000.

Families, including the elderly and children, joined the protest. They have undergone a lot of hardship to invest in their house and equipment. “Fight for our rights! We do not deserve this inhumane treatment,” the Bagbag Citizens’ Alliance leader said.

They urgently called for the removal of the backhoe in their community. They demand on their right for residence and defense of their lives and livelihood. Youth student activists from Anakbayan-Novaliches joined in their action.

“Anakbayan Novaliches is in solidarity with the fight of the resident of King Christian St and all the urban poor in Quezon City who face the threat of demolition. This is a big scheme to bring anti-people modernization to our society,” the group said.

The Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Quezon City also expressed support for the struggle of the poor.

## Mapanganib na disimpormasyon ng Pentagon kontra-Sinovac ng China, kinundena

Hunyo 16, 2024

Isiniwalat kamakailan sa isang espesyal na ulat ng Reuters ang sikretong kampanya na inilunsad ang militar ng US para ipalaganap sa Pilipinas ang disimpormasyong kontra sa bakunang gawang-

China noong panahon ng pandemyang Covid-19. Sa pamamagitan ng pekeng mga X account (dating Twitter), nagpalaganap ito ng duda at iba pang malisyosong impormasyon laban sa Sinovac, na noo'y tanging bakuna na meron sa Pilipinas.

Ang operasyon ay nakabalangkas ng sikretong kautusan na unang inilabas noong 2019 na naging daan para sa paglulunsad ng mga kampanyang propaganda ng militar ng US. Itinaas ng naturang kautusan ang pakikipaggirian ng US sa China at Russia sa prayoridad na "aktibong kombat," at binigyang-laya ang mga kumander na magsagawa ng psyops laban sa dalawang bansa. Inawtorisa ng Kongreso ng US ang militar nito na magsagawa ng pailalim na mga kampanyang psyops kahit sa mga bansang walang "aktibong armadong sigalot."

Sa imbestigasyon ng Reuters, natukoy nito ang 300 X accounts na nagdala ng hashtag na #Chinaangvirus at nagpalaganap ng disimpormasyon para siraan ang bakuna at iba pang mga protective equipment na gawang-China. Mayroon libu-libong follower ang mga akawnt na ito na nag-ulit-ulit sa mga disimpormasyon na lalong nagpatindi sa pagdadalawang-isip ng maraming Pilipino na magpabakuna. Naging laganap ang sentimyentong tanggihan ang Sinovac, at "maghintay" sa mga bakunang gawang-US. Noong maagang bahagi ng 2021, umabot sa Senado ang pagdududang ito, at sa pangunguna ng senador na si Risa Hontiveros, inobliga ang tagapagmanupaktura ng Sinovac na patunayan na "ligtas at epektibo" ito habang tumatangging maglabas ng pondo para rito.

Sa panahong iyon, patakaran ng US na hindi mag-eksport ng bakuna hanggang hindi natitiyak ang bakuna ng sarili nitong mamamayan. Laganap ang vaccine hoarding ng mayayamang bansa, na nagresulta sa kasalatan ng bakuna sa maraming bahagi ng mundo. Hinarang ng US maging ang pagluluwag sa mga patent ng malalaking kumpanya sa parmasiya, na magbibigay sana ng pagkakataon sa ibang bansa na magmanupaktura ng mga bakuna at pabilisin ang produksyon ng mga ito.

Sinimulan ang kampanya ng disimpormasyon sa ilalim ng rehimen ni Donald Trump at nagpatuloy sa kasalukuyang rehimen ni Joseph Biden. Mula Pilipinas, pinalawak ang kampanya sa Central Asia at Middle East kung sadyang pinalaganap ng US ang kasingungalingang naglalaman ng "pork gelatin" ang Sinovac para tanggihan ito ng mamamayan sa rehiyon. Isinagawa ang kampanya katuwang ang kontraktor na General Dynamics IT, subsidyaryo ng General Dynamics Corporation, isang kumpanyang nagmamanupaktura ng armas.

Mariing kinundena ng mga demokratikong organisasyon sa Pilipinas at mga eksperto sa kalusugang sa US ang sikretong kampanya na walang dudang nagsapanganib sa kalusugan ng milyun-milyong Pilipino at iba pang mamamayan.

"Malinaw na pangunahing tagapaglako ang US ng disimpormasyon, sa kabila ng mga pahayag nito, at ginawa ito kahit sa panahon ng krisis pangkalusugan kung kailan maraming buhay ang nasa panganib, at nangangailangan ng totoong impormasyon kaugnay sa mga bakuna," pahayag

ng Bagong Alyansang Makabayan. "Walang pakialam ang US sa buhay ng tao, at ang habol lamang nito ay makapanlamang sa mga karibal nito. Nakasusuka ang mga iniulat ng Reuters, lalupa't maaaring maraming buhay ang nawala dahil sa kampanyang disimpormasyon ng US."

Kung nagagawa ito ng US sa panahon ng pandemya, ano pa ang kaya nitong gawing operasyong psyops para lumikha ng upinyong paborable dito, tanong ng Bayan.

**[English Translation]**

## Democratic organizations condemn Pentagon for dangerous disinformation against China's Sinovac

June 16, 2024

A special Reuters report recently revealed the secret campaign launched by the US military to spread disinformation in the Philippines against the Chinese-made vaccine during the Covid-19 pandemic. Through fake X accounts (formerly Twitter), it spread doubt and other malicious information against Sinovac, which was then the only vaccine available in the Philippines.

The operation was carried out in line with a secret order first released in 2019 that paved the way for the launch of US military propaganda campaigns. The order elevated US confrontation with China and Russia to "active combat" priority, and unleashed commanders to conduct psyops against the two countries. The US Congress authorized its

military to conduct covert psyops campaigns even in countries without “active armed conflict.”

In an investigation by Reuters, it identified 300 X accounts that carried the hashtag #Chinaangvirus and spread disinformation to discredit the vaccine and other Chinese-made protective equipment. The thousands which followed these accounts repeatedly spread the disinformation that worsened vaccine hesitancy among Filipinos. Sentiment to reject Sinovac became widespread, and many opted to “wait” for US-made vaccines. In early 2021, this disinformation peaked at the Senate, and led by senator Risa Hontiveros, obliged the Sinovac manufacturer to prove that it was “safe and effective” while holding hostage the funds to buy the vaccines.

During this time, it was the US policy to hold exporting its vaccine until its own citizens had been vaccinated. Vaccine hoarding by rich countries was then rampant, resulting in vaccine shortage in many parts of the world. The US even blocked the relaxation of patents by big pharmaceutical companies, which would have given other countries the opportunity to manufacture vaccines and speed up their production.

The disinformation operations was started under the Donald Trump regime and continued into the current Joseph Biden regime. From the Philippines, operations expanded to Central Asia and the Middle East where the US deliberately spread the rumor that Sinovac contained “pork gelatin” so that the people in the region would

reject it. The campaign was carried out with contractor General Dynamics IT, a subsidiary of General Dynamics Corporation, an arms manufacturing company.

Democratic organizations in the Philippines and health experts in the US strongly condemned the clandestine operations that has undoubtedly endangered the health of millions of Filipinos and other citizens.

“It is clear that despite all its recent claims of countering disinformation, the US is the main purveyor of disinformation, doing the same even during a health crisis where lives were at risk and people required truthful information on vaccines,” Bagong Alyansang Makabayan said. “The US does not care for human life and only cares about how it can gain the upper hand over its rivals. It is quite disgusting to learn of the Reuters report, as lives may have been lost due to the US disinformation drive.”

If the US can do this during the pandemic, there’s no telling what other disinformation psyops it has engaged in to shape public opinion to its favor, Bayan asked.

## Buwan ng Pakikiisa sa mamamayan ng India kontra Operation Kagaar, idineklara ng PKP

Hunyo 17, 2024

Idineklara ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang Buwan ng

Pakikiisa sa mamamayang Indian sa paglaban sa pasistang Operation Kagaar at sa terorismo ng rehimeng Modi. Tugon ito ng Partido sa panawagan ng Communist Party of India (Maoist) noong Mayo para sa malawakang pagkilos at suporta laban sa naturang operasyon. Magsisimula ang Buwan ng Pakikiisa mula Hunyo 20 hanggang Hulyo 20.

Ang Operation Kagaar ay isang operasyong militar na ipinatutupad ng reaksyunaryong sentral at pang-estado na gubyerno ng India. Sinimulan itong ipatupad noong Enero sa bahagi ng Central India laban sa armadong pakikibaka na pinamumunuan ng CPI (Maoist). Bahagi ito ng mas masaklaw pang operasyong kontra-insurhensya na Operation SAMADHAN-Prahar na sinimulan noong 2017.

Simula Enero hanggang Mayo ngayong taon, hindi bababa sa 130 sibilyan at mga rebolusyonaryo ang ekstra-hudisyal na pinaslang sa ilalim ng operasyong ito.

Sa direktang salin, nangangahulugan ang salitang kagaar ng "katapusan." Ayon sa estado ng India, layunin nito na tuluyan nang wakasan ang armadonag rebolusyonaryong kilusan ng mamamayang Indian. Nakatuon ang operasyon sa Abujhmaad (Maad), isang mabundok at magubat na rehiyon sa timog ng estado ng Chhattisgarh, na sinsabing "kuta ng mga Maoista." Ito ay lantarang sinusuportahan at sinusulsulan ng mga monopolyo kapitalistang kumpanya at imperyalistang kapangyarihan.

“Tinatawagan ng Komite Sentral ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa at sambayanang Pilipino na ipamalas sa iba’t ibang paraan ang pagsuporta sa pakikibaka ng mamamayan ng India sa tumitinding brutal na gera ng panunupil at kampanyang kontra-insurhensya ng reaksyunaryong estado ng India,” pahayag ng pamunuan ng PKP.

Sa unang bugso ng Operation Kagaar noong Enero, pinakilos ng gubyerno ng India ang 10,000 pwersang paramilitar. Ang 3,000 dito ay mula pa sa ibang estado ng India para ibuhos sa Maad. Ipinakat sila sa anim na kampong paramilitar sa lugar. Sa gayon, mayroong tatlong paramilitar sa kada pitong lokal na residente sa lugar na iyon.

Tulad sa Pilipinas, kinatatangian ang operasyon ng papatinding paggamit ng malawakang pambobomba at pagtarget sa mga sibilyang komunidad. Binibigyang daan ng militarisasyon sa Maad ang pagpasok ng malalaking mga operasyong pagmimina, mga mapanirang dam at mga dayuhang korporasyon.

“May pagsasabwatan ang kapwa pasistang rehimen ni Modi at ni Marcos,” ayon sa Komite Sentral. Noong Abril 19 lamang, dumating sa Pilipinas ang unang bats ng BrahMos missile weapon systems mula sa India na nagkakahalagang $375 milyon o ₱18.9 bilyon at binayaran gamit ang pondo ng bayan. Ginagamit ang buwis ng mamamayang Pilipino para busugin ang malalaking kapitalistang gumagawa ng armas sa India at suportahan ang rehimeng sumusupil sa mamamayang Indian.

“Sa harap ng pasistang panunupil, nagpapatuloy ang pakikibaka ng mamamayang Indian at mamamayang Pilipino. Kapwa nila ipinamamalas ang kagitingan sa paglaban sa terorismo at pang-aapi, puno man ng pasakit at sakripisyo. Libu-libong kilometro man ang pagitan, ang pakikibaka ng masang Indian at masang Pilipino ay nagsisilbing inspirasyon sa bawat isa,” pahayag ng Komite Sentral.

Napakahalaga, ayon sa pamunuan ng Partido, na magkaisa ang mamamayan ng India at sambayanang Pilipino sa gitna ng mundong niyayanig ng mga gerang sinindihan, sinulsulan o sinusuportahan ng mga imperyalista upang isulong ang kanilang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. “Ang pagpapalaya ng kani-kanyang bansa mula sa imperyalistang pang-aapi at dominasyon ay magsisilbing hindi matatawarang ambag sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa kalayaan at sosyalismo,” pagtatapos ng Komite Sentral.

**[English Translation]**

## CPP declares Month of Solidarity with the people of India against Operation Kagaar

June 17, 2024

The Communist Party of the Philippines (CPP) Central Committee declared the Month of Solidarity with the Indian people in the fight against the fascist Operation Kagaar and the Modi regime’s terrorism. This is in response to the call

of the Communist Party of India (Maoist) in May for mass actions and support against the operation. The solidarity moth will run from June 20 to July 20.

Operation Kagaar is a military operation being implemented by the reactionary central and state governments of India. It was launched in January in Central India to suppress the armed struggle led by the Communist Party of India (Maoist). This is part of the broader counter-insurgency operation known as Operation SAMADHAN-Prahar, initiated in 2017.

From January to May this year, at least 130 civilians and revolutionaries were extrajudicially killed under this operation.

In direct translation, the word kagaar means "final." The Indian state said it aims to strategically end the armed revolutionary movement of the Indian people. The operation focused on Abujhmaad (Maad), a mountainous and forested region in the south of Chhattisgarh state, said to be a "Maoist stronghold." It is openly supported and encouraged by monopoly capitalist companies and imperialist powers.

"The Central Committee calls upon all revolutionary forces and the Filipino people to express in various ways their support for the Indian people's struggle against the heightening brutal war of suppression and counterinsurgency campaign of the reactionary Indian state," the CPP leadership stated.

In Operation Kagaar's initial salvo in January, the Indian government mobilized a 10,000-strong paramilitary force, 3,000 of which were poured in from other states into Maad. These forces were stationed in six paramilitary camps in the area, outnumbering local residents by a ratio of three to seven.

As in the Philippines, Operation Kagaar is characterized by intensified use of mass bombing and targeting of civilian communities. Militarization in the Maad allows the entry of large mining operations, destructive dams and foreign corporations.

"The fascist regimes of Modi and Marcos are in collusion with each other," the Central Committee said. Only on April 19, the first batch of BrahMos missile weapon systems arrived in the Philippines from India costing $375 million or ₱18.9 billion, all paid with public funds. The taxes of the Filipino people are used to satiate the big capitalist arms producers in India and to support the regime that oppresses the Indian people.

"In the face of fascist suppression, the struggle of the Indian people and the Filipino people continues. Both exemplify courage in fighting terrorism and oppression, even when it is fraught with difficulties and sacrifice. Although thousands of miles apart, the struggle of the Indian masses and the Filipino masses serves as an inspiration to one other," the Central Committee said.

According to the Party leadership, it is imperative that the people of India and the Filipino people

unite in the midst of a world shaken by wars ignited, instigated or supported by imperialists to advance their struggle for national freedom and democracy. “The liberation of their countries from imperialist oppression and domination would serve as an invaluable contribution to the global struggle against imperialism and for freedom and socialism,” concluded the Central Committee.

## Kabataang martir ng BHB-Masbate, pinarangalan

Hunyo 17, 2024

Pinarangalan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate (Jose Rapsing Command) ang mandirigma nitong si JR Compuesto (Ka Rio) na nabuwal sa isang depensibang labanan sa Barangay Tubog, Pio V. Corpuz, Masbate noong Hunyo 11. Limang sundalo ng umaatakeng yunit ng 2nd IB ang napaslang sa kontra-atake ng BHB-Masbate.

“Ipinanganak si Ka Rio sa baryong kanyang kinabuwalan. Sa murang edad, namulat siya sa totoong sitwasyon ng mga inaapi’t pinagsasamantalahan nang sinunog ng militar ang kanilang bahay,” pagbabahagi ni Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng yunit ng BHB sa prubinsya.

Tineyder pa lamang ay nagpasya na si Ka Rio na lisanin ang “buhay barkada” dahil nakita niya na sa armadong rebolusyon tunay na magagampanan ng kabataan ang pagiging pag-asa ng bayan.

Nagsilbi siyang upisyal sa edukasyon ng kanyang yunit na kinabilangan. “Tinitiyak niyang nabibigyan ng kumprehensibong pag-aaral ang kanyang mga kakolektiba, usapin man sa ideolohiya, pulitika at kahit sa literasiya,” dagdag ni Ka Luz.

Labis ang pagmamahal at pagkilala ng kanyang mga kababaryo at ng masang Masbatenyo kay Ka Rio, laluna ng mga kapwa kabataan. “Hindi malilimutan ng mga kasama ang tahimik, mahinahon at puno ng pag-asang si Ka Rio. Sa kabila ng kanyang bubot na karanasan sa armadong kilusan ay may mataas na diwa ng responsibilidad si Ka Rio,” ayon kay Ka Luz.

Ipinaabot ng BHB-Masbate ang kanilang pakikiramay sa pamilya, mga kaanak, kaibigan at iba pang nagmamahal kay Ka Rio. “Para sa kanyang mga magulang, dapat nating taas-noong ikarangal si Ka Rio bilang isang mabuting anak ng bayan. Hindi nasayang ang kanyang buhay bagkus, ang kanyang pag-aalay ng buhay para sa masang Masbatenyo ay ganap na katuparan ng ating mga pangarap para sa kanya. Namatay siyang bayani at lagi nating bubuhayin ang kanyang alaala bilang isang bayani,” pahayag ni Ka Luz.

### [English Translation]

## NPA-Masbate pays tribute to young martyr

June 17, 2024

The New People's Army (NPA)-Masbate (Jose Rapsing Command) honored its warrior JR Compuesto (Ka Rio) who was killed in a defensive battle in Barangay Tubog, Pio V. Corpuz, Masbate on June 11. Five soldiers of the attacking unit of the 2nd IB were killed in the counterattack.

"Ka Rio was born in the village where he died. At a young age, he became aware of the true situation of the oppressed and exploited when the military burned their house," Ka Luz del Mar, spokesperson of the NPA unit in the province, said.

As a teenager, Ka Rio decided to leave the "carefree life" because he saw the youth's true role as being the people's hope in the armed revolution.

He served as the education officer in his unit. "He made sure that his comrades were given a comprehensive education, be it in matters of ideology, politics and even literacy," Ka Luz added.

His townsfolk and the Masbatenyo masses, especially the young people, have a lot of love and respect for Ka Rio. "Comrades will never forget the quiet, calm and optimistic Ka Rio. Despite beng new in the armed movement, Ka Rio has a high sense of responsibility," Ka Luz said.

NPA-Masbate commiserates with the family, relatives, friends and others who love Ka Rio. "For his parents, we honor Ka Rio as a good son of the people. His life was not wasted, his sacrifice for

the Masbatenyo masses is the complete fulfillment of our dreams for him. He died a hero and his memory as a hero will always live in us," Ka Luz said.

## Panganganyon ng US at AFP sa Ilocos Norte at Zambales, kinundena

Hunyo 17, 2024

Kinundena ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Ilocos ang inilunsad na live-fire exercises at panganganyon ng tropang militar ng US at Pilipinas sa Burgos, Ilocos Norte at Zambales noong Hunyo 15. Ang war games ay bahagi ng inilulunsad na Marine Aviation Support Activity (MASA) 2024 na sinimulan noong Hunyo 3 at magtatapos sa Hunyo 21 sa pagitan ng US Marine Corps (USMC) at papet nitong Armed Forces of the Philippines (AFP).

Pinalalabas ng imperyalistang US na ang war games, at ang buong MASA 2024, ay para sa "mutwal na pagdepensa, pagpapalakas ng relasyon at pagsasanay ng lumilitaw na mga konsepto sa aviation" sa pagitan nito at ng militar ng Pilipinas. Pinasinungalingan ito ng Bayan-Ilocos at sinabing para lamang ito sa pagpapalakas ng presensya ng US sa Pilipinas at parte ng kaniyang pang-uupat ng gyera sa China.

"Malinaw na pagyurak sa soberanya ng bansa ang pagsusunud-sunuran ni Marcos sa US," pagdidiin pa ng grupo. Pinatutunayan rin lamang umano ni Marcos na hindi magkakaroon ng tunay na nagsasariling patakarang panlabas ang bansa

habang siya ang Presidente dahil sa pagiging tuta nito ng US.

Sa nasabing war games, muling nagpaputok ang Philippine Marines ng 105MM at 155MM Howitzer na nakatutok sa karagatang sakop ng Burgos at direktang nakaharap sa Taiwan Strait. Nagpalipad rin ang US ng apat na USMC F-35B Lightning II multi-role stealth fighters sa Zambales at nagsagwa ng air strike simulation target sa katubigan.

"Marapat lamang na kundenahin ang nangyaring military drill na ito. Ang mga nagpapatuloy na military exercises at pagpapasabog na ginagawa ng US at AFP ay malinaw na nagsisilbi para kantihin at udyukin ang China, hadlangan ang mga diplomatiko at mapayapang resolusyon, pataasin ang tensyon, at magpatuloy ang sigalot," ayon pa sa Bayan-Ilocos.

Malaking perwisyo rin umano ang war games sa kabuhayan ng mamamayan. Naiulat ang pagpapataw ng pagbabawal na mangisda sa ilang mga bayan ng Ilocos Norte at sa limang bayan sa Zambales. "Maliban rito, ganap na pagbalewala rin sa kalikasan ang mga nagpapatuloy na military exercises," dagdag ng Bayan-Ilocos.

Hindi bababa sa 2,200 tropang Amerikano mula sa US Marine Corps, US Army, US Special Forces at US Air Force ang nasa Pilipinas para sa MASA 2024. Samantala, 975 lamang na mga Pilipinong sundalo ang lumahok dito. Isinasagawa ang mga aktibidad ng MASA 2024 sa Batanes, Ilocos Norte,

Pampanga, Tarlac, Metro Manila, Cavite at Palawan.

Marami sa mga prubinsyang ito ay ang naging lunsaran rin ng mga war games ng 11,000 tropang militar ng US noong Abril hanggang Mayo sa isinagawang pinakamalaking Balikatan war games sa kasaysayan.

**[English Translation]**

## Group condemns US and AFP shelling in Ilocos Norte and Zambales

June 17, 2024

The Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Ilocos condemned US and Philippine military troops for the live-fire exercises and artillery shelling in Burgos, Ilocos Norte and Zambales on June 15. The war games are part of the Marine Aviation Support Activity (MASA) 2024 which started on June 3 and ends on June 21 between the US Marine Corps (USMC) and its puppet Armed Forces of the Philippines (AFP).

The imperialist US claims that the war games, and the entire MASA 2024, are for “mutual defense, strengthening of relations and training for emerging aviation concepts” between the two militaries. Bayan-Ilocos refuted this claim and said the war games only serve to strengthen the presence of the US in the Philippines and are part of its war provocations against China.

“Marcos’ servility to the US is a clear violation of the country’s sovereignty,” the group emphasized.

Marcos also proves that the country will not have a truly independent foreign policy while he is president due to his puppetry to the US.

In the said war games, the Philippine Marines again fired 105MM and 155MM Howitzers aimed at the waters of Burgos directly facing the Taiwan Strait. The US also flew four USMC F-35B Lightning II multi-role stealth fighters to Zambales and conducted an air strike simulation target in the waters.

"This ongoing military drill must be condemned. The ongoing military exercises and bombings by the US and the AFP clearly serve to push and provoke China, hinder diplomatic and peaceful resolutions, increase tensions, and perpetuate the conflict," Bayan-Ilocos said.

It said that war games are also a big disruption to the people's livelihood. Fishing bans were reported in several towns in Ilocos Norte and in five towns in Zambales. "Apart from this, the ongoing military exercises also completely disregard the environment," Bayan-Ilocos added.

At least 2,200 American troopers from the US Marine Corps, US Army, US Special Forces and US Air Force are in the Philippines for MASA 2024. Only 975 Filipino soldiers participated in the games. MASA 2024 activities are being conducted in Batanes, Ilocos Norte, Pampanga, Tarlac, Metro Manila, Cavite and Palawan.

Many of these provinces were also the staging grounds for war games by 11,000 US military

troops from April to May in the historically largest Balikatan war game.

## Tamang kabayaran at iba pang karapatan, naigiit ng mga manggagawa ng BMEG

Hunyo 17, 2024

Naigiit ng 104 manggagawa ng B-MEG, pagawaan sa Freeport Area of Bataan (FAB) sa Mariveles, Bataan, ang pagbibigay ng kanilang separation pay at backpay, at natulak ang pagre-remit ng kontribusyon sa SSS, Pag-ibig at PhilHealth, matapos ang dayalogo sa pagitan nila at ng labor agency na Delta 5 Manpower Agency. Makukuha nila ang mga kabayarang ito sa Hulyo.

Nagbigay-pugay ang Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB) sa tagumpay na ito ng mga manggagawa. “Pinatunayan ng mga manggagawa ng BMEG na kung magkakaisa ang lahat ng mga manggagawa ay walang hindi mapagtatagumpayan,” pahayag ng NMFAB. Unang inireklamo ng mga manggagawa ang pagkaantala ng kanilang sahod at iba pang karapatan noong huling linggo ng Mayo.

Tinanggal ng B-MEG ang Delta 5 Agency sa kanilang pagawaan dahil sa pagkakaantala sa sahod ng mga manggagawa. “Ang problema, dahil sa pagpasok ng bagong agency, pinag-aapply at pinagpapasa muli [ang mga manggagawa] ng biodata at mga requirements,” ayon sa NMFAB.

Bibigyan lamang sila nito ng anim na buwan na kontrata. “Puputulin nito ang length of service ng mga manggagawa sa loob ng pabrika,” paliwanag pa ng grupo.

Panawagan ng samahan ng mga manggagawa, dapat nang alisin ang mga “labor agency” sa B-MEG at sa buong bansa. Ang pag-iral ng mga agency at pagpapanatili sa mga manggagawa bilang kontraktwal ay paglabag sa karapatan sa katiyakan sa trabaho, nakabubuhay na sahod at iba mga karapatan sa paggawa.

Noong 2017, binigyan ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang mga labor agency ng awtoridad, sa bisa ng DOLE Department Order 174, na gawing regular ang mga manggagawa sa tabing ng pagpuksa sa “endo” o “end of contract.” Sa pamamagitan nito, inabswelto ng ahensya ang mga kapitalista sa obligasyon nilang gawing regular ang kanilang mga manggagawa.

“Kailangang nating ipaalala sa mga manggagawa na ang pagpasok ng panibagong agency sa loob ng BMEG ay hindi katiyakan sa trabaho kundi pagbibilanggo sa inyo bilang mga kontraktwal. Kahit na palitan ang agency, paulit-ulit nating sasapitin ang parehas o mas malalang problema, na ating naranasan,” pahayag ng NMFAB.

Tinatanggalan ng kontraktwalisasyon ang mga manggagawa ng karapatan sa pag-uunyon, at sa pakikipagtawaran para sa nakabubuhay na sahod at iba pang karapatan sa paggawa.

Sa harap nito, nanawagan ang NMFAB sa mga manggagawa ng B-MEG na itayo ang unyon sa loob ng pabrika. “Para hindi niyo na muling maranasan ang hirap sa loob ng mga agency, panahon na upang ipaglaban natin hanggang dulo na kilalanin kayo ng San Miguel Corporation bilang mga regular na trabahador,” anito

Ang pagawaan ng B-MEG sa Freeport Area of Bataan ay binuksan noong Marso 2018. Nagmamanupaktura ito ng mga produktong biopolymer o feeds (pakain sa mga alagang hayop) at araw-araw na gumagawa ng 20,000 50-kilong bag o nasa anim na milyong bag kada taon. Nabebenta ang 25-kilong feeds ng B-MEG sa halagang ₱1,500 hanggang ₱2,800 depende sa klase.

Pag-aari ang kumpanya ng San Miguel Pure Foods Company, isang subsidyaryo ng San Miguel Corporation na pinatatakbo ni Ramon Ang. Nagbuhos si Ang ng ₱60 bilyon sa pagtatayo ng B-MEG. Mayroong itong hindi bababa 25 planta sa buong bansa.

**[English Translation]**

## B-MEG workers demand proper compensation and other rights

June 17, 2024

The 104 workers B-MEG, a factory in the Freeport Area of Bataan (FAB) in Mariveles, Bataan, demanded being given their separation pay and backpay, and pushed for the remittance of contributions to SSS, Pag-ibig and PhilHealth,

after the dialogue between them and the labor agency Delta 5 Manpower Agency. They will get these payments in July.

The Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB) congratulated the workers for this victory. “The BMEG workers have proven that if all workers are united nothing is insurmountable,” NMFAB said. The workers first complained about the delay in their wages and other rights in the last week of May.

B-MEG dismissed the Delta 5 Agency from its factory due to the delay in workers’ wages. “The problem is, the entry of the new agency required workers to reapply and submit biodata and requirements,” NMFAB said.

It will only give them a six-month contract. “This will slice the workers’ tenure in the factory,” the group explained.

The workers’ association call for the comlete removal of labor agencies from B-MEG and nationwide. The prevalence of agencies and keeping workers as contractuals is a violation of the right to job security, living wage and other labor rights.

In 2017, the Department of Labor and Employment (DOLE) gave labor agencies the authority, by virtue of its Department Order 174, to regularize workers on the pretext of eliminating the “end of contract.” By this, the agency absolved the capitalists from their obligation to regularize their workers.

“We have to remind the workers that the entry of a new agency within BMEG does not secure employment but imprisons you as contractual workers. Even if the agency is replaced, we will suffer the same or worse problems again and again, which we experienced,” NMFAB stated.

Contractualization strips workers of the right to unionize, and to bargain for living wages and other labor rights.

Amid all this, NMFAB called on B-MEG workers to unionize in the factory. “For you to avoid experiencing the hardships in the agencies again, we have to fight now until such time the San Miguel Corporation recognize you as regular workers,” it said.

The B-MEG factory in the Bataan Freeport Area opened in March 2018. It manufactures biopolymer products or feeds (livestock feed) and daily produces 20,000 50-kilogram bags or about six million bags annually. B-MEG’s 25-kilogram feeds sell for ₱1,500 to ₱2,800 depending on the class.

The company is owned by San Miguel Pure Foods Company, a subsidiary of San Miguel Corporation run by Ramon Ang. Ang poured ₱60 billion into the construction of B-MEG. It has at least 25 plants across the country.

## Libu-libong mangingisda, nasalanta ng oil spill sa Aklan

Hunyo 18, 2024

Nasa 5,000 mangingisda at kanilang mga pamilya ang napinsalaan sa naganap na oil spill ng isang barge na nakadaong sa Metallica Shipyard sa Barangay Polo, New Washington, Aklan noong Mayo 26.

Nasira ang lalagyan ng krudo ng naturang barge na noo'y kinukumpuni sa daungan. Mabilis na kumalat ang langis mula Barangay Polo tungo sa mga sityo ng Malogo, Kamingawan, Lagatik sa Barangay Poblacion at sa Sityo Kamangahan sa Barangay Tambak. Pininsala nito ang Batan Estuary na kilala bilang mayamang pangisdaan at talabahan. Naganap ang pagtagas ng langis sa kasagsagan ng Bagyong Aghon.

Sa gitna ng sakuna, nanawagan ang Pamalakaya-Panay sa lokal na gubyerno na maglaan ng sapat na kumpensasyon sa mga apektadong mangingisda at magsagawa ng mga hakbang para pigilan ang dagdag pang pinsala sa kabuhayan ng mamamayan at karagatan sa New Washington.

Sa huling mga ulat, pansamantala pa ring ipinagbabawal ang pangingisda sa karagatan malapit sa Metallica Shipyard habang tinanggal na ang fishing ban sa Lagatik River.

**[English Translation]**

## Aklan oil spill impacts thousands of fisherfolk

June 18, 2024

About 5,000 fisherfolk and their families suffered damages in the oil spill of a barge docked at the

Metallica Shipyard in Barangay Polo, New Washington, Aklan on May 26.

The crude oil container of the barge that was being repaired at the port was damaged. The oil quickly spread from Barangay Polo to the sites of Malogo, Kamingawan, Lagatik in Barangay Poblacion and Sityo Kamangahan in Barangay Tambak. It damaged the Batan Estuary, known as a rich fishing and shellfish grounds. The oil spill occurred during the height of Typhoon Aghon.

Amid the disaster, Pamalakaya-Panay called on the local government to provide adequate compensation to the affected fisherfolk and take measures to prevent further damage to the people’s livelihood and the waters in New Washington.

Latest reports said fishing is still temporarily prohibited in the seas near the Metallica Shipyard while the fishing ban in the Lagatik River has been lifted.

## Bahay sa Bulacan ng lider-pesante ng KMP, nireyd ng militar at pulis

Hunyo 19, 2024

Nireyd at hinalughog ng mga sundalo ng 80th IB at pulis ang bahay ni Ronnie Manalo, pangkalahatang kalahim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at tagapagsalita ng Tanggol Magsasaka, sa Barangay San Roque, San Jose del Monte City sa Bulacan kahapon ng umaga, Hunyo 18. Sapilitang pinasok ng mga pwersa ng estado

ang bahay ni Manalo kahit walang tao. Pinalalabas ng militar at pulis na nakuha dito ang ripleng M16, isang shotgun, granada, laptop, at mga subersibong dokumento.

Kinundena ng mga grupo ng magsasaka at mga tagapagtanggol sa karapatang-tao ang iligal na reyd ng mga sundalo at pulis sa bahay ni Manalo. Anila, itinanim lamang ng mga pulis ang sinasabing ebidensyang armas at kagamitang nakuha sa bahay.

Bago nito, biktima na ng walang-tigil na Red-tagging, pananakot at intimidasyon mula sa mga pwersa ng estado si Manalo dahil sa kanyang paglaban sa pang-aagaw ng lupa ng mga Araneta sa kanilang lugar. Noong 2022, "inimbitahan" para sa isang "dayalogo" ang pamilya ni Manalo sa barangay hall. Kabilang din si Manalo sa grupo ng mga magsasaka na pinagbabaril ng mga maton ng Araneta Properties Inc. sa kinakamkam na lupa nito sa Sitio Ricafort, Barangay Tungkong Mangga.

Samantala, kasabay ng reyd ay nagbuhos ng halos 100 pinagsanib na pwersa ng mga sundalo at pulis sa Barangay San Roque, Barangay Paradise 3, at Barangay Tungkong Mangga. Labis na takot at pagkagambala sa kapayapaan at kabuhayan ang idinudulot nito sa mga komunidad ng magsasaka.

Simula pa 2018, militarisado na ang maraming mga barangay sa San Jose del Monte City. Nanatiling nakakampo ang mga sundalo sa mga sentro ng komunidad bilang bahagi ng sinasabing programang Community Organizing for Peace and

Development (COPD). Sa tulak ng mga operasyong ito, sapilitang pinapa-“clear” ng mga sundalo ang pangalan ng mga residente sa barangay at munisipyo sa mga kasong wala naman silang kinalaman. Noong 2022, kabilang sa mga ginipit din ng mga pwersa ng estado si Cecilia Rapiz, lider ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan (AMB).

Sa panibagong kaso ng paglabag sa karapatang-tao at reyd sa bahay ni Manalo, kaagad na nagtungo ang mga lider ng KMP, mga tagapagtanggol sa karapatang-tao at ACT Teachers Party-list representative France Castro sa upisina ng lokal na gubyerno ng San Jose del Monte para makipagdayalogo sa meyor ng syduad.

**[English Translation]**

## Military and police raid KMP peasant leader’s house in Bulacan

June 19, 2024

Police and 80th IB soldiers raided and ransacked the house of Ronnie Manalo, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) general secretary and Tanggol Magsasaka spokesperson, in Barangay San Roque, San Jose del Monte City in Bulacan yesterday morning, June 18. State forces forcibly entered Manalo’s house despite having no one inside it. Military and police falsely claim finding an M16 rifle, a shotgun, grenades, laptops, and subversive documents.

Peasant groups and human rights defenders condemned the illegal raid by soldiers and police

on Manalo’s house. They said the police only planted the evidence of weapons and equipment obtained from the house.

Prior to this, Manalo was a victim of state forces’ relentless Red-tagging, threats and intimidation because of his opposition to the Aranetas’ landgrab in their area. In 2022, Manalo’s family was “invited” for a “dialogue” at the barangay hall. Manalo is also among the group of farmers who were shot by thugs of Araneta Properties Inc. during a langgrab in Sitio Ricafort, Barangay Tungkong Mangga.

As the raid was being carried out, nearly 100 combined forces of soldiers and police poured into Barangay San Roque, Barangay Paradise 3, and Barangay Tungkong Mangga. They terrorized the farming communities and disrupted the peace and the residents’ livelihood.

Since 2018, many barangays in San Jose del Monte City have been militarized. Soldiers remained encamped in community centers as part of the so-called Community Organizing for Peace and Development (COPD) program. Under this program, soldiers forcefully carried out “clearing” the names of barangay and municipality residents for cases they have nothing to do with. In 2022, Cecilia Rapiz, leader of the Alliance of Farmers in Bulacan (AMB), was among the victims of state harassment.

In the new case of human rights violations and the raid on Manalo’s house, KMP leaders, human rights defenders and ACT Teachers Party-list

representative France Castro immediately went to the office of the local government of San Jose del Monte to hold a dialogue with the mayor of the city.

## Hatol sa 4 na pulis na sangkot sa Oplan Tokhang, ikinagalak ng pamilya at abugado

Hunyo 19, 2024

Ikinagalak ng pamilya at mga abugado ang hatol na "guilty" o napatunayang nagkasala laban sa apat na pulis na pumatay kina Luis at Gabriel Lois Bonifacio noong 2016. Ang pagpaslang sa dalawa ay kaugnay sa huwad na gera kontra-droga ng noo'y rehimeng Duterte. Tulad ng libu-libong pinaslang sa "gera" na ito, iginiit ng naturang mga pulis na "nanlaban" ang dalawa kaya sila pinaslang. Ang hatol ay pang-apat pa lamang sa libu-libong mga biktima sa gerang ito. Isinampa laban sa mga pulis ang kasong "homicide."

"Napakahaba na at mahirap ang daan tungo sa hustisya, na (resulta ng) pagpupunyagi ng pamilyang Bonifacio, kasama ang mga organisasyon at indibidwal na sumuporta sa kanila, at hindi dahil sa tunay na pagsisikap ng mga awtoridad," pahayag ng National Union of People's Lawyers-National Capital Region, ang grupo ng mga abugadong humawak sa kaso.

Ayon sa mga abugado, pinatunayan ng hatol na ang duguang kamay ng estado ang nasa likod ng Oplan Tokhang na pumatay sa libu-libong mahihirap. Gayunpaman, aapat na pulis na may

mababababang ranggo lamang ang saklaw ng hatol na ito.

Habang ikinalugod ng pamilya at mga abugado ang pagkapanalo ng kaso, batid nilang “footnote” o maliit na bahagi lamang ito sa madugong kampanya na “hindi pa natatapos” at dumarami pa ang mga biktima hanggang sa kasalukuyan.

Ayon sa dahas.ph, umaabot sa 639 kaso ng pamamaslang na may kaugnayan sa pagsugpo sa iligal na droga ang naitala mula nang maupo si Marcos Jr hanggang Abril 30. Noong Mayo, nadagdagan pa ito ng 32.

**[English Translation]**

## Family and lawyers welcome conviction of 4 policemen involved in Oplan Tokhang

June 19, 2024

The family and lawyers welcomed at the “guilty” verdict against the four policemen who killed Luis and Gabriel Lois Bonifacio in 2016. The killing of the two was related to the then Duterte regime’s bogus war on drugs. Like the thousands killed in this “war,” these policemen insist that the two “fought back” and were killed. The sentence is only the fourth in the face of thousands of victims in this war. They were charged with “homicide.”

“The road to justice has been very long and difficult, resulting from the efforts of the Bonifacio family, together with the organizations and individuals who supported them, and not because

of the genuine efforts of the authorities," according to the National Union of People's Lawyers-National Capital Region, the group of lawyers handling the case.

The lawyers said the verdict proved that the state's bloody hand was behind the Oplan Tokhang that killed thousands of the destitute. Still, it only covered four low-ranking policemen.

While the family and lawyers welcomed the case's victory, they know this is only a "footnote" or a small part in the bloody campaign that "is not even over" as the number of victims is still increasing.

According to dahas.ph, a total of 639 cases of killings related to the illegal drug trade was recorded since Marcos Jr took office until April 30. In May, it increased by 32.

## Meyor ng Angeles City, kinalampag ng mga dinemolis na residente ng Sityo Balubad

Hunyo 19, 2024

Muling nagsagawa ng protesta ang mga residente ng Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga sa harap ng Angeles City Hall kahapon, Hunyo 18, para igiit ang kanilang karapatan sa paninirahan. Napalayas sa Sityo Balubad ang mga residente matapos ang madugong demolisyon ng may 500 pinagsanib na mga pulis at maton ng Clark Hills Properties Corporation sa kinakamkam na 73-ektaryang lupa dito noong Marso 12.

Giniba sa demolisyon ang 535 kabahayan at sinira ang pananim ng mga magsasaka sa komunidad. Apektado nito ang tinatayang 2,000 residente.

Sa pahayag ng Anunas United Farmers, Settlers, Descendants Association (AUFSDA) kahapon, inalok ng lokal na gubyerno ng syudad ang mga napalayas na residente ng relokasyon sa bayan ng Magalang. “Ang alok na tatlong ektarya na relocation site sa Barangay San Ildefonso [sa Magalang], na halos nasa hangganan na ng Concepcion, Tarlac ay tila isang insulto at hindi makatao at hindi nakabubuhay para sa mamamayan ng Balubad,” anang grupo.

Bibigyan ang bawat apektadong residente ng isang 45 metro kwadradong lupa. Ayon sa grupo, “hindi ito sapat na kapalit ng lahat ng iligal na dinemolish sa dating lugar sa Sityo Balubad.”

Himutok nila, dalawang oras ang layo nito sa kanilang trabaho at kabuhayan na nasa Angeles City. Lubhang malayo rin ito sa mga eskwelahan at ospital at iba pang mga kinakailangang serbisyo. Hindi rin umano maayos ang mga daan dito at walang pampublikong mga sasakyan kundi mga traysikel na sumisingil ng ₱250 kada espesyal na byahe.

Hinamon ng AUFSDA ang meyor ng syudad na tiyakin ang kanilang karapatan sa paninirahan. Giit nila, “hindi ganitong klaseng alok kundi mas maayos, malapit sa aming kabuhayan, at higit sa lahat ay nakabubuhay” ang dapat ibigay sa kanila. Dagdag problema rin para sa kanila ang mga

manukan at babuyan sa palibot ng alok na relokasyon.

“Naniniwala ang mamamayan ng Sitio Balubad na ang mga ginagawa ng munisipyo (na pag-aasikaso sa mga napalayas) ay dapat niya lang na gawin para sa kanyang mamamayan,” ayon pa sa kanila. Nagkakamali umano ang lokal na gubyerno kung akala nito na papahupain ng alok nitong relokasyon ang isyu at mananahimik na ang mamamayan ng Balubad. Anila, hindi ito ang tatapos sa kanilang laban para bawiin ang 73-ektaryang lupaing marahas na inagaw ng Clarkhills.

**[English Translation]**

## Sitio Balubad demolished residents in face off with Angeles City Mayor

June 19, 2024

Residents of Sityo Balubad, Barangay Anunas, Angeles City, Pampanga again staged a protest before xcAngeles City Hall yesterday, June 18, to assert their right to housing. Residents were evicted from Sityo Balubad after the violent demolition by 500 joint policemen and goons of Clark Hills Properties Corporation in the seized 73-hectare last March 12.

The demolition, which destroyed 535 houses and destroyed the crops of farmers in the community, affected an estimated 2,000 residents.

In a statement by the Anunas United Farmers, Settlers, Descendants Association (AUFSDA)

yesterday, the city’s local government offered to relocate the evicted residents to Magalang. “The offer of a three-hectare relocation site in Barangay San Ildefonso [in Magalang], which is almost at the border of Concepcion, Tarlac, is an insult, and inhumane and unsustainable for the people of Balubad,” the group said.

Each affected resident will be given a 45 square meter plot of land. The group said “this is not enough to replace everything that was illegally demolished in the former area in Sityo Balubad.”

They pointed out that the relocation is two hours away from their work and livelihood in Angeles City. It is also very far from schools and hospitals and other necessary services. They also said that the roads there are not in good condition and there are no public transportation except tricycles that charge ₱250 per special trip.

AUFSDA challenged the city mayor to ensure their right to housing. They insist that they deserve “not this kind of offer but better, close to our livelihood, and most of all sustainable.” The poultry farms and piggeries around the offered relocation is an additional problem.

“The Sitio Balubad residents believe that it is the city’s rightful responsibility to take care of the evicted constituents,” they said. The local government is mistaken if it thinks that its relocation offer will resolve the issue and silence the Balubad people. This will not be the end of the struggle to reclaim the 73-hectare land violently seized by Clarkhills, they said.

## Pagbibitiw ni Duterte bilang DepEd secretary, ikinalugod ng mga guro

Hunyo 19, 2024

Malugod na tinanggap ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang pagbibitiw ni Vice President Sara Duterte bilang kalihim ng Department of Education ngayong araw, Hunyo 19. Nagbitiw din si Duterte bilang vice chairperson ng NTF-Elcac. Anang grupo, isa siyang “tinik” na natanggal sa kanilang lalamunan.

“Sa wakas ay nagresign na din sa DepEd si VP Sara, sana ay mas maaga niya ito ginawa para makapaglagay ng isang kalihim ng DepEd na galing talaga sa sektor ng edukasyon at alam ang kanyang ginagawa. Nasayang ang mahugit dalawang taon para ayusin agad ang education crisis sa bansa at benepisyo at sahod ng mga guro at education support personnel,” ayon kay Rep. France Castro ng ACT Teachers Partylist.

Umaasa ang ACT na mabubuwag na rin ang NTF-Elcac na walang iba kundi instrumento ng estado para sa paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan.

Batid ng mga guro na ang pagbibitiw ni Duterte sa gabinete ni Marcos ay bahagi ng papatinding girian sa pagitan ng dalawang kampo. Umaasa silang ang susunod na itatalaga sa kagawaran ay tunay na magsisilbi sa sektor ng edukasyon.

[English Translation]
## Teachers welcome Duterte’s resignation as DepEd secretary

June 19, 2024

The Alliance of Concerned Teachers (ACT) welcomed the resignation of Vice President Sara Duterte as secretary of the Department of Education today, June 19. Duterte also resigned as vice chairperson of NTF-Elcac. The group said she was a “thorn in the side.”

“VP Sara has finally resigned from DepEd. She should have done it earlier so that the appointment of a DepEd secretary who really comes from the education sector and knows what she is doing (could have been done). More than two years were wasted to immediately remedy the country’s education crisis and the benefits and wages of teachers and education support personnel,” Rep. France Castro of the ACT Teachers Partylist said.

ACT hopes that the NTF-Elcac will also be disbanded as it nothing more but the state’s instrument for violating people’s rights.

Teachers are aware that Duterte’s resignation from the Marcos cabinet is part of the intensifying rift between the two camps. They hope that the next appointee to the department will truly serve the education sector.

## Sistemang BRT na papatay sa tradisyunal na mga dyip, nakatakdang ilatag sa Iloilo

Hunyo 19, 2024

Inianunsyo ngayong Hunyo 19 ng meyor ng Iloilo City na si Jerry Treñas na "pinag-aaralan" na ng kanyang gubyerno ang "unsolicited proposal" ng First Balfour Inc para sa pagpopondo at operasyon ng sistemang bus-rapid transit (BRT) sa syudad. Kasunod ito ng pagpatupad sa syudad ng pwersahang konsolidasyon ng prangkisa ng mga tradisyunal na dyip, na pumatay sa maliliit na mga drayber at opereytor, at pagtatayo ng mga kooperatibang dominado ng mga kumpanya ng imported na minibus. Noong nakaraang linggo naman, ipinataw na sa syudad ang "enhanced" na Local Public Transport Route Plan, kung saan binawasan ang mga ruta ng mga tradisyunal na dyip na pumapasok sa syudad nang 60%.

Sa naturang "unsolicited proposal," inisyal na sasaklawin ng First Balfour ang mga ruta ng Diversion Road, at sa mga distrito ng Jaro at Arevalo gamit ang inisyal na 16 e-bus kada ruta. Tinatayang magkakahalaga ang buong proyekto ng ₱2.4 bilyon, kasama ang pagkukumpuni ng mga daan at paglalatag ng kinakailangang impraktura (waiting shed, automatic collection at iba pa) para gumana ang sistemang BRT sa syudad. Ang buong proyekto ay ipapaloob sa PPP (Public-Private Partnership) kung saan gagamitin ang pampublikong pondo para sa kinakailangan nitong imprastruktura.

Sa kasalukuyan, pinatatakbo ng First Balfour ang ilang e-bus na naghahatid-sunod ng mga pasahero sa loob ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminals 3 and 4. Buong iniimport ng kumpanya ang mga e-bus nito mula sa BYD (Build Your Dreams), isang kumpanyang Chinese.

Isa sa mga nagtulak sa paglalatag ng sistemang BRT sa Iloilo City at mga "first town" ang gubyerno at mga negosyante ng Sweden. Noong Hunyo 2023, pumirma ang Metro Iloilo-Guimaras Economic Development Council, National Economic Development Authority (NEDA), at Department of Transportation sa kasunduang isasagawa ng mga negosyanteng Swede ang isang "feasibility study" para sa sistemang BRT hindi lamang sa syudad, kundi pati sa Cabatuan, Leganes, Oton, San Miguel, Santa Barbara, at Zarraga. Pinondohan ang pag-aaral ng $1 bilyong grant mula sa Swedfund, ang institusyong pampinansya ng gubyerno ng Sweden.

Inilalako ng lokal na gubyerno ng Iloilo, mga negosyo ng Sweden, at ng First Balfour ang sistemang BRT bilang programa para sa "environmental sustainability" o pangangalaga sa kalikasan. Tulad sa mga sistemang BRT na itinutulak sa Davao, Cebu at ibang malalaking syudad, ipinangangalandakan ito bilang paglalatag ng "low-carbon urban transport system." Isa itong malaking kalokohan dahil halos lahat ng kuryenteng ginagamit sa Panay (91.9%) ay mula sa plantang coal-fired (58.2%) at diesel/bunker-fired (33.7%), mga mayor na

nagbubuga ng mga gas na nagdudulot ng pag-init ng planeta at climate change.

Ang First Balfour ay kumpanya sa konstruksyon ng pamilyang Lopez, isa sa pinakamalaking burgesyang komprador sa Pilipinas, at isa sa tatlong pinakamalalaking prodyuser ng kuryente ng bansa. Ang BYD naman ang pinakamalaking suplayer ng mga electric na sasakyan sa bansa sa kasalukuyan. Kabilang sa mga sinusuplayan nito ang Meralco at Ayala Corporation, mga kumpanyang aktibong nagtutulak para sa jeepney phasout at huwad na modernisasyon.

Noong Agosto 2022, pumasok ang BYD sa isang partnership sa Hedin Electric Mobility, isang kumpanyang Swede, na tumatayong pangunahing distribyutor ng mga e-vehicle nito sa Europe.

**[English Translation]**

## Iloilo government to build BRT system that will kill traditional jeepneys

June 19, 2024

Iloilo City mayor Jerry Treñas announced this June 19 that his government is “studying” the “unsolicited proposal” of First Balfour Inc for the funding and operation of the bus-rapid transit (BRT) system in the city. This follows the city’s implementation of the forced franchise consolidation of traditional jeepneys, which killed the livelihood of small drivers and operators, and the establishment of cooperatives dominated by imported minibus companies. Last week, the city imposed the “enhanced” Local Public Transport

Route Plan, which reduced the routes of traditional jeepneys entering the city by 60%.

The First Balfour's "unsolicited proposal" will initially cover the Diversion Road, and routes in Jaro and Arevalo districts with initial fleet of 16 e-buses per route. The entire project is estimated to cost ₱2.4 billion, including the repair of roads and the laying of the necessary infrastructure (waiting sheds, automatic collection and others) for the BRT system's city operations. The entire project will be subsumed in PPP (Public-Private Partnership) using public funds for its required infrastructure.

Currently, First Balfour operates several e-buses that shuttle passengers within the Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminals 3 and 4. The company imports its e-buses entirely from BYD (Build Your Dreams), a Chinese company.

One of the proponets for the deployment of the BRT system in Iloilo City and other "first towns" is the Swedish government and companies. In June 2023, the Metro Iloilo-Guimaras Economic Development Council, the National Economic Development Authority, and the Department of Transportation signed an agreement that Swedish companies will conduct a "feasibility study" for the BRT system not only in the city, but also in Cabatuan, Leganes, Oton, San Miguel, Santa Barbara, and Zarraga. The study was funded by a $1 billion grant from Swedfund, the Swedish government's financial institution.

The local government of Iloilo, Swedish businesses, and First Balfour are championing the BRT system in the guise of “environmental sustainability.” As with the BRT systems that are being pushed in Davao, Cebu and other big cities, it is being promoted as the deployment of a “low-carbon urban transport system.” This is a big joke because almost all the electricity used in Panay (91.9%) comes from coal-fired (58.2%) and diesel/bunker-fired (33.7%) plants, which emit gases that cause global warming and climate change the most.

First Balfour is a construction company owned by the Lopez family, one of the largest bourgeois compradors in the Philippines, and one of the country’s three largest electricity producers. BYD is currently the largest supplier of electric vehicles in the country. Among its clients are Meralco and Ayala Corporation, companies that are actively pushing for the jeepney phaseout and fake modernization.

In August 2022, BYD entered into a partnership with Hedin Electric Mobility, a Swedish company, which stands as the main distributor of its e-vehicles in Europe.

## Kabataang Pilipino, nagprotesta sa CHED sa kaarawan ni Rizal

Hunyo 20, 2024

Nagmartsa patungo sa upisina ng Commission on Higher Education (CHED) sa Quezon City ang mga grupo ng estudyante at kabataan noong Hunyo 19,

araw ng kapanganakan ni Dr. Jose Rizal. Dumalo sa kilos-protesta ang mga estudyante mula sa iba't ibang pampubliko at pribadong pamantasan sa Metro Manila.

Binatikos nila ang CHED sa kawalang kibo nito sa laganap na panggigipit at pagpapatahimik sa mga estudyante lalo sa kanilang karapatan na malayang mag-organisa, magpahayag, manamit at magsalita sa loob ng mga unibersidad.

"Bilang myembro ng National Task Forc-Elcac, [pinatutunayan ni] CHED Chair Popoy De Vera na bahagi ang CHED sa utos ni Marcos Jr sa pag-atake sa mga estudyante na kritikal sa krisis sa edukasyon," pahayag ng Kabataan Partylist.

Binalak ng kabataan na maghain ng pormal na ulat kaugnay ng mga kaso ng paglabag sa kanilang karapatan subalit hindi sila pinapasok sa ahensya sa pagdadahilang walang upisyal na maaaring tumanggap nito.

Samantala, hinamon ng Kabataan Partylist ang mga kabataan na makiisa sa laban ng mamamayang Pilipino para sa kanilang mga karapatan. "Mula sa halimbawa ni Gat Jose Rizal, ang tunay na pag-aaral ay matatagpuan sa pagsanib ng kabataan sa realidad ng kapwa inaaping Pilipino," dagdag ng partido ng kabataan.

[English Translation]
# Filipino youth protest at CHED on Rizal’s birthday

June 20, 2024

Students and youth groups marched to the office of the Commission on Higher Education (CHED) in Quezon City on June 19, the birthday of Dr. Jose Rizal. Students from various public and private universities in Metro Manila joined the protest.

They condemned CHED for its inaction in the widespread harassment and silencing of students especially in their right to freely organize, express, dress and speak within the universities.

“As a member of the National Task Force-Elcac, CHED Chair Popoy De Vera proves that CHED is part of Marcos Jr’s order to attack students who are critical of the education crisis,” Kabataan Partylist said.

The youth planned to file a formal report related to cases of violation of their rights but they were not allowed to enter the premises on the pretext that no official was on hand to receive their complaint.

Meanwhile, the Kabataan Partylist challenged the youth to join the fight of the Filipino people for their rights. “From the example of Gat Jose Rizal, true learning can be found the youth joining up with fellow oppressed Filipinos,” the youth party added.

## Mga manggagawa sa pyer ng Maynila, nagpiket

Hunyo 20, 2024

Nagpiket ang Unyon ng Manggagawa sa Harbour Centre noong Hunyo 18 sa harap ng upisina ng National Labor Relations Commission sa Quezon City kasabay ng muling pagbubukas ng kanilang kaso kaugnay ng iligal na tanggalan sa Harbour Centre Port Terminal, Inc. (HCPTI) noong 2020. Higit 370 manggagawa na tinanggal ng kumpanya ang hindi pa rin ibinabalik kahit iniatas na ito ng Korte Suprema noong Setyembre 2021.

Tinanggal ng HCPTI, pag-aari ng mga Romero, ang mga manggagawa noong 2020 sa pagdadahilang tapos na ang kontrata ng kumpanya sa labor agency na Grasials Corporation. Simula noon, ipinaglaban ng mga manggagawa ang kanilang karapatan at iginiit ang kanilang pagbalik sa trabaho.

Idinulog nila ang kanilang kaso sa Department of Labor and Employment hanggang Korte Suprema. Liban sa pagbabalik sa trabaho, ipinanawagan din ng unyon ang pagbibigay ng back pay o sahod mula sa panahong tinanggal sila.

Noong Nobyembre 2022, nakapagtayo ng kampuhan ang mga manggagawang tinanggal sa Road 10, Manila City para ipaglaban ang kanilang karapatan na maibalik sa trabaho. Marahas na binuwag ng mga maton at tauhan ng HCPTI ang kampuhan.

[English Translation]

# Manila pier workers hold picket at NLRC

June 20, 2024

The Unyon ng Manggagawa sa Harbour Centre picketed on June 18 before the office of the National Labor Relations Commission in Quezon City in conjunction with the reopening of their case related to the illegal layoffs at Harbor Center Port Terminal, Inc. (HCPTI) in 2020. More than 370 retrenched workers are still to be reinstated, despite a Supreme Court order in September 2021.

HCPTI, owned by the Romeros, fired workers in 2020 on the grounds that the company’s contract with labor agency Grasials Corporation had expired. Since then, workers have fought for their rights and demanded their reinstatement.

They filed their case to the Department of Labor and Employment up to the Supreme Court. In addition to reinstatement, the union also demand for back pay or wages from the time they were fired.

In November 2022, the fired workers setup a camp in Road 10, Manila City to fight for their right to be reinstated. The camp was violently dismantled by goons and HCPTI personnel.

## Palabas na engkwentro ng AFP sa Nueva Vizcaya, inilantad

Hunyo 20, 2024

Pinasinungalingan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pinalalabas ng 7th ID ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na engkwentro ng yunit nito sa hukbong bayan kaninang madaling araw sa Barangay Abuyo, Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya. Sa ulat ng BHB, hindi engkwentro kundi pambobomba at istraping sa mga sibilyang komunidad ang ginawa ng mga helikopter ng AFP.

Walong beses o higit pa ang ginawang pagbobomba habang sunud-sunod ang pagpapaputok ng dalawang attack helicopter. Gumamit din ang mga sundalo ng mga drone.

Anang BHB, ginawa ito ng AFP para bigyang katwiran ang militarisasyon at malawakang operasyong kombat na isasagawa nito sa naturang bayan at katabing mga bayan sa prubisnya ng Aurora.

Pagbibigay-daan ito sa mas mabilis na pagpapatupad ng mapangwasak na proyekto ng estado kabilang ang Aurora Pacific Economic Zone and Freeport Authority (APECO), pagtatayo ng military industrial hub, at paghuthot sa mga natural na rekurso ng Benham Rise sa katabing prubinsya ng Aurora.

Sa pahayag ng BHB-Aurora, sinabi nitong tiyak silang “palilitawin na naman ito ng AFP na bahagi

ng kanilang operasyong pagtugis sa BHB at resulta ng “pagsusuplong ng mga sibilyan.”

**[English Translation]**

## NPA-Aurora exposes AFP’s faked encounter in Nueva Vizcaya

June 20, 2024

The New People’s Army (NPA) refuted the claims of the 7th ID of the Armed Forces of the Philippines (AFP) having encountered the people’s army this morning in Barangay Abuyo, Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya. The NPA’s report said AFP helicopters did not engage in an encounter but bombed and strafed civilian communities.

Two attack helicopters fired successively and bombed eight or more times. The soldiers also used drones.

The NPA said the AFP did this to justify the militarization and massive combat operations it is about to carry out in said town and neighboring towns in the province of Aurora.

This will allow for the faster implementation of devastating state projects including the Aurora Pacific Economic Zone and Freeport Authority (APECO), the construction of a military industrial hub, and the plunder of the Benham Rise’s natural resources in province of Aurora.

The NPA-Aurora statement expressed its certainty that “the AFP will again claim this as part of their NPA pursuit operations and a response to “civilians reporting.”

## Protesta kontra mataas na presyo ng bigas, isinagawa sa palengke sa Quezon City

Hunyo 20, 2024

Naglunsad ng protesta sa Litex Public Market sa Quezon City ang grupo ng mga magsasaka at maralitang lunsod noong Hunyo 18 para batikusin ang napakataas na presyo ng bigas at iba pang mga batayang pangangailangan ng mamamayan. Isinagawa ang pagkilos bilang paghahanda sa paparating na ika-3 taon sa poder ni Ferdinand Marcos Jr. Lumahok dito ang Amihan National Federation of Peasant Women, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Bantay Bigas at Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay).

Ayon sa Kadamay, napakalayo ng karaniwang P55-P60 kada kilong presyo ng bigas sa merkado sa pangako ng rehimen na P20 kada kilo ng bigas. Walang awat ang pagtaas ng presyo, sa kabila ng todo-todong liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas, na sinasabi ng rehimen na magpapababa ng presyo.

Sa ilalim ng Rice Liberalization Law at iba pang neoliberal na mga patakaran, bumuhos sa bansa ang 3.2 milyong metriko toneladang imported na bigas noong 2023. Katumbas ito ng 4.9 milyong metriko toneladang palay na malaking kita sana para sa lokal na mga magsasaka kung dito binili.

"Kung sinuportahan ng gubyerno ang mga magsasaka at pinalakas ang lokal na produksyon, lumikha pa sana ito ng bilyun-bilyong pisong

halaga na mapapakinabangan ng mga magsasaka at mga maralita sa kanayunan. Sa ngayon, niratsada pa ang taripa ng imported na bigas na mas lalong papatay sa lokal na industriya," pahayag ni Zen Soriano, tagapangulo ng Amihan.

Ngayong taon, inaasahang bubuhos ang aabot sa 4.6 milyong metriko tonelada ng imported na bigas sa bansa.

"Dahil tuta ng imperyalismo si Marcos, mas pinili niyang magtambak ng imported na bigas sa bansa, pabagsakin ang kabuhayan ng mga magsasaka, at ang self-sufficiency at food security ng sambayanang Pilipino," dagdag ni Soriano.

Giit nila, sa pagpapatupad lamang ng tunay na reporma sa lupa, pagbibigay ng makatarungang subsidyo sa produksyon at sapat na mga pasilidad para sa mga magsasaka makakamit ang seguridad sa pagkain ng Pilipinas.

**[English Translation]**

## Groups hold protest against high price of rice in Quezon City market

June 20, 2024

Farmer and urban poor groups launched a protest at the Litex Public Market in Quezon City on June 18 to denounce the exorbitant prices of rice and other basic needs of the people. The action was held ahead on Ferdinand Marcos Jr's 3rd year in power. The Amihan National Federation of Peasant Women, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), Bantay Bigas and Kalipunan ng

Damayang Mahihirap (Kadamay) participated in the protest.

Kadamay said the usual P55-P60 per kilo market price of rice is far from the regime’s promise of P20 per kilo rice. The increase in prices is unrestrained, despite the all-out liberalization of rice imports, which the regime says will lower prices.

Under the Rice Liberalization Law and other neoliberal policies, 3.2 million metric tons of imported rice poured into the country by 2023. This is equivalent to 4.9 million metric tons of rice that would have been a huge income for local farmers if purchased here.

“Had the government supported the farmers and boosted local production, it would have generated billions of pesos benefiting the farmers and the rural poor. Right now, the tariff reduction on imported rice being railroaded [in Congress] will further kill the local industry,” Zen Soriano, chairman of Amihan, said.

This year, up to 4.6 million metric tons of imported rice is expected to pour into the country.

“Since Marcos is an imperialist puppet, he preferred to stock on imported rice, destroy the livelihood of farmers, and the self-sufficiency and food security of the Filipino people,” Soriano added.

They assert that only by implementing genuine land reform, providing just production subsidies

and adequate facilities for farmers can the food security of the Philippines be achieved.

## Pwersahang pagpaparehistro ng SIM, dahilan ng pagdami ng scam

Hunyo 20, 2024

Nagprotesta sa harap ng upisina National Telecommunications Commission ang mga tagapagtanggol ng digital rights sa ilalim Junk SIM Registration Network (JSRN) ngayong araw, Hunyo 20, para muling ipanawagan ang pagbabasura sa SIM Registration Act at singilin si Ferdinand Marcos sa dumaraming scam sa Pilipinas.

Ayon sa grupo, dumarami ang scammers dahil mismo sa batas at hindi dahil sa "mahinang implementasyon nito." Ito ang pahayag ng JSRN matapos aminin ng National Telecommunications Commission na ang sim registration ay hindi "silver bullet" o garantisadong solusyon sa mabilis at epektibong masawata ang text scamming at ibang cybercrime. Muling tumampok ang kawalang-silbi ng SIM Reg Act nang makumpsika ang libu-libong SIM card at cellphone sa mga upisina ng Philippine offshore gaming operator o POGO na pinaniniwalaang ginagamit sa mga iba't ibang tipo ng scam.

Ayon kay Jenna Rodriguez ng JSRN, ang pagdami ng scam ay natural na kahihinatnan ng SIM Registration Act. "Ang pagdami ng scam ay nasa disenyo nito," aniya. "Mula't sapul, maling solusyon ang SIM Registration Act na nagpadali

lamang sa mga scammer na samantalhin ang mga butas at makakuha ng sensitibong mga impormasyon."

"Itinatago ng SIM registration ang mapanlinlang na identity (pagkakakilanlan) ng mga scammer," ayon kay Rodriguez. "Sa pamamagitan ng pagrerehistro ng SIM card gamit ang mga peke at nakaw na identidad, mas madaling palabasing lehitimo ang mga scammer at mas madali nilang naloloko ang di nagdududang mga indibidwal."

Liban dito, lumikha ang SIM Reg Act ng malalawak na database ng mga pribadong detalye ng milyun-milyong Pilipino na nagiging target ng mga cyber attack. "Ang mga database na ito, kasabay ng iresponsableng pangangalaga ng mga datos dito ng gubyerno, katulad ng maraming pagkakataon ng mga data leak at breach, ay isang problemang sasabog at magiging pabigat sa mga Pilipino at seguridad," aniya.

Binatikos ng grupo si Ferdinand Marcos Jr, na ginawang prayoridad ang panukala at nagsabatas sa pwersahang pagpaparehistro. "Dapat ibunton ang sisi kay Marcos sa pagtutulak niya sa inutil na batas na ito," ayon kay Rodriguez. "Dapat itong agad na ibasura. Dapat maprotektahan ang mga digital rights. Ang gubyerno ni Marcos, laluna ang NTC, ay dapat managot sa pagdami ng mga scam at data breach."

Dagdag sa pagbasura ng SIM Reg Act, giit rin ng mga grupong nagtatanggol sa pribasiya at digital rights ang kagyat na pagbubura ng masasaklaw na personal na datos na nasa kamay ng mga

ahensya sa seguridad ng estado at mga pribadong kumpanya sa telekomunikasyon.

**[English Translation]**

## Forced SIM registration causes rise in scams

June 20, 2024

Digital rights defenders under the Junk SIM Registration Network (JSRN) protested before the National Telecommunications Commission office today, June 20, to once again call for the repeal of the SIM Registration Act and to hold Ferdinand Marcos accountable for the increasing number of scams in the Philippines.

The group said scammers are increasing because of the law itself and not because of its “weak implementation.” This is JSRN’s statement after the National Telecommunications Commission admitted that SIM registration is not a “silver bullet” or a guaranteed solution to quickly and effectively combat text scamming and other cybercrimes. The inutility of the SIM Reg Act was again highlighted when thousands of SIM cards and cellphones believed to be used in various types of scams were confiscated from the offices of the Philippine offshore gaming operator or POGO.

Jenna Rodriguez of JSRN said the increase in scams is a natural consequence of the SIM Registration Act. “The increase in scams is by design,” she said. “From the start, SIM registration was a false solution that has made it

easier for scammers to exploit loopholes and access sensitive information."

"SIM registration further hides the deceptive identity of scammers," she said. "By registering their SIM cards under fake or stolen identities, scammers can appear legitimate, making it easier for them to deceive unsuspecting individuals."

Apart from this, the SIM Reg Act has created vast databases of private details of millions of Filipinos, which then become targets of cyber attacks. "These databases, coupled with the government's irresponsible handling of public data, as evidenced by various instances of data leaks and breaches, is a ticking time bomb that will ultimately be a burden for Filipinos and our national security," she said.

The group condemned Ferdinand Marcos Jr, who made the proposal a priority and enacted the compulsory registration. "The blame falls on Marcos for pushing this ineffective law," Rodriguez said. "It must be immediately repealed. Our digital rights must be protected. The Marcos government, particularly the NTC, must be held accountable for the rise in scams and data breaches."

In addition to the repeal of the SIM Reg Act, privacy defense and digital rights groups also demand the immediate erasure of extensive personal data in the hands of state security agencies and private telecommunications companies.

## Terorismo ng AFP sa Aurora, nagpapatuloy

Hunyo 20, 2024

Isinusuka ng mamamayan ng Aurora ang mga pwersang militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa nagpapatuloy na teroristang operasyong kombat nito sa nagdaang buwan. Simula Mayo 20, walang-tigil ang mga operasyon nito sa mga barangay ng Maria Aurora at Dipaculao. Humihimpil sila sa mga barangay hall at eskwelahan sa gitna ng mga sibilyang populasyon, na tahasang paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Ginagamit na pagdadahilan ng AFP ang naganap na ilang minutong mga labanan sa pagitan nito at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Aurora noong Mayo 20, 21 at 28 para manatili sa mga komunidad.

Nakakampo sila ngayon sa mismong day care center, barangay hall at eskwelahan ng barangay Wenceslao, San Joaquin, Baubo, Bazal, Diaat, at Cadayakan, sa Maria Aurora, at sa Diamanin, Toytoyan, Puangi, at Salay sa Dipaculao. Itinayo nilang muli ang kampo ng CAFGU sa Dibutunan, sa Dipaculao. Pati ang baybaying baryo at kapatagan ng San Luis ay hinimpilan na din ng mga pasistang sundalo.

Walang-lubay din ang sapilitang pagpapapulong ng mga sundalo at pulis sa mga residente. Pinagbawalan ang masa na pumunta sa bundok, o sa kanilang mga sakahan sa labas ng baryo.

Nagpakana pa ang mga sundalo ng pamimigay ng mga “stub” na katumbas ng ayudang pagkain sa Department of Social Welfare and Development. Ginagamit ito para kunin ang mga personal na detalye at numero sa selpon ng mga residente para sa kanilang paniktik.

Isinasama rin ng mga sundalo ang mga sibilyan sa kanilang operasyong kombat para magsilbing giya. “Hindi kami makatanggi. Sigurado daw kasi na hindi sila maambus ng NPA pag may kasama silang sibilyan,” pagbabahagi ng isang tanod na nakapanayam ng Pulang Silangan, rebolusyonaryong pahayang masa sa East Central Luzon.

Inirereklamo rin ng mga residente ang kaguluhang hatid ng mga sundalo. Nangunguna ang mga ito sa paglalasing, pambabastos sa kababaihan at matatanda, paninindak, at pag-aakusa ng kung anu-anong kaso sa mga sibilyan.

**[English Translation]**

## AFP’s terrorism in Aurora continues

June 20, 2024

The people of Aurora despise the Armed Forces of the Philippines (AFP) for its terrorist ongoing combat operation since the past month. Since May 20, its operations have been relentless in the barangays of Maria Aurora and Dipaculao. They camped in barangay halls and schools in the middle of the civilian population, in flagrant violation of international humanitarian law.

To stay in the communities, the AFP is using as excuse the few minutes of battles it encountered with the New People's Army (NPA)-Aurora on May 20, 21 and 28.

They are now camped at the day care centers, barangay halls and schools of barangay Wenceslao, San Joaquin, Baubo, Bazal, Diaat, and Cadayan, in Maria Aurora, and in Diamanin, Toytoyan, Puangi, and Salay in Dipaculao. They rebuilt the CAFGU camp in Dibutunan, Dipaculao. Even the coastal villages and plains of San Luis were also garrisoned by fascist soldiers.

Soldiers and police also forcibly summon residents relentlessly. The masses were forbidden to go to the mountains, or to their farms outside the village. The soldiers even attempted to distribute "stubs" in exchange for food aid of the Department of Social Welfare and Development. They use these to obtain personal details and mobile phone numbers of residents for their intelligence.

Soldiers also drag civilians in their combat operations to serve as guides. "We cannot refuse. They said they are assured the NPA will not ambush them if they are accompanied by a civilian," a barangay tanod shared when interviewed by Pulang Silangan, a revolutionary mass newspaper in East Central Luzon.

Residents also complain about the disorder brought by the soldiers. They lead in drunkenness, insult women and the elderly, intimidate, and accuse civilians of various charges.

## ₱750 dagdag sahod, petisyon ng mga pribadong manggagawang pangkalusugan sa NCR

Hunyo 20, 2024

Naghain ng petisyon ang mga lider-unyonista at manggagawang pangkalusugan ng Private Healthcare Workers Network (PHWN) sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board-National Capital Region (RTWPB-NCR) noong Hunyo 18 para igiit ang ₱750 dagdag sahod sa rehiyon. Nais nilang ilapit sa nakabubuhay na sahod na ₱1,197 ang kasalukuyang ₱610 minimum na sahod sa rehiyon.

Kabilang sa mga nagpetisyon ang mga unyon mula sa St. Luke's Medical Center Quezon City at Bonifacio Global City sa Taguig City, Manila Doctors Hospital, at The Medical City.

"Ang tunay na halaga ng NCR minimum wage ay nasa P503 lamang kumpara sa presyo ng mga bilihin noong 2018," pahayag ni Jao Clumia, pangulo ng St. Luke's Medical Center Employees Association Quezon City. Aniya, napakalayo nito sa halaga ng nakabubuhay na sahod sa rehiyon at nangangahulugan na "kailangang dalawa sa pamilya ang magtrabaho upang hindi maging sobrang dausdos ang pamumuhay."

"Hinahamon namin ang NCR wage board," ayon kay Clumia. Pagkakataon umano ito ng ahensya para patunayan na nagkakamali ang mga manggagawang pangkalusugan sa pag-iisip na

walang pakialam ang gubyerno sa dinaranas na hirap ng mga manggagawa sa rehiyon.

Sa kabila ng mas mataas na sahod nang tinatanggap ng mga manggagawang pangkalusugan sa pribadong ospital dahil sa kanilang mga collective baragaining agreement (CBA), ipinahayag ng pangulo ng unyon sa The Medical City na si Dennis Memoracion na inihain nila ang petisyon dahil “obligasyon ng mga [unyonisado] na ipaglaban ang mga [walang unyon] na walang kalaban-laban sa pang-aabuso ng kapital.” Aniya, “ang laban ng isa ay laban ng lahat!”

Ipinanawagan din nila ang pagbuwag sa kasalukuyang umiiral na iba’t ibang antas ng sahod sa mga prubinsya at rehiyon. “Tatlo at kalahating dekada na mula nang isinabatas ang Wage Rationalization Act. [Sa mga taong ito], sa lahat ng mga atas ng pagtataas ng sahod sa buong bansa, laging inuuna ng mga wage board ang “kakayahan ng mga employer na magbayad” imbes na ang kinakailangang nakabubuhay na sahod [ng manggagawa],” ayon kay Ronald Millano ng Manila Doctors Hospital Employees Association. Giit nilang gawing pantay-pantay at itaas ang sahod sa buong bansa.

**[English Translation]**

## Private health workers in NCR petition for ₱750 salary increase

June 20, 2024

Union leaders and health workers of the Private Healthcare Workers Network (PHWN) filed a petition before the Regional Tripartite Wages and Productivity Board-National Capital Region (RTWPB-NCR) on June 18 to demand a ₱750 wage increase in the region. They want to bring the current ₱610 minimum wage in the region closer to a living wage of ₱1,197.

Among the petitioners are unions from St. Luke’s Medical Center Quezon City and Bonifacio Global City in Taguig City, Manila Doctors Hospital, and The Medical City.

“The real value of the NCR minimum wage is only ₱503 compared to the price of goods in 2018,” Jao Clumia, president of St. Luke’s Medical Center Employees Association Quezon City, said. He said this is far from the cost of a living wage in the region and “requires two people in the family to work so that living conditions are not too miserable.”

“We are challenging the NCR wage board,” Clumia said. This is the agency’s opportunity to prove that health workers are wrong in thinking that the government disregards the suffering of workers in the region.

Despite the higher wages already received by health workers in private hospitals due to their collective bargaining agreements (CBA), the Medical City union president Dennis Memoracion stated that they filed the petition because “ [unionized] workers have the obligation to fight for the [unionless] who are defenseless against the

abuses of capital." He said, "one's fight is everyone's fight!"

They also called for the abolition of the currently existing different levels of wages in the provinces and regions. "It has been three and a half decades since the Wage Rationalization Act was enacted. [During these years], in all its wage orders across the country, regional wage boards always consider "employers' capacity to pay" rather than the most conservative estimate of the living wage [of the worker]," Ronald Millano of the Manila Doctors Hospital Employees Association said. They insist on levelling and raising wages throughout the country.

## Panggigipit ng AFP sa mangingisdang tumindig laban sa China, binweltahan

Hunyo 21, 2024

Kinundena ng grupong Pamalakaya ang intimidasyon ng Armed Forces of the Philippines sa grupo ng mga mangingisda sa Zambales na nagsagawa ng kolektibong pangingisda bilang protesta sa pag-angkin ng China sa mga pangisdaang bahagi ng West Philippine Sea noong nakaraang buwan. Sa isang ulat, isinasalay ni Joey Marabe, kalihim ng Panatag Fisherfolk Association (Panatag), na isinasailalim ang mga myembro ng kanilang organisasyon sa sarbeylans ng militar matapos nilang isinagawa ang kolektibong pangingisda, kasama ang Pamalakaya at mga tagasuporta nito, noong Mayo 30-31.

Isa-isa silang “binisita” ng nagpakilalang mga sundalo ng 69th IB at kinuha ang kanilang mga impormasyon at pangalan ng mga kasama nila sa Pamalakaya. Isa rito si Julius Ecijan, presidente ng Panatag, na “binisita” ng militar noong Hunyo 1, at muli noong Hunyo 13. Sa pakikipag-usap sa mga mangingisda, nagpakita ang mga sundalo ng mga litrato ng mga myembro ng Pamalakaya na inakusahan nilang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

“Bakit tinatakot ng militar ang mga mangingisdang Pilipino na tumindig laban sa dayuhang panghihimasok sa West PHilippine Sea?” tanong ng Pamalakaya. Ginigipit na nga sila ng mga dayuhan, laluna ng Chinese Coast Guard na nagtataboy sa kanila sa teritoryong dagat ng Pilipinas, pinagbabantaan pa sila ng mga lokal na awtoridad.

“Repleksyon ito ng paninindigan ng administrasyong Marcos, na mas pinipiling patahimikin ang mga mangigisda, kaysa hayaan silang tanganin ang kanilang patriyotikong tungkulin na ipagtanggol ang ating soberanya at teritoryal na integridad,” anila.

Walang papel ang militar sa mga aktibidad ng grupo, ayon sa Pamalakaya. Mas lalong mali ang pang-rered-tag sa Pamalakaya na inaakusahan ng mga sundalo “nagsasamantala sa sitwasyon.”

“Walang nagsasamantala sa mga mangingisda kung ang mga dayuhan na nang-aagaw sa mga pangisdaan, at ang mga lokal na awtoridad na

gusto silang patahimihikin at pigilan na sumali sa mga progresibong organisasyon."

**[English Translation]**

## Fisherfolk who stood against China lambast AFP harassment

June 21, 2024

The Pamalakaya group condemned the Armed Forces of the Philippines for intimidating a group of fisherfolk in Zambales who conducted a collective fishing protest against China's claim to fishing grounds in the West Philippine Sea last month. In a report, Joey Marabe, secretary of the Panatag Fisherfolk Association (Panatag), stated that the military surveilled members of their organization after they conducted collective fishing, together with Pamalakaya and its supporters, on May 30-31 .

The identified 69th IB soldiers "visited" them one by one and took their information and the names of their Pamalakaya comrades. One of them was Julius Ecijan, president of Panatag, who was "visited" by the military on June 1, and again on June 13. While talking to the fisherfolks, the soldiers showed photographs of Pamalakaya members whom they accused of being New People's Army members.

"Why is the military intimidating Filipino fisherfolks who stand up against foreign interference in the West Philippine Sea?" Pamalayaka asked. They are already being harassed by foreigners, especially by the Chinese

Coast Guard who drive them away from Philippine territorial seas, they are now threatened by local authorities.

“This is a reflection of the stance of the Marcos administration, which prefers to silence the fisherfolk, rather than let them fulfill their patriotic duty to defend our sovereignty and territorial integrity,” they said.

The military has nothing to do with the group’s activities, Pamalakaya said. Even more wrong is the soldiers’ Red-tagging of Pamalakaya which they accuse of “exploiting the situation.”

“No one is exploiting the fisherfolk but the foreign powers who seize the fishing grounds, and the local authorities who suppress them and prevent them from joining progressive organizations.”

## Programang “Bigas 29” ng rehimeng Marcos, binatikos ng kababaihang magbubukid

Hunyo 21, 2024

Binatikos ng Amihan National Federation of Peasant Women ang programang Bigas 29 ng Department of Agriculture (DA) na nag-aalok ng ₱29 kada kilo ng bigas para sa piling mga sektor ng lipunan. Ayon sa grupo ng kababaihang magbubukid, malinaw na ipinakikita ng programa ang “kainutilan, kapabayaan at pagiging kontra-mahirap ng gubyernong ito.”

Inianunsyo ng National Food Authority (NFA) Council, sa pamumuno ni DA Secretary Francisco

Tiu Laurel Jr, noong Hunyo 18 ang pag-apruba sa naturang programa na sisimulang ipatupad sa darating na Hulyo. Ang lumang bigas ay magmumula sa mga imbakan NFA. Ibebenta ito sa mga tumatanggap ng 4Ps, solo parent, senior citizen, at may kapansanan lamang. Isasali din umano ang mga katutubo sa kalaunan.

“Kung gusto nilang magbenta ng murang bigas, dapat maayos ang kalidad at hindi parang mumo na walang choice (pili) ang mga maralita kundi sumunod sa kagustuhan nila,” ayon kay Zenaida Soriano, tagapangulo ng Amihan.

Patutsada naman ni Danilo Ramos, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, “ito bang Bigas 29 ay handa nilang [DA Secretary Laurel at Ferdinand Marcos Jr] kainin at ipakain sa kanilang mga pamilya?”

Buong-pagtatanggol naman ang DA sa pagbebenta ng lumang bigas. Anila, “ligtas” naman itong kainin. Ininilako ito bilang bahagi ng programa ng rehimeng Marcos para sa katiyakan sa pagkain at murang bilihin.

Ikinumpara ng grupong Amihan ang Bigas 29 sa dating binasagang “bukbok rice” noong 2018 sa ilalim ng rehimeng Duterte na kahit sira na ay ipinagpipilitang ligtas pang kainin ng maralitang Pilipino.

Luma na nga, lilimitahan pa ng DA nang hanggang 10 kilo lamang kada sambahayan ang pupwedeng bilhin kada buwan dahil target umano nitong suportahan ang aabot sa 6.9 milyong pamilya o 34

milyong Pilipino. Para sa lima-kataong pamilya, wala pang kalahating kilo ng bigas ang maibibigay ng programa.

Ipinagdiinan pa ng DA na kahit kakarampot, ang pamudmod na bigas ay "malaking bagay" na sa karaniwang pamilya.

Target ng ahensya na magsuplay ng 69,000 metriko toneladang bigas. Anito, sakaling magkulang ang bigas ay posibleng mag-angkat para suportahan ang programa.

"Kung nais maging abot kaya ang bigas, nanatili pa rin ang panawagan na palakasin ang lokal na produksyon…hindi aabot na magbebenta sila ng lumang bigas laluna kung may kumprehensibong plano para sa pagbili ng palay sa mga magsasaka at pagbebenta ng abot-kaya at de kalidad na bigas sa mga palengke sa bansa," ayon kay Soriano.

**[English Translation]**

## Peasant women condemn the Marcos regime's "Rice 29" program

June 21, 2024

The Amihan National Federation of Peasant Women denounced the Bigas 29 program of the Department of Agriculture (DA) which offers ₱29 per kilo of rice for selected sectors of society. The peasant women's group said the program clearly shows the "incompetence, negligence and anti-poor chatacter of this government."

The National Food Authority (NFA) Council, led by DA Secretary Francisco Tiu Laurel Jr, announced

on June 18 the approval of said program that will begin implementation this coming July. Old-stock rice coming from NFA warehouses will be sold to 4Ps beneficiaries, single parents, senior citizens, and people with disabilities only. National minorities are said to be included later.

“When selling cheap rice, it should still be of acceptable quality and not like morsels to which the poor have no choice but to comply with the NFA’s whim,” Zenaida Soriano, chairperson of Amihan, said.

Danilo Ramos, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas chairman, retorted, “are they [DA Secretary Laurel and Ferdinand Marcos Jr] ready to eat and feed this Bigas 29 to their families?”

The DA fully defends the sale of old-stock rice. They said it is “safe” for consumption. It was peddled as part of the Marcos regime’s program for food security and cheap commodities.

Amihan compared Bigas 29 to what was once called “bukbok rice” in 2018 under the Duterte regime, which are pushed as safe for consumption by poor Filipinos despite being stale. (“Bukbok” is a weevil, a rice pest.)

Even as stocks are already old, the DA will limit purchase to only 10 kilos per household per month because it is said to target to support up to 6.9 million families or 34 million Filipinos. For a family of five, the program can provide less than half a kilo of rice.

The DA further stressed that it may be meager but rice distribution is still a “big deal” for the average family.

The agency’s target is to supply 69,000 metric tons of rice. It said, in the event of rice shortage, importing is an option to support the program.

“If aiming to make rice affordable, the call to strengthen local production remains… selling old-stock rice will be unnecessary especially if there is a comprehensive plan for buying rice from farmers and selling affordable and quality rice in the country’s markets,” Soriano said.

## Bahay ng tagasuporta ng ginigipit na organisasyong pangkaunlaran sa Negros, nireyd ng 15th IB

Hunyo 23, 2024

Pinalibutan at sapilitang pinasok ng mga sundalo ng 15th IB ang bahay ng mangingisdang si Joselito Macapobre sa Guiljungan, Cauayan, Negros Occidental noong Hunyo 11. Si Macapobre ay tagasuporta ng organisasyong pangkaunlaran na Paghida-et sa Kauswagan Development Group Incorporated (PDG Inc) na pinararatangan ng rehimeng Marcos na sangkot sa “terrorism financing.”

Dalawang araw bago ang insidente, ipinatawag si Macapobre ng mga sundalo para ipaatras ang kanyang salaysay na sumusuporta sa kontra-salaysay ng mga istap ng PDG Inc na isinumite laban sa mga nagsampa ng kasong “terrorism

financing” sa kanila. Dagdag dito, nakapansin din si Macapobre ng dalawang tao na sakay ng motorsiklo na nagmamanman sa kanya.

Kinundena ng Human Rights Advocates Negros (HRAN) ang 15th IB sa tinawag nilang pagbabanta sa buhay ni Macapobre. Nauna nang binatikos ng HRAN ang panggigipit ng estado sa PDG Inc sa pagsasampa ng tinawag nitong gawa-gawang mga kaso laban sa limang istap at katuwang ng grupo.

Ang kasong “terrorism financing” ay isinampa ang PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator at kasapi ng Regional Intelligence Division ng PNP Regional Police Office 6. Ibinatay ito sa sinumpaang mga salaysay ng nagpapakilalang “finance and logistics officer at kumander ng “Tahod Ilahas Command ng CPP-NPA” na nag-ooperasyon diumano sa Negros na si Jonel Roy Moreno at nina Danilo at Jeonna Dela Cruz na nagpapakilalang mga kasapi ng lokal na samahan ng mga mangingisda sa Cauayan, Negros Occidental.

Ang PDG Inc ay isang organisasyon sa sentral at timog na bahagi ng Negros Island at nagsusulong ng karapatan ng mga magsasaka at mga mangingisda para sa sustenableng agrikultura at repormang panlipunan. Itinatag ang organisasyon noong dekada 1980.

**[English Translation]**

## 15th IB raids house of supporter of besieged development organization in Negros

June 23, 2024

Soldiers of the 15th IB surrounded and broke into the house of fisherman Joselito Macapobre in Guiljungan, Cauayan, Negros Occidental on June 11. Macapobre is a supporter of the development organization Paghida-et sa Kauswagan Development Group Incorporated (PDG Inc) which the Marcos regime accuses of being involved in “terrorism financing.”

Two days before the incident, Macapobre was summoned by the soldiers to force him to retract his statement supporting the PDG Inc staff’s counter-charges submitted against those who filed “terrorism financing” charges. In addition, Macapobre also noticed two people on a motorcycle who were surveilling him.

Human Rights Advocates Negros (HRAN) condemned the 15th IB for threatening Macapobre’s life. HRAN had earlier denounced the state’s harassment on PDG Inc for filing what it called trumped-up charges against the group’s five staff and associates.

The case of “terrorism financing” was filed by PMSG Francisco John Dumdumaya, deputized Anti-money Laundering Council Financial Investigator and member of the Regional Intelligence Division of the PNP Regional Police

Office 6. It was based on the sworn statements of the self-identified “finance and logistics officer and commander of the “Tahod Ilahas Command of the CPP-NPA” allegedly operating in Negros, Jonel Roy Moreno and Danilo and Jeonna Dela Cruz who identify themselves as members of the local fishermen’s association in Cauayan, Negros Occidental.

PDG Inc is an organization in the central and southern part of Negros Island and promotes the rights of farmers and fishermen for sustainable agriculture and social reform. The organization was founded in the 1980s.

## Maysakit na bilanggong pulitikal, giit na palayain sa makataong batayan

Hunyo 23, 2024

Muling nanawagan ang mga grupo sa karapatang-tao na Karapatan-Central Visayas at Samahan ng Ex-detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) na palayain ang lubhang maysakit na bilanggong pulitikal na si Ernesto Jude Rimando Jr. Inaresto si Rimando noong Enero 6, 2021 at ikinulong sa Metro Manila District Jail-Annex 2 sa Camp Bagong Diwa, Taguig City.

Dumaranas ng napakaraming sakit si Rimando kabilang ang Stage 4 liver cancer, chronic obstructive pulmonary disease at pulmonary tuberculosis. Noong Mayo 18, dinala siya sa Philippine General Hospital (PGH) para sa pagsusuri at napag-alamang naging Stage 4 liver cancer ang kanyang sakit na liver cirrhosis at

mayroon na lamang tatlong buwan para mabuhay kung hindi magagamot. Bago nito, limang beses na siyang naglabas-pasok sa ospital.

Noong Hunyo 19, naghain ng petisyon si Atty. Kristian Lora ng Visayas Community Law Center, abugado ni Rimando, sa isang korte sa Bohol para palayain siya batay sa "recognizance" sa makataong mga batayan. Ang ganitong tipo ng pansamantalang kalayaan ay ipinagkakaloob sa mga maituturing na "low-risk" at mababa ang posibilidad na tumakas.

Inihain ni Attorney Lora ang petisyon para mapagbigyan si Rimando na makasama ang kanyang pamilya sa nalalabi niyang mga araw. Sumang-ayon na rin sina Atty. Federico Quevedo at dating Quezon City Rep. Atty. Christopher Belmonte na magsilbi bilang mga "legal custodian" ni Rimando at magtitiyak na haharap sa korte ang bilanggo kapag ipinatawag.

Nilalaman ng petisyon na kung mapahihintulutan ito ng korte, mananatili si Rimando sa PGH para sa paggagamot sa kanya para man lamang mabigyan siya ng "ginhawa, alwan, suporta at para matugunan ang mga sintomas ng kanyang seryosong kundisyong medikal para mapaunlad ang kalidad ng kanyang buhay."

Si Rimado, sa mahabang panahon, ay nagsilbing tagapagsaliksik ng Alyansa sa mga Mamumuo sa Sugbo. Nagpunta siya sa Metro Manila noong 2020 para magpagamot sa kanyang sakit na liver cirrhosis at sepsis. Bago pa siya makapagpagamot, inaresto siya sa Quezon City.

Mas malupit, siya ay piniringan, tinortyur at agad na ipinailalim sa interogasyon. Pinalabas ng mga umaresto sa kanya na nakakumpiska ng mga baril at granada sa kanyang tinutuluyang apartment. Gumawa ng warrant of arrest ang mga pwersa ng estado sa pangalang “Allan Morales” at ipinagpipilitang iyon si Rimando. Ibinasura ng korte ang mga kasong ito noong Abril 2023 pero nananatili siyang nakakulong dahil sa iba pang mga kaso sa pangalang “Allan Morales” sa Visayas.

“Kumbaga, may taning na nga ang buhay nya, pahihirapan pa sa pagkakakulong niya. Hindi ito makatarungan. Dapat kagyat na siyang palayain at mabigyan ng karampatan at tuluy-tuloy na pagkakataon na makapagpagamot. Hindi makatao ang panatilihin siyang detenido,” pahayag ni Danah Marie Marcellana, tagapagsalita ng SELDA.

**[English Translation]**

## Rights groups demand release of ailing political prisoner on humanitarian grounds

June 23, 2024

The human rights groups Karapatan-Central Visayas and the Samahan ng Ex-detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) reiterated their call for the release of seriously ill political prisoner Ernesto Jude Rimando Jr. He was arrested on January 6, 2021 and is currently detained at the Metro Manila District Jail-Annex 2 in Camp Bagong Diwa, Taguig City.

Rimando suffers from many ailments including Stage 4 liver cancer, chronic obstructive pulmonary disease and pulmonary tuberculosis. On May 18, he was taken to the Philippine General Hospital (PGH) for examination and it was found that his liver cirrhosis reached Stage 4 liver cancer and he only has three months to live if left untreated. Before this, he had been in and out of the hospital five times.

On June 19, Atty. Kristian Lora of the Visayas Community Law Center, Rimando’s lawyer, filed a petition in a Bohol court for his release based on “recognizance” on humanitarian grounds. This type of temporary freedom is granted to those who are considered “low-risk” and have a low likelihood of absconding.

Attorney Lora filed the petition to allow Rimando to be with his family for the rest of his days. Atty Federico Quevedo and former Quezon City Rep. Atty. Christopher Belmonte also agreed to serve as Rimando’s “legal custodians” and ensure that the prisoner appears in court when summoned.

The petition states that if the court allows it, Rimando will remain at PGH for treatment to at least give him “comfort, relief, support and to address the symptoms of his serious medical condition to improve his quality of life .”

Rimando has long served as a researcher for the Sugbo Workers’ Alliance. He went to Metro Manila in 2020 to get treatment for his liver

cirrhosis and sepsis. Before he could receive treatment, he was arrested in Quezon City.

More cruelly, he was blindfolded, tortured and immediately subjected to interrogation. His arresting officers falsely claimed having confiscating guns and grenades from his apartment. The state forces filed an arrest warrant bearing the name "Allan Morales" and insisted this was Rimando. The court dismissed these charges in April 2023 but he remains in jail for other charges under the name "Allan Morales" in the Visayas.

"Thus, he has little time to live as it is, he will even suffer imprisonment. This is not just. He has the right to freedom and proper and continuous treatment. His continued detention is inhumane," Danah Marie Marcellana, spokesperson of SELDA, said.

## Mga karapatan ng nadakip na sugatang mandirigma ng BHB-Kalinga, iginiit na kilalanin

Hunyo 24, 2024

Iginiit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Kalinga (Lejo Cawilan Command) sa 503rd IBde na kilalanin ang mga karapatan ni Gap-iden Bawit (Ka Simple), sugatang Pulang mandirigma na nadakip sa Barangay Balantoy, Balbalan, Kalinga noong Hunyo 6.

"Dapat respetuhin ang kanyang karapatan bilang hors de combat," pahayag ni Ka Tipon Tipon Gil-

ayab, tagapagsalita ng hukbong bayan sa prubinsya.

Pinasinungalingan ng hukbong bayan ang pahayag ng 54th IB, yunit sa ilalim ng 503rd IBde, na "basta na lamang iniwan" ng BHB si Bawit. Anang yunit, ginamot siya ng mga medik ng hukbong bayan matapos ang engkwentro at ihinabilin sa komunidad para madala sa ospital.

Sinampahan ng mga kasong tangka at bigong pagpaslang si Bawit ng mga sundalo.

Nauna namang iginiit ng Cordillera Human Rights Alliance (CHRA) na dapat sundin ng 54th IB ang nakasaad sa internasyunal na makataong batas hinggil sa mga bihag ng digma. Binigyang diin ng grupo ang pagbibigay ng makataong pagtrato at patas na paglilitis kay Bawit.

**[English Translation]**

## NPA-Kalinga demands rights for captured NPA-Kalinga wounded fighters

June 24, 2024

The New People's Army (NPA)-Kalinga (Lejo Cawilan Command) demanded the 503rd IBde to uphold the rights of Gap-iden Bawit (Ka Simple), a wounded Red fighter who was captured in Barangay Balantoy, Balbalan, Kalinga on June 6.

"His right as hors de combat must be respected," Ka Tipon Tipon Gil-ayab, spokesperson of the provincial people's army, said.

The people’s army denied the statement of the 54th IB, a unit under the 503rd IBde, that the NPA “just left” Bawit behind. The unit said the people’s army medics treated him after the encounter and released him to the community to be taken to the hospital.

The soldiers charged Bawit with attempted and frustrated murder charges.

The Cordillera Human Rights Alliance (CHRA) earlier insisted that the 54th IB should follow the provisions of international humanitarian law regarding prisoners of war. The group stressed on giving Bawit humane treatment and a fair trial.

## Antas ng sahod sa NCR, pinakamababa sa nakaraang dekada

Hunyo 25, 2024

Mas mababa ngayon ang tunay na halaga ng sahod sa National Capital Region (NCR), kumpara sa unang taon ng rehimen ni Benigno Aquino III noong 2016. Ayon sa Ibon Foundation, ang tunay na halaga ngayon ng minimum na sahod na ₱610 sa pambansang kabisera ay ₱510 lamang, dahil sa walang awat na pagsirit ng mga presyo ng mga bilihin at pagtaas ng singil ng batayang mga yutilidad.

Kumpara rito, nasa ₱538 ang tunay na halaga ng sahod noong 2016. Sa gayon, 7% na mas mababa ang tunay na halaga ng sahod ngayon kumpara noon, ayon sa Ibon.

Sa nakaraang 34 taon, hindi nakaagapay ang pagtaas ng sahod sa NCR sa implasyon. Ang tunay na halaga ng sahod ngayon ay halos pareho lamang sa tunay na halaga ng sahod noong 1989, kung saan ₱89 lamang ang minimum na sahod sa rehiyon.

Hirap ang mga manggagawa at kanilang mga pamilya sa antas-kahirapang sahod at kailangan ang kagyat na malaking dagdag-sahod para mabigyan sila ng alwan sa tumataas na gastos ng mga bilihin at serbisyo, ayon sa grupo. Ang kasalukuyang minimum na sahod sa NCR ay kalahati lamang sa family living wage na ₱1,197 (Mayo 2024) para sa isang pamilyang may limang myembro.

Huling-huli ang mga dagdag-sahod kumpara sa pagtaas ng produktibidad ng mga manggagawa, anito. Mula 2000 hanggang 2023, tumaas ang kanilang produktibidad nang 62% habang ang minimum na sahod ay tumaas lamang nang 9%. Ibig sabihin, binabarat ng mga kapitalista ang lakas-paggawa ng mga manggagawa para humuthot ng mas malaki pang kita.

**[English Translation]**

## Wage levels in NCR are lowest in the last decade

June 25, 2024

The real value of wages in the National Capital Region (NCR) is lower today, compared to the first year of Benigno Aquino III’s regime in 2016. The Ibon Foundation said the real value today of the

minimum wage of ₱610 in the national capital is only ₱510, due to the relentless rise of commodity prices and the increase in the charge of basic utilities.

Compared to this, the real wage was ₱538 in 2016. Thus, the real wage is 7% lower today compared to then, Ibon said.

In the past 34 years, wage increases in the NCR have not kept pace with inflation. The real value of today's wage is virtually the same as the real wage in 1989, when the minimum wage in the region was only ₱89.

Workers and their families struggle with poverty wages and need an immediate large wage increase to bring immediate relief from the rising cost of goods and services, the group said. The current minimum wage in NCR is only half of the family living wage of ₱1,197 (May 2024) for a family of five.

Wage increases come very late compared to the increase in productivity of workers, it said. From 2000 to 2023, worker productivity grew by 62% but the minimum wage increased by only 9%. Thus, capitalists have been repressing the value of workers' labor power in order to extract even greater profits.

## Pagtatatag ng Negros Island Region, pagkonsentra ng reaksyunaryong kapangyarihan sa pulitika

Hunyo 25, 2024

Hindi naniniwala ang Bagong Alyansang Makabayan-Negros na ang layunin ng pagbubuo ng Negros Island Region (NIR) ay para pasiglahin ang lokal na ekonomya at pabilisin ang serbisyo ng mga lokal na ahensya sa isla. Ang totoo, ang pagbubuo sa isla bilang isang rehiyon ay para mamonopolisa ng naghaharing mga dinastiya sa pulitika sa isla ang mga pampublikong serbisyo, kabilang ang serbisyo sa gubyerno, tubig, kuryente at iba pa.

Pinaglalawayan din ng mga dinastiyang ito ang mga proyektong pang-imprastruktura na itatayo para sa bagong rehiyon. Kabilang sa mga ito ang paglalatag ng "superhighway" para pabilisin diumano ang byahe sa pagitan ng Dumaguete City at Bacolod City. Tatagos ito sa Cuernos de Negros mountain range, isang key biodiversity area (o susing lugar pangkalikasan) at nagsisilbing watershed ng 15 munisipalidad at syudad sa katimugang Negros Oriental. Itatayo rin ang mga bagong gusali para sa mga ahensya at upisina ng bagong rehiyon. Sa inisyal, 14 sa mga lokal na upisina ng mga pambansang kagawaran ang itatayo sa Bacolod, habang 16 ang itatayo sa Dumaguete.

Ang pagkilala sa isla bilang isang rehiyon ay napinal nang pirmahan ni Ferdinand Marcos Jr ang Republic Act 12000, na nagkonsolida sa Negros Occidental, Negros Oriental, at Siquijor sa isang administratibong entidad noong Hunyo 13. Ang isla ay dating sakop ng dalawang rehiyon—Central Visayas at Western Visayas. Samantala, ang Siquijor ay nakapailalim sa prubinsya ng

Negros Oriental. Una nang binuo ang isla sa isang rehiyon noong panahon ng rehimeng Aquino II (2015) sa bisa ng Executive Order No. 183. Pero noong 2017, muli itong ibinalik ni Rodrigo Duterte sa dating kaayusan.

Noon pa man, malakas na ang pagtutol ng mga Negrosanon sa pagbubuo ng NIR. Una na dahil masyado itong mahal. Sa unang pagbubuo, tinayang umabot sa ₱19 bilyon ang kinailangang pondo para itayo ang bagong lokal na administrasyon. Walang naganap na totoo at kumprehensibong konsultasyon sa mamamayan sa Negros at Siquijor. Naghapag din ng pagkabahala ang Diocese ng Dumaguete sa posibilidad na magiging dehado ang Negros Oriental dahil mas kaunti ang mga distrito at syudad nito kumpara sa Negros Occidental.

**[English Translation]**

## Establishing the Negros Island Region will concentrate reactionary political power

June 25, 2024

The Bagong Alyansang Makabayan-Negros is skeptical of the avowed aim of forming the Negros Island Region (NIR) supposedly to stimulate the local economy and speed up the service of local agencies in the island. THe fact is, the formation of the island as a region is for the ruling political dynasties on the island to monopolize public services, including government service, water, electricity and so on.

These dynasties also drool over the planned infrastructure projects for the new region. Among them is the construction of a “superhighway” to allegedly speed up travel between Dumaguete City and Bacolod City. It will cut across the Cuernos de Negros mountain range, a key biodiversity area and watershed for 15 municipalities and cities in southern Negros Oriental. New buildings will also be built for the agencies and offices of the new region. Initially, 14 of the local offices of the national departments will be built in Bacolod, and 16 in Dumaguete.

The island’s recognition as a region was finalized when Ferdinand Marcos Jr signed Republic Act 12000, which consolidated Negros Occidental, Negros Oriental, and Siquijor into one administrative entity on June 13. The island was previously covered by two regions—Central Visayas and Western Visayas. Meanwhile, Siquijor is under the province of Negros Oriental. The island was first integrated into a region during the Aquino II regime (2015) by virtue of Executive Order No. 183. But in 2017, Rodrigo Duterte reversed the order and restored the status qou.

Since the beginning, the Negrosanon have strongly opposed to the formation of the NIR. Firstly because it is too expensive. During the first integration, it was estimated that the funds needed to build the new local administration reached ₱19 billion. There was no real and comprehensive consultation with the people in Negros and Siquijor. The Diocese of Dumaguete also expressed concern over the possibility that

Negros Oriental will be at a disadvantage because it has fewer districts and cities compared to Negros Occidental.

## Paninira ng militar sa kagubatan, ipinatitigil ng mga grupong makakalikasan

Hunyo 25, 2024

Muling nananawagan ang Environmental Defenders Congress, isang network ng mga tagapagtanggol ng kalikasan, sa Armed Forces of the Philippines na itigil na ang pambobomba at airstrikes sa mga protektadong kagubatan noong Hunyo 22, Pandaigdigang Araw ng Kagubatan (World Rainforest Day).

Nanganganib ang mga kagubatan ng Pilipinas dahil sa agresyong militar ng AFP sa mga operasyong kontra-insurhensya nito, ayon sa grupo. “Ang kagubatan ay di lamang landscape, kundi sangtwaryo ng halos 100 endemic species (o mga hayop na dito lamang matatagpuan),” ayon kay Jonila Castro, advocacy officer ng Kalikasan People’s Network for Environment. Nakapagtala ang Kalikasan ng 17 kaso ng pambobomba na nagsapanganib sa 11 maseselang lugar, kabilang ang walong key biodiversity area (KBE).

Kabilang sa mga KBA na binomba ng militar ang Balbalasang-Balbalan National Park sa Kalinga; mga lugar na malapit sa Northeastern Cagayan Protected Landscape and Seascape sa Cagayan; Dinadiawan River Protected Landscape sa Aurora; mga bundok ng Iglit-Baco National Park at ang

Mindoro Biodiversity Corridor sa isla ng Mindoro; Mobo-Uson na kandidatong Key Biodiversity Area sa Masbate; Ilog-Hilabangan Watershed Forest Reserve sa Negros Occidental; Ban-Ban Forest Key Biodiversity Area sa Negros Oriental; Iloilo Strait marine KBA; sa Mount Kitanglad Range sa Bukidnon at Mt. Hilong-Hilong sa Agusan del Norte.

Mayorya sa mga lugar na ito ay mga protektado ring marine area, at nagtataglay ng malalawak na ekosistemang rainforest. Ang mga kagubatang ito ay nagtataglay ng 80% ng ligaw na halaman at mga hayop na marami ay likas sa Pilipinas. Susi ang mga ito sa pandaigdigang biodiversity, at pagbabawas sa masasamang epekto ng climate change.

Kinundena ng mga makakalikasang aktibista ang paggamit ng AFP ng mga aerial strike, isang militaristang pagharap sa panlipunang krisis at aktibismo.

"Ang pambobomba at aerial strike ay nagdudulot ng matagalang pagkasira ng kalikasan, at nagsasapanganib sa buhay ng hayop sa kagubatan, gayundin ng mga komunidad ng mga katutubo na nakaasa sa mga ekosistemang ito," anila.

[English Translation]

Establishing the Negros Island Region will concentrate reactionary political power

June 25, 2024

The Bagong Alyansang Makabayan-Negros is skeptical of the avowed aim of forming the Negros Island Region (NIR) supposedly to stimulate the local economy and speed up the service of local agencies in the island. THe fact is, the formation of the island as a region is for the ruling political dynasties on the island to monopolize public services, including government service, water, electricity and so on.

These dynasties also drool over the planned infrastructure projects for the new region. Among them is the construction of a “superhighway” to allegedly speed up travel between Dumaguete City and Bacolod City. It will cut across the Cuernos de Negros mountain range, a key biodiversity area and watershed for 15 municipalities and cities in southern Negros Oriental. New buildings will also be built for the agencies and offices of the new region. Initially, 14 of the local offices of the national departments will be built in Bacolod, and 16 in Dumaguete.

The island’s recognition as a region was finalized when Ferdinand Marcos Jr signed Republic Act 12000, which consolidated Negros Occidental, Negros Oriental, and Siquijor into one administrative entity on June 13. The island was previously covered by two regions—Central Visayas and Western Visayas. Meanwhile, Siquijor is under the province of Negros Oriental. The island was first integrated into a region during the Aquino II regime (2015) by virtue of Executive Order No. 183. But in 2017, Rodrigo Duterte reversed the order and restored the status qou.

Since the beginning, the Negrosanon have strongly opposed to the formation of the NIR. Firstly because it is too expensive. During the first integration, it was estimated that the funds needed to build the new local administration reached ₱19 billion. There was no real and comprehensive consultation with the people in Negros and Siquijor. The Diocese of Dumaguete also expressed concern over the possibility that Negros Oriental will be at a disadvantage because it has fewer districts and cities compared to Negros Occidental.

## Senator de Lima, pinawalangsala sa huling kaso

Hunyo 25, 2024

Ipinawalangsala ng Muntinlupa City Regional Trial Court ang dating senador na si Leila de Lima nitong Lunes, Hunyo 24, sa kasong pakikipagsabwatan para magbenta ng iligal na droga na isinampa laban sa kanya ng rehimeng Duterte.

Ang kasong ito ang pangatlo at huling kasong isinampa laban sa kanya. Napawalangsala siya sa unang kaso noong 2021, at sa pangalawa nooong Mayo 2023. Pinagbigyan siya sa kanyang petisyon na magpyansa at temporaryo siyang nakalaya noong Nobyembre 2023. Sa kabuuan, idinetine siya ng estado nang mahigit pitong taon.

Habang ikinagalak ni de Lima at kanyang mga tagasuporta ang pagtatapos ng huli niyang kaso, nanawagan silang papanagutin ang mga

nagsampa ng mga ito. Nagbanta si de Lima laban kay dating presidente Rodrigo Durterte na kanyang pananagutin sa napakaraming krimen sa “war on drugs.”

Ikinagalak rin ng mga progresibong mambabatas ang lubos na paglaya ni de Lima.

Ani Carlos Zarate, bise presidente ng Bayan Muna, si de Lima ay biktima ng pulitikal na panggigipit ng administrasyong Duterte. “Ang pitong taong di makatarungan niyang pagkakapiit ay nagpapatampok sa laganap na pang-aabuso sa kapangyarihan at paggamit sa sistemang hudisyal bilang armas para busalan ang nagrereklamo at patahimikin ang oposisyon.”

Samantala, nanawagan ang Gabriela Women’s Party (GWP)para sa pagpapalaya ng iba pang bilanggong pulitikal.

“Habang tagumpay para sa hustisya ang pagpapawalangsala kay Sen. de Lima, matingkad na pagpapaalala ito na marami pang detenidong pulitikal ang nananatiling nakapiit sa mga gawa-gawang kaso,” pahayag ni Rep. Arlene Brosas ng GWP.

**[English Translation]**

## Court acquits Senator de Lima of last case

June 25, 2024

The Muntinlupa City Regional Trial Court acquitted former senator Leila de Lima on

Monday, June 24, in the case of conspiracy to sell illegal drugs filed by the Duterte regime.

This case is the third and last filed against her. She was acquitted in the first case in 2021, and in the second in May 2023. Her petition for bail was granted and she was temporarily released in November 2023. In total, the state detained her for more than seven years.

While de Lima and her supporters rejoiced at the end of her last case, they called for holding those who filed them accountable. De Lima threatened to hold former president Rodrigo Durterte accountable for the many crimes in the “war on drugs.”

Progressive lawmakers also welcome de Lima’s final acquittal.

Carlos Zarate, vice president of Bayan Muna, said de Lima is a victim of the Duterte administration’s political repression. “Her unjust detention for over seven years highlights the rampant abuse of power and the weaponization of the judicial system to silence dissent and opposition.”

Meanwhile, the Gabriela Women’s Party (GWP) called for the release of other political prisoners.

“While former Sen. de Lima’s acquittal is a victory for justice, it is a stark reminder that many other political prisoners remain behind bars for trumped-up charges,” said Rep. Arlene Brosas of GWP.

## Tagapagtatag ng Wikileaks, pinalaya matapos ng higit 5 taon sa bilangguan sa UK

Hunyo 25, 2024

Lumaya na si Julian Assange, ang mamamahayag na nagtatag ng website na Wikileaks, kahapon, Hunyo 24, matapos ang 1,901 araw ng pagkakabilanggo sa United Kingdom. Ikinulong si Assange ng UK sa tulak ng gubyernong US na nagsampa sa kanya ng 17 kaso ng paglabag sa Espionage Act ng US. Si Assange ay isang Australyano.

Matapos ang mahigit limang taong pagkakapiit, pumasok si Assange sa kompromisong kasunduan sa US Justice Department, kung saan aamin siyang nagkasala sa isang kaso ng pakikipagsabwatan para kumuha at magsiwalat ng mga sikretong dokumento ng pambansang depensa ng US. Ibabasura na ang ibang kaso. Ang kasong ito ay may parusang 62 buwan pagkakakulong, na katumbas na ng tagal ng pagkabilanggo niya sa UK. Isasagawa ang pagdinig sa isang korte sa Saipan, Northern Mariana Islands. Matapos ang pagdinig, didiretso na siya sa Australia, kung saan naroon ang kanyang pamilya.

Ang mga kasong isinampa ng gubyernong US laban kay Assange noong 2006 ng website na Wikileaks, isang online platform kung saan maaaring isiwalat at ipaskil ng mga whistleblower ang mga klasipikadong materyal tulad ng mga

dokumento at bidyo nang hindi naisasapubliko ang kanilang mga identidad.

Noong 2010, isiniwalat ng Wikileaks ang libu-libong klasipikado o sikretong dokumento ng US kung saan nabunyag ang maraming krimen sa digma nito sa mga gera nito sa Afghanistan at Iraq. Inilabas din ng Wikileaks ang libu-libong diplomatic cable o mga komunikasyon ng mga embahada ng US sa iba't ibang bansa na naglalaman ng mga maseselang komunikasyon ng State Department ng US at nagpapakita ng panghihimasok nito sa mga panloob na usapin ng ibang bansa.

Ikinagalak ng mga internasyunal na grupong tagapagtanggol ng mga karapatang sibil at kalayaan sa pamamahayag ang paglaya ni Assange. Gayunpaman, nagbabala ang mga ito sa epekto ng pag-aresto kay Assange sa malayang pamamahayag.

“Habang ikinagagalak namin ang katapusan ng kanyang detensyon, ang ginawang pagtugis ng US kay Assange ay nagtakda ng isang legal precedent na nagbukas sa pinto para gipitin ang mga mamamahayag gamit ang Espionage Act kung tatanggap sila ng mga klasipikadong materyal mula sa kanilang mga source. Hindi nga ito dapat mangyari,” ayon sa Commitee to Protect Journalists

Gayundin, napakalaki ng implikasyon kung natuloy ang pag-extradite kay Assange sa US para doon siya litisin. Kung nagkagayon, maaaring ipa-extradite ng US ang sinumang mamamahayag sa

buong mundo, anupaman ang kanyang nasyunalidad, at litisin alinsunod sa mga batas ng US sakaling maglathala ito ng impormasyon mula sa anumang klasipikadong dokumento ng US.

**[English Translation]**

## UK releases Wikileaks founder after more than 5 years in prison

June 25, 2024

Julian Assange, the journalist who founded the website Wikileaks, was released yesterday, June 24, after 1,901 days in a United Kingdom prison. Assange was detained by the UK at the behest of the US government, which filed 17 charges against him for violating the US Espionage Act. Assange is an Australian citizen.

After more than five years in prison, Assange entered into a compromise agreement with the US Justice Department, in which he will plead guilty to one count of conspiracy to obtain and disclose secret US national defense documents. The other case will be dismissed. This charge carries a penalty of 62 months in prison, which is equivalent to the length of time he has been in prison in the UK. The hearing will be held in a court in Saipan, Northern Mariana Islands. After the hearing, he will go straight to Australia, where his family is located.

The US government filed charges against Assange in 2006 by the website Wikileaks, an online platform where whistleblowers can disclose and

post classified materials such as documents and videos without making their identities public.

In 2010, Wikileaks released thousands of classified or secret documents of the US which revealed many of its war crimes in its wars in Afghanistan and Iraq. Wikileaks also released thousands of diplomatic cables or communications of US embassies in various countries that contain sensitive communications of the US State Department and show its interference in the internal affairs of other countries.

International groups defending civil rights and press freedom welcomed Assange's release. However, they warned of the impact of Assange's arrest on the free press.

"While we welcome the end of his detention, the US' pursuit of Assange set a harmful legal precedent by opening the door for journalists to be prosecuted under the Espionage Act if they receive classified material from sources. This should never have been the case," the Committee to Protect Journalists said.

Also, the implications of Assange's extradition to the US to stand trial are huge. If so, the US could extradite any journalist around the world, regardless of his nationality, and prosecute him under US laws should he or she publishes information from any classified US document.

## Dagdag-sweldo at seguridad sa trabaho, hindi konsyerto—mga manggagawang pangkalusugan

Hunyo 26, 2024

Umalma ang mga manggagawang pangkalusugan sa ilulunsad na “Konsyerto sa Palasyo Para sa Ating Mga Healthcare Workers” sa Hunyo 30 ng Malacañang na gagasta ng milyun-milyong piso. Para sa kanila, walang saysay ang ganitong mga aktibidad at konsyerto kung tengang-kawali naman ang rehimeng Marcos sa mga lehitimong kahilingan ng mga manggagawang pangkalusugan. Ayon sa Alliance of Health Workers (AHW), ang konsyerto ay manipestasyon na hindi siniseryoso ng rehimeng Marcos ang kalusugan ng mamamayan at kalagayan ng mga manggagawang pangkalusugan.

“Ang kailangan namin ngayon ay hindi isang konsyerto na magbibigay ng panandaliang aliw. Ang kailangan ng mga manggagawang pangkalusugan ay kagyat na pagtataas ng sweldo, seguridad sa trabaho, mass hiring ng regular na mga manggagawang pangkalusugan, pagbibigay ng naantalang mga benepisyo tulad ng Performance-Based Bonus (PBB) at Health Emergency Allowances (HEA) sa mga pribadong ospital sa yaong mga nakapailalim sa lokal na gubyerno,” ayon kay Cristy Donguines, isang nars at pangkalahatang kalihim ng AHW.

Giit ng grupo, sa gitna ng mga hamon na kinakaharap ng mga manggagawang pangkalusugan, lalo na noong pandemya,

napakahalaga na makatanggap ang sektor ng nararapat na suporta at pagkilala sa kanilang mga sakripisyo at paglilingkod sa bayan. "Sa pamamagitan ito ng pagtugon sa matagal nang mga isyu at usapin upang hindi madagdagan ang bilang ng mga manggagawang pangkalusugan na natutulak sa ibayong dagat upang magtrabaho," ayon pa sa AHW.

Mahigpit na ipinabatid ng mga manggagawang pangkalusugan ang kanilang galit sa pagpapabaya at kainutilan ng gubyerno noong panahon ng pandemya. "Hindi namin nais na palabasin na mga bayaning pinababayaan at kinalilimutan pagkatapos ng laban [noong pandemya]," ayon pa kay Donguines. Dapat nang tugunan at bigyan ng solusyon ang matagal na nilang mga panawagan, giit ng AHW.

Ang nakatakdang konsyerto ay ika-apat na sa serye ng "Konsyerto sa Palasyo" na inilulunsad ng Malacañang. Liban dito, kabi-kabilang mga konsyerto at palamuting aktibidad rin ang inilunsad ng rehimeng Marcos. Isa na dito ang "Bagong Pilipinas" rali noong Enero 2024 na gumasta ng tinatayang ₱16.4 milyon.

**[English Translation]**

## Salary increase and job security, not concerts—health workers

June 26, 2024

Health workers expressed their dismay over Malacañang's upcoming "Concert at the Palace for Our Healthcare Workers" on June 30, which is

set to cost millions of pesos. For them, such activities and concerts are useless if the regime turns a deaf ear to the legitimate demands of health workers. According to the Alliance of Health Workers (AHW), the concert indicates that the Marcos regime does not take the health of the people and the condition of health workers seriously.

"What we need now is not a concert that will provide short-term solace. What health workers need is immediate salary increases, job security, mass hiring of regular health workers, provision of delayed benefits like Performance- Based Bonus (PBB) and Health Emergency Allowances (HEA) in private hospitals and those under local governments," according to Cristy Donguines, a nurse and AHW general secretary.

The group asserts that amidst the challenges faced by health workers, especially during the pandemic, it is crucial for to receive the appropriate support and recognition for their sacrifices and service to the people. "This is by addressing long-standing issues and matters so as not to increase the number of health workers who are pushed overseas to work," according to AHW.

Health workers have strongly expressed their anger at the government's neglect and ineffectiveness during the pandemic. "We don't want to be portrayed as heroes who are neglected and forgotten after the fight [during the pandemic]," Donguines added. AHW insisted that their long-standing calls should be addressed and resolved.

The scheduled concert is the fourth in the "Palace Concert" series launched by Malacañang. Apart from this, the Marcos regime also launched a number of concerts and decorative activities, including the "Bagong Pilipinas" rally in January 2024, which reportedly cost an estimated ₱16.4 million.

## Kasong human trafficking laban sa datu, 2 guro, ibinasura

Hunyo 26, 2024

Ibinasura ng Regional Trial Court (RTC) Branch 2 sa Tagum City, Davao del Norte noong Hunyo 20 ang kasong human trafficking laban kay Datu Benito Bay-ao, at mga gurong sina Chad Booc at Gelijurain Ngujo II. Inutos din ng korte ang agad na pagpapalaya kay Bay-ao na nakakulong sa Davao del Norte Provincial Center. Sina Booc at Ngujo kasama ang tatlong iba pa ay minasaker ng mga sundalo ng 10th ID sa Barangay Andap, New Bataan, Davao de Oro noong Pebrero 24, 2022.

Ang kasong human trafficking ay mula sa pagsama ni Datu Bay-ao, gayundin nina Booc at Ngujo, sa mga estudyanteng Lumad sa Cebu noong Mayo 2021. Ayon sa korte, hindi napatunayan ng nag-akusa na ang pagsama ni Datu Bay-ao sa mga estudyante ay para palahukin sila sa armadong mga aktibidad ng Bagong Hukbong Bayan, at sa halip, ay simpleng sinasamahan lamang niya ang mga bata.

Ikinagalak ng mga abugado ni Bay-ao na mula sa Union of People's Lawyers in Mindanao (UPLM)

ang pagbabasura ng kaso na nagpapatunay ng kawalang-sala ni Bay-ao.

"Ang tagumpay na ito ay hindi lamang para kay Datu Bay-ao kundi para rin sa lahat ng naghahangad ng hustisya laban sa gawa-gawang akusasyon at inhustisya ng sistema," ayon sa UPLM. "Ang pagbabasura (ng kaso) ay paalala sa kapangyarihan ng kolektibong pagsisikap para magkamit ng hustisya."

Ayon naman sa Gabriela Southern Mindanao, malinaw na ang kaso ay para gipitin si Datu Bay-ao lalupa't kilala siyang tagapagtanggol at kinatawan ng sektor ng mga Lumad na malaon nang pinababayaan ng estado.

**[English Translation]**

## Court dismisses human trafficking case against Datu, 2 teachers

June 26, 2024

The Regional Trial Court (RTC) Branch 2 in Tagum City, Davao del Norte on June 20 dismissed the human trafficking case against Datu Benito Bay-ao, and teachers Chad Booc and Gelijurain Ngujo II. The court also ordered the immediate release of Bay-ao who is detained at the Davao del Norte Provincial Center. Booc and Ngujo along with three others were massacred by soldiers of the 10th ID in Barangay Andap, New Bataan, Davao de Oro on February 24, 2022.

The human trafficking case stemmed from Datu Bay-ao, as well as Booc and Ngujo, accompanying

Lumad students in Cebu in May 2021. According to the court, the prosecution failed to prove that Datu Bay-ao intended recruit the children into armed activities of the New People's Army, and instead, he was simply accompanying the children.

Bay-ao's lawyers from the Union of People's Lawyers in Mindanao (UPLM) welcomed the dismissal of the case, which affirms Bay-ao's innocence.

"This victory is not only for Datu Bay-ao but also for all those seeking justice against the fabricated accusations and injustice of the system," the UPLM said. "The dismissal serves as a reminder of the power of collective effort in attaining justice."

According to Gabriela Southern Mindanao, it is clear that the case is to pressure Datu Bay-ao especially since he is known as a defender and representative of the Lumad sector, which has long been neglected by the state.

## Pagbasura ng kaso laban sa 2 patay nang aktibista, patunay ng kahungkagan ng kaso laban sa CERNET

Hunyo 26, 2024

Ibinasura ng Regional Trial Court-Branch 74 sa Cebu City noong Hunyo 24 ang kasong "terrorism financing" na isinampa ng Department of Justice (DoJ) at Armed Forces of the Philippines kina Geraldine Labradores at Msgr. Merlin Logronio. Sina Labradores at Logronio ay kasama sa listahan ng mga bago at dating myembro ng

Community Empowerment and Resource Network (CERNET) na inaakusahang nagbigay ng pondo sa Bagong Hukbong Bayan. Parehong patay na ang dalawa nang isinampa ang kaso.

“Ikinagagalak namin ang utos ng korte dahil nadidiin nito ang kawalan ng imbestigasyon ng DoJ nang makipagkoro ito sa AFP sa panggigipit sa CERNET gamit ang gawa-gawa at malisyosong mga kwento…,” pahayag ng Karapatan-Central Visayas. Dulot ng pagbabasura ng kaso laban sa dalawa, lalong humina ang gawa-gawang kasong “terrorism financing” laban sa CERNET.

“Kumpyansa kami na ang matatapon sa basurahan ng kasaysayan ang minanupakturang kaso ng DoJ at AFP laban sa mga manggagawang pangkaunlaran,” ayon sa grupo. Iginiit din nito na bigyang-kumpensasyon ang mga biktima ng Red-tagging at panggigipit, tulad ng CERNET.

**[English Translation]**

## Court dismisses case against deceased activists, undermining allegations against CERNET

June 26, 2024

The Regional Trial Court-Branch 74 in Cebu City dismissed on June 24 the “terrorism financing” case filed by the Department of Justice (DoJ) and the Armed Forces of the Philippines against Geraldine Labradores and Msgr. Merlin Logronio. Labradores and Logronio were among the list of new and former members of the Community Empowerment and Resource Network (CERNET)

accused of providing funds to the New People's Army. Both have been deceased when the case was filed.

"We welcome the court's order because it highlights the lack of investigation by the DoJ when it joined the AFP in pressuring CERNET with fabricated and malicious stories...," Karapatan-Central Visayas said. Due to the dismissal of the case against the two, the fabricated "terrorism financing" case against CERNET has weakened even more.

"We are confident that the fabricated case of the DoJ and AFP against development workers will be thrown into the dustbin of history," the group said. They also insisted that victims of Red-tagging and harassment, such as CERNET, should be compensated.

## 53 nasayang na mga araw ng pagtuturo, sintomas ng bulok na sistema ng edukasyon

Hunyo 27, 2024

Itinuring ng mga guro at ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) na "nasayang" ang 53 araw ng pagtuturo sa nagdaang taong pang-akademiko (S.Y. 2023-2024). Anila, sintomas ito ng malubhang krisis sa edukasyon. Ito ang kanilang pahayag matapos ilathala ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS) na nasayang ang 53 araw sa pagtuturo o interaksyon sa pagitan ng mga guro at estudyante dahil sa mga gawaing administratibo at suspensyon ng mga klase.

“[Ang nasayang na mga araw] ay naglalarawan sa tunay na araw-araw na mga hamon na dinaranas ng mga guro at estudyante dahil sa maling mga patakaran at kawalan ng sapat na pondo mula sa gubyerno,” pahayag ng ACT. Karugtong ito sa napakarami pang ibang mga problema sa pampublikong sistema ng edukasyon, anito.

Sa 53 na ito, 32 araw ay nawala dahil sa suspensyon ng klase bunga ng napakainit na panahon at iba pang mga kalamidad. Sa mga araw na ito, itinutulak ang mga estudyante at guro na pumaloob sa hindi epektibong modular at online na pagkatuto.

Dahil dito, muling pinuna ng mga guro ang kainutilan ng gubyerno sa pagpapatupad ng patakarang nagpupumilit na isagawa ang mga klase sa pinakamaiinit na mga buwan sa bansa.

“Higit lalo, inilalantad nito ang kaawa-awang estado ng ating mga pampublikong eskwelahan—punung-punong mga klasrum na walang sapat na bentilasyon. Usapin ito ng bilang ng estudyante sa klase at mga pasildiad na mabisang matutugunan ng mapangahas na mga hakbang na magtayo ng mas maraming mga klasrum, magdagdag ng mga guro at paunlarin ang antas ng mga imprastruktura,” pagdidiin ng ACT.

Binatikos rin nila ang patung-patong at napakaraming gawaing administratibo na ipinababalikat sa mga guro na rason ng pagkabawas ng araw ng pagkatuto. Ipinakikita umano nito ang labis na pagsasamantala sa mga gurong napakababa ng tinatanggap na sweldo.

“Inilalantad nito kung paanong sa mahabang panahon ay pinabayaan ang ating sistema sa pampublikong edukasyon,” anang grupo.

Ayon sa pag-aaral ng PIDS, ang 53 araw ay halos katumbas na ng tatlong buwan ng pagtuturo. Anila, nakababahala ang datos na ito dahil halos 30% ito ng kinakailangang araw ng pagtuturo (180 araw) na ipinatutupad ng Department of Education kada taong pang-akademiko.

Dagdag pa nila, walang kwenta ang pagtatangkang ipagsiksikan ang kurikulum sa loob ng isang taong akademiko kung walang oportunidad o aktwal na araw para maturuan ng mga guro ang mga estudyante. Napakalimitado umano ng panahon para unawain ang mga paksa sa eskwelahan.

Ayon sa ACT, dahil ganito ang katangian ng mga problemang kinahaharap ng sistema ng edukasyon sa bansa, hindi sasapat na piling mga problema lamang ang tugunan, sa halip dapat magpatupad ng komprehensibong mga reporma.

“Kung dati pang nagpatupad ng mapagpasyang mga solusyon na ito…siguro ay inaani na natin ngayon ang mga benepisyo nito. Kailangan nating magsimula ngayon na,” pagdidiin ng ACT.

Tumayong kalihim ng DepEd si Vice President Sara Duterte sa mga panahong isinagawa ang pag-aaral. Bumaba siya sa pwesto bilang kahilim ng kagawaran noong Hunyo 19 na lubos na ikinalugod ng mga guro dahil sa kainutilan niya at

kawalang aksyon sa malawakang krisis sa edukasyon sa bansa.

**[English Translation]**

## 53 wasted teaching days, a symptom of a rotten education system

June 27, 2024

Teachers and the Alliance of Concerned Teachers (ACT) deemed the lost 53 instructional days of the past academic year (S.Y. 2023-2024) “wasted.” This is a symptom of the severe crisis in education, they said in their statement after the Philippine Institute for Development Studies (PIDS) published that 53 days of teaching or interaction between teachers and students were wasted due to administrative tasks and class suspensions.

“[The wasted days] illustrates the real daily challenges that our teachers and learners experience on the ground due to faulty policies and lack of sufficient government funding,” ACT said. This is connected to many other problems in the public education system, it added.

Of these 53 days, 32 were lost due to the class suspensiona due to extreme heat and other calamities. On these days, students and teachers were pushed into ineffective modular and online learning.

Because of this, the teachers once again criticized the government’s incompetence in implementing

the policy that insists on holding classes during the hottest months in the country.

“More importantly, it exposes the pitiful state of our public schools—overcrowded classrooms without ample ventilation. This is an issue of class size and facilities that can be best remedied with bold measures to build more classrooms, hire more teachers and upgrade our infrastructure standards,” ACT stressed.

They also criticized the heavy and numerous administrative tasks that are placed on the shoulders of teachers as the reason for the reduction of the teaching days. They said this shows the excessive exploitation of teachers who receive very low salaries. “It exposes how the public school system has been abandoned for a very long time,” the group said.

According to the PIDS study, the 53 days are almost equivalent to three months of teaching. According to them, this data is alarming because it is almost 30% of the required teaching days (180 days) implemented by the Department of Education per academic year.

They added that cramming the curriculum into one academic year is useless if there is no opportunity or actual day for teachers to teach students. Time to understand topics in school is very limited, they said.

According to ACT, because this is the nature of the problems facing the country’s education system, addressing selected problems alone is not

enough, and comprehensive reforms should be implemented instead.

“If only game-changing solutions were pursued long ago…we could have been reaping the benefits of such brave investments by now. We need to start now,” ACT said.

Vice President Sara Duterte served as DepEd Secretary during the period of the study. She stepped down from her position as head of the department on June 19, which was greatly welcomed by teachers due to her incompetence and inaction on the widespread education crisis in the country.

## Delubyong dala ng harabas sa mga sakahan sa Negros Occidental, giit na kaagad tugunan

Hunyo 27, 2024

Halos 300 ektarya ng mga sakahan at plantasyon ang pineste ng armyworms (harabas), o “tagustos” sa lokal na katawagan, sa 17 mga barangay sa pitong bayan at syudad ng Negros Occidental. Sa harap nito, iginiit ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Negros Island, rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, ang pagbibigay ng kagyat at sapat na tugon ng rehimeng Marcos at mga ahensya nito sa mga pinesteng sakahan ng maralitang magsasaka.

Apektado ng peste ang mga sakahan sa Himamaylan City, Kabankalan City, Isabela, Moises Padilla, La Castellana, Binalbagan, at Ilog.

Ayon sa grupo, hindi pa nagtatagal mula nang malugi ang mga magbubukid sa isla dahil sa tagtuyot noong panahon ng El Niño ay kumakaharap na naman sila sa panibagong peste. Ang ilan pa sa mga bayang ito ay naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Kanlaon kamakailan.

Dagdag pa ng PKM-Negros, pinalubha ang epekto ng mga kalamidad na ito ng kainutilan ng rehimeng Marcos at lokal na gubyerno sa pagtugon sa mga ito. Sa ngayon, limos na ₱3 milyong lamang na pondo para sa pestisidyo kontra sa harabas ang ibinigay ng lokal na gubyerno ng Negros Occidental sa mga magbubukid.

"Kung hindi kaagad mabigyan nang kaukulang pansin, mapigil at malunasan ang pagdami ng armyworms, tinatayang mabilis itong lalaganap sa ibang sakahan sa karatig na mga bayan at syudad ng Negros Occidental," ayon pa sa PKM-Negros. Ayon mismo sa mga eksperto, kayang ubusin ng armyworms ang isang ektaryang maisan sa isang magdamag.

Ayon sa grupo, nangangamba ang mga magbubukid laluna ang maliliit na plantador ng tubo dahil naghahabol sila ng pagtatanim pagkatapos ng tagtuyot. Nais sana nilang mabawi ang nalugi nila sa nagdaang mga buwan at kumita sa huling milling season.

"Kahit na mangutang sila o magdagdag ulit ng gastos sa pagtanim, gagawin nila ito sa pag-asa na mabawi ang gastos at makaahon, sa pagbukas ng milling season. Ngunit ang pag-asang ito ng mga

maliit na magsasaka kaagad na nahalinhinan ng takot at pangamba sa pag-atake ng peste na armyworms," pahayag ng PKM-Negros.

**[English Translation]**

## Urgent action needed to address armyworm devastation in Negros Occidental farms

June 27, 2024

Nearly 300 hectares of farms and plantations across 17 barangays in seven towns and cities in Negros Occidental have been infested by armyworms, locally known as "tagustos." In response, the Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) -Negros Island, a revolutionary farmers' organization, is demanding immediate and adequate action from the Marcos regime and its agencies to address the affected farms of poor peasants.

The pest infestation has impacted farms in Himamaylan City, Kabankalan City, Isabela, Moises Padilla, La Castellana, Binalbagan, and Ilog. According to the group, farmers on the island are facing the new pest outbreak shortly after suffering losses due to the El Niño-induced drought. Some of these areas were also affected by the recent Kanlaon Volcano eruption.

PKM-Negros adds that the impact of these calamities has been exacerbated by the Marcos regime and local government's ineffective response. Currently, the local government of Negros Occidental has only allocated a meager ₱3

million fund for pesticides to combat the armyworms.

The group warns that if not promptly addressed, controlled, and resolved, the armyworm infestation could rapidly spread to farms in neighboring towns and cities of Negros Occidental. Experts claim that armyworms can consume a hectare of cornfield overnight.

PKM-Negros reports that farmers, especially small sugarcane planters, are anxious as they are rushing to plant after the drought. They had hoped to recover their losses from recent months and earn during the last milling season.

“Even if they have to borrow money or incur additional planting expenses, they will do so in hopes of recovering costs and improving their situation when the milling season opens. However, this hope of small farmers has quickly been replaced by fear and anxiety due to the armyworm outbreak,” PKM-Negros stated.

## Hustisya at pagpapalaya sa mga biktima ng tortyur, ipinanawagan

Hunyo 27, 2024

Nagprotesta sa harap ng Department of Justice ang SELDA (Samahan ng mga Ex-Detainee Laban sa Detensyon at Aresto) sa okasyon ng International Day in Support of Victims of Torture kahapon, Hunyo 26, para ipanawagan ang hustisya sa lahat ng mga biktima ng tortyur, kabilang ang mga biktima na nakapiit hanggang

ngayon. Panawagan din nilang palayain na ang lahat ng mga bilanggong pulitikal na nakakulong sa gawa-gawang mga kaso.

Isa sa mga kaso na dinala ng grupo ang iligal na pagdakip, tortyur at patuloy na pagbimbin kay Ernesto Jude Rimando, isang mananaliksik ng mga manggagawa sa Cebu. Si Rimando ay inaresto ng PNP-CIDG sa Quezon City noong Enero 6, 2021 sa bisa ng isang warrant na para sa isang “Allan Morales.” Piniringan, tinortyur at ipinailalim siya sa interogasyon. Nasa Quezon City siya noon para magpagamot sa sakit na liver cirrhosis. Sa loob ng tatlong taon niyang pagkakabilanggo, lumala ang kanyang sakit tungong Stage 4 na liver cancer. Agaw-buhay siya ngayon sa Philippine General Hospital matapos magkasakit ng pneumonia. Panawagan nila ang kagyat na pagpapalaya kay Rimando para maalagaan siya ng kanyang pamilya sa kanyang mga huling araw.

Nananawagan rin ang grupo para sa kagyat na pagpapalaya sa kabataang mga aktibista na sina John Griefen Arlegui at Reynaldo Remias Jr na hinuli ng mga pulis noong Abril 13, 2019. Nagpapaskil noon ang dalawa ng mga poster para sa kandidatong si Neri Colmenares nang damputin at ipinailalim sila sa tortyur. Itinago sila ng mga pulis bago dinala sa isang presinto sa Bulacan kung saan nakakulong sila hanggang ngayon.

Ilan pa sa mga tampok na kaso ng tortyur ang ginawa sa mga Dumagat na sina Rocky Torres at Avellardo Avellanida na kasalukuyang nakapiit sa Metro Manila District Jail sa Taguig City.

“Karaniwan na ang tortyur sa mga bilangguan at mga pasilidad para sa detensyon sa Pilipinas,” pahayag ng SELDA. “Mas malala ito sa mga bilanggong pulitikal dahil di makatarungan ang kanilang pagkakabilanggo at dapat na hindi sila manatili doon ng dagdag pang isang minuto.”

Nanawagan ang SELDA na itigil na ang mapaminsalang paggamit ng tortyur, sa litaw na porma man o sa pamamagitan ng mabagal na pagpatay at sa kawalan ng dignidad na dinaranas ng mga bilanggo sa mga siksikang piitan.

**[English Translation]**

## Group calls for justice and freedom for victims of torture

June 27, 2024

On the occasion of the International Day in Support of Victims of Torture yesterday, June 26, SELDA (Association of Ex-Detainees Against Detention and Arrest) protested in front of the Department of Justice to call for justice for all victims of torture, including victims who remain imprisoned to this day. They also called for the release of all political prisoners who are being held on trumped-up charges.

One of the cases brought by the group is the illegal arrest, torture and continued detention of Ernesto Jude Rimando, a labor researcher in Cebu. Rimando was arrested by the PNP-CIDG in Quezon City on January 6, 2021 by virtue of a warrant for a certain “Allan Morales.” He was blindfolded, tortured and subjected to

interrogation. He was in Quezon City at the time to seek treatment for liver cirrhosis. During his three years in prison, his illness progressed to Stage 4 liver cancer. He is now fighting for his life at the Philippine General Hospital after contracting pneumonia. The group called for his immediate release so that he can be cared for by his family in his final days.

The group is also calling for the immediate release of youth activists John Griefen Arlegui and Reynaldo Remias Jr who were arrested by the police on April 13, 2019. The two were posting posters for candidate Neri Colmenares when they were arrested and subjected to torture. The police hid them before taking them to a police station in Bulacan where they have been detained up to the present.

Other prominent cases involve the torture of Dumagats Rocky Torres and Avellardo Avellanida who are currently incarcerated in the Metro Manila District Jail in Taguig City.

“Torture is common in prisons and detention facilities in the Philippines,” SELDA said. “This is worse for political prisoners because their imprisonment is unjust and they should not remain there for another minute.”

SELDA called for an end to the pernicious practice of torture, whether in its direct form or through slow executions and the lack of dignity suffered by prisoners in congested jails.

## Magsasaka, pinaslang ng militar sa Masbate

Hunyo 27, 2024

Pinaslang ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang sibilyan na si Boyet Rodrigo sa Barangay Miabas, Palanas, Masbate noong Hunyo 23. Pinalalabas ng militar na napaslang ito sa isang engkwentro sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Sa tala ng grupong Karapatan-Masbate, si Rodrigo ang ika-31 biktima ng ekstra-hudisyal na pagpaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Ayon sa mga residente, ipinatawag si Rodrigo ng mga sundalong nagpanggap na mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isang abandonadong bahay at doon pinagbababaril. Nakumpirma nilang mga sundalo ng AFP ang mga ito nang pinagbantaan ang mga upisyal ng barangay na papatayin kung hindi pipirma sa kasulatang nagpapatotoong may engkwentrong naganap sa lugar.

Ang pamamaril at pagpatay ng mga sundalo kay Rodrigo ay tahasang paglapastangan sa mga internasyunal na makataong batas, mga alituntunin sa digma at iba pang internasyunal na deklarasyon na nagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan at di-kombatant saan man may armadong sigalot.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magreresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa

sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Liban dito, napwersa ang mga residente ng baryo at iba pang karatig barangay na magbakwit dahil sa takot na gawing target ng mga sundalo. Labis na troma ang idinulot ng mga ito sa mga magsasaka laluna sa mga bata at matatanda. Lalo pa silang nangamba dahil ang lupa sa Barangay Miabas ay inaagaw mula sa kanila ng mismong gubernador ng Masbate na si Gov. Kho.

Samantala, kinudena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)-Masbate, rebolusyonaryong samahan ng mga magsasaka, ang kainutilan ng Department of Agrarian Reform (DAR)-Masbate sa harap ng mga pagpatay sa mga magbubukid sa prubinsya at maraming kaso ng pangangamkam ng lupa.

Anang grupo, deklaradong layunin ng reaksyunaryong reporma sa lupa sa Masbate ang mabawi ng gubyerno ang mga lupang ipinaglabang mapasakamay ng mga magsasaka at kanilang kilusan. Itinalaga pa ang kontra-komunistang dating upisyal ng Philippine National Police na si Theodore Sindac bilang panrehiyong direktor ng DAR sa Bicol.

“Kahiya-hiyang para sa rantsero niyang interes, tahasang binabalewala mismo ng gubernador ng prubinsya kahit ang sariling programang agraryo

ng rehimen—patunay na walang patutunguhan ang mga magsasaka sa bulok na reporma sa lupang isinusulong ng reaksyunaryong estado," ayon sa PKM-Masbate.

Sa harap nito, ipinahayag ng PKM-Masbate na hindi ito magmamaliw sa pag-oorganisa sa libu-libong magsasakang Masbatenyo. Tuluy-tuloy umano nilang ipababatid sa masang magsasaka na tanging sa pamamagitan lamang ng paglahok sa digmang bayan at pagsusulong ng rebolusyong agraryo tunay na makakamit ang rebolusyonaryong reporma sa lupa.

**[English Translation]**

## Soldiers kill farmer in Masbate

June 27, 2024

On June 23, soldiers of the Armed Forces of the Philippines (AFP) killed a civilian named Boyet Rodrigo in Barangay Miabas, Palanas, Masbate. The military claimed he was killed in an encounter with the New People's Army (NPA). According to records from the human rights group Karapatan-Masbate, Rodrigo is the 31st victim of extrajudicial killing in the province under the Marcos administration.

Residents reported that Rodrigo was summoned by soldiers, who were posing as NPA fighters, to an abandoned house, where he was then shot. The perpetrators were confirmed as AFP soldiers after they threatened barangay officials to sign a document attesting that an encounter occurred.

The soldiers' shooting and killing of Rodrigo is a blatant violation of international humanitarian laws, rules of war, and other international declarations that protect civilians and non-combatants in armed conflicts.

Article 32 of the Fourth Geneva Conventions prohibits any measures causing physical suffering or extermination of protected persons. This act also violates the Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) signed by the Philippine Government and the National Democratic Front of the Philippines.

Additionally, residents of the village and neighboring barangays were forced to evacuate due to fear of being targeted by soldiers. This caused severe trauma to farmers, especially children and the elderly. Their concerns were magnified as land in Barangay Miabas is reportedly being grabbed by Masbate Governor Kho.

## Makabayang lider-guro at kinatawan ng ACT Teachers Partylist, kakandidato sa senado sa eleksyong 2025

Hunyo 27, 2024

Inianunsyo ni House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Partylist Rep. France Castro ang kanyang kandidatura sa pagkasenador sa darating na eleksyong mid-term sa 2025 kahapon, Hunyo 26. Isinapubliko niya ito sa ika-42 anibersaryo ng

Alliance of Concerned Teachers (ACT)-Philippines na ipinagdiwang ng mga guro sa isang pagtitipon sa Univesity of the Philippines-Diliman.

Sa talumpati ni Rep. Castro, sinabi niya na ang desisyon ng kanyang pagtakbo bilang senador ay nagmula sa mungkahi at hamon ng kapwa mga guro na katawanin ang interes ng sektor at ng masang Pilipino sa mas mataas na pusisyon.

“Gusto natin na sa pamamagitan ng Makabayan, magkaroon ng alternatibo din sa eleksyon. Hindi tayo nasasapatan sa nangyayaring bangayan lang ng mga naghaharing uri: Marcos vs. Duterte, at iba pa,” ayon kay Rep. Castro.

Idiniin ni Rep. Castro na gusto niyang isulong ang tunay na pagbabago sa bansa. “Kaya gusto natin magsulong ng isang Makabayan na alternatibo na tatakbo sa Senado. Tinatanggap ko po ang hamon ng Alliance of Concerned Teachers at ng ating Sambayanan,” dagdag niya.

Malugod na tinanggap ng mga guro ang anunsyo ni Rep. France. “Nalulugod ang ACT NCR Union na tinanggap ni Cong. France ang hamon na tumakbo…at susuportahan iyan ng mga guro dahil sa kasaysayan, siya ang magiging kauna-unahang public school teacher sa Senado,” pahayag ng unyon ng mga guro sa National Capital Region. Ang ACT NCR Union ay kumakatawan sa 80,000 guro sa pampublikong eskwelahan sa NCR. Suportado rin siya ng ACT Private Schools.

Naging kilala si Rep. Castro sa maiinit na mga pagdinig sa House of Representatives laluna

noong panahon ng pagkumpirma sa badyet ng mga ahensya ng gubyerno. Hindi siya nagkimi na banggain ang malalaking mga upisyal ng mga Marcos at mga Duterte para itaguyod ang karapatan ng mamamayang Pilipino.

Binusisi niya ang pagwawaldas ni Vice President Sara Duterte sa ₱125 milyong confidential at intelligence funds sa loob lamang ng 11 araw. Hindi rin siya naglulubay sa paghahabol na mapanagot si dating pangulong Rodrigo Duterte sa mga krimen sa sangkatauhan kabilang ang libu-libong kaso ng pagpatay sa gera kontra droga nito.

Tumindig rin si Rep. Castro laban sa pagratsada ng rehimeng Marcos sa charter change at maging sa pangungulimbat ng pera ng bayan sa Maharlika Investment Fund.

Sa loob ng House of Representatives, naghain siya ng mga panukala para sa pagtataas ng minimum na sahod ng karaniwang manggagawa, karapatan ng mga guro, at mga reporma sa sektor ng edukasyon. Kamakailan, naitulak ni Rep. Castro at ng ACT Teachers Partylist ang pagsasabatas sa Kabalikat sa Pagtuturo Act na nagtaas ng alawans para sa kagamitan sa pagtuturo tungong ₱10,000 mula sa dating ₱5,000.

**[English Translation]**

## ACT Teachers Partylist Rep. France Castro to run for senate in the 2025 elections

June 27, 2024

House Deputy Minority Leader and ACT Teachers Partylist Rep. France Castro announced her candidacy for senator in the 2025 mid-term elections yesterday, June 26. She made the announcement at the teachers' gathering for the 42nd anniversary of the Alliance of Concerned Teachers (ACT)-Philippines at the University of the Philippines-Diliman.

In her speech, Rep. Castro said that her senatorial bid was inspired by her colleagues in the teaching profession, who encouraged her to represent the interests of the sector and the Filipino people in higher office.

"We want to have alternative electoral candidates through the Makabayan [bloc]. We are not convinced with these petty squabbles between the ruling class–Marcos versus Duterte and others," Rep. Castro said.

Rep. Castro stressed that she wants to push for real change in the country. "That is why we want to push for a Makabayan alternative to run for the senate. I accept the Alliance of Concerned Teachers and the people's challenge," she added.

The teachers warmly welcomed Rep. France's announcement. "The ACT NCR Union is pleased that Cong. France accepted the challenge to run… and the teachers will support that because historically, she will be the first public school teacher in the Senate," said the teachers' union in the National Capital Region. The ACT NCR Union represents 80,000 public school teachers in NCR.

ACT Private Schools union also supports her candidacy.

Rep. Castro became known for heated hearings in the House of Representatives, especially during the confirmation of government agency budgets. She did not shy away from butting heads with high-ranking officials of the Marcos and Duterte administrations to defend the rights of the Filipino people.

She scrutinized Vice President Sara Duterte’s squandering of ₱125 million in confidential and intelligence funds in just 11 days. She also relentlessly pursued accountability from the former president Rodrigo Duterte for crimes against humanity, including thousands of killings in his war on drugs.

Rep. Castro also stood against the Marcos regime’s railroading of the charter change, as well as against the plunder of public funds for the Maharlika Investment Fund.

Inside the House of Representatives, she filed bills to increase the minimum wage of ordinary workers, teachers’ rights, and reforms in the education sector. Recently, Rep. Castro and the ACT Teachers Partylist pushed for the enactment of the Kabalikat sa Pagtuturo Act, which increased the teaching supplies allowance to ₱10,000 from the previous ₱5,000.

## Pabatid sa pagwewelga, isinampa ng mga manggagawa ng Nexperia

Hunyo 27, 2024

Nagsampa ng Notice of Strike (NOS) ang mga manggagawa sa ilalim ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union (NPIWU-NAFLU-KMU) kahapon, Hunyo 26, sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) Region IV-A sa Calamba, Laguna. Kasabay nito, nagsawaga ng rali ang mga manggagawa sa labas ng upisina ng NCMB.

Nagdesisyon ang unyon na maghain ng NOS dahil sa hindi makataong pagtrato sa pagawaan tulad ng pagtatanggal sa mga upisyal ng unyon, pansamantalang pagtanggal sa mga kasapi ng unyon at paglabag sa mga prubisyon na nakasaad at napagkasunduan sa Collective Bargaining Agreement.

Kabilang sa mga kaso ng iligal na tanggalan sa Nexperia Philippines ay ang pagsipa sa walong manggagawa noong nakaraang taon kabilang ang tatlong upisyal ng unyon. Sinundan pa ito ng pagtatanggal sa 54 manggagawa noong Marso, habang nakaamba pa ang ilang serye ng tanggalan sa kumpanya sa darating na mga buwan. Pagkalugi ang idinahilan ng kapitalistang Nexperia sa isinagawang tanggalan.

"Hindi makatarungan ang patuloy na paglabag ng Nexperia sa karapatan ng manggagawa sapagkat, mayroong napagkasunduang probisyon sa CBA pero hindi ito sinunod ng Nexperia management

bagkus batay sa kanilang criteria ang paraan ng pagtatanggal," pahayag ng unyon.

Naghapag na ang unyon sa Nexperia ng mga mungkahi sa nagdaang mga buwan para tugunan ang usapin ng tanggalan at ang hindi pagkakasunduan sa pagitan nito, pero hindi ito pinakinggan ng kapitalista. Kaya ganoon na lamang ang paniniwala ng unyon na "isa itong atake sa buo para buwagin ang unyon sa paraan na pagpapahina sa pagtatanggal ng manggagawa."

Anang mga manggagawa, nagpapatupad ngayon ang Nexperia ng "cost optimization" para sa ipinamamandila nitong pagiging "competetive" ng kumpanya. Sa prosesong ito, sinasamantala ng kapitalista ang lakas paggawa ng manggagawa sa pamamagitan ng pagpapahawak ng maraming makina para mapatunayan ang "redundancy" o nauulit na mga tauhan. Dagdag pa ng unyon, ginagamit ng Nexperia ang hindi unyonisadong mga manggagawa para pag-awayin sa mga kasapi ng unyon.

"Kaya sa suri ng unyon ay para maging competitive ang kumpanya ay magtatanggal ito ng manggagawa hanggang sa durugin ang unyon. Dahil ang unyon lamang ang lehitimong magtatanggol sa batayang karapatan ng manggagawa sa job security, sahod at karapatan sa pagawaan," pagdidiin nito.

Kaya ipinababatid umano ngayon ng unyon sa kapitalista sa pagsasampa ng NOS na handa itong ipaglaban ang karapatan at kagalingan ng mga

manggagawa sa pamamagitan ng welga at sama-samang pagkilos. “Magkaisa at tuloy na lumaban para sa sahod, trabaho at karapatan,” ayon pa sa NPIWU-NAFLU-KMU.

Nagpahayag ng pakikiisa ang Kilusang Mayo Uno sa laban ng mga manggagawa sa Nexperia. Hinimok rin nila ang iba pang mga unyon at manggagawa sa bansa na suportahan ang pakikibaka ng NPIWU. “Ang ganitong pakikibaka at tagumpay ay magsisilbing inspirasyon sa buong bayan sa magiting na paglaban gamit ang sandata ng welga!” ayon sa KMU.

Ang Nexperia Philippines ay subsidyaryo ng kumpanyang Nexperia na nakabase sa The Netherlands. Nagmamanupaktura ito ng mga semiconductor sa mga pabrika nito sa Europe, Asia at US.

**[English Translation]**

## Nexperia workers file notice of strike over unfair labor practices

June 27, 2024

The workers under the Nexperia Philippines Inc. Workers Union (NPIWU-NAFLU-KMU) filed a notice of strike (NOS) yesterday, June 26, at the National Conciliation and Mediation Board (NCMB) Region IV-A in Calamba, Laguna. Simultaneously, the workers staged a rally outside the NCMB office.

The union voted to file the NOS due to the company’s inhumane treatment of workers, such

as the removal of union officials, temporary dismissal of union members, and violations of the provisions stated and agreed upon in the Collective Bargaining Agreement (CBA).

Among the cases of illegal dismissal at Nexperia Philippines are the termination of eight workers last year, including three union officials. This was followed by the dismissal of 54 workers in March, while several more rounds of dismissals are looming in the coming months. The company cited losses as the reason for the dismissals.

“Nexperia’s continued violation of workers’ rights is unjust because there are agreed-upon provisions in the CBA, but these were not followed by the Nexperia management. Instead, they based the dismissals on their own criteria,” the union stated.

The union at Nexperia has already submitted proposals in recent months to address the issue of dismissals and disagreements between the parties, but the capitalists did not listen. That is why the union believes that “this is an attack on the whole to dismantle the union by weakening it through the dismissal of workers.”

The workers said that Nexperia is now implementing “cost optimization” to demonstrate the company’s “competitiveness.” In this process, the capitalist exploits the workers’ labor by making them handle multiple machines to prove the “redundancy” or repetition of personnel. The union added that Nexperia is using non-unionized workers to divide the union members.

“So in the analysis of the union, for the company to be competitive, it will dismiss workers until it crushes the union. Because only the union can legitimately defend the basic rights of workers to job security, wages, and rights in the workplace,” it emphasized.

That is why the union is now informing the capitalist, through the filing of the NOS, that it is ready to fight for the rights and welfare of the workers through a strike and collective action. “Unite and continue to fight for wages, jobs and rights,” according to NPIWU-NAFLU-KMU.

The Kilusang Mayo Uno (KMU) expressed solidarity with the struggle of the workers at Nexperia. They also urged other unions and workers in the country to support the fight of NPIWU. “This kind of struggle and victory will serve as an inspiration to the entire nation in the courageous fight using the weapon of the strike!” said KMU.

Nexperia Philippines is a subsidiary of the Dutch-based Nexperia company. It manufactures semiconductors in its factories in Europe, Asia and the US.

## Pagpatay ng 7th IB sa 16-anyos sa Sultan Kudarat, kinunenda ng NDFP

Hunyo 27, 2024

Kinundena ng Special Office for the Protection of Children (SOPC) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pagpatay ng 7th IB sa

16-anyos na estudyante na si Eusibio Cranzo, na kilala rin bilang Kuni Cuba, noong Hunyo 9 sa Sityo Kiluding, Barangay Kiadsam, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat. Naganap ang pamamaslang higit isang linggo matapos gunitain ang International Day for the Protection of Children noong Hunyo 1.

Ayon sa ulat, pauwi si Cranzo kasama ang kanyang kapatid at dalawang kaibigan nang mangyari ang pamamaslang. Nakasalubong nila ang nag-ooperasyong yunit ng 7th IB nang paputukan sila. Agad na tinamaan si Cranzo, habang nakatakbo sa katabing maisan ang tatlo niyang kasama. Pinalalabas ng mga sundalo na nakumpiska sa biktima ang isang ripleng Garand at pinaratangan siyang myembro ng Bagong Hukbong Bayan.

Pinasinungalingan na rin ng pamilya at mga kababaryo nila ang paratang ng militar na kasapi si Cranzo ng hukbong bayan. "Ang palusot ng AFP na [si Cranzo] ay kasapi ng BHB ay walang iba kundi mapang-uyam at tangkang paninisi para bigyang katwiran ang kanilang barbaridad," ayon kay Ka Coni Ledesma, pinuno ng SOPC-NDFP.

Aniya, hindi ito ang unang pagkakataon na ginamit ng AFP ang luma at walang-lamang retorika para pagtakpan ang kanilang mga pag-abuso sa karapatang-tao. "Malinaw rin na sa ilalim ng rehimeng Marcos, sistematikong nilalabag ang karapatan ng mga bata at binabaliwala ang internasyunal na makataong batas," dagdag pa ni Ka Coni.

Matingkad na paalala umano ang nangyaring pagpatay kay Cranzo na tatak ng rehimeng Marcos ang sistematikong karahasan at pagpapanatili ng kulutura ng kawalang pananagutan. "Habang ginugunita sa ibang panig ng mundo ang pangangalaga at pagtataguyod sa karapatan ng mga bata ngayong Hunyo, ang papet na estado ng Pilipinas sa ilalim ni Marcos ay nagpapatuloy sa kampanya ng terorismo nito laban sa sariling mamamayan, at tinatarget kahit ang pinakabulnerable at walang kakayahang magtanggol," ayon pa kay Ka Coni.

Nanawagan ang SOPC-NDFP sa internasyunal na komunidad na kundenahin ang karumal-dumal na krimen na ito at kumilos para kamtin ang hustisya para kay Cranzo at marami pang batang biktima ng papet na estado ng Pilipinas. Dapat umanong papanagutin si Marcos Jr at kanyang mga tropang militar sa kanilang mga krimen sa digma.

Matatandaan na noong Mayo 18 ay kabilang si Marcos Jr sa hinatulan ng International Peoples' Tribunal (IPT) na nagkasala, kasama ang rehimeng Duterte, ang gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), at ang US na kinakatawan ni Joseph Biden, sa paglabag sa mga karapatang-tao ng mga Pilipino, at sa internasyunal na makataong batas.

Ang IPT ay isang pandaigdigang hukuman na binubuo ng mga ekspertong ligal na nag-iimbestiga sa mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas sa iba't ibang bansa. Itinatag ito noong 1979 at nakapagdaos na

ng 46 na sesyon, kabilang ang anim tungkol sa Pilipinas.

**[English Translation]**

## NDFP condemns 7th IB killing of 16-year-old in Sultan Kudarat

June 27, 2024

The Special Office for the Protection of Children (SOPC) of the National Democratic Front of the Philippines (NDFP) condemned the killing of 16-year-old student Eusibio Cranzo, also known as Kuni Cuba, by the 7th IB on June 9 in Sityo Kiluding, Barangay Kiadsam, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat. The killing took place more than a week after the commemoration of the International Day for the Protection of Children on June 1.

According to the report, Cranzo was on his way home with his sibling and two friends when the incident occurred. They run into the operating unit of the 7th IB, who then opened fire on them. Cranzo was immediately hit, while his three companions ran to the adjacent cornfield. The soldiers claimed that a Garand rifle was confiscated from the victim and accused him of being a member of the New People’s Army.

Cranzo’s family and neighbors also refuted the military’s claim that he was a member of the people’s army. “The AFP’s excuse that the boy was a member of the NPA is nothing more than a cynical and reprehensible attempt to justify their

barbarity," said Ka Coni Ledesma, head of SOPC-NDFP.

She stated that this was not the first time the AFP had used tired and hollow rhetoric to cover up their human rights abuses. "it is clear that under the Marcos Jr regime, children's rights violations and the disregard of international humanitarian law are systematically perpetuated," added Ka Coni.

Ka Coni said Cranzo's killing is a stark reminder of the systemic violence and impunity that is the hallmark of the Marcos Jr administration. "While the rest of the world celebrates the protection and upliftment of children this June, the Philippine puppet state under Marcos Jr has chosen to continue its campaign of terror against its own people, targeting even the most vulnerable and defenseless," said Ka Coni.

SOPC-NDFP calls on the international community to condemn this heinous crime and take action to seek justice for Cranzo and many other child victims of the Philippine puppet state. Marcos Jr and his military troops should be held accountable for their war crimes, it said.

It may be recalled that on May 18, Marcos Jr was among those found guilty by the International Peoples' Tribunal (IPT)of committing human rights violations against the Filipino people, along with the Duterte regime, the Government of the Republic of the Philippines (GRP), and the US represented by Joseph Biden, in violation of international humanitarian law.

The IPT is an international court composed of legal experts investigating violations of human rights and international humanitarian law in various countries. It was established in 1979 and has already held 46 sessions, including six on the Philippine situation.

## Pastor na kontra-EDCA at Balikatan war games, naging target ng ‘cyber-attack’

Hunyo 27, 2024

Naalarma ang Karapatan-Cagayan Valley sa walang-tigil na cyber-attack laban sa pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP) na si Rev. Allan Manuel noong unang linggo ng Mayo. Iniulat ni Rev. Manuel na hindi niya mabuksan ang kanyang Facebook, Messenger at SMS text message at iba pang personal na mga akawnt. Nakatanggap din umano siya ng tawag mula sa hindi kilalang numero na itinuturong nagdulot ng biglaang pag-crash ng kanyang selpon.

Naniniwala ang Karapatan-Cagayan Valley na may kinalaman ang panggigipit na ito sa oposisyon ng pastor sa ika-39 na Balikatan war games sa bansa sa pagitan ng tropa ng US at Pilipinas. Itinuturo ng grupo bilang salarin ang militar ng US at Pilipinas na naglulunsad noon ng “capacity training” kaugnay ng “cyberdefense” sa pag-atake sa social media accounts ng pastor.

“Ang paggamit ng mga drone at iba pang abanteng teknolohiyang militar na ipinagkaloob

ng militar ng US sa Armed Forces of the Philippines (AFP) ay ginagamit din sa elektronikong pagmamanman sa mga aktibidad ng mga aktibista at organisasyong masa," pahayag ng Karapatan-Cagayan Valley.

Idinidiin ng grupo na naging target ng ganitong pagmamanman at paglabag sa karapatan sa pribasiya si Rev. Manuel dahil sa kanyang pagtindig para sa karapatang-tao sa Cagayan Valley. Mahigpit din siyang nanindigan laban sa dagdag na mga base militar ng US sa Cagayan Valley sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement at umiigting na presensyang militar ng US sa rehiyon at sa bansa. Naging biktima rin siya ng Red-tagging ng National Task Force-Elcac simula pa 2018.

Noong Enero ngayong taon, binatikos naman ng pambansang tanggapan ng Karapatan ang pagbubuo ng AFP ng sariling "cyber security group" na anito ay gagamitin lamang laban sa mga progresibo at alternatibong midya sa bansa.

Ang mga progresibo at alternatibong midya tulad ng Bulatlat at Altermidya, at ang Karapatan, ay naging target ng mga cyber-attack simula pa 2018. Ang mga pag-atakeng ito ay kinatangian ng Distributed Denial of Service (DDOS) kung saan nilulunod ang kanilang mga website ng "fake traffic" para mabulunan ang website at hindi mabuksan ng iba. Sa naging mga pag-aaral sa mga cyber-attaks na ito, itinurong nagmula ang mga pag-atake sa IP address na nakatalaga sa Philippine Army.

Liban pa, arbitrayong ipinasara ng rehimeng Marcos noong Hunyo 2022 ang mga website ng mga organisasyong pinararatangan nitong may kaugnayan sa "komunista-teroristang mga grupo." Kabilang dito ang maraming website ng progresibong mga organisasyon at independyenteng midya.

**[English Translation]**

## Pastor opposed to EDCA and Balikatan war games falls victim to cyber-attack

June 27, 2024

Karapatan-Cagayan Valley expressed alarm over the relentless cyber-attack against Rev. Allan Manuel, a pastor of the United Church of Christ in the Philippines (UCCP), during the first week of May. Rev. Manuel reported being unable to access his Facebook, Messenger, SMS text messages, and other personal accounts. He also received a call from an unknown number that caused his cellphone to suddenly shut down.

The group believes these incidents are related to the pastor's opposition to the 39th Balikatan war games in the country between US and Philippine troops. They suspect the US and Philippine militaries, who were conducting "capacity training" related to "cyberdefense," of being behind the attacks.

"The use of drones and other advanced military technology bestowed to the AFP by the US military have not only been directed to Chinese incursions in the West Philippine Sea but is also

used to electronically monitor the activities of activists and people's organisations," Karapatan-Cagayan Valley stated.

The group emphasized that Rev. Manuel became a target of such surveillance and violation of privacy rights due to his advocacy for human rights in Cagayan Valley. He also strongly opposed additional US military bases under the Enhanced Defense Cooperation Agreement and the increasing US military presence in the region and the country. He has been subjected to Red-tagging by the National Task Force-Elcac since 2018.

In January this year, Karapatan's national office criticized the AFP's creation of its own "cyber security group," which the group claims will only be used against progressive and alternative media in the country.

Progressive and alternative media such as Bulatlat and Altermidya, and Karapatan, have been targets of cyber-attacks since 2018. These attacks were characterized by Distributed Denial of Service (DDOS), where their websites were flooded with "fake traffic" to overload the system and prevent others from accessing the said sites. Studies on these cyber-attacks pointed to IP addresses assigned to the Philippine Army as the source.

Additionally, the Marcos regime arbitrarily shut down websites of organizations it accused of being linked to "communist-terrorist groups" in June 2022, including many progressive organizations and independent media outlets.

## Planong pagtakbo sa senado ng mga Duterte, sinupalpal

Hunyo 27, 2024

Kinundena ng kilalang kritiko ng mga Duterte na si House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Partylist Rep. France Castro ang plano ng mga Duterte na pagtakbo sa senado sa eleksyong mid-term sa 2025. Ayon sa mambabatas, panibagong pakana na naman ito ng mga Duterte para palawakin ang kanilang kapangyarihan at panatilihin ang kanilang dinastiyang pampulitika sa bansa.

Sa isang panayam kay Sara Duterte, sinabi niyang tatakbong senador sa 2025 ang kanyang mga kapatid na sina Sebastian, kasalukuyang meyor ng Davao City, at Paolo, kasalukuyang kongresista, at kanilang tatay na si Rodrigo, dating pangulo. Nagbabalak din umanong tumakbo sa pagkapangulo si Sebastian sa 2028.

"Sukdulan ito ng burukrata-kapitalismo, kung saan gusto ng isang pamilya na kontrolin ang bawat aspeto ng pulitika ng bansa. Ginagawang negosyo ang pagtakbo sa pusisyon sa gubyerno di lang para mangurakot pero para pagtakpan din ang mga kasalanan nila sa mamamayan," ayon kay Rep. Castro. Aniya, ganito rin ang kalakaran ng pamilyang Marcos.

Sa nagdaang mga buwan, lantad na lantad ang pananagutan ni Rodrigo Duterte sa patakaran ng ekstra-hudisyal na pagpaslang sa ilalim ng kanyang gera kontra droga. Ang mga kaso

kaugnay dito ay isinampa sa International Criminal Court. Samantala, nasasangkot din siya sa malalaking kaso ng korapsyon noong panahon ng pandemyang Covid-19.

Ayon kay Castro, ang plano ng mga Duterte ay naglalantad sa umiigting na tunggalian sa dalawang paksyon ng naghaharing mga uri. “Sa sinabing ito ni VP Duterte, makikita na magiging all out na ang bakbakan sa pagitan ng dalawang paksyon ng naghaharing uri,” aniya.

Nanawagan si Rep. Castro sa mga kapwa Pilipino na maging mapagbantay sa ganitong pakana ng mga Duterte at labanan ang tangka ng mga dinastiyang pampulitika na kopohin ang kapangyarihan at iluklok ang kanilang paghahari sa kapinsalaan ng tunay na demokrasya at interes ng mamamayan.

**[English Translation]**

## Lawmaker slams Dutertes’ senate bid plan

June 27, 2024

House Deputy Minority Leader and ACT Teachers Partylist Rep. France Castro, a known critic of the Dutertes, condemned the plan of the Duterte family to run for Senate in the 2025 midterm elections. According to the lawmaker, this is another ploy by the Dutertes to expand their political dynasty and maintain their grip on power.

In an interview, Sara Duterte said her siblings Sebastian, Davao City’s current mayor, and Paolo,

the city's current representative, as well as their father Rodrigo, the former president, will be vying for Senate seats in 2025. Sebastian is also reportedly eyeing the presidential seat in 2028.

"This is the height of bureaucrat-capitalism, where a single family wants to control every aspect of the country's politics. They are turning government positions into a business venture, not just to plunder but also to cover up their sins against the people," according to Rep. Castro. She said this is also the modus operandi of the Marcos family.

In recent months, Rodrigo Duterte's accountability for the extrajudicial killings under his drug war has become blatantly evident. Cases related to this have been filed with the International Criminal Court. He is also embroiled in major corruption scandals during the Covid-19 pandemic.

According to Castro, the Dutertes' plan reveals the intensifying conflict between two factions of the ruling class. "With what VP Duterte said, we can see that the battle between the two factions of the ruling class will be all-out," she said.

Rep. Castro called on fellow Filipinos to be vigilant against the Dutertes' machinations and to fight the attempt of political dynasties to monopolize power and impose their rule that undermines true democracy and the people's interests.

## Ika-30 anibersaryo ng Stonewall Manila, ginunita

Hunyo 28, 2024

Ginunita ng grupong Bahaghari noong Hunyo 26 ang ika-30 anibersaryo ng Stonewall Manila, ang kauna-unahang martsa na pinangunahan ng mga bakla at lesbyana sa Pilipinas at sa buong Asia. Hango ang okasyon sa Stonewall Riots na naganap sa New York noong 1969 na itinuturing na susing pangyayari sa pagbwelo ng kilusan para sa mga karapatan ng mga nasa komunidad ng LGBT.

Sa Pilipinas, pinangunahan noon ng organisasyong Progressive Organization of Gays in the Philippines (ProGay) at ng Metropolitan Community Church (MCC) Manila ang pagsusulong ng mga karapatan ng LGBT. Liban dito, dinala nila sa kanilang martsa ang pangkalahatang laban ng mamamayang Pilipino, partikular ang pagpapatupad ng value-added tax (VAT) at pagtaas ng presyo ng langis na lubos na nagpahirap sa mamamayan.

"Mula noon, nagkaroon na ng pag-unlad ang paggunita ng Pride sa bansa dahil sa pormasyon ng mga LGBTQ+ na mga organisasyon sa buong bansa," ayon sa Bahaghari. "Gayunpaman, patuloy na dumaranas ng diskriminasyong nakabatay sa gender ang mga nasa komunidad na ito, sa mga eskwelahan, sa mga trabaho at iba pang lugar." Nananatiling kalunos-lubos ang kalagayan ng mga LGBTQ+, ayon sa grupo.

Isa sa malalaking kaso ang pagpatay kay Jennifer Laude ng isang Amerikanong sundalo at ang mga usaping ibinukas nito kaugnay sa presensya ng mga tropa ng US sa bansa sa ilalim ng Visiting Forces Agreement. Ang kaso ni Laude ang nagsilbing mitsa sa pagbubuo ng Bahaghari bilang isang pambansa-demokratikong organisasyon ng LGBTQ+ at tagapagmana ng organisasyong Pro-Gay.

“Tulad ng Pro-gay at LESBOND (Lesbians for National Democracy), nais naming magkaroon ng mas maayos na lipunan para ipaglaban ang karapatan ng LGBTQ+ at para rin mapalaya ang sambayanang Pilipno mula sa pang-aapi ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo at pyudalismo,” ayon sa grupo.

Kabilang sa mga ipinanawagan ng Bahaghari ang pagpasa ng batas laban sa diskriminasyon at karahasang gender-based at para sa pagtatanggol sa mga karapatan ng LGBTQ+ sa lipunan; pagbabasura sa VFA, EDCA, MDT at iba pang tagibang na kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at US; pagbabasura sa mga patakarang neoliberal, tulad ng charter change, na nagbubukas sa mga rekurso ng bansa sa mga dayuhan; pagtigil sa pribatisasyon ng mga serbisyong panlipunan; at independyenteng patakarang panlabas.

**[English Translation]**

## 30th anniversary of Stonewall Manila, commemorated

June 28, 2024

The group Bahaghari marked the 30th anniversary of Stonewall Manila, the first ever march led by gays and lesbians in the Philippines and throughout Asia, on June 26. The occasion stemmed from the Stonewall Riots that took place in New York in 1969, which is considered a key event in the global LGBT+ rights movement.

In the Philippines, the Progressive Organization of Gays in the Philippines (ProGay) and the Metropolitan Community Church (MCC) Manila spearheaded the advancement of LGBT rights at the time. In addition, they brought to their march the general struggle of the Filipino people, particularly the implementation of the value-added tax (VAT) and rising oil prices that greatly burdened the Filipino people.

“Since then, Pride celebration saw substantial growth with broader public support due to the formations of LGBTQ+ organizations across the country,” according to Bahaghari. “Despite this, members of the community still experience gender-based discrimination in schools, workplaces and other spaces.” The situation of LGBTQ+ remains deplorable, according to the group.

One of the major cases is the killing of Jennifer Laude by an American soldier and the issues it raised regarding the presence of US troops in the country under the Visiting Forces Agreement. The Laude case served as a catalyst for the formation of Bahaghari, a national-democratic organization of LGBTQ+ and the successor of the Pro-Gay organization.

“Like Pro-gay and LESBOND (Lesbians for National Democracy), we must aspire for a better society to promote LGBTQ+ rights and also to liberate the Filipino masses from oppression brought on by imperialism, feudalism and bureaucrat-capitalism,” the group said.

Among the calls of Bahaghari are the passage of a law against gender-based discrimination and violence and for the defense of the rights of LGBTQ+ in society; the abrogation of the VFA, EDCA, MDT and other unequal treaties between the Philippines and the US; the scrapping of neoliberal policies, such as charter change, that further open the country’s resources to foreigners; the end to the privatization of social services; and an independent foreign policy.

## Mga martir ng Pantabangan, pinarangalan

Hunyo 28, 2024

Kinilala at pinarangalan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Luzon (Josepino Corpuz Command) ang 10 Pulang mandirigma at kumander nito na nabuwal sa isang depensibong labanan sa bayan ng Pantabangan, Nueva Ecija noong Hunyo 26. Anang yunit, matapang na hinarap ng mga martir ang mga kaaway at buo ang paninindigang tinanganan ang armas sa naturang labanan hanggang huling hininga.

“Labis ang aming pagdadalamhati sa pagkabuwal ng mahuhusay at magigiting na kadre ng Partido at Hukbong Bayan. Ipinapaabot namin ang

mahigpit na yakap at pakikiramay sa mga kapamilya, kaibigan, kasama, at mga masang tunay silang minahal," pahayag pa ng BHB-Central Luzon.

Kinilala ang mga namartir bilang sina Hilario Guiuo (Ka Berting/Tonyo), Harold Menosa (Ka Luzon), Marian Castro (Ka Lunti), Archie Arceta (Ka Soral/Teo), Asaze Galang (Ka Shyla/Cha), Pepito Bautista (Ka Dylan), Noel Bedonia (Ka Eric/Tagumpay), Noel Bedonia Jr (Ka Angel), Reynan Mendoza (Ka Mel), at Angelika Villalon (Ka Molly). Anang yunit, mula ang 10 sa iba't ibang henerasyon at uri, sa hanay ng mga magsasaka, mala-manggagawa, tsuper, taong-simbahan, at kabataang-estudyante.

"Walang pagsidlan ang aming hinagpis, poot, at galit sa mga berdugong militar dahil sa kanilang ginawang overkill," ayon sa panrehiyong yunit ng BHB.

Anito, saksi ang malawak na kabundukan ng Sierra Madre sa mabubuting puso ng mga martir na handang pag-alayan ng lakas, talino, at buhay ang mga katutubong Dumagat, Igorot, Aeta, at masang magsasaka na patuloy na nasasadlak sa mga ugat ng kahirapan sa bansa.

"Simbigat ng Sierra Madre ang kabuluhan ng kanilang buhay, singlawak ng kapatagan ng Gitnang Luson ang kanilang ambag sa pagtatagumay ng digmang bayan, singtayog at singyabong ng mga puno sa kagubatan ang pagkilala ng sambayanan sa kanilang dakilang kabayanihan," ayon pa sa yunit.

Dagdag pa nito, gaano man kasama isalarawan ng mga berdugong AFP ang pagiging hukbo at komunista ng mga martir, hindi mabubura ang kanilang ginintuang karanasan sa pagsusulong ng interes at kagalingan ng mamamayan.

"Araw-araw nating dakilain ang ating mga bayani. Nabuwal man ang 10 magigiting na hukbo ng BHB-Central Luzon, hindi nito mapipigilan ang pag-igting ng digmang bayan sa Pilipinas sapagkat ang mga dahilan para magrebolusyon ay nananatili, humihinog ang sitwasyon upang patuloy na lumaban ang mamamayang api at pinagsasamantalahan," ayon pa sa yunit.

Nagpaabot ng pakikiramay ang BHB-Central Luzon sa lahat ng mga kaanak, kaibigan, kasama at kakilala ng mga nabuwal na mandirigma.

Pinagpugayan rin ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mga martir ng Pantabangan. "Kinikilala ng Partido ang mga sakripisyo at buhay na inialay ng mga martir ng Pantabangan sa walang-pag-iimbot na paglilingkod sa sambayanang Pilipino at layunin para sa pambansa-demokrasya at sosyalistang perspektiba nito," pahayag ni Ka Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido.

"Tinaglay nila ang komunistang diwa ng pagbibigay ng lahat ng makakaya para sa uring manggagawa at masang anakpawis, binalikat nila ang gabundok na mga tungkulin para sa pagsusulong ng rebolusyon sa kani-kanilang larangan ng responsibilidad," dagdag pa niya.

[English Translation]
# Honor the fallen revolutionaries of Pantabangan

June 28, 2024

The New People's Army (NPA)-Central Luzon (Josepino Corpuz Command) pays tribute to 10 Red fighters and commanders who fell in a defensive battle in Pantabangan, Nueva Ecija on June 26. According to the unit, the martyrs bravely faced the enemy and held their ground with full determination in the said battle until their last breath.

"We are deeply saddened by the fall of these brilliant and valiant cadres of the Party and people's army. We extend our tight embrace and deepest condolences to the families, friends, comrades, and the masses who truly loved them," the NPA-Central Luzon stated.

The martyrs were identified as Hilario Guiuo (Ka Berting/Tonyo), Harold Menosa (Ka Luzon), Marian Castro (Ka Lunti), Archie Arceta (Ka Soral/Teo), Asaze Galang (Ka Shyla/Cha), Pepito Bautista (Ka Dylan), Noel Bedonia (Ka Eric/Tagumpay), Noel Bedonia Jr (Ka Angel), Reynan Mendoza (Ka Mel), and Angelika Villalon (Ka Molly). The unit said the 10 came from different generations and classes, from the ranks of farmers, semi-proletariat, drivers, church people, and student youth.

“Our grief, hate, and anger towards the military butchers for their overkill are immeasurable,” the regional unit of the NPA said.

The unit said the vast mountains of Sierra Madre bear witness to the pure hearts of the martyrs who were ready to offer their strength, intelligence, and lives to the indigenous Dumagat, Igorot, Aeta, and peasant masses who continue to be mired in the roots of poverty in the country.

“The significance of their lives is as heavy as Sierra Madre, their contribution to the triumph of the people’s war is as wide as the plains of Central Luzon, the people’s veneration of their heroism is as tall and lush as the trees in the forest,” the unit added.

The unit further stated that no matter how bad the AFP butchers portray them, the military cannot erase their golden contribution in advancing the interests and welfare of the people.

“Let us honor our heroes every day. Although 10 valiant warriors of the NPA-Central Luzon have fallen, this will not stop the people’s war to build-up in the Philippines because the reasons for revolution remain, the situation is ripe for the oppressed and exploited people to continue fighting,” the unit said.

The NPA-Central Luzon extended its condolences to all the relatives, friends, comrades and acquaintances of the fallen fighters.

The Communist Party of the Philippines (CPP) also paid tribute to the martyrs of Pantabangan. “The

Party recognizes the sacrifices and lives offered by the martyrs of Pantabangan in selfless service to the Filipino people and their goal for national democracy and its socialist perspective," Marco Valbuena, the Party's information officer, said.

"They embodied the communist spirit of giving their all for the working class and toiling masses. They shouldered the mountain of tasks for advancing the revolution in their respective fields of responsibility," he added.

## Pagtratong tropeyo ng 84th IB sa napaslang na mga Pulang mandirigma, kinundena

Hunyo 28, 2024

Kinundena ng Karapatan-Central Luzon ang 84th IB at 7th ID sa pagbalandra at pagprisenta bilang tropeyo nito sa limang bangkay na mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napaslang sa isang sinasabing engkwentro na naganap sa Barangay Malibang, Pantabangan, Nueva Ecija, noong Hunyo 26.

Ayon sa Karapatan-Central Luzon, nababahala sila sa pagpapakalat ng mga yunit ng militar sa social media ng mga larawang nagpapakita sa mga bangkay. Anang grupo, ang paglapastangan sa bangkay ng mga napatay ay paglabag sa internasyunal na makataong batas at alituntunin sa sibilisadong pakikidigma.

Hindi na bago ang ganitong kalakaran ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Karaniwan na

nilang ibinabalandra sa social media ang mga bangkay ng kanilang napatay na mga rebolusyonaryo o sibilyan para pagpyestahan ng kanilang mga bayarang trolls.

Sa nakaraan, ginawa ito ng AFP sa bangkay ni Jevelyn Cullamat, anak ng lider-lumad at dating kinatawan ng Bayan Muna Partylist na si Rep. Eufemia Cullamat, na napaslang sa isang engkwentro noong Nobyembre 28, 2020. Itinabi pa ng militar sa bangkay ni Jevelyn ang isang riple at ang iba pang mga nasamsam nito sa engkwentro na tila "war loot." Ang kasong ito ay kabilang sa idinulog ng mga grupo sa karapatang-tao sa naganap na International People's Tribunal noong Mayo na naghatol ng maysala kina Marcos, Duterte at gubyerno ng US sa mga krimen sa digma.

Samantala, dagdag sa pangamba ng Karapatan-Central Luzon na ang isa sa mga ipinrisentang bangkay ay nakapiring, na anila ay hindi karaniwan sa mga engkwentro. Nababahala rin ang grupo sa pagkaantala ng anunsyo ng AFP sa tatlong kababaihang napaslang din sa sinasabing labanan kahit pa nasa kalapit na lugar lamang ang mga bangkay.

"Napakahaba ng kasaysayan ng pagsasawalang bahala ng AFP sa batas ng digma. Napakaraming mga kaso na hindi nila iginagalang ang buhay ng kanilang mga kadigma," pagdidiin ng grupo. Ito umano ang dahilan ng kanilang pagkabahala sa sirkumstansya ng pagkamatay ng sinasabing mga Pulang mandirigma at mga paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Ayon pa sa Karapatan-Central Luzon, patunay ang nagpapatuloy na mga kaso ng extrajudicial killing, enforced disappearances, at pagpatay sa mga sugatan sa kawalang-galang at hindi pagsunod ng AFP sa Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Sa harap nito, nanawagan ang mga kapamilya ng mga biktima, iba't ibang mga makataong organisasyon at Karapatan-Central Luzon na igalang ang batas ng digma at karapatan ng mga rebolusyonaryong pwersa. "Humihingi kami ng hustisya at masusing imbestigasyon para sa mga nasawi," dagdag ng grupo.

Nagpunta na ngayong araw sa bayan ng Pantabangan, Nueva Ecija ang Karapatan-Central Luzon at mga kaanak ng mga biktima para kunin ang mga bangkay ng mga napatay. Giit nila, dapat ipagkaloob sa mga kaanak ang paggalang sa labi ng kanilang mahal sa buhay at hayaan ang payapa at walang balakid na pagkuha sa mga ito.

**[English Translation]**

## Group criticizes 84th IB for displaying corpses of Red fighters as war trophies

June 28, 2024

Karapatan-Central Luzon condemned the 84th IB and 7th ID for displaying and presenting the bodies of five Red fighters of the New People's Army (NPA) as war trophies. The five were reportedly killed in an encounter in Barangay Malibang, Pantabangan, Nueva Ecija on June 26.

The group expressed concern over the military units' social media posts showing images of the remains. They stated that desecrating the bodies of the deceased violates international humanitarian law and the principles of civilized warfare.

This practice is not new for the Armed Forces of the Philippines (AFP). The military commonly displays bodies of slain revolutionaries or civilians on social media for their paid trolls to feast on.

Not long ago, the AFP did this with the body of Jevelyn Cullamat, daughter of indigenous leader and former Bayan Muna Party-list Representative Eufemia Cullamat, who was killed in an encounter on November 28, 2020. The military placed a rifle and other seized items next to Jevelyn's body as if they were "war loot." This case was among those brought by human rights groups to the International People's Tribunal in May, which found Marcos, Duterte, and the US government guilty of war crimes.

Karapatan-Central Luzon also expressed concern that one of the presented bodies was blindfolded, which they say is unusual in encounters. The group is also worried about the AFP's delayed disclosure of the three women killed in the alleged clash, despite their remains being in a nearby area.

"The AFP has a long history of disregarding the laws of war. There are many cases where they do not respect the lives of their enemy," the group emphasized. This is why they are concerned about

the circumstances of the alleged Red fighters' deaths and violations of international humanitarian law.

Karapatan-Central Luzon stated that ongoing cases of extrajudicial killings, enforced disappearances, and killing of hors de combat prove the AFP's disrespect and non-compliance with the Comprehensive Agreement on the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

In light of this, the victims' families, various humanitarian organizations, and Karapatan-Central Luzon called for respect for the laws of war and the rights of revolutionary forces. "We demand justice and a thorough investigation for those who perished," the group added.

Karapatan-Central Luzon and the victims' family members went to Pantabangan, Nueva Ecija today to retrieve the bodies of their loved ones. They insist that the families should be granted respect and allowed peaceful and unhindered retrieval of the remains.

## Mga grupong kontra-RIMPAC, nagkasa ng mga protesta sa US at Hawaii

Hunyo 29, 2024

Nagkasa ng 1-linggong protesta ang mga grupo sa ilalim ng International Cancel RIMPAC Campaign Resist NATO Coalition laban sa RIMPAC (Rim of the Pacific Exercise) na kasalukuyang isinasagawa ng US sa Hawaii at sa palibot na karagatan. Ang

RIMPAC ang pinakamalaking war games na isinasagawa ng Navy ng Indo-Pacific Command. Nagsimula na ito noong Hunyo 27 at tatagal hanggang Agosto 2. Samantala, naghahanda rin ang iba't ibang grupo na magprotesta sa nalalapit na pagdaos ng NATO Summit sa Washington, DC mula Hulyo 9 hanggang Hulyo 11.

Kabilang sa mga grupong ito ang Bayan-USA at Malaya Movement USA na may mga balangay sa San Diego at Hawaii.

"Maraming Pilipino sa San Diego," ayon kay Eric Tandoc ng Malaya-San Diego. "Tinitipon (ng US) sa RIMPAC exercises ang 30 hukbong nabal sa mundo para manulsol ng gera sa China, na naglalagay sa aming mga kamag-anak at mahal sa buhay sa Pilipinas sa mas malaking panganib at sa gitna ng gera na di nila ginugusto." Ang mga barko ng US na kalahok sa RIMPAC ay nagsisimula sa base militar nito sa San Diego.

Tinawag ng Bayan-USA ang RIMPAC, gayundin ang NATO, bilang mga "instrumentong gera" ng US at nananawagan sa lahat ng mga Pilipino sa US at iba pang lugar na tutulan ang mga ito.

"Mula sa 2-taong proxy war nito sa Russia sa Ukraine, hanggang sa pagsuporta nito sa Zionistang entidad sa henosidyo ng Israel laban sa mamamayang Palestino, itinutulak ng US ang kapangyarihang militar nito sa hangaring panatilihin ang humihinang kapangyarihan nito sa mundo," pahayag ng Bayan-USA noong Hunyo 27. Papalaki ang banta ng lantarang imperyalistang gera sa Asia-Pacific, habang patuloy na

kinukubkob at sinusulsulan ng US ang China sa larangan ng ekonomya, pulitika at militar, anito.

Susi ang papel ng Pilipinas sa estratehiya ng US laban sa China. Itinuturing nito ang bansa bilang “unsinkable aircraft carrier” o di magagaping lunsaran ng mga eroplanong pandigma at mga pwersa sa Asia, at ang mamamayang Pilipino bilang pambala ng kanyon.

“Ang RIMPAC ay pantabing para sa pagtitipon ng US at mga alyado nito para i-rehearse o paghandaan ang gera, pamamaslang at pamiminsala,” ayon sa grupo. “Magpapalala lamang ito sa tensyon sa pagitan ng mga kapangyarihang militar sa buong mundo, partikular sa mga bansang nakikita niyong humahamon sa hegemonya nito tulad ng China, Russia, Iran at ng Democratic People’s Republic of Korea.”

Kada taon, pinipinsala ng RIMPAC ang mamamayan at kalikasan ng Hawaii, kung saan isinasagawa ang karamihan ng mga maniobrang pandigma. Kabilang dito ang mga live missile fire at ground assault na nagdudulot ng kagyat na pinsala, at polusyong kemikal na nagdudulot ng pangmatagalang pinsala sa lupa, kahanginan at karagatan ng mga isla na iindahin ng susunod pang mga henerasyon.

“Sa pangkalahatan, titiisin ng mga pamilyang manggagawa at katutubong Hawai’ian ang masasamang epekto ng mga war games na ito,” ayon sa Bayan-USA.

Umaabot sa 15% ng populasyon ng San Diego ay mga Pilipino, habang 25% sila sa populasyon ng Hawaii.

**[English Translation]**

## Anti-RIMPAC groups stage protests in the US and Hawaii

June 29, 2024

Anti-war groups under the International Cancel RIMPAC Campaign and Resist NATO Coalition launched a week-long protest against the RIMPAC (Rim of the Pacific Exercise) currently being held by the US Navy's Indo-Pacific Command in Hawaii and its surrounding waters. RIMPAC is the world's largest maritime warfare exercise. It began on June 27 and will last until August 2. Meanwhile, various groups are also preparing to protest the upcoming NATO Summit in Washington, DC from July 9 to July 11.

These groups include Bayan-USA and Malaya Movement USA with chapters in San Diego and Hawaii.

"There is a large Filipino population in San Diego," according to Eric Tandoc of Malaya-San Diego. "The US is gathering 30 naval forces from around the world for the RIMPAC exercises to provoke a war with China, putting our relatives and loved ones back in the Philippines at greater risk and in the crossfire of a war they do not want." The US ships participating in RIMPAC start their journey from its military base in San Diego.

Bayan-USA called RIMPAC, as well as NATO, as "instruments of US war" and called on all Filipinos in the US and other places to oppose these.

"From its 2-year proxy war with Russia in Ukraine, to its support for the Zionist entity in Israel's genocide against the Palestinian people, the US is pushing its military power to maintain its waning global dominance," Bayan-USA stated on June 27. The threat of overt imperialist war in the Asia-Pacific is growing, as the US continues to encircle and provoke China economically, politically and militarily, it said.

The role of the Philippines is key to the US strategy against China. It considers the country an "unsinkable aircraft carrier" or an unbreachable launching pad for warplanes and forces in Asia, and the Filipino people as cannon fodder.

"RIMPAC is a cover for the gathering of the US and its allies to rehearse or prepare for war, death and destruction," according to the group. "This will only exacerbate tensions between military powers worldwide, particularly those it sees oppose to its hegemony, particularly China, Russia, Iran and the Democratic People's Republic of Korea."

Every year, RIMPAC devastates the people and environment of Hawaii, where most of the war games are held. This includes live missile fire and ground assault that cause immediate damage, and chemical pollution that causes long-term damage to the land, air and waters of the islands that future generations will have to endure.

"In general, the working families and native Hawaiian communities will bear the brunt of the adverse effects of these war games," according to Bayan-USA.

Filipinos make up 15% of the population in San Diego, and 25% in Hawaii.

## Pamumudmod ni Marcos Jr ng ayuda sa Negros, kinutya

Hunyo 29, 2024

Sinalubong ng protesta ng mga progresibong grupo ang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr at kanyang asawa na si Liza Araneta Marcos sa Bacolod City noong Hunyo 26. Nagmartsa ang mga grupo sa ilalim ng Bayan-Negros mula Libertad Market tungong University of Negros Occidental Recoletos (UNO-R) kung saan nakatakda noon si Marcos na mamudmod ng ₱10,000 sa higit 8,000 magsasakang apektado ng El Niño sa Negros Occidental.

Ayon sa mga raliyista, ang ayuda ay parang "band-aid" lamang sa mga problema sa isla at ginagawa lamang ito para sa "pogi points" ng mga Marcos.

Ipinaabot nila ang kanilang disgusto sa rehimen at ang samutsaring isyu na kinakaharap ng mga Negrosanon. Kabilang dito ang isyu ng jeepney phaseout, reklamasyon at pagbubuo sa isla bilang isang rehiyon.

Kasama sa protesta ang mga magbubukid mula sa National Federation of Sugar Workers na nanawagan para sa tunay na reporma sa lupa.

Anila, libu-libong mga magsasaka at manggagawang bukid sa mga asyenda ang dumaranas ngayon ng gutom, pero walang ginagawa ang rehimen para tugunan ang kanilang mga hinaing.

Bago pa makalapit ang mga raliyista sa UNO-R, hinarang sila ng mga pulis.

**[English Translation]**

## Groups mock Marcos Jr’s distribution of aid in Negros as a publicity stunt

June 29, 2024

Progressive groups staged a protest against Ferdinand Marcos Jr and his wife Liza Araneta Marcos’ visit in Bacolod City on June 26. The groups under Bayan-Negros marched from Libertad Market to the University of Negros Occidental Recoletos (UNO-R), where Marcos was scheduled to distribute ₱10,000 each to over 8,000 farmers affected by El Niño in Negros Occidental.

They said the aid is just a “band-aid” solution to the problems in the island and is being done merely for the “pogi points” of the Marcos family.

They expressed their outrage with the regime and the myriad issues faced by Negrosanons. These include the jeepney phaseout issue, reclamation, and the formation of the island as one region.

Joining the protest were farmers from the National Federation of Sugar Workers who called for genuine land reform. They said thousands of

farmers and farmworkers in the haciendas are now experiencing hunger, but the regime has done nothing to address their grievances.

Before the protesters could reach UNO-R, they were blocked by the police.

## “Entrance exam” sa mga pribadong kolehiyo, wala nang singil

Hunyo 30, 2024

Naitulak ng progresibong kabataan sa kongreso ang pagsasabatas ng Free College Entrance Exam Law (Republic Act 12006) na maglilibre sa singil sa mga entrance exam sa mga pribadong kolehiyo sa bansa. Naisabatas ito noong Hunyo 14.

Kabilang sa mga nanguna sa pagtutulak nito sa House of Representatives ang mga kinatawan ng Makabayan Bloc na sina Kabataan Rep. Raoul Manuel at ACT Teachers Rep. France Castro. Naipasa sa ikatlong pagdinig ang panukala sa House of Representatives noong Setyembre 2022, samantalang napasa ang katambal na panukala sa Senado noong Disyembre 2023. Naging ganap na batas ito nitong Hunyo 14.

“Matagal nang pasakit sa mga estudyante ang pagbabayad ng entrance examinations fee… balakid ito sa pagpapatunay nila sa kanilang potensyal sa akademya at makapasok sa mga kolehiyo,” pahayag ni Rep. Manuel.

Ayon kay Rep. Manuel, habang ikinatuwa ng kabataan ang pagsasabatas nito, kinikilala ng kanilang partido ang kahinaan ng bersyon ng

batas. “Sa halip na kabuuang libre ang college entrance examinations, may limang kondisyon pa rin para masabing kwalipikado sa fees exemption ang isang estudyante,” aniya. Sa aktwal, hindi lahat ng mga estudyante ay malilibre sa singil na ito.

Una, kinakailangang naka-gradweyt o ga-gradweyt na natural-born na Pilipino. Ikalawa, dapat bahagi ng 10% ng pinakamahuhusay sa klase. Ikatlo, dapat nagmula sa mahirap na pamilya alinsunod sa depinisyon ng gubyerno. Ikaapat, para lamang ito sa mga pribadong eskwelahan sa bansa. At ikalima, dapat makapagsumite ng lahat ng hinihinging papeles ng pribadong eskwelahan na papasukan.

Ang mga pribadong eskwelahan na lalabag sa pagbibigay ng libreng entrace exam ay maaaring patawan ng angkop na parusa ng Commission on Higher Education (CHED). Samantala, bubuuin pa ang Implementing Rules and Regulations (IRR) ng batas at nakatakdang konsultahin dito ang Coordinating Council of Private Educational Associations of the Philippines at iba pang samahan ng mga pribadong eskwelahan.

Nanatili itong salamin ng komersyalisadong sistema ng edukasyon sa bansa, ayon kay Rep. Manuel. “Nananatili pa rin ang iba’t-ibang mahal na bayarin kahit hindi ka pa nakapapasok sa mismong paaralan kagaya nitong entrance examinations fee,” ayon pa sa kinatawan.

Hindi dapat dito matapos ang laban at pagkakaisa ng mga kabataang Pilipino, aniya. “Hinihikayat

natin ang mga kabataan, estudyante, at kapwa mambabatas na mas isulong pa ang laban para sa isang makabayan, siyentipiko, at makamasang uri ng edukasyon," pagtatapos niya.

**[English Translation]**

## "Entrance exams" in private colleges, now free of charge

June 30, 2024

Progressive youth in Congress pushed for the enactment of the Free College Entrance Exam Law (Republic Act 12006), which dropped entrance exam fees in private colleges in the country.

Among those who pushed for the bill in the House of Representatives were representatives from the Makabayan Bloc, including Kabataan Rep. Raoul Manuel and ACT Teachers Rep. France Castro. The bill passed its third reading in the House of Representatives in September 2022, while its counterpart bill in the Senate was passed in December 2023. It became law on June 14.

"Paying entrance examination fees has long been a burden for students... it's an obstacle for students trying to prove their academic potential and gain college admission," Rep. Manuel stated.

He said that while the law is welcome, weaknesses in its enacted version prevail. "Instead of completely free college entrance examinations, there are still five conditions for a student to be considered qualified for the fees exemption," he

said. In reality, not all students will be exempted from this fee.

First, the applicant must be a graduating or graduate natural-born Filipino. Second, they must be part of the top 10% of their class. Third, they must come from a poor family as defined by the government. Fourth, the exemption only applies to private schools in the country. And fifth, applicants must submit all required documents to their target private schools.

Private schools that violate the provision of free entrance exams may be subjected to appropriate penalties by the Commission on Higher Education (CHED). The Coordinating Council of Private Educational Associations of the Philippines and other private school associations are set to be consulted in the crafting of the law’s Implementing Rules and Regulations (IRR), which is yet to be formulated.

Entrance exam fees are a reflection of the commercialized education system in the country, according to Rep. Manuel. “Various expensive fees remain even before you enter the school itself, like this entrance examinations fee,” the representative added.

The fight and unity of Filipino youth should not end here, he said. “We encourage the youth, students, and fellow lawmakers to further advance the fight for a patriotic, scientific, and mass-oriented type of education,” he concluded.

## 39-anyos na lalaki, binaril at napatay ng 31st IB

Hunyo 30, 2024

Naglalakad lamang ang 39-taong gulang na si Arnel Esperitu nang pagbabarilin siya ng mga sundalo ng 31st IB noong Hunyo 20, alas-4 ng madaling araw. Nangyari ang krimen malapit sa hinihimpilan ng mga sundalo sa sentro ng Barangay Gogon, Donsol, Sorsogon. Kaagad namatay ang biktima.

Para takasan ang kanilang pananagutan, kaagad na pinuntahan ng mga sundalo ang kaanak ng biktima para takutin at pagbantaan para huwag magsampa ng reklamo.

Matapos ang insidente, nagkampo ang naturang yunit ng 31st IB sa evacuation center ng Barangay Gogon. Nagdagdag pa ito ng tropa sa layuning sindakin ang mga residente at patahimikin sila kaugnay ng nangyaring pagpaslang.

Samantala, nagtambak ng mahigit 60 elemento ng pulis, sundalo at mga tauhan ng lokal na gubyerno sa Barangay Catamlangan, sa bayan ng Pilar noon ding Hunyo 20 sa tabing ng "Peace Caravan." Plano ng militar na ilunsad ang katulad na mga aktibidad sa iba pang mga barangay ng Pilar at katabi nitong bayan ng Donsol.

Ang mga "Peace Caravan" ay ginagamit ng militar at pulis para sa kampanyang kontra-insurhensya nito kung saan naitala sa nakaraan ang mga kaso ng sapilitang pagpapasuko, pagpaparada sa mga

sibilyang magsasaka bilang mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan at kung saan kinukunan sila ng litrato para sa dagdag na pondo at iba pang porma ng korapsyon.

Karugtong din ito ng mga Retooled Community Support Program at focused military operation kung saan naitatala ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Kabilang sa mga krimen na ito ang pamamaril ng 31st IB sa mga kabataang sina Ace Adiado at Francis Literal ng Barangay Baras, Donsol noong Abril 25 at pagpaslang sa magsasakang si Domingo Malaca ng Barangay Abucay, Pilar noong Mayo 5.

**[English Translation]**

## 31st IB shoots 39-year-old man

June 30, 2024

Soldiers from the 31st IB gunned down passer-by Arnel Esperitu, 39-years old, on June 20, at around 4 AM. The shooting occured near the military camp in the center of Barangay Gogon, Donsol, Sorsogon. The victim died immediately.

To evade accountability, the soldiers immediately proceeded to intimidate and threaten the victim’s relatives, warning them against filing a complaint.

After the incident, the military unit camped at the evacuation center of Barangay Gogon. They even added more troops to terrorize the residents and silence them regarding the killing.

Meanwhile, over 60 police, military and local government personnel gathered in Barangay Catamlangan, Pilar, also on June 20 under the guise of a “Peace Caravan.” The military plans to launch similar activities in other Pilar barangays and in neighboring Donsol town.

The military and police have used these “Peace Caravans” for their counter-insurgency campaign, where there have been cases of forced surrenders of civilian farmers, who are then paraded as New People’s Army supporters. The soldiers take their photos for additional funding and other forms of corruption.

This is also part of the Retooled Community Support Program and focused military operations where gross violations of human rights and international humanitarian law have been recorded.

Among these crimes are the 31st IB’s shooting of youths Ace Adiado and Francis Literal of Barangay Baras, Donsol on April 25 and the killing of farmer Domingo Malaca of Barangay Abucay, Pilar on May 5.

## Mga kawani ng gubyerno, muling iginiit ang dagdag-sweldo sa DBM

Hunyo 30, 2024

Muling nagprotesta ang mga kawani ng gubyerno, sa pangunguna ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage), noong Hunyo 26 sa harap

ng Department of Budget and Management (DBM) sa Maynila. Panawagan nila sa kagawaran at sa rehimeng Marcos na itaas ang sweldo ng mga kawani sa nakabubuhay na antas na nasa ₱33,000 na kada buwan.

Ayon sa grupo, paghahanda ang protesta sa darating na okasyon ng pagpasok sa ika-3 taon sa poder ni Marcos Jr. Paniningil din ito sa Malacanang at DMB sa pahayag nitong pag-aaralan at ilalabas ngayong Hunyo ang datos ng posibleng dagdag-sweldo ng mga kawani.

"Sa tindi na pagsirit ng presyo ng mga bilihin at bayarin hindi na makasabay ang mga kawani at mamamayan, kung kaya naman patuloy ang ating panawagan na iprayoridad na taasan ang buwanang sahod tungo sa disente at nakabubuhay na antas," pahayag ng Courage.

Iginigiit din ng Courage na itaas ang kabayaran at paunlarin ang iskema ng pagbibigay ng pusisyon sa mga empleyado ng lokal na gubyerno (LGUs) at government-owned and controlled corporations (GOCCs). "Naninindigan ang Courage laban sa mga iskemang nagpapababa sa kumpensasyon at pumipigil sa makabuluhang dagdag-sweldo para sa mga rank-and-file na manggagawa," ayon pa sa grupo.

Itinutulak din nila ang dagdag-sweldo para sa mga manggagawang job order at contract-of-service. Dapat din umanong ibilang ng rehimeng Marcos at DBM ang mga unyon at samahan ng mga kawani sa proseso ng pagtatakda ng dagdag-sweldo sa kanilang hanay.

**[English Translation]**

## Government employees troop to DBM to reiterate demand for salary increase

June 30, 2024

Government employees, led by the Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (Courage), staged another protest on June 26 in front of the Department of Budget and Management (DBM) in Manila. They called on the department and the Marcos regime to raise workers' salaries to a living wage of ₱33,000 per month.

According to the group, the protest is in preparation for the upcoming third year of Marcos Jr in power. It also serves as a follow-up to Malacañang and DBM's announcement to study and release data on possible salary increases for employees this June.

"With the intense surge in prices of goods and bills, employees and citizens can no longer keep up, which is why we continue to call for prioritizing the increase of monthly wages to a decent and livable level," Courage stated.

Courage also calls on the government to raise rates and improve the plantilla positions for local government unit (LGU) employees and government-owned and controlled corporations (GOCCs). "COURAGE stands against these schemes that have reduced rates and hindered

substantial salary increases for rank-and-file workers in LGUs and GOCCs," the group added.

The group is also pushing for salary increases for job order and contract-of-service workers. The Marcos regime and DBM should include unions and employee associations in the process of determining salary increases for their ranks, it said.

## Mga residente sa isang barangay sa Samar, tumutol sa presensya ng militar

Hunyo 30, 2024

Nagsama-sama ang mga residente ng Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar sa isang asembleya noong nakaraang linggo para ipahayag ang kanilang pagtutol sa pagkakampo ng mga sundalo sa kanilang sityo. Nagsimula ang pagbabakod ng 87th IB sa naturang sityo noong unang linggo ng Hunyo para sa planong detatsment na itatayo sa lugar.

Para supilin ang pagkakaisa ng taumbaryo, pinagbantaan ng mga sundalo ang kapitan ng barangay, ang sityo lider at konsehal. Tinakot silang papanagutin at ikukulong kapag inatake silang muli ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command).

Wala pa man ang detatsment, militarisado na ang San Pedro simula pa Enero. Naitala dito ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao.

Noong Hunyo 9, kinanyon ng 87th IB at Task Force Storm ng 8th ID ang mga bundok at bukid malapit sa naturang sityo na nagdulot ng ligalig sa mga magsasaka. Ganting-salakay ito ng militar matapos mapatayan ng isang sundalo sa operasyong haras ng BHB-Western Samar.

Dahil sa panganganyon at ipinataw na pagbabawal ng militar, karamihan sa mga magsasaka ay hindi na nakapagsaka sa kanilang kaingin. Ang iba ay natulak na magbakwit sa takot na tamaan ng mga bomba.

Noon namang Pebrero, ninakaw ng mga nag-ooperasyong sundalo ang mga manok ng isang magsasaka. Ipinagtatapon naman ng mga sundalo ang bigas at mga palay ng isa pang magsasaka. Sa buwan ding iyon, isang magsasaka na nasa kanyang bukid ang tinangkang barilin ng isang sundalo.

**[English Translation]**

## Locals oppose military presence in Samar

June 30, 2024

Residents of Sitio San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar gathered in an assembly last week to express their opposition to the military's encampment in their sitio. The 87th IB started fencing off the sitio in the first week of June as part of their plan to build a detachment in the area.

To suppress the villagers’ unity, the soldiers threatened the barangay captain, sitio leader and councilor. They were warned of being charged and imprisoned if soldiers are attacked again by the New People’s Army (NPA)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command).

San Pedro has been militarized since January, even prior to the construction of the detachment. Numerous human rights violations have been recorded in the area.

On June 9, the 87th IB and Task Force Storm of the 8th ID shelled the mountains and farms near the sitio, causing distress among the residents. This was in retalation to an NPA harassment operation where a soldier was killed.

Due to the shelling and the military-imposed restrictions, most farmers were not able to tend to their farms. Others were forced to evacuate out of fear of being hit by bombs.

Last February, operating soldiers stole chickens from a farmer. They also threw away rice and palay of another farmer. That same month, a farmer working in his field was shot at by a soldier.

## Pasistang 87th IB, pinaputukan ng BHB-Western Samar

Hunyo 30, 2024

Naglunsad ng operasyong haras ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) laban sa mga pasistang sundalo

ng 87th IB sa Barangay Nagbac, Jiabong, Samar noong Hunyo 23. Napaslang sa pag-atake si Sgt. Leo D. Jabinar.

Ang naturang yunit ng 87th IB ay naghahasik ng takot at lagim sa komunidad sa tabing ng Retooled Community Support Program (RCSP). Nakakampo sila sa tabi ng mga bahayan mula pa Enero ngayong taon para sa pagbibigay ng palabas na mga "serbisyong panlipunan."

Ang RCSP ay panabing ng militar sa operasyong kombat, kampanya ng sapilitang pagpapasuko at panggigigipit. Dala nito ay lansakang paglabag sa karapatang-tao. Bahagi ito ng buong kampanyang kontra-insurhensya ng rehimeng Marcos na sibilyan ang pangunahing target.

**[English Translation]**

## NPA-Western Samar attacks fascist 87th IB

June 30, 2024

The New People's Army (NPA)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) carried out harassment operations against the fascist soldiers of the 87th IB in Barangay Nagbac, Jiabong, Samar on June 23. Sgt. Leo D. Jabinar was killed in the attack.

The said unit of the 87th IB has been sowing fear and terror in the community under the guise of the Retooled Community Support Program (RCSP). They have been camping beside houses since January this year for the staging of "social services."

The RCSP is a cover for the military's combat operations, forced surrender campaign and oppression. It brings about blatant human rights violations. It is part of the entire counterinsurgency campaign of the Marcos regime that puts civilians as the main targets.